Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

CORE SUBJECT



Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng ***Strengthened Senior High School Curriculum***. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Lendie F. Gallego, Mark Anthony M. Artis, Mariane N. Villar, Gesselle S. Cambia, Rhia C. Arapan, Sigrid F. Tibordo, Arcris Jay L. Magpantay, Lorenz C. Almendras, Aldimaer B. Uy, Anna Lou G. Edillon, Willy P. Espartero, Alma R. Santiago, Niel Orven A. Talavera, at Hazel O. Malto

Tagasuri ng Nilalaman: Renato R. Santillan, Rowena T. Ulalan, Mary Jean P. Paller, Hilda Caasi-Dawayen, Winston N. Ros, Luvy John Abanto Flores, Maria Felomina M. Saludes, Liezl R. Borlasa, Clemence G. Andrade, Jesyl F. Avancena, at Phelma O. Camacho

Konsultant: **Theresa Madrid Rañeses**
Bicol University College of Education Integrated Laboratory School

Learning Area Specialist: **Jefferson V. Torres**
Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery – Teaching and Learning Division

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng *National Technical Working Group* (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

MGA TAMPOK SA MODELONG BANGHAY-ARALIN NG SENIOR HIGH SCHOOL

Dinisenyo ang **Modelong Banghay-Aralin ng Senior High School** upang suportahan ang kaguruan sa paghahatid ng makabuluhan, nakagaganyak at nakasalig sa pamantayang pagtuturo na tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Sapagkat nakaangkla sa *Senior High School Instructional Design Framework* (SHS-IDF), tinitiyak na konstruktibong pagkakaayon ng modelong banghay-aralin sa mga pamantayan ng kurikulum, mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto, at kaparaanan ng pagtataya. Sa tulong ng pagkakaugnay-ugnay na ito, nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kaalaman, kakayahan at kinakailangang kasanayan para sa kolehiyo, pagpapaunlad ng kasanayang *middle level*, pantrabaho at pangnegosyo.

Sa ubod ng modelong banghay-aralin, naroon ang daloy-instruksyonal sa anyo ng AID, isang nakabalangkas na lapit sa pagtuturo at pagkatuto na binubuo ng tatlong magkakaugnay na yugto: **Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman, Integrasyon ng Bagong Kaalaman** at **Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan.** Nagsisilbing gabay ang daloy-instruksyonal na ito sa guro sa pagbuo ng may kaisahang danas sa pagkatuto na humuhubog sa mga mag-aaral mula sa dating kaalaman, pagpapalalim ng pag-unawa sa pamamagitan ng makabuluhang pakikilahok at pagbibigay ng pagkakataon para sa awtentikong paglalapat at pagtataya.

Nagsisilbing pintuan ang yugtong **Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman** sa pagtalakay sa aralin**.** Umaakay ito sa mga mag-aaral upang iugnay ang nakaraang karanasan sa mga bagong konsepto, daan upang higit na maging makatuturan at makabuluhan ang pagkatuto. Pinagtitibay ng yugtong ito ang layunin ng aralin sa pamamagitan ng paglilinaw sa tunguhin ng pagkatuto, pagbibigay-tuon sa paglalapat sa tunay na buhay, at pagganyak sa mga mag-aaral na aktibong makibahagi sa proseso ng pagkatuto.

Nakatuon naman ang **Integrasyon ng Bagong Kaalaman** sa pagpapaunlad ng pag-unawa at kabihasaan sa mga konsepto. Dito, ipinakikilala sa mga mag-aaral ang bagong idea sa pamamagitan ng mga halimbawang maingat na pinili, ginabayang pagtuklas, at tahasang pagtuturo. Sa pamamagitan ng talakayan, kolaboratibong gawain, at nakabalangkas na pagsasanay, may pag-unlad na napalalalim ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa at napagyayaman ang kinakailangang kasanayan upang matamo ang inaasahang bunga ng pagkatuto.

Nagbibigay naman ng mga oportunidad ang yugto ng **Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** sa mga mag-aaral na makapaglapat, makalikha ng bagong idea, at maipamalas ang kanilang pagkatuto. Sa tulong ng pratikal na aplikasyon, mapagnilay na gawain, ebalwasyon at pagsusog na gawaing kumikilala sa pagkakaiba-iba, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa habang tinitipon ng guro ang mga katibayan ng pagkatuto. Tinitiyak din ng yugtong ito na natatanggap ng mga mag-aaral ang kaukulang suporta sa tulong ng karagdagang pagsasanay.

Upang higit na mapaigting ng danas sa pagkatuto, nilakipan ang modelong banghay-aralin ng mga susing programa. Nakapaloob at nakapatnubay sa mga aralin ang **Integrative Performance Tasks (IPTs**) upang matiyak na unti-unting napauunlad sa mga mag-aaral ang mga kinakailangang kasanayan nang sa gayon ay matagumpay na matapos ang awtentiko at interdisiplinaryong pagtataya sa pagganap. Sa halip na ituring bilang magkakabukod na proyekto, hinabi ang IPTs sa pansilid na pagtuturo upang maging kadluan ng mga mag-aaral ng kinakailangang kaalaman at kasanayan sa paglipas ng panahon.

Bilang pagkilala sa kahingian ng mabilis na pagbabago ng dihital na mundo, isinusulong din ng modelong banghay-aralin ang **Integrasyon ng EdTech.** Estratehikong nakapaloob dito ang *educational technologies* upang mapagyaman ang instruksiyon, mapaigting ang kolaborasyon, mahikayat ang pagkamalikhain, at mabigyan ang mag-aaral ng nakagaganyak at interaktibong danas sa pagkatuto.

Dagdag pa rito, pinalalakas ng modelong banghay-aralin ang **literacy at numeracy** sa pamamagitan ng paglalakip ng kasanayang *literacy* at *numeracy* sa mga gawaing pagkatuto at pagtataya. Tinitiyak ng integrasyong ito ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng kasanayang kinakailangan upang mahasa sila sa pagbibigay-interpretasyon sa impormasyon, mabisang pakikipagtalastasan, pagtugon sa suliranin, gumawa ng may batayang pasiya, at lumusong sa totoong sitwasyon sa buhay nang may kumpiyansa.

Sa tulong ng mga tampok na ito, nagsisilbing pratikal at komprehensibong gabay ng guro ang Modelong Banghay-Aralin ng Senior High School, nasusuportahan ang paghahatid ng pagtuturong may mataas na kalidad na nakasentro sa mag-aaral, ingklusibo, makabuluhan, at tumutugon sa mga minimithi para sa kanila ng Senior High School, at sa kahingian ng ika-21 siglo.

Tandaan na ang modelong banghay-aralin na ito ay nagsisilbing gabay o "**menu of activities**" lamang sa pagdidisenyo ng pang-araw-araw na banghay-aralin ng guro. Pipiliin lamang ang mga gawaing lubos na aangkop sa kahingian ng mga kasanayang huhubugin, kahandaan ng mga mag-aaral, at maging angkop sa konteksto ng ginagalawang lipunang mayroon. Ang kapasiyahan sa pagpili ng mga gawain ay nasa guro pa rin sapagkat siya ang nakaaalam sa kalakasan at kahinaan ng kaniyang mga mag-aaral.

GABAY SA PAGPAPADALOY NG INTEGRATIVE PERFORMANCE TASKS (IPT)

Dinisenyo ang **Integrative Performance Task (IPT)** upang magsilbing awtentikong paraan ng pagpapamalas ng pagkatuto na tumatahi sa mga kasanayan mula sa iba't ibang asignatura. Upang matiyak na ang IPT ay magiging natural na kulminasyon ng pansilid na instruksiyon, sa halip na isa-isang proyektong nakatalaga sa pagtatapos ng bawat termino, hinihikayat ang kaguruan na isabuhay ang sumusunod na simulain sa pagpapaunlad at implementasyon ng IPT.

Una, kinakailangang nakasalin ang **Pamanatayan sa Pagganap** sa kongkreto, awtentiko at produkto, pagganap, o solusyon na hango sa tunay na mundo. Malinaw na naitatakda ang inaasahang awtput upang matulungan ang kaguruan at mga mag-aaral na maunawaan ang layon ng instruksiyon at mapanatili ang tuon sa inaasahang pangwakas na mithiin sa kabuoang siklo ng pagkatuto.

Ikalawa, kinakailangang mapaghubog at komulatibo ang pagtatamo ng IPT. Kinakailangan na maingat at sistematikong nakalaan ang mga kasanayang pagkatuto, kasanayang teknikal, at kaalamang panlarangan bilang kahingian sa pinal na awtput at naitututuro sa kinaaangkupang mga aralin. Kinakailangan ding nakapagbibigay ang bawat aralin ng makabuluhang ambag tungo sa pagsasakatuparan ng IPT.

Ikatlo, sa pagtatakda ng layon ng aralin, kinakailangang nakasandig ang guro sa kaparehong paghango sa tunay na mundong konteksto o senaryo na inilahad sa IPT. Natutulungan nang maagang pagpapakilala sa senaryo ang mga mag-aaral na matukoy ang kabuluhan ng bawat aralin at nahihimok sila na tuloy-tuloy na maiugnay ang mga bagong natamong kaalaman at kasanayan sa pinal na gawain. Kinakailangang naipabatid na ito sa simula pa lamang ng termino, at palagiang nauusisa bilang punto ng sanggunian sa kabuoan ng pagtuturo.

Ikaapat, sa bahagi ng Pagtukoy ng Praktikal na Aplikasyon sa aralin, kinakailangang naidisensyo ng kaguruan ang mga gawaing pagkatuto na sumasalamin sa pangkaisipang proseso, kasanayan, o kahingian sa pagganap ng IPT. Nagsisilbing pagkakataon ang mga pormatibong pagtatayang ito sa pagsasanay at pagbibigay-puna. Sa anumang posibleng pagkakataon, kinakailangang gumamit ang guro ng pamantayan na nakaangkla sa rubrik na itinakda ng IPT upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga inaasahan sa kanila at patuloy na mapaunlad ang kanilang pagganap.

Ikalima, anumang dihital na plataporma, kinakailangan ang tahasang pagtuturo ng *educational technologies*, matematikal na hakbangin, mga metodo ng pananaliksik, pamamaraang panlaboratoryo, o iba pang kagamitan sa pagtalakay, ginabayang pagsasanay, at pagtatamo ng kabihasaan sa konsepto para sa matagumpay na pagsasakatuparan ng IPT. Kinakailangang may sapat na pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay sa paggamit ng mga kagamitang ito bago sila asahan sa independiyenteng aplikasyon nito sa IPT.

Ikaanim, kinakailangang tuwirang nakapag-aambag ang lagumang pagtataya sa pagsasakatuparan at pag-unlad ng IPT. Sa halip na magsilbi bilang magkakabukod na ebalwasyon, marapat na makabuo o mapaghusay ng mga mag-aaral ang kahingian ng mga pagtatayang ito sa pagsasakatuparan ng pinal na awtput sa IPT. Pinag-iibayo ng ganitong lapit ang kaisahan sa pagitan ng pagtuturo, pagtataya at inaasahang pagganap.

Sa huli, kinakailangang nakapagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral ang pinal na modelong banghay-aralin na tipunin, paghusayin ang bawat kahingian at pagsasakatuparan ng pinal na awtput ng IPT. Maaaring mailakip sa yugtong ito ang peer review, konsultasyon, rebisyon, pagsasanay, at pinal na pagpapakinis ng mga awtput bago ang pormal na presentasyon at pagpapasa. Kinakailangang maging tapagpadaloy ang kaguruan ng pagninilay at pagbibigay-puna upang matiyak na nakapagpapamalas ang mga mag-aaral ng kabihasaan ng kasanayan at makabuluhang paglalapat ng pagkatuto.

Talaan ng Nilalaman

Modelong Banghay-Aralin 1 **1**

Modelong Banghay-Aralin 2 **31**

Modelong Banghay-Aralin 3 **59**

Modelong Banghay-Aralin 4 **88**

Modelong Banghay-Aralin 5 **116**

Modelong Banghay-Aralin 6 **146**

Modelong Banghay-Aralin 7 **184**

Modelong Banghay-Aralin 8 **222**

Modelong Banghay-Aralin 9 **247**

Modelong Banghay-Aralin 10 **279**


MODELONG BANGHAY-ARALIN 1			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Lorenz C. Almendras, PhD & Arcris Jay L. Magpantay, MAFil		


I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipapamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademikong at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at ingklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	Pagbibigay-Kahulugan ● **Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood upang maunawaan ang mga tekstong akademiko at teknikal** Pakikilahok ● **Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga akademiko o teknikal na lektura, presentasyon, o diskusyon sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon** Pagpapahayag ● **Naipapaliwanag ang mga konsepto gamit ang angkop na bokabularyo, wikang akademiko at teknikal at representasyong multimodal (hal. dayagram, grap, tsart, *infographic,* atbp.)** Pagninilay ● **Naipapaliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	*AI- Gemini sa paglikha ng mga larawang ginamit sa iba't ibang bahagi ng Lesson Exemplar* *Brookfield, Stephen D., and Stephen Preskill. Discussion as a Way of Teaching: Tools and Techniques for Democratic Classrooms. 2nd ed. San Francisco: Jossey-Bass, 2005.* *Chin, Christine. "Teacher Questioning in Science Classrooms: Approaches That Stimulate Productive Thinking." Journal of Research in Science Teaching 44, no. 6 (2007): 815–843. https://doi.org/10.1002/tea.20171.*

	Cornell University Center for Teaching Innovation. "Using Effective Questions to Engage Students." Accessed June 21, 2026. https://teaching.cornell.edu. *Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016.* *Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017.* *Karousiou, Christina, Maria Evagorou, and Marianna Vrikki. "Enhancing University Students' Questioning Techniques in Dialogic and Argumentative Practices." Higher Education Quarterly 80, no. 1 (2026): e70102. https://doi.org/10.1111/hequ.70102.* *Oliveira, A. W. "Improving Teacher Questioning in Science Inquiry Discussions through Professional Development." Journal of Research in Science Teaching (2010).* *Tulgar, Aysegül Tural. "Can I Ask a Question? The Importance of Classroom Questioning." Procedia - Social and Behavioral Sciences 31 (2012): 634–638. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2011.12.116.* *University of California, Santa Barbara, Office of Teaching and Learning. "Facilitate Discussion." Accessed June 21, 2026. https://otl.ucsb.edu.* *Para sa mga Kalakip, hanapin at i-download sa link na ito:* *https://docs.google.com/document/d/1NQqkiYi1koA42FNOGaLjUR_-pd8JM8UJOZHBws9esQI/edit?tab=t.0*
III. NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO	**Pagtatanong/Pagmumungkahi**
IV. TUNGUHIN	a. Natutukoy ang mga pangunahing idea at sumusuportang detalye mula sa isang akademikong teksto o teknikal na *video*; b. Nakagagawa ng kritikal na pagsusuri (gaya ng pagtatala ng mga mahahalagang punto o pagbabalangkas) sa napanood o nabasang materyal bago bumuo ng tanong o mungkahi; c. Nakapipili ng mga angkop at pormal na salita (wikang akademiko) na gagamitin sa pagbabalangkas ng isang mungkahi o tanong; d. Nakalilikha ng isang simpleng multimodal na representasyon (hal. *infographic o flowchart*) na nagpapakita ng tamang hakbang sa pagtatanong at pagmumungkahi sa isang pormal na talakayan; e. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng konteksto at layunin ng pagtatanong at pagmumungkahi bago sumabak sa isang akademikong diskusyon; at f. Nakapagsasagawa ng isang simulasyon ng *panel discussion* o *forum* kung saan aktibong nagagamit ang mga estratehiya sa magalang na pagtatanong at pagmumungkahi.

V. PAMAMARAAN		TALA SA GURO
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: *Mungkahi-lympics*** **Panuto:** Ipakita sa mga mag-aaral ang isang suliraning maaaring naranasan nila sa paaralan o sa komunidad. Halimbawa: *Sobrang haba ng pila sa kantina tuwing recess, kaya hindi na nakakakain nang maayos ang ilang estudyante.*  Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bibigyan ang bawat pangkat ng dalawang minuto upang mag-isip ng isang mabisang solusyon. Hahayaang maglahad ang isang kinatawan ng kanilang mungkahi sa loob ng 30 segundo. Ang ibang pangkat naman ay kailangang maglahad ng isang mapanuring tanong upang subukin kung epektibo ang mungkahing iyon. Gabay na tanong: 1. *Paano ninyo binuo ang inyong mga tanong at mungkahi?* 2. *Ano ang pagkakaiba ng basta lang nagsalita kumpara sa nag-isip muna bago magtanong?*	Para sa Opsiyon A: ***Mungkahi-lympics*** Ganyakin ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang suliraning maaaring karaniwan nilang nasasaksihan o nararanasan. Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito sa teoryang *Social Constructivism*, kung saan bumubuo ang mga mag-aaral ng bagong pag-unawa sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan, kolaborasyon, at kritikal na pagsusuri kasama ang kapuwa mag-aaral. Tinutugunan din ang *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* at *PPST 2.3.2 Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a range of physical learning environments*.
	Opsiyon B: *Komik-Suri*	Para sa Opsiyon B: ***Komik-Suri***

	Panuto: Ipakita ang isang komiks na naglalarawan ng isang pag-uusap. May isang tauhan na nagmungkahi ng isang proyekto, ngunit ang paraan ng pagtatanong ng kausap niya ay agresibo, walang galang, o hindi malinaw.  Sa pamamagitan ng *Think-Pair-Share*, sasagutin ng magkapares na mag-aaral ang mga gabay na tanong: 1. *Ano ang naging problema sa paraan ng pagmumungkahi o pagtatanong sa sitwasyon?* 2. *Kung ikaw ang nasa sitwasyon, paano mo ito itatanong o imumungkahi sa mas pormal at mabisang paraan?*	Sa gawaing ito, magmumula naman ang pagganyak na isasagawa ng guro mula sa isang sitwasyong may potensyal na kaugnayan sa karanasan ng mga mag-aaral. Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito sa *Cognitive Constructivism*, kung saan aktibong sinusuri ng mga mag-aaral ang sariling pag-unawa sa wika at komunikasyon upang iakma ito sa mas pormal at mabisang paraan. Tinutugunan ang *PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills* (sa aspeto ng *literacy* o mapanuring pagbasa at komunikasyon) at *PPST 4.5.2 Select, develop, organize and use appropriate teaching and learning resources, including ICT, to address learning goals.*
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: *Mapa ng aking Pagkatuto*** **Panuto:** Bago simulan ang talakayan, ibahagi ang mga layunin sa anyo ng isang *roadmap* o *checklist.* Pupunan ng mga mag-aaral ang kolum ng “*Bago ang Aralin”* sa pamamagitan ng mga *emoji*.	Para sa Opsiyon A: ***Mapa ng aking Pagkatuto*** Ipabatid sa mga mag-aaral na ito ang mga kasanayang inaasahang matatamo

	Palatandaan: 😁 kung pamilyar na 🤔 kung hindi pa sigurado  Pagkatapos ng aralin, ibabalik ito sa mga mag-aaral upang punan naman ang kolum na *Pagkatapos ng Aralin* at *Mga Patunay*.	pagkatapos ng aralin. Kasabay nito, hikayatin silang pagnilayan ang antas ng kasalukuyang kasanayan para sa responsableng pagkatuto. Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito bilang paglalahad sa layunin sa pagkatutong *Metacognitive* at *Self-regulated* dahil nahihikayat ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kasalukuyang kakayahan sa pamamagitan ng *Metacognitive Learning Theory*, kung saan aktibo nilang sinusubaybayan, sinusuri, at kinokontrol ang sariling proseso ng pag-unlad at pagkatuto bago at pagkatapos ng aralin. Tinutugunan ang *PPST 4.1.2 Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.*
	Opsiyon B: *Kontrata ng Pagkatuto*	Para sa Opsiyon B: ***Kontrata***

	Panuto: Bago simulan ang aralin, bibigyan ang mga mag-aaral ng sipi ng kontrata ng pagkatuto na naglalaman ng mga *target* para sa talakayan. Sa tapat ng bawat target, kukulayan ang isang bituin (★) kung sa tingin nila ay bago pa ito sa kanila, dalawang bituin (★ ★) kung may alam na sila rito, at tatlong bituin (★ ★ ★) naman kung sa tingin nila ay bihasa na sila rito.  Pagkatapos ng aralin, ibalik ito sa mga mag-aaral upang ipagawa ang *Audit ng Pagkatuto*. (Ako si____ ay nangangakong magpopokus sa sumusunod na target)	***ng Pagkatuto*** Ipabatid sa mga mag-aaral na ito ang mga kasanayang inaasahang matatamo pagkatapos ng aralin. Kasabay nito, hikayatin silang pagnilayan ang antas ng kasalukuyang kasanayan para sa responsableng pagkatuto. Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito bilang paglalahad ng layunin sa pagkatutong *Metacognitive* at *Self-regulated* dahil nahihikayat ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kasalukuyang kakayahan sa pamamagitan ng *Self-Determination Theory*, kung saan itinaguyod ang kanilang awtonomiya at personal na pananagutan upang mag-udyok sa kanilang sariling pag-unlad. Tinutugunan ang *PPST 4.1.2 Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative*

<table>
<tr><td></td><td></td><td>assessment strategies consistent with curriculum requirements.</td></tr>
<tr><td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td><td>1. Paglalahad ng Halimbawa
Opsiyon A: Suri-Lektura
Panuto: Ipapanood sa mga mag-aaral ang panel discussion na Talakayan – Paano Ituturo ang Panitikan sa Panahon ng Disrupsyon? Makukuha ang sipi ng video sa pamamagitan ng link na ito:
I. https://www.youtube.com/watch?v=mYZEIHnQizs&list=PL0mo6qeMm0p2ZDJJBDb8V5ZwbXxQvwjDv&index=1



Pupunan ng mga mag-aaral ang talahanayan ng pagsusuri.
Pipili sila ng tatlong pangunahing tanong na narinig nila mula sa pinanood na video. Itatala nila ang mga mungkahing inilahad bilang tugon sa mga tanong na ito, partikular ang pangunahing ideya at mga sumusuportang detalye.
<table><tr><th rowspan="2">Tanong</th><th colspan="2">Mungkahi</th></tr><tr><th>Pangunahing Detalye</th><th>Mga Sumusuportang Detalye</th></tr><tr><td>1.</td><td></td><td></td></tr><tr><td>2.</td><td></td><td></td></tr><tr><td>3.</td><td></td><td></td></tr></table></td><td>Para sa Opsiyon A: Suri-Lektura

Gabayan ang mga mag-aaral sa panonood ng panel discussion at kung paano nila matutukoy ang mga hinihinging impormasyon. Maaari ring magbigay ng ibang video na higit na malapit sa konteksto ng mga mag-aaral.
Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng hinimay na kasanayan bilang 1 at 2:
• Natutukoy ang mga pangunahing ideya at sumusuportang detalye mula sa isang akademikong teksto o teknikal na video; at
• Nakagagawa ng kritikal na pagsusuri (gaya ng pagtatala ng mga mahahalagang punto o pagbabalangkas) sa napanood o nabasang materyal bago bumuo ng tanong o mungkahi;

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang Analysis at Evaluation.

Nakaangkla ang gawain sa</td></tr>
</table>

	Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 1.	*Constructivist Learning Theory* at *Inquiry-Based Learning* dahil ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan mula sa napanood na diskurso sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-uugnay ng ideya, at pagbubuo ng sariling pag-unawa. Tinutugunan ang *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements*.
	Opsiyon B: *Katitika-alisis* **Panuto:** Bigyan ang mga mag-aaral ng sipi ng katitikan ng pulong ng *Supreme Secondary Learner Government (SSLG)* ng paaralan na naglalaman ng talakayan tungkol sa pagbabago ng polisiya sa pagsusuot ng uniporme. Para sa sipi ng katitikan, tingnan ang: ***MK_TERM2_LE1_KALAKIP Blg. 1*** Pupunan ng mga mag-aaral ang grapikong pantulong upang mabigyang-diin ang mga argumentong pabor at kontra gayundin ang mga pangunahin at pansuportang detalyeng kaugnay nito.	Para sa Opsiyon B:***Katitika-alisis*** Patnubayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng katitikan ng pulong. Maaaring magbigay ng mga gabay na tanong upang epektibong matukoy ng mga mag-aaral ang mga hinihinging impormasyon. Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 1 at 2**: ● *Natutukoy ang mga*

		*pangunahing ideya at sumusuportang detalye mula sa isang akademikong teksto o teknikal na video; at* • *Nakagagawa ng kritikal na pagsusuri (gaya ng pagtatala ng mga mahahalagang punto o pagbabalangkas) sa napanood o nabasang materyal bago bumuo ng tanong o mungkahi;* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Nakabatay ang gawain sa *Constructivist Learning Theory* at *Social Constructivism*, kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng kahulugan mula sa tekstong pampulong sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-uuri ng impormasyon, at pagbuo ng sariling pananaw batay sa ebidensya. Tinutugunan ang *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* at *PPST 4.5.2 Select, develop, organize and use appropriate teaching and learning resources,*

		including ICT, to address learning goals.
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto Ang akademikong talakayan ay isang sistematikong pagpapalitan ng ideya, pananaw, at ebidensya upang mapalawak ang pag-unawa sa isang paksa. Mahalaga rito ang wastong pagtatanong at pagmumungkahi sapagkat nakatutulong ang mga ito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, masusing pagsusuri, at makabuluhang pakikipag-ugnayan sa kapwa kalahok. Ayon kay Tulgar (2012), ang pagtatanong ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto sapagkat pinasisigla nito ang pag-iisip at pakikilahok ng mga mag-aaral. Samantala, ang mga mungkahing nakabatay sa ebidensya at lohikal na pangangatwiran ay nakatutulong sa pagpapayaman ng akademikong diskurso (Brookfield & Preskill, 2005). **I. Wastong Paraan ng Pagtatanong** **1. Magtanong nang may paggalang at nang may propesyonalismo** Sa akademikong talakayan, mahalagang maging magalang ang paraan ng pagtatanong. Iwasan ang paggamit ng mga salitang nakasasakit, mapanghusga, o naglalayong maliitin ang ideya ng iba. Ang layunin ng pagtatanong ay upang malinawan ang usapin at hindi upang hamunin ang pagkatao ng nagsasalita. Mahalaga ang paglikha ng isang ligtas at respetadong kapaligiran upang maging bukas ang mga kalahok sa pagpapahayag ng kanilang ideya (University of California, Santa Barbara, n.d.). ***Halimbawa***: “Maaari po bang linawin ninyo ang inyong punto tungkol sa...?” “Ano po ang batayan ng inyong pahayag na...?” “Paano ninyo nabuo ang kongklusyong ito?” **2. Gumamit ng malinaw at tiyak na tanong** Ang pagbibigay ng tanong ay dapat malinaw, maikli, at nakatuon sa paksa. Ang malabong tanong ay maaaring magdulot ng kalituhan at hindi makatutulong sa pag-unlad ng talakayan. Ayon sa *Cornell University Center for Teaching Innovation,* ang malinaw na pagtatanong ay nakatutulong upang maging mas organisado at makabuluhan ang pagtalakay sa isang paksa.	Ipabatid sa mga mag-aaral na ang wastong pagtatanong at pagmumungkahi sa akademikong talakayan ay mahalaga sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa sa isang paksa at sa paglinang ng kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng malinaw, magalang, at nakabatay sa ebidensiyang mga tanong, nahihikayat ang mga mag-aaral na magsuri, magpaliwanag, at magbigay-katwiran sa kanilang mga pananaw. Gayundin, ang pagbibigay ng mga mungkahing may lohikal na batayan at paggalang sa ideya ng iba ay nagpapayaman sa talakayan at nagpapaunlad ng kolaborasyon sa loob ng silid-aralan. Dahil dito, natututuhan ng mga mag-aaral na makipagpalitan ng ideya nang may respeto, pagiging bukas sa iba't ibang pananaw, at pananagutang akademiko. Upang maituro ito nang mabisa, maaaring magsimula ang guro sa pagmomodelo ng wastong at di-wastong paraan ng pagtatanong at pagmumungkahi upang makita

Hindi malinaw:	Mas malinaw:
"Bakit ganyan?"	"Ano ang pangunahing dahilan kung bakit naging epektibo ang programang ito ayon sa inyong pag-aaral?"

3. Gumamit ng mga tanong na nagpapalalim ng pag-iisip
Mas mainam ang mga tanong na nangangailangan ng pagsusuri, pagpapaliwanag, at pagbibigay-katwiran kaysa sa mga tanong na simpleng sinasagot ng "oo" o "hindi." Ang mga tanong na ito ay kilala bilang higher-order questions, na humahamon sa mga mag-aaral na mag-isip nang mas malalim at kritikal (Chin, 2007).

Mga halimbawa:
"Ano ang maaaring maging epekto nito sa komunidad?"
"Paano maiuugnay ang konseptong ito sa kasalukuyang sitwasyon?"
"Ano ang mga limitasyon ng pamamaraang inyong ginamit?"

4. Makinig muna bago magtanong
Ang epektibong pagtatanong ay nagsisimula sa aktibong pakikinig. Dapat munang maunawaan ang pahayag ng nagsasalita bago magbigay ng tanong upang maiwasan ang maling interpretasyon at pag-uulit ng mga puntong natalakay na. Ang aktibong pakikinig ay isang mahalagang sangkap ng produktibong talakayan (University of California, Santa Barbara).

Halimbawa:
"Kung tama ang aking pagkaunawa, sinasabi ninyo na... Tama po ba? Kung gayon, paano ninyo ipaliliwanag ang...?"

5. Magtanong batay sa ebidensiya
Sa akademikong diskurso, mahalagang nakabatay ang mga tanong sa datos, resulta ng pananaliksik, o mga impormasyong nauna nang nailahad. Ang ganitong paraan ay nagpapalakas sa kalidad ng

ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng mga ito. Maaari ring magbigay ang guro ng mga gabay na ekspresyon at magsagawa ng mga gawaing tulad ng pangkatang talakayan, simulasyon, o presentasyon kung saan magkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay sa pagbuo ng makabuluhang tanong at kongkretong mungkahi. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, paggabay, at pagbibigay ng puna, mahuhubog ang mga mag-aaral na maging epektibong tagapakinig, mapanuring tagapag-isip, at responsableng kalahok sa mga akademikong talakayan.

	talakayan at nakatutulong upang manatiling obhetibo ang usapan (Cornell University Center for Teaching Innovation). **Halimbawa:** "Batay sa datos na inyong ipinakita, bakit nanatiling mataas ang bilang sa kabila ng isinagawang interbensyon?" **II. Wastong Paraan ng Pagmumungkahi** **1. Ipakita muna ang pagpapahalaga sa ideya** Bago magmungkahi ng pagbabago o alternatibong pananaw, mahalagang kilalanin muna ang ambag ng kausap. Ayon kina Brookfield at Preskill (2005), ang pagkilala sa kontribusyon ng iba ay nakatutulong sa pagbuo ng demokratiko at kolaboratibong talakayan. **Halimbawa:** "Maganda po ang inyong punto. Maaari din pong isaalang-alang natin ang…" "Sang-ayon ako sa inyong obserbasyon; subalit maaari nating dagdagan ito ng…" **2. Magmungkahi nang nakabatay sa lohika at ebidensya** Ang mga mungkahi ay dapat may sapat na batayan. Hindi sapat na umasa lamang sa personal na opinyon; kailangang suportado ito ng datos, karanasan, o kaugnay na literatura. Ang paggamit ng ebidensya ay nagpapataas ng kredibilidad ng mungkahi at nagpapalakas sa akademikong argumento (Karousiou et al., 2026). **Halimbawa:** "Batay sa mga naunang pag-aaral, maaaring gamitin ang *mixed-methods approach* upang mas mapalalim ang pagsusuri sa datos." **3. Gumamit ng magalang na pananalita** Iwasan ang mga pahayag na maaaring magmukhang pag-atake sa ideya o pagkatao ng iba. Sa halip, gumamit ng mga salitang nagpapakita ng paggalang at bukas na pag-iisip. Mahalaga ang	

maayos na komunikasyon upang mapanatili ang positibong ugnayan sa akademikong talakayan (Brookfield & Preskill, 2005).

Iwasan:	Mas angkop:
"Mali ang sinabi mo."	"Mayroon po akong ibang pananaw tungkol dito." "Maaari ring tingnan ang isyu mula sa ibang perspektibo."

4. Magbigay ng kongkretong mungkahi

Ang isang mahusay na mungkahi ay malinaw, espesipiko, at maaaring maisagawa. Ang mga kongkretong mungkahi ay higit na nakatutulong sa pagpapabuti ng mga ideya, proyekto, o pananaliksik (Cornell University Center for Teaching Innovation).

Hindi sapat:	Mas mabuti:
"Pagbutihin pa ninyo."	"Maaaring dagdagan ang bilang ng kalahok upang maging mas representatibo ang resulta ng pag-aaral."

5. Hikayatin ang kolaborasyon

Ang pagmumungkahi ay hindi lamang pagbibigay ng sariling ideya kundi pag-aanyaya rin sa iba na makilahok sa pagbuo ng solusyon. Ang kolaboratibong paglapit ay nakatutulong upang makabuo ng mas malawak at mas mahusay na pananaw sa isang isyu (Brookfield & Preskill, 2005).

Halimbawa:

"Ano kaya kung pagsasamahin natin ang dalawang pamamaraang ito?"

"Sa inyong palagay, paano pa natin mapauunlad ang mungkahing ito?"

Mga Ekspresyong Maaaring Gamitin

Sa Pagtatanong	Sa Pagmumungkahi

	Maaari po bang linawin ninyo ang...? Ano po ang inyong batayan sa...? Paano po ninyo ipaliliwanag ang...? Ano ang implikasyon nito sa...? Mayroon po bang ebidensyang sumusuporta rito?	Maaari ring isaalang-alang ang... Iminumungkahi ko na... Maaaring makatulong kung... Bilang karagdagan sa inyong ideya... Isa pang posibleng hakbang ay...	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: *Ang Akademikong "Make over"*** **Panuto:** Bigyan ang mga mag-aaral ng mga sitwasyon kung saan ang ginamit na tanong o mungkahi ay masyadong kaswal, kolokyal, o hindi angkop sa akademikong konteksto. Kailangan nila itong isulat muli gamit ang pormal na wikang akademiko. **Impormal/Kaswal na Pahayag** | **Pormal at Akademikong Bersyon** Mungkahi: Dapat palitan na natin 'yung rules sa attendance kasi parang ang higpit masyado, nakakainis. | Tanong: Ano ba talaga ang mangyayari kapag hindi natapos 'tong project na 'to sa takdang oras? | Mungkahi: Sana maglagay ng mas maraming basurahan sa school para hindi kung saan-saan tinatapon ang mga basura. | ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 2.***	Para sa Opsiyon A: ***Ang Akademikong "Make over"*** Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na linangin ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng gawaing ito. Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 3**: • *Nakapipili ng mga angkop at pormal na salita (wikang akademiko) na gagamitin sa pagbabalangkas ng isang mungkahi o tanong* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Nakabatay ang gawain sa *Constructivist Learning Theory* kaugnay ng pagkatutong pangwika dahil aktibong bumubuo at nagrerebisa ang mga mag-aaral ng kahulugan sa pamamagitan ng pagwawasto ng wika at pag-

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>aangkop ng tono ayon sa kontekstong akademiko.

Tinutugunan ang PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills at PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>Opsiyon B: Piliin at Ipaglaban!
Panuto: Ipasuri ang bawat sitwasyon. Pipilin ng mga mag-aaral ang pinakaangkop at pormal na akademikong pahayag na gagamitin. Pagkatapos, magbigay sila ng maikling paliwanag (1-2 pangungusap) kung bakit iyon ang kanilang napili.

Sitwasyon 1: Nais mong imungkahi sa inyong punong-guro na magkaroon ng seminar tungkol sa Mental Health para sa mga mag-aaral.
A. Sir, maganda po siguro kung magkaroon tayo ng seminar tungkol sa mental health upang maiwasa ang ma-stress ng mga mag-aaral.
B. Iminumungkahi po ng aming organisasyon ang paglulunsad ng isang forum patungkol sa pangangalaga ng mental health upang matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang emosyonal na kagalingan.
C. Dapat po magkaroon ng usapan tungkol sa mental health para malaman ng lahat kung paano ang pag-cope up.


<table><tr><th>Sagot</th><th>Paliwanag</th></tr><tr><td></td><td></td></tr></table></td>
<td>Para sa Opsiyon B: Piliin at Ipaglaban!
Hayaan ang mga mag-aaral na ilapat ang kanilang natutuhan sa iba iba’t ibang sitwasyong malapit sa konteksto nila.

Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng hinimay na kasanayan bilang 3:
● Nakapipili ng mga angkop at pormal na salita (wikang akademiko) na gagamitin sa pagbabalangkas ng isang mungkahi o tanong

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang Analysis at Evaluation.

Tumutugon ang gawaing ito bilang paglalahad ng layunin sa pagkatutong Metacognitive at</td>
</tr>
</table>

	Sitwasyon 2: Gusto mong tanungin ang inyong guro sa pananaliksik kung paano pa mapapabuti ang inyong *Scope and Delimitation*. *A. Ma'am, paano po ba namin aayusin 'to para maging okay naman tingnan 'yung sakop ng pag-aaral namin?* *B. Puwede po bang magtanong kung ano pa ang kulang sa ginawa namin para hindi kami malito sa dulo?* *C. Nais ko po sanang isangguni kung anong mga partikular na parametro o limitasyon ang maaari naming idagdag upang mas mapatibay ang saklaw ng aming pananaliksik.* **Sagot** | **Paliwanag** |	*Self-regulated* dahil nahihikayat ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kasalukuyang kakayahan sa pamamagitan ng teoryang *Cognitive Constructivism*, kung saan kritikal nilang kinikilala, pinipili, at ipinagtatanggol ang wastong register ng wika na angkop sa akademikong konteksto. Tinutugunan ang *PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills* at *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.*
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: *Mula Datos hanggang Solusyon*** Maaaring isagawa ang gawaing ito nang indibidwal o pangkatan. Magdidisenyo ang mga mag-aaral ng isang *digital* o *iginuhit* na *Question and Suggestion Organizer* na naglalayong magbigay-kaalaman sa komunidad tungkol sa suliranin ng pagdami ng basurang plastik sa barangay at mga paraan upang ito ay mabawasan. Maaaring i-post ang *output* sa silid-aralan, *bulletin board*, o *social media page* ng paaralan. ***Sitwasyon**: Kayo ay bahagi ng Komite sa Kalinisan ng Barangay. Inatasan kayong gumawa ng isang question and Suggestion Organizer upang maipakita sa mga residente ang datos tungkol sa pagdami ng basurang plastik sa barangay at mahikayat silang makiisa sa mga programang pangkalinisan at wastong pamamahala ng basura.*	Para sa Opsiyon A: ***Mula Datos hanggang Solusyon*** Ibigay ito sa mga mag-aaral kung ipagagawa ang nakalaang ***Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.*** Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 4**: • *Nakalilikha ng isang*

	Ipakita sa mga mag-aaral ang grap sa ibaba bilang batayan. Para sa iba pang detalye tungkol dito, tingnan ang:  **Mga Dapat Taglayin ng *Question and Suggestion Organizer***: ● Kaakit-akit na pamagat at angkop sa paksa. ● 3-5 Hakbang sa Pagtatanong ● 3-5 Hakbang sa Pagmumungkahi ● Paggamit ng mga simbolo, kulay, at arrow at iba pang elementong biswal upang madaling masundan ng mambabasa. Para sa rubrik, tingnan ang: ***MK_TERM2_LE1_KALAKIP Blg. 2***	*simpleng multimodal na representasyon (hal. infographic o flowchart) na nagpapakita ng tamang hakbang sa pagtatanong at pagmumungkahi sa isang pormal na talakayan* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis, Design,* at *Development*. Nakabatay rin ang gawain sa gawain sa *Social Constructivism* at M*ultimedia Learning Theory*, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsasalin ng konsepto tungo sa biswal na representasyon na nagpapalalim ng pag-unawa. Tinutugunan ang *PPST 2.3.2 Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a range of physical learning environments* at *PPST 4.5.2 Select, develop, organize and use appropriate teaching and learning resources, including ICT, to address learning goals.*
	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon B: *2G (Grapikong Gabay)***	Para sa Opsiyon B: ***2G (Grapikong Gabay)***

	Maaari itong ipagawa ng indibidwal o pangkatan. Magdidisenyo ang mga mag-aaral ng isang dihital o iginuhit na *Infographic Poster*. Itatampok dito ang *Gabay sa Tamang Paglahok* na maaaring i-*post* sa silid-aralan o sa *social media page* ng paaralan. **Sitwasyon**: Kayo ay bahagi ng *Student Council* o pamunuan ng klase. Inatasan kayong gumawa ng isang *Infographic* na magtuturo sa inyong mga kaklase ng tamang kultura at pormal na hakbang sa pagtatanong at pagmumungkahi kapag may nagaganap na opisyal na pagpupulong (*Class Meeting*). **Mga Dapat Taglayin ng *Infographic***: ● Kaakit-akit na pamagat at angkop sa paksa. ● 3-5 Hakbang sa Pagtatanong ● 3-5 Hakbang sa Pagmumungkahi ● Paggamit ng mga simbolo, kulay, at arrow at iba pang elementong biswal upang madaling masundan ng mambabasa. Para sa rubrik, tingnan ang: ***MK_TERM2_LE1_KALAKIP Blg. 3*** ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 3.***	Kung ibang *Integrative Performance Task* ang ipagagawa sa mga mag-aaral, maaaring ibigay ang gawaing ito. Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 4**: ● *Nakalilikha ng isang simpleng multimodal na representasyon (hal. infographic o flowchart) na nagpapakita ng tamang hakbang sa pagtatanong at pagmumungkahi sa isang pormal na talakayan* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis, Design,* at *Development*. Nakabatay rin ang gawain sa gawain sa *Social Constructivism* at M*ultimedia Learning Theory*, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsasalin ng konsepto tungo sa biswal na representasyon na nagpapalalim ng pag-unawa. Tinutugunan ang *PPST 2.3.2 Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful*

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>exploration, discovery and hands-on activities within a range of physical learning environments at PPST 4.5.2 Select, develop, organize and use appropriate teaching and learning resources, including ICT, to address learning goals.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>2. Paglalahat
Opsiyon A: Lagumin mo Ako!
Panuto: Maaari itong ipagawa sa klase ng pangkatan o indibidwal. Pupunan ng mga mag-aaral ang talahanayan sa ibaba upang malagom ang natutuhan mula sa aralin.

<table>
<tr><th>Kasanayan</th><th>Kailan ito ginagamit?</th><th>Ano ang layunin nito?</th><th>Paano ito gagawing wasto at magalang?</th></tr>
<tr><td>Pagtatanong</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pagmumungkahi</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Para sa Opsiyon A: Lagumin mo Ako!
Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsagawa ng pagbubuod ng kanilang natutuhan upang mabigyang-diin ang buong pagkatuto.

Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng hinimay na kasanayan bilang 5:
• Naipaliliwanag ang kahalagahan ng konteksto at layunin ng pagtatanong at pagmumungkahi bago sumabak sa isang akademikong diskusyon

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang Analysis at Evaluation.

Tumutugon ang gawaing ito sa Cognitive Constructivism, kung saan pinoproseso at iniistruktura ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan</td>
</tr>
</table>

		upang makabuo ng isang organisado at Personal na pagbubuod ng mga kasanayan. Tinutugunan ang *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements*
	Opsiyon B: *May Hugot ka ba?* ***Panuto:*** Lilikha ang mga mag-aaral ng isang *Hugot Line* na nagbubuod ng kahalagahan ng pagtatamo ng kasanayan ng pagtatanong at pagmumungkahi. Maaaring ibigay bilang gabay ang halimbawa sa ibaba. ***Huwag kang magmungkahi kung hindi mo pa alam ang buong kuwento; magtanong ka muna para hindi ka magmukhang tsismoso***.	Para sa Opsiyon B: ***May Hugot ka ba?*** Magbigay ng ibang halimbawa ng *Hugot Lines* na nakikita sa makabagong midya upang higit na makaugnay ang mga mag-aaral. Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 5**: • *Naipaliliwanag ang kahalagahan ng konteksto at layunin ng pagtatanong at pagmumungkahi bago sumabak sa isang akademikong diskusyon* Batay sa modelong ADDIE,


	 ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 4.***	natutugunan ng gawain ang *Design* at *Development*. Tumutugon ang gawaing sa C*ognitive Constructivism*, dahil naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga natutuhang pormal na konsepto sa isang malikhain, personal, at makabuluhang paraan ng pagpapahayag. Tinutugunan ang *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* at *PPST 4.5.2 Select, develop, organize and use appropriate teaching and learning resources, including ICT, to address learning goals.*
	3. Pagtataya **Opsiyon A: *Saysay sa Talakay*** **Panuto*:*** Magpapakita ang mga mag-aaral ng isang seryosong *Talk Show* o *Community Forum tungkol* sa suliranin ng pagdami ng basurang plastik sa isang barangay. Hahatiin ang klase sa mga pangkat na may 5–6 na miyembro. Ibabatay ng bawat pangkat ang kanilang talakayan sa ibinigay na numerikal na datos tungkol sa dami ng nakokolektang basurang plastik mula Enero hanggang Hunyo 2026 na ginamit din sa gawaing *Mula Datos hanggang Solusyon*. **Iba pang mekaniks:** ***a. Mga Papel na Gagampanan:*** ● Isang (1) *Moderator* – Tagapagdaloy ng talakayan at tagapamagitan sa mga kalahok.	Para sa Opsiyon A: ***Saysay sa Talakay*** Nakatutugon ang gawain sa nakalaang ***Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.*** Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 6**: ● *Nakapagsasagawa ng isang simulasyon ng panel discussion o forum*

	• Dalawang (2) *Environmental Panelists* – Mga magpapaliwanag at magsusuri ng datos. • Dalawa hanggang Tatlong (2–3) *Reactor*/Residente – Mga magtatanong, magbibigay ng puna, at magmumungkahi ng posibleng solusyon. ***b. Daloy ng Gawain:*** Paglalahad ng Datos at Suliranin • Ilalahad ng mga *Panelists* ang datos tungkol sa pagtaas ng dami ng basurang plastik sa barangay. • Ipapakita at ipaliliwanag ang graph o talahanayan ng datos. Pagsusuri ng Datos Tatalakayin ng mga Panelists ang mga sumusunod: • Ano ang ipinakikita ng datos tungkol sa dami ng basurang plastik? • Ano ang *trend* o pagbabago na makikita sa graph? • Ano ang mga posibleng sanhi ng pagdami ng basurang plastik sa barangay? • Ano ang maaaring epekto nito sa kalusugan, kapaligiran, at komunidad kung hindi ito masosolusyunan? Pagtatanong (Bukas na Akademikong Talakayan) • Magtatanong ang mga *Reactor* gamit ang magagalang, malinaw, at makabuluhang tanong. • Ang mga tanong ay dapat nakabatay sa datos at sa mga paliwanag ng *Panelists*. Pagmumungkahi • Magbibigay ang mga *Reactor* ng mga mungkahing solusyon upang mabawasan ang basurang plastik sa barangay. • Ang mga mungkahi ay dapat makatotohanan, nakabatay sa datos, at gumagamit ng wastong paraan ng pagmumungkahi. Paglalagom • Ibubuod ng *Moderator* ang mahahalagang punto ng talakayan. • Magbibigay ng pangwakas na pahayag ang pangkat tungkol sa kahalagahan ng pakikilahok ng mamamayan sa wastong pamamahala ng basura. Para sa rubrik, tingnan ang: ***MK_TERM2_LE1_KALAKIP Blg. 4***	*kung saan aktibong nagagamit ang mga estratehiya sa magalang na pagtatanong at pagmumungkahi.* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis*, *Design*, *Development*, *Implementation* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito sa *Social Constructivism* dahil nagkakaroon ang mga mag-aaral ng makabuluhang pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, paggampan sa mga panlipunang papel, at kolaboratibong pagsusuri ng napapanahong isyu sa isang pormal na diskurso. Tinutugunan ang *PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills* (sa pamamagitan ng mapanuring pagbasa, pagbabalangkas ng argumento, at interpretasyon ng numerikal na datos) at *PPST 2.3.2 Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on*

		activities within a range of physical learning environments.
	Opsiyon B: *PressCon sa Pamayanan* **Panuto:** Magpapakita ang mga mag-aaral ng isang simulasyon ng *Press Conference* kung saan ang isang maliit na grupo ay gaganap bilang mga opisyal ng Barangay at mga kinatawan ng Komite sa Kalinisan na humaharap sa suliranin ng pagdami ng basurang plastik sa kanilang komunidad batay sa datos na ginamit sa gawaing *Mula Datos hanggang Solusyon*. Ang natitirang mga mag-aaral ay gaganap bilang mga mamamahayag (*journalists*) na magsasagawa ng pagtatanong at pagmumungkahi batay sa ipinakitang datos. **Iba pang mekaniks:** **a. Mga Papel na Gagampanan:** ● *Panel of Officials* (3–4 mag-aaral) – Mga opisyal ng Barangay at Komite sa Kalinisan na magpapaliwanag ng datos at mga hakbang na ginagawa upang matugunan ang suliranin. ● *Journalists/Press Corps* (Ang natitirang mga mag-aaral) – Mga mamamahayag na magsusuri ng datos, magtatanong, at magbibigay ng mga mungkahi. **b. Daloy ng Gawain:** Pambungad na Pahayag ng mga Opisyal ● Ipapakita ng mga opisyal ang datos tungkol sa dami ng nakokolektang basurang plastik sa barangay mula Enero hanggang Hunyo 2026. ● Magbibigay sila ng maikling paglalahad tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng barangay kaugnay ng pamamahala ng basura. Pagsusuri ng Datos Ipaliliwanag ng mga opisyal ang sumusunod: ● Ano ang ipinakikita ng datos? ● Ano ang trend o pagbabago sa dami ng basurang plastik? ● Ano ang mga posibleng dahilan ng pagdami ng plastik na basura? ● Ano ang maaaring epekto nito sa kalusugan, kapaligiran, at pamumuhay ng mga residente?	Para sa Opsiyon B: ***Akad-Presscon*** **Nakatutugon ang gawain sa nakalaang *Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.*** Natutugunan ng gawain ang pagtatamo at paglinang ng **hinimay na kasanayan bilang 6**: ● *Nakapagsasagawa ng isang simulasyon ng panel discussion o forum kung saan aktibong nagagamit ang mga estratehiya sa magalang na pagtatanong at pagmumungkahi.* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis*, *Design*, *Development*, *Implementation* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito sa *Situated Learning Theory*, kung saan inilalapat nila ang kanilang kaalaman sa isang awtentiko, makatotohanan, at nakakontekstong simulasyon ng lipunan upang lutasin ang isang suliranin.

	Pagtatanong (*Press Conference*) ● Magtatanong ang mga mamamahayag gamit ang natutuhang wastong paraan ng pagtatanong. ● Ang mga tanong ay dapat nakabatay sa datos, pagsusuri, at mga inilalahad na hakbang ng mga opisyal. ● Maaaring magtanong tungkol sa mga programa, kakulangan, hamon, at mga posibleng solusyon sa suliranin. Pagmumungkahi ● Magbibigay ang mga mamamahayag ng mga mungkahing maaaring makatulong sa pagbawas ng basurang plastik sa barangay. ● Ang mga mungkahi ay dapat malinaw, magalang, makatotohanan, at nakabatay sa datos at pagsusuri ng sitwasyon. Pangwakas na Pahayag ● Sasagutin ng mga opisyal ang mga mungkahi at magbibigay ng pangwakas na paninindigan hinggil sa kahalagahan ng pakikiisa ng mamamayan sa pagpapanatili ng kalinisan ng komunidad. Para sa rubrik, tingnan ang: ***MK_TERM2_LE1_KALAKIP Blg. 5***	Tinutugunan ang *PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills* (sa pamamagitan ng pagsusuri sa datos ng kaso ng Dengue at pagbuo ng mga pormal na tanong at mungkahi) at *PPST 2.3.2 Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a range of physical learning environments.*
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: *Mapa ng aking Pagkatuto*** **Panuto:** Pababalikan sa mga mag-aaral ang kanilang likha sa gawaing *Mapa ng aking Pagkatuto*. Sa puntong ito pupunan naman nila ng *emoji* ang kolum na Pupunan ng mga mag-aaral ang kolum ng *Bago ang Aralin* sa pamamagitan ng mga *emoji sa Pagkatapos ng Aralin*. Sa bahagi naman ng *Mga Patunay*, tutukuyin nila ang mga gawain o pagsasanay na isinagawa kung saan nalinang ang mga layunin.	Para sa Opsiyon A: ***Mapa ng aking Pagkatuto*** Pabalikan sa mga mag-aaral ang naging unang sagot nila sa gawaing *Mapa ng aking Pagkatuto* Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*. Tumutugon ang gawaing ito sa pagkatutong *Metacognitive* at *Self-regulated* dahil nahihikayat ang mga mag-aaral na

Palatandaan:
😁 kung bihasa na 😳 kung kailangan pa ng paglinang



pagnilayan ang kasalukuyang kakayahan sa pamamagitan ng *Metacognitive Learning Theory*, kung saan aktibo nilang sinusubaybayan, sinusuri, at kinokontrol ang sariling proseso ng pag-unlad at pagkatuto bago at pagkatapos ng aralin.

Tinutugunan ang *PPST 4.1.2 Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.*

Opsiyon B: *Audit ng Pagkatuto*

Panuto: Sa puntong ito, pababalikan naman sa mga mag-aaral ang ginawang *Kontrata ng Pagkatuto* upang maisagawa ang pag-*audit* nito. Ipagagamit sa kanila ang talahanayan sa ibaba. Sa ikalawang kolum na *May Katibayan na ba Ako?*, maglalagay ang mga mag-aaral ng tsek sa *Oo* kung naisakatuparan ang target at sa *Hindi* pa naman kung hindi. Sa kolum naman ng *Saan ko ito Napatunayan?*, isusulat ang partikular na gawain kung saan nalinang ang target na gawain.

Mga Target na Kasanayan	**May Katibayan na ba Ako?**	**Saan ko ito Napatunayan?**
Target 1: Pagtukoy sa pangunahing ideya.	[ ] Oo [ ] Hindi pa	

Para sa Opsiyon B: ***Audit ng Pagkatuto***

Pabalikan sa mga mag-aaral ang naging unang sagot nila sa gawaing *Kontrata ng Pagkatuto*

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*.

Tumutugon ang gawaing ito sa pagkatutong *Metacognitive* at *Self-regulated* dahil nahihikayat ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kasalukuyang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Target 2: Pagsusuri at pagbabalangkas.</td><td>[ ] Oo [ ] Hindi pa</td><td></td></tr>
<tr><td>Target 3: Paggamit ng pormal na salita.</td><td>[ ] Oo [ ] Hindi pa</td><td></td></tr>
<tr><td>Target 4: Paggawa ng infographic/flowchart.</td><td>[ ] Oo [ ] Hindi pa</td><td></td></tr>
<tr><td>Target 5: Paglahok sa simulasyon/forum.</td><td>[ ] Oo [ ] Hindi pa</td><td></td></tr>
<tr><td>Target 6: Pagpapaliwanag ng konteksto.</td><td>[ ] Oo [ ] Hindi pa</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>kakayahan sa pamamagitan ng Self-Determination Theory, kung saan itinaguyod ang kanilang awtonomiya at personal na pananagutan upang maging motibado sa pamamahala ng sariling pag-unlad.

Tinutugunan ang PPST 4.1.2 Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts at PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.</td>
</tr>
<tr>
<td>VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT
(Pagtataya sa Natutuhan)</td>
<td>3. Pagtataya
Opsiyon A: Pili-Wanag
Panuto: Isulat sa ikalawang kolum kung Tama o Mali ang pahayag. Magbigay rin ng maikling paliwanag sa ikatlong kolum.

<table>
<tr><th>Pahayag</th><th>Tama o Mali</th><th>Maikling Paliwanag</th></tr>
<tr><td>1. Ang layunin ng pagtatanong sa akademikong talakayan ay manghusga sa ideya ng kapwa.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Ang malinaw at tiyak na tanong ay nakatutulong upang mas maging maayos ang daloy ng talakayan.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Maaaring magtanong kahit hindi nakikinig nang mabuti sa nagsasalita.</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Para sa Opsiyon A: Pili-Wanag
Ibigay sa mga mag-aaral bilang pagtataya ng kanilang natutuhan sa buong aralin.

Matay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang Analysis.

Tumutugon ang gawaing ito bilang pagtataya sa teoryang Cognitive Constructivism, kung saan aktibo nilang sinusuri, bineberipika, at ipinaglalaban ang kawastuhan ng kanilang mga konsepto at kaalaman sa pamamagitan ng nakasulat na</td>
</tr>
</table>

	4. Ang mga higher-order questions ay humihikayat ng mas malalim na pag-iisip at pagsusuri.	
	5. Ang magalang na pagtatanong ay hindi mahalaga basta nauunawaan ang tanong.	
	6. Ang mahusay na pagmumungkahi ay dapat nakabatay sa ebidensya at lohika.	
	7. Ang pagsasabi ng "Mali ka" ay isang angkop na paraan ng akademikong pagsalungat.	
	8. Ang pakikinig muna bago magtanong ay mahalaga upang maiwasan ang maling interpretasyon.	
	9. Ang mungkahi ay mas epektibo kung ito ay malabo at pangkalahatan lamang.	
	10. Ang kolaborasyon ay maaaring lumitaw sa pamamagitan ng bukas na mungkahi sa ideya ng iba.	

pangangatuwiran.

Tinutugunan ang *PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.*

Opsiyon B: *Piliin mo naman ako!*
Panuto: Piliin ang tamang sagot sa bawat bilang.

1. Alin ang pinakamahusay na halimbawa ng wastong pagtatanong sa akademikong talakayan?
   A. "Bakit ganyan ang sagot mo?"
   B. "Ano ang batayan ng iyong pahayag?"
   C. "Hindi tama ang sinabi mo."
   D. "Sino ang nagsabi niyan?"

2. Ano ang pangunahing layunin ng pagtatanong sa akademikong diskurso?
   A. Manghiya ng kalahok

Para sa Opsiyon B: ***Piliin mo naman ako!***
Ibigay sa mga mag-aaral bilang pagtataya ng kanilang natutuhan sa buong aralin.

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang *Analysis* at *Evaluation*.

Tumutugon ang gawaing ito bilang pagtataya sa teoryang *Cognitive Constructivism*, kung

	B. Magpakitang-gilas C. Linawin at palalimin ang ideya D. Tapusin agad ang talakayan 3. Alin ang halimbawa ng higher-order question? A. “Oo o hindi ba ito?” B. “Ano ang epekto nito sa lipunan?” C. “Sino ang may sabi?” D. “Tama ba ito?” 4. Ano ang unang hakbang bago magtanong sa talakayan? A. Sumigaw B. Makinig nang mabuti C. Magbasa ng ibang paksa D. Magbiro 5. Alin ang angkop na paraan ng pagmumungkahi? A. “Mali ang ideya mo.” B. “Walang saysay ang sinabi mo.” C. “Maaari ring isaalang-alang ang ibang pananaw.” D. “Hindi ka tama.” 6. Ano ang katangian ng epektibong mungkahi? A. Malabo B. Walang batayan C. Konkretong maaaring gawin D. Nakakasakit ng damdamin 7. Bakit mahalaga ang ebidensiya sa pagmumungkahi? A. Para humaba ang sagot B. Para maging kapani-paniwala ang ideya C. Para malito ang iba D. Para makipagtalo 8. Alin ang hindi angkop sa akademikong talakayan? A. “Maaari po bang linawin?” B. “Ano ang iyong batayan?”	saan sinusubok ang kanilang kakayahang kumilala, mag-analisa, at pumili ng wastong konseptwal na kaalaman patungkol sa akademikong diskurso. Tinutugunan ang *PPST 4.1.2 Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts* at *PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.*

C. “Mali ka at wala kang alam.”
D. “Paano ito nakaapekto?”

9. Ano ang ibig sabihin ng kolaboratibong pagmumungkahi?
A. Pag-iisa ng ideya ng isang tao
B. Pagpapatahimik sa iba
C. Sama-samang pagbuo ng ideya
D. Pagtanggi sa ideya ng iba

10. Alin ang layunin ng magalang na pananalita sa talakayan?
A. Makipag-away
B. Maging agresibo
C. Mapanatili ang respeto at maayos na diskurso
D. Manalo sa argumento

VII. PAGNINILAY
(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)

Gabay na Tanong	**Sagot**
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakaunawa sa aralin matapos ang remediation**

	_____ _____ 4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** _____ _____ 5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** _____ _____ 6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** _____ _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 2			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Anna Lou G. Edillon at Mariane N. Villar		

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipapamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademikong at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at inklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at podcast; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.*
Mga Kasanayang Pagkatuto	Pagbibigay kahulugan **I. Nagagamit ang angkop na mga estratehiya sa pag-unawa ng mga salitang di-pamilyar, kabilang na ang espesyalisadong termino.** Pakikilahok ● **Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga akademiko o teknikal na lektura, presentasyon, o diskusyon sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon.** Pagpapahayag ● **Naipapaliwanag ang mga konsepto gamit ang angkop na bokabularyo at wikang akademiko at teknikal at representasyong multimodal (hal. dayagram, grap, tsart, infographic, atbp.).** Pagninilay ● **Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa kontekstong akademiko at pampagsasanay na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang upang mapaunlad ang pagganap at mahubog ang panghabambuhay na pagkatuto**.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	*Bernales, R., Atienza, G., & Sison, A. (2016). Akademikong Filipino sa Makabagong Panahon. Mutya Publishing.* *Department of Education (DepEd). (2016). K to 12 Curriculum Guide sa Filipino (Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino).* *Happy Background Music | No Copyright Song & MP3 Free Downloads – Pixabay* *https://www.kwfdiksiyonaryo.ph/*

	https://www.slideshare.net/slideshow/komunikasyon6pptx/257398431#3 *https://www.studocu.com/ph/u/115723556?sid=01781863554&page=1* *https://www.yahoo.com/news/world/articles/list-deadly-earthquakes-philippines-135438327.html* *Hyland, K. (2009). Academic Discourse: English in a Global Context. Continuum.* *Lucas, S. E. (2015). The Art of Public Speaking. McGraw-Hill Education.* *O'Grady, W., et al. (2011). Contemporary Linguistics: An Introduction. Bedford/St. Martin's* *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito:* *https://docs.google.com/document/d/1heSuH_DE6kqEMfTDVdStZwiGELT2wWW0/edit* Chatgpt.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan)	
III. NILALAMAN	**Pakikilahok sa nga nakaestrukturang talakayang pangklase at seminar**	
IV. TUNGUHIN	a. Nagagamit ang mga estratehiya sa pag-unawa ng mga di-pamilyar at espesyalisadong terminong ginagamit sa mga talakayang pangklase at seminar; b. Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga talakayan at seminar sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi at angkop na pagtugon sa mga ideang inilahad; c. Nakapagpapalitan ng mga kuro-kuro sa maayos at responsableng paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa tuntunin ng talakayan at paggalang sa pananaw ng iba; d. Naipapaliwanag ang mga konsepto at pananaw gamit ang angkop na akademiko at teknikal na bokabularyo at representasyong multimodal; e. Nasusuri ang sariling pakikilahok sa talakayan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang pagganap at mahubog ang panghabambuhay na pagkatuto.	
V. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: Pass the Mic and Share!** **Panuto:** Ipagunita sa mga mag-aaral ang kanilang mga naging karanasan sa pagsali sa talakayan, seminar o presentasyon. Maghanda ng isang bagay (hal. laruang mikropono, maliit na bola, marker o stress ball) na magsisilbing *talk token*. Patugtugin ang maikling instrumental na musika habang ipinapasa ng mga mag-aaral ang talk token. Kapag tumigil ang musika, ang mag-aaral na may hawak na mikropono ang sasagot sa tanong. Ulitin ang proseso upang mabigyan ng pagkakataon ang iba pang mag-aaral na magbahagi. Tanong:	Para sa Opsiyon A: **Pass the Mic and Share!** Ang gawaing ito ay nakabatay sa Social Constructivist Learning Theory sapagkat ito ay nagtataguyod ng learner engagement, active participation, at collaborative learning sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang karanasan at pananaw sa isang interaktibong paraan.

	Ano ang ginagawa mo upang makilahok nang epektibo sa isang talakayan? **Paalala:** Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng tiyak at makatotohanang halimbawa mula sa kanilang sariling karanasan. Maaring maghanap ng musika sa link na ito: *Happy Background Music | No Copyright Song & MP3 Free Downloads - Pixabay* **Mga halimbawang sagot ng mag-aaral:** ● Nakikinig muna ako nang mabuti upang maunawaan ang paksa bago magbigay ng opinyon. ● Naghahanda ako ng mga ideya at nagtatanong kung may bahagi ng talakayan na hindi ko nauunawaan. ● Iginagalang ko ang opinyon ng iba at nagbibigay ako ng maayos at may ebidensiyang pahayag. ● Nakikilahok ako sa pamamagitan ng pagbabahagi ng karanasan na may kaugnayan sa paksa.	Nakatutugon din ito sa PPST Domain 1, Strand 1.5 -Teaching and Learning Resources including ICT sa pamamagitan ng paggamit ng musika at iba pang kagamitang panturo upang maging mas kawili-wili at epektibo ang proseso ng pagkatuto. Nakahanay rin ito sa PPST Domain 2, Strand 2.4 - Learner Motivation and Engagement dahil gumagamit ang guro ng estratehiyang nagpapalakas ng aktibong pakikilahok at makabuluhang interaksyon ng mga mag-aaral sa talakayan. Sa ADDIE Model, kabilang ang gawaing ito sa Analysis dahil natutukoy ang mga dating karanasan, kaalaman, at kahandaan ng mga mag-aaral bago talakayin ang bagong aralin.
	Opsiyon B: Poll and Explain **Panuto:** Ipagunita sa mga mag-aaral ang kanilang mga naging karanasan sa pagsali sa isang talakayan, seminar, o presentasyon. Basahin ang mga pahayag sa ibaba at ipataas ang kamay ng mga mag-aaral kung alin ang madalas nilang ginagawa sa ganitong mga sitwasyon. Maaaring pumili ang mga mag-aaral ng isa o higit pang sagot. Pagkatapos, tumawag ng ilang mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang mga sagot. Bigyang-diin na walang maling sagot at gamitin ang mga tugon bilang panimulang punto ng aralin upang matukoy ang mga mababuting gawi at mga gawi na dapat iwasan sa pakikilahok sa isang talakayan. **Poll: Ano ang madalas mong ginagawa kapag nasa isang talakayan, seminar, o presentasyon?**	Para sa Opsiyon B: **Poll and Explain** Ang gawaing ito ay nagtataguyod ng pagmumuni-muni, aktibong pakikilahok, at responsableng pag-uugali ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang sariling gawi sa pakikilahok sa talakayan. Nakahanay ito sa PPST Domain 2, Strand 2.4- Learner Motivation and

	A. Nakikipagkuwentuhan ako sa katabi habang may nagsasalita. B. Nagtatala ako ng mga mahahalagang impormasyon. C. Nagbibigay ako ng aking opinyon nang may paggalang. D. Gumagamit ako ng cellphone para sa mga bagay na walang kaugnayan sa talakayan. E. Iginagalang ko ang opinyon ng iba. F. Hindi ako nakikilahok kahit hinihikayat akong sumagot. G. Nagtatanong ako kapag hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan. H. Sumasabay ako sa pagsasalita ng kausap ko upang maibigay agad ang aking opinyon. I. Nakikinig ako nang mabuti upang maunawaan ang paksa. J. Hindi ako nakikinig at naghihintay lamang na matapos ang seminar. K. Nag-iisip muna ako bago magsalita. L. Hindi ko pinapansin ang opinyon ng iba. **Pamprosesong Tanong:** 1. Alin sa mga nabanggit na gawain ang nakatutulong upang maging epektibo ang pakikilahok sa isang talakayan? Bakit? 2. Alin sa mga nabanggit na gawain ang dapat iwasan? Ipaliwanag. 3. Ano ang maaari mong gawin upang mas mapaunlad ang iyong pakikilahok sa susunod na talakayan, seminar, o presentasyon?	Engagement dahil gumagamit ang guro ng interaktibong estratehiya upang mahikayat ang mga mag-aaral na makibahagi at magpahayag ng kanilang karanasan at pananaw. Nakatutugon din ito sa PPST Domain 5, Strand 5.1-Design, Selection, Organization and Utilization of Assessment Strategies sa pamamagitan ng paggamit ng poll at pamprosesong tanong bilang paunang pagtataya upang matukoy ang mga kaalaman, gawi, at pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ADDIE Model, kabilang ang gawaing ito sa Analysis sapagkat nagsisilbi itong paunang pagsusuri upang matukoy ang mga kaalaman, gawi, at pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral na magsisilbing batayan sa paglinang ng aralin. **Mga Inaasahang Sagot:** ● Ang mga gawaing nakatutulong ay ang aktibong pakikinig, pagtatanong, pagbibigay ng

		opinyon nang may paggalang, pagtatala ng mahahalagang impormasyon, paggalang sa opinyon ng iba, at pag-iisip muna bago magsalita. ● Ang mga gawaing dapat iwasan ay ang pakikipagkuwentuhan habang may nagsasalita, paggamit ng cellphone para sa mga hindi kaugnay na gawain, hindi pakikilahok, pagputol sa nagsasalita, hindi pakikinig, at hindi paggalang sa opinyon ng iba. ● Upang maging mas epektibong kalahok, dapat maging aktibong tagapakinig, maghanda ng mga ideya, magtanong kung kinakailangan, at magpakita ng paggalang sa lahat ng kalahok sa talakayan.
	2. Paglalahad ng Layunin: **Goal Mapping** **Opsiyon A:** Ihanda ang limang tunguhin ng aralin at ilagay ang mga ito sa magkahiwalay na bahagi ng pisara, manila paper o *slide presentation* na magsisilbing Goal Map Board. Bigyan ang bawat mag-aaral ng tatlong (3) goal markers *(hal. star stickers, heart stickers, bilog na sticker at iba pa).*	Para sa Opsiyon A: **Goal Mapping** Ang gawaing Goal Mapping ay nakabatay sa Constructivist Learning Theory sapagkat binibigyan ang mga mag-aaral

	• Ipabasa ang lahat ng tunguhin at papiliin ang mga mag-aaral ng tatlong (3) kasanayang nais pa nilang malinang o paghusayan. Pagkatapos, isa-isang papuntahin ang mga mag-aaral sa harap upang idikit ang kanilang goal markers sa tabi o ilalim ng napiling tunguhin sa Goal Map Board. • Pagkatapos maidikit ng lahat ng mag-aaral ang kanilang goal markers, pumili ng tatlo hanggang limang (3–5) mag-aaral gamit ang name picker, pagbubunot ng pangalan o random na pagtawag upang ipaliwanag ang kanilang napili. Hikayatin silang gamitin ang mga pangungusap na *"Pinili ko ito dahil…"* o *"Mahalaga ito sa akin sapagkat…"*. • Pagkatapos ng pagbabahagi, iproseso ang gawain sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano makatutulong ang mga kasanayang ito sa pakikilahok sa mga talakayan, pagdalo sa mga seminar, pag-aaral sa kolehiyo at sa kanilang magiging propesyon sa hinaharap. **Tandaan:** Kung malaki ang klase (mahigit 40 mag-aaral), maaaring papuntahin ang mga mag-aaral bawat hanay (row) o bawat pangkat (group) upang maging mabilis at maayos ang pagdidikit ng goal markers	ng pagkakataong suriin ang kanilang pangangailangan sa pagkatuto at aktibong bumuo ng kahulugan batay sa kanilang karanasan at mga layunin. Nakahanay ito sa PPST Domain 2, Strand 2.4- Learner Motivation and Engagement at PPST Domain 1, Strand 1.2- Research-based Knowledge and Principles of Teaching and Learning dahil hinihikayat ang makabuluhang pakikilahok at paggamit ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral. Sa ADDIE Model, kabilang ang gawaing ito sa Analysis at Design sapagkat natutukoy ng mga mag-aaral ang kanilang pangangailangan sa pagkatuto at naihahanay ang mga inaasahang kasanayan na kanilang lilinangin sa buong aralin.
	Opsiyon B: Game-Based Activity: "Word Hunt: Mission Possible" **Panuto: Paghahanda ng Guro:** Isulat ang buong layunin ng aralin, pero hatiin ito sa 5–6 na *key words* (hal. *di-pamilyar, espesyalisado, termino, talakayan, kuro-kuro*). • I-*print* o isulat ang bawat salita sa maliit na papel/karton. • Itago ang mga ito sa iba't ibang bahagi ng silid-aralan. **Pagpapasimula:** *"Ngayong araw, may misyon kayo: hanapin ang mga salitang bubuo sa ating layunin. Kapag nahanap na ninyo ang mga ito, malalaman ng lahat kung ano ang ating paksa."*	Para sa Opsiyon B: **Game-Based Activity: "Word Hunt: Mission Possible"** Gumamit ang guro ng game-based activity sa pagpapakilala ng layunin.Isang isang mini-game na may elementong palaisipan at teamwork. Nakakapukaw ito ng

	Gawain ng Mag-aaral: ● Hatiin ang klase sa maliliit na grupo. ● Bigyan sila ng 2–3 minuto para maghanap ng mga nakatagong salita. ● Kapag nakahanap na, ilalagay nila ang mga salita sa pisara at susubukang ayusin ayon sa tamang pagkakasunod-sunod upang mabuo ang layunin. **Paglilinaw:** ● Basahin nang buo ang layunin at ipaliwanag kung paano ito magiging konektado sa kanilang gawain sa araw na iyon.	excitement bago magsimula ang talakayan. May elementong *teamwork* at *competition*. Ito ay masaya at epektibo dahil nakapupukaw ito ng excitement bago magsimula ang talakayan.Naaalala agad ng mga mag-aaral ang layunin dahil sila mismo ang bumuo nito.
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: Pagsusuri ng Panel Discussion** **Panuto:** Ipakitang muli sa mga mag-aaral ang video ng *panel discussion na Talakayan | Paano Itututuro ang Panitikan sa Panahon ng Disrupsyon?* sa link na https://tinyurl.com/w83p9m34. Gabayan sila sa sistematikong panonood at pagsusuri sa pamamagitan ng sumusunod na hakbang: **Mga Hakbang sa Gawain** **1. Bago Manood** Ipakilala ang panel discussion bilang isang pormal na talakayan na may moderator at mga tagapagsalita. Ipaliwanag ang layunin ng gawain: pagtukoy sa akademikong bokabularyo, paraan ng pagtatanong, at estratehiya sa pagpapahayag. Ibigay ang graphic organizer na sasagutan ng mga mag-aaral. **2. Habang Nanonood** Hikayatin ang mga mag-aaral na magtala ng mahahalagang detalye. Maaari mong ihinto ang video sa ilang bahagi upang mabigyang-diin ang mga obserbasyon. Ipaalala sa kanila na bigyang-pansin ang sumusunod: · mga terminong pormal o akademiko · paraan ng pagtatanong ng moderator · estratehiya ng mga tagapagsalita **3. Pagkatapos Manood** Punan ng mga mag-aaral ang graphic organizer.	Para sa Opsiyon A: **Pagsusuri ng Panel Discussion** Ang gawain ay nakabatay sa Constructivist Learning Theory, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman sa pamamagitan ng aktuwal na karanasan-sa kasong ito, ang panonood at pagsusuri ng isang panel discussion. Sa proseso ng bago, habang, at pagkatapos manood, naipapakita ang scaffolding na tumutulong sa mga mag-aaral na unti-unting maunawaan ang konsepto ng akademikong diskurso. ● Bago manood - inaactivate ang prior knowledge (schema activation) ● Habang nanonood-active learning sa pamamagitan ng pagtatala at pagsusuri ● Pagkatapos manood-social interaction at

		kolaborasyon sa talakayan Makikita rin ang impluwensiya ng Cognitive Theory of Learning, dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri, mag-organisa ng impormasyon gamit ang graphic organizer at magproseso ng ideya sa mas mataas na antas ng pag-iisip o higher-order thinking skills. Umaayon din ito sa ADDIE Model sa pamamagitan ng maayos na pagkakahanay ng analysis, design, implementation, at evaluation sa bawat yugto ng gawain (bago, habang, at pagkatapos manood). Kaugnay naman ng PPST, naipapakita rito ang mahusay na pedagohiya, organisadong pagpaplano ng aralin, at paggamit ng angkop na pagtataya upang malinang ang kritikal na pag-iisip at pakikilahok ng mga mag-aaral. Tumutugon ang gawaing ito sa hinimay na tunguhing: ● *Nagagamit ang mga estratehiya sa pag-unawa ng mga di-pamilyar at espesyalisadong terminong ginagamit sa mga talakayang pangklase at seminar*
	Opsiyon B: Pagsusuri ng Transkripsyon	Para sa Opsiyon B: **Pagsusuri**

Akademikong Terminong Ginamit	**Paraan ng Pagtatanong**	**Estratehiya ng Tagapagsalita**

Pangunahan ang talakayan sa klase upang maibahagi ang kanilang sagot.

Mga Gabay na Tanong sa Pagsusuri:

1. Ano-anong mga akademikong salita ang inyong natukoy?
2. Paano ang pagtatanong ng moderator o ng mga tagapagsalita?
   - ☐ Bukas na tanong
   - ☐ Saradong tanong
   - ☐ Follow-up na tanong
   - ☐ Iba pa: _____
3. Anong estratehiya ang karaniwang ginagamit ng mga panelist?
   - ☐ Pagbibigay ng halimbawa
   - ☐ Pagpapaliwanag ng ideya
   - ☐ Paggamit ng datos o ebidensya
   - ☐ Pagpapahayag ng opinyon
4. Ano ang iyong natutuhan tungkol sa maayos na pakikipagtalakayan?

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 1

	Panuto: Ipabasa sa mga mag-aaral ang sipi ng isang akademikong talakayan tungkol sa mga naganap na lindol sa bansa. Ipagawa ito nang pares upang mapadali ang pagsusuri. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng paraan ng pakikilahok ng moderator at mga panelist, pati na rin ang paggamit ng akademikong bokabularyo, paraan ng pagtatanong at estratehiya sa pagpapahayag ng ideya. Pagkatapos basahin, ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong: 1. Ano-ano ang mga akademikong salitang ginamit sa talakayan? 2. Paano nagtatanong ang moderator? (bukas, sarado, follow-up) 3. Anong estratehiya ang ginamit ng mga panelist? 4. Paano nakatulong ang datos sa pagpapalalim ng talakayan? **Sipi ng Akademikong Talakayan** **Paksa:** Mga Naganap na Lindol sa Pilipinas at Kahandaan ng Mamamayan **Moderator:** Magandang araw sa lahat. Tatalakayin natin ngayon ang mga mahahalagang lindol na naganap sa bansa at ang kahalagahan ng kahandaan ng mga mamamayan. *Ano-ano ang mahahalagang lindol na naganap sa Pilipinas nitong mga nakaraang taon?* **Panelist 1:** Noong Oktubre 10, 2025, nagkaroon ng magkasunod na lindol sa Davao Oriental na may lakas na Magnitude 7.4 at 6.7 - 6.8, na nagdulot ng malaking pinsala sa mga gusali at marami ang na nasugatan. **Panelist 2:** Dagdag pa rito, noong Setyembre 30, 2025, isang Magnitude 6.9 na lindol ang tumama sa Cebu na nagresulta sa pagkamatay ng dose-dosenang tao at libo-libong naapektuhan. **Moderator:** Paano naman ang mga naganap na lindol ngayong taon? **Panelist 3:** Noong Hunyo 8, 2026, isang malakas na lindol na may lakas na Magnitude 7.8 ang tumama sa katimugang bahagi ng Mindanao, partikular sa mga lugar malapit sa Sarangani at General Santos City. Nagdulot ito ng malawakang pinsala sa mga tahanan at imprastraktura at nagresulta sa pagkasawi at pagkasugat ng	**ng Transkripsyon** Ang gawain ay nakabatay sa Constructivist at Cognitive Learning Theories dahil aktibong bumubuo ng kaalaman ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-uugnay ng idea at pakikilahok sa talakayan gamit ang akademikong teksto. Ito ay tumutugma sa ADDIE Model-Implementation at Evaluation sapagkat isinasagawa ang gawain sa loob ng klase at nasusukat ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbabahagi ng sagot ng mga mag-aaral. Kaugnay ng PPST, ito ay nakaangkla sa Domain 1-Content Knowledge and Pedagogy, Domain 4 Curriculum and Planning at Domain 5 Assessment and Reporting dahil sa paggamit ng angkop na estratehiya, organisadong daloy ng gawain, at makabuluhang pagtataya. **IPT Integration Note** Ang gawaing ito ay nagsisilbing paghahanda sa Integrative Performance Task (IPT) na Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign na nakatuon sa pagsisiyasat ng mga isyung pangkapaligiran at pangklima

	maraming tao. **Moderator:** Batay sa mga pangyayaring ito, *paano ba nagaganap ang lindol?* **Panelist 1:** Ang lindol ay nagaganap dahil sa paggalaw ng tectonic plates sa ilalim ng lupa. Kapag nagkaroon ng matinding puwersa na biglang kumawala sa isang fault line, nagdudulot ito ng pagyanig na tinatawag na lindol. **Panelist 2:** Dagdag pa rito, ang Pilipinas ay matatagpuan sa Pacific Ring of Fire, kaya madalas itong nakakaranas ng seismic activity at iba't ibang uri ng lindol. **Moderator:** Kung hindi natin ito maiiwasan, ano ang maaari nating gawin upang mabawasan ang epekto nito? **Panelist 3:** Mahalagang magsagawa ng regular na earthquake drill at sundin ang mga hakbang tulad ng *Duck, Cover, and Hold*. **Panelist 1:** Dapat ding tiyakin na ang mga gusali ay sumusunod sa safety standards upang maiwasan ang pagguho sa panahon ng lindol. **Panelist 2:** Higit sa lahat, mahalaga ang kaalaman at kahandaan ng bawat mamamayan upang maging ligtas ang komunidad. **Moderator:** Ano ang pinakamahalagang aral na dapat tandaan? **Panelist 3:** Ang lindol ay hindi mapipigilan, ngunit sa pamamagitan ng sapat na kaalaman, paghahanda, at kooperasyon, maaari nating mabawasan ang pinsala nito sa ating buhay at kapaligiran.	sa lokal na komunidad at sa pagbuo ng isang multimodal environmental awareness campaign, sapagkat nahahasa nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng siyentipikong paliwanag, estadistikal na datos, at pagbuo ng makabuluhang rekomendasyon para sa komunidad. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 2***
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Kahulugan at Katangian ng Talakayan** ● Ang talakayan ay isang proseso ng pagpapalitan ng ideya, opinyon, at impormasyon sa pagitan ng dalawa o higit pang kalahok. ● Layunin nitong mapalalim ang pag-unawa sa isang paksa sa pamamagitan ng organisado at makabuluhang komunikasyon. ● Sa akademikong konteksto, mahalaga ang malinaw na daloy, wastong paggamit ng wika at paggalang sa bawat kalahok upang maging epektibo ang talakayan. **Iba't Ibang Uri ng Talakayan** 1. **Pormal na Talakayan** Isinasagawa ito sa mga akademikong o institusyonal na	Gamit ang interactive discussion strategy, gagabay ang guro sa talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong at pagpapasagot sa mga mag-aaral upang aktibong makilahok ang bawat isa. Layunin nitong mapalalim ang pag-unawa sa paksa sa pamamagitan ng palitan ng ideya at kritikal na pag-iisip. Mahalagang mahikayat ng guro na makiisa sa talakayan ang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>sitwasyon tulad ng seminar, forum, at panel discussion. May nakatalagang moderator at sinusunod ang tiyak na tuntunin.
2. Panel Discussion
Binubuo ito ng moderator at ilang eksperto na nagbibigay ng kani-kanilang pananaw sa isang paksa habang pinamumunuan ang daloy ng usapan.
3. Forum o Open Discussion
Bukas ang talakayan sa maraming kalahok na maaaring magtanong at magbigay ng opinyon ang madla.
4. Debate
Isang organisadong talakayan kung saan may dalawang panig na nagtatanggol ng magkasalungat na pananaw gamit ang lohika at ebidensya.

Tingnan sa Kalakip Blg. 2A</td>
<td>mga mag aaral upang may malaya at makabuluhang palitang ng idea at impormasyon. malilininang din nito ang mga tunguhing:

● Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga talakayan at seminar sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon sa mga ideyang inilahad.
● Nakapagpapalitan ng mga kuro-kuro sa maayos at responsableng paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa tuntunin ng talakayan at paggalang sa pananaw ng iba</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>3. Paglinang ng Kabihasaan
Opsiyon A: Uri ng Talakayan: Kailan, Saan at Sino?
Panuto: Muling pabalikin sa mga mag-aaral ang iba’t ibang uri ng talakayan. Pagkatapos, pasagutan ang matrix ng mga uri ng talakayan sa pamamagitan ng pagtukoy sa kailan ginagamit, saan ginagamit, sino ang mga taong kasangkot at ang kanilang mga tungkulin o responsibilidad sa bawat uri ng talakayan. Maaaring gawin ang gawain nang paisa-isa, pares, o pangkatan at gamitin ito bilang pagtataya ng kanilang pag-unawa sa paksa.
<table>
<tr><th>Uri ng Talakayan</th><th>Kailan Ginagamit</th><th>Saan Ginagamit</th><th>Mga Taong Kasangkot</th><th>Tungkulin ng Bawat Isa</th></tr>
<tr><td>Pormal na Talakayan</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Panel Discussion</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Para sa Opsiyon A: Uri ng Talakayan: Kailan, Saan at Sino?
Ang mga tanong na ito ay makatutulong upang hindi lamang mapunan ng mga mag-aaral ang matrix kundi masuri rin nila ang kahalagahan at gamit ng bawat uri ng talakayan.

Ang gawaing ito ay isang formative assessment na sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na suriin, ikategorya, at ilapat ang</td>
</tr>
</table>

Forum / Open Discussion					
Debate					
Roundtable Discussion					
Pulong-Bayan					
Forum					
Lektiyur					
Seminar					
Workshop					
Simposyum					
Kumperensiya					
Echo Discussion					
Asemblea					

Tingnan sa Kalakip Blg. 2B

kanilang natutuhan tungkol sa mga uri ng talakayan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng matrix. Naaayon ito sa PPST Domain 1- Content Knowledge and Pedagogy at Domain 5- Assessment and Reporting sapagkat nagpapakita ito ng paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo at pagtataya upang masukat ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ADDIE Model, kabilang ito sa Evaluation Phase dahil ginagamit ang gawain upang matukoy kung naunawaan at naisaayos ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto ng aralin.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 3

Opsiyon B: Clarify Me Activity
Panuto: Ihanda ang ilang pahayag na hindi malinaw, kulang sa detalye o naglalaman ng labis na pangkalahatang idea kaugnay ng paksa ng talakayan. Ipamamahagi o ipakikita ang mga pahayag na ito sa mga mag-aaral.
Atasan ang mga mag-aaral na suriin ang bawat pahayag at bumuo ng dalawa hanggang tatlong tanong na naglilinaw upang higit na maunawaan ang kahulugan, saklaw, at batayan ng ipinahayag na ideya.
Hihikayatin ang mga mag-aaral na gumamit ng mga tanong na:

- naglilinaw ng konsepto
- humihingi ng halimbawa o ebidensiya
- tumutukoy sa hindi malinaw na bahagi ng pahayag

Halimbawa: Mas epektibo talaga ang bagong sistema na ito.

Para sa Opsiyon B: **Clarify Me Activity**
Ang *Clarify Me Activity* ay maiiugnay sa Instructional Delivery Framework (IDF) dahil ito ay nagtataguyod ng malinaw, organisado, at interaktibong pagkatuto kung saan ginagabayan ang mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pag-unawa at pagpapahayag ng ideya sa pamamagitan ng pagtatanong. Umaayon din ito

	Mga Nabuong Tanong: *Anong sistema ang tinutukoy mo?* *Sa anong paraan ito nagiging epektibo?* *Mayroon bang datos o halimbawa?* **Mga Pahayag na gagawan ng clarifying questions** 1. "Malaki ang epekto nito sa mga kabataan ngayon." 2. "Mas mahalaga ito kaysa sa ibang bagay." 3. "Marami ang maaapektuhan nito sa komunidad." 4. "Ayon sa karamihan, mas mabuti ang paraang ito." 5. "Hindi nila naipapatupad nang maayos ang programa." Pagkatapos ng gawain, maaaring pumili ang guro ng ilang mag-aaral upang basahin ang kanilang mga tanong at talakayin kung alin sa mga ito ang pinakaepektibong nakapagpapalinaw sa ideya. Sa huli, bibigyang-diin ng guro ang kahalagahan ng *clarifying questions* sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang diskurso.	sa PPST Domain 1 (Content Knowledge and Pedagogy) at Domain 2 (Learning Environment) sapagkat gumagamit ito ng angkop na estratehiya at lumilikha ng aktibo at makabuluhang partisipasyon sa talakayan. Sa pananaw ng teorya ng pagkatuto, nakabatay ang gawain sa constructivism at inquiry-based learning, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsusuri ng impormasyon, na nagpapalalim sa kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang makipagdiskurso.
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	**1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon** **Opsiyon A: Role-Playing Forum** **Panuto:** Ipagawa ang isang role-playing forum. Hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang suliraning panlipunan o pangkomunidad na kanilang gagawan ng isang maikling pagganap. Ang bawat pangkat ay magtatalaga ng sumusunod na papel: ● Tagapagsalita - maglalahad ng pangunahing ideya at solusyon ● Tagapagdaloy - mamamahala sa daloy ng usapan ● Mga Tagapakinig - magtatanong at magbibigay ng reaksyon Ang bawat pangkat ay maghahanda ng maikling role-play *(3–5 minuto)* na nagpapakita ng paglalahad ng suliranin, pagbibigay ng opinyon at mungkahing solusyon. Pagkatapos ng pagganap, magkakaroon ng maikling talakayan at ang mga tagapakinig *(sa loob o labas ng pangkat)* ay maaaring magtanong, magbigay ng puna at magbahagi ng pananaw.	Para sa Opsiyon A: Role-Playing Forum Ang role-playing forum ay isang interactive, learner-centered at experiential learning na estratehiya na nagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon, pakikipag-ugnayan, at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng aktibong pagganap ng mga papel sa talakayan. Naipakikita rin dito ang authentic learning dahil ginagaya nito ang tunay na sitwasyon ng diskurso sa

Bibigyang-diin ang maayos at malinaw na pagpapahayag, paggamit ng simpleng ebidensiya o halimbawa at paggalang sa opinyon ng iba. Oobserbahan ng guro ang pakikilahok ng mga mag-aaral, pagiging malinaw ng ideya, at kakayahan nilang magmungkahi ng solusyon.

Rubric sa Role-Playing Forum

Pamantayan	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Nangangailangan ng Pagsasanay)
Pagganap sa Papel	Malinaw at epektibong naipakita ang tungkulin	Naipakita ang papel ngunit may kakulangan	Hindi gaanong malinaw ang papel	Hindi nagampanan ang papel
Nilalaman at Ideya	May malinaw at lohikal na ideya at solusyon	May ideya ngunit kulang sa paliwanag	Limitado ang ideya	Walang malinaw na ideya
Pagpapahayag	Malinaw, wasto, at may kumpiyansa ang pagsasalita	Maayos ngunit may kaunting pag-aalinlangan	Hindi gaanong malinaw	Hindi maintindihan ang pagsasalita
Kooperasyon sa Pangkat	Mahusay ang pagtutulungan ng mga kasapi	May kaunting kakulangan sa koordinasyon	Hindi pantay ang partisipasyon	Walang kooperasyon
Kabuoang Puntos: 16				

Opsiyon B: Mini Debate

Panuto: Ipagawa ang isang *simplified* o mini *debate*. Hahatiin ang klase sa dalawang panig: *sang-ayon at di-sang-ayon, batay* sa isang napiling isyu. Ang bawat pangkat ay pipili o bibigyan ng paninindigan na kanilang ipagtatanggol.

Sa loob ng bawat panig, magtalaga ng:

- Tagapagsalita- maghahain ng argumento
- Tagasagot- tutugon sa argumento ng kabilang panig
- Tagasuporta- magdadagdag ng halimbawa o ebidensiya

Ang bawat panig ay bibigyan ng maikling oras (1–2 minuto) upang:

1. Ilahad ang kanilang paninindigan
2. Magbigay ng 2–3 argumento
3. Tumugon sa kabilang panig

lipunan at komunidad. Sa pamamagitan nito, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng ideya nang malinaw, may ebidensiya, at may paggalang sa pananaw ng iba.
Ito rin ay umaayon sa PPST Domain 1-Content Knowledge and Pedagogy at Domain 2-Learning Environment dahil napapalago ang makabuluhang interaksyon at paggamit ng angkop na estratehiya. Sa perspektibo ng ADDIE Model, malinaw na naipapatupad ang implementation at evaluation habang ang gawain ay nakabatay rin sa social constructivism, sapagkat nabubuo ang kaalaman sa pamamagitan ng kolaborasyon at palitan ng ideya.

Para sa Opsiyon B: **Mini Debate**
Ang mini debate ay nakabatay sa *social constructivism at active learning*, kung saan ang kaalaman ay nabubuo sa pamamagitan ng interaksyon, palitan ng ideya, at kritikal na pagsusuri ng mga argumento. Umaayon ito sa *PPST Domain 1- Content Knowledge and Pedagogy at Domain 2- Learning Environment* dahil

Pagkatapos ng palitan ng ideya, maaaring magbigay ng maikling reaksyon ang ibang mag-aaral bilang tagapakinig.
Bibigyang-diin ang malinaw at maayos na pagpapahayag, paggamit ng simpleng ebidensiya o halimbawa at paggalang sa kausap kahit magkaiba ang pananaw.
Oobserbahan ng guro ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng ideya, magtanggol ng kanilang paninindigan, at tumugon nang maayos.

MGA MUNGKAHING PAKSA:

1. Dapat bang limitahan ang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa edukasyon?
2. Mas may malaking responsabilidad ba ang mamamayan kaysa pamahalaan sa pangangalaga ng kalikasan?
3. Dapat bang ipagbawal ang paggamit ng cellphone sa loob ng silid-aralan?
4. Mas mahalaga ba ang mental health kaysa academic achievement sa mga mag-aaral?
5. Nakakatulong ba ang social media sa paghubog ng kamalayang panlipunan ng kabataan?
6. Epektibo ba ang 3-term curriculum kompara sa tradisyonal na sistema sa Senior High School?
7. Dapat bang *i-live* broadcast ang lahat ng senate hearings para sa transparency?
8. Dapat bang magkaroon ng mas mahigpit na patakaran sa paraan ng pagtatanong ng mga senador sa mga pagdinig?

Rubric sa Mini Debate

Pamantayan	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Nangangailangan ng Pagsasanay)
Paglalahad ng Argumento	Malinaw, lohikal, at kapani-paniwala ang argumento.	Maayos ngunit kulang sa lalim.	Hindi gaanong malinaw ang argumento.	Walang malinaw na argumento.
Paggamit ng Ebidensiya	May sapat at angkop na halimbawa o datos.	May ebidensiya ngunit kulang sa paliwanag.	Limitado ang ebidensiya.	Walang ebidensiya.

gumagamit ng interaktibong estratehiya at lumilikha ng organisado at magalang na diskurso sa klase. Sa perspektibo ng ADDIE Model, malinaw ang daloy mula *Design* pagplano ng debate, *Implementation* aktuwal na debate hanggang *Evaluation* pagtataya gamit ang rubric na sumusuporta sa sistematikong paglinang ng kasanayan sa komunikasyon at kritikal na pag-iisip.

Ang Role-Playing Forum at Mini Debate ay nakaangkla sa mga tunguhing:

- *Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga talakayan at seminar sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon sa mga ideyang inilahad.*
- *Nakapagpapalitan ng mga kuro-kuro sa maayos at responsableng paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa tuntunin ng talakayan at paggalang sa pananaw ng iba.*

Pagtugon sa Kabilang Panig	Matalino at lohikal ang pagtugon.	Nakakatugon ngunit hindi malalim.	Mahina ang tugon.	Walang tugon.	
Pagpapahayag at Kumpiyansa	Malinaw, organisado, at may kumpiyansa.	Naiintindihan ngunit may pag-aalinlangan.	Hindi gaanong malinaw.	Hindi maintindihan.	
Paggalang sa Diskurso	Lubos na magalang at sumusunod sa tuntunin.	Kadalasang maayos.	May ilang hindi angkop na asal.	Hindi nagpapakita ng paggalang.	
Kabuoang Puntos: 20					

2. Paglalahat

Opsiyon A: #Hashtag in a Shape

Panuto*:* Magpadala sa bawat mag-aaral ng isang piraso ng bond paper o colored paper. Magpaguhit sa kanila ng isang simbolo na sa kanilang palagay ay kumakatawan sa talakayan, tulad ng speech bubble, puso, utak, megaphone o iba pang malikhaing simbolo na may kaugnayan sa mensaheng nais nilang ipahayag.

- Ipasulat sa gitna ng napiling simbolo ang isang hashtag *(hal. #MakabuluhangTalakayan, #BosesKoMahalaga)* na sumasalamin sa kanilang natutuhan at pananaw tungkol sa pakikilahok sa talakayan.
- Ilagay sa ibabang bahagi ng simbolo ang isang maikling caption o pahayag na binubuo ng isa hanggang dalawang pangungusap upang ipaliwanag ang kahulugan at mensaheng nais iparating ng kanilang hashtag.
- Maglaan ng ilang minuto upang maibahagi ng piling mag-aaral ang kanilang ginawa sa klase at maipaliwanag kung paano nito naipapakita ang kahalagahan ng aktibong pakikilahok sa talakayan.

Para sa Opsiyon A: :**#Hashtag in a Shape**

Ang gawaing ito ay nakabatay sa *Constructivism at Social Constructivism* sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na mailarawan at maipahayag ang kanilang natutuhan tungkol sa pakikilahok sa talakayan sa pamamagitan ng pagbuo ng simbolo, hashtag, at maikling caption. Nahahasa rin ang kanilang pagkamalikhain, kritikal na pag-iisip, at kakayahang magpahayag ng sariling pananaw. Umaayon ito sa *PPST Domain 1- Content Knowledge and Pedagogy at Domain 4- Curriculum and Planning* sa paggamit ng isang malikhaing estratehiyang nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Gamit naman ng *ADDIE Model*, ito ay sumasalamin sa *Development at Implementation* sa

		pamamagitan ng pagdidisenyo at aktuwal na pagsasagawa ng isang interaktibo at makabuluhang gawaing pampagkatuto na nagbibigay-daan sa pagninilay at pagbabahagi ng natutuhan.
	Opsiyon B: Seminar Checklist ***Panuto:*** Ipagamit sa mga mag-aaral ang *My Seminar Checklist.* Ipabalik-aral sa mga mag-aaral ang mga kasanayang kanilang natutuhan mula sa talakayan. Sa bawat kasanayan, ipasulat ang isang pangungusap na nagpapaliwanag kung bakit ito mahalaga.  **My Seminar Checklist** ✓ | Kasanayan | Paliwanag ☐ Nakikinig nang mabuti _____ ☐ Malinaw na nagpapahayag _____ ☐ Gumagamit ng ebidensiya _____ ☐ Iginagalang ang pananaw ng iba _____ ☐ Nagtatanong nang may kabuluhan _____ Pagkatapos ng gawain, pumili ng ilang mag-aaral upang ibahagi at ipaliwanag sa klase ang kanilang checklist. Sa huli, bigyang-diin na ang mga kasanayang ito ay magsisilbing gabay upang maging responsable at makabuluhang kalahok sa anumang talakayan o seminar. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 4***	Para sa Opsiyon B: **Seminar Checklist** Ang gawaing *My Seminar Checklist* ay nakabatay sa *Constructivism at Social Constructivism* sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na balikan, suriin at mailagom ang mahahalagang kasanayang natutuhan sa pakikilahok sa talakayan at seminar. Nahahasa rin ang kanilang kakayahang magnilay, mag-organisa ng impormasyon at magpaliwanag ng kahalagahan ng bawat kasanayan. Umaayon ito sa *PPST Domain 1 - Content Knowledge and Pedagogy at Domain 4- Curriculum and Planning* sa paggamit ng isang organisado at makahulugang gawaing pampagkatuto. Kaugnay naman ng ADDIE Model, ito ay sumasalamin sa *Implementation* at *Evaluation* dahil sinusukat at pinagtitibay ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagbuo at pagbabahagi ng

		sariling checklist.
	3. Pagtataya: **Opsiyon A: Sitwasyonal na Pagsusuri sa Pakikilahok sa Akademikong Talakayan** Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot at isulat ito sa sagutang papel. 1. Sa isang seminar tungkol sa artificial intelligence, nabanggit ng tagapagsalita ang terminong "ethical implications" na hindi mo gaanong nauunawaan. Ano ang pinakamainam mong gawin? A. Iwasang makilahok sa talakayan. B. Balewalain ang termino at hintaying may magpaliwanag. C. Humanap ng ibang paksa na mas madaling maintindihan. D. Magtanong upang malinawan ang kahulugan at kaugnayan nito sa paksa. 2. Habang isinasagawa ang isang panel discussion, hindi ka sumasang-ayon sa opinyon ng isa sa mga tagapagsalita. Ano ang pinakamainam na tugon? A. Sabihing mali ang kanyang pananaw. B. Manatiling tahimik kahit may nais sabihin. C. Putulin ang kanyang pagsasalita upang ipahayag ang iyong saloobin. D. Magbigay ng alternatibong pananaw na may paggalang at suportang ebidensiya. 3. Sa isang *roundtable discussion*, sabay-sabay na nagsasalita ang mga kalahok. Aling kasanayan ang dapat gamitin upang mapanatili ang kaayusan? A. Turn-taking C. Memorization B. Note-taking D. Brainstorming 4. Sa isang forum, nais mong higit na maunawaan ang ideya ng tagapagsalita. Alin sa mga tanong ang isang clarifying question? A. Bakit ninyo nasabing ito ang pinakamabisang solusyon? B. Ano ang alternatibong pamamaraan na inyong iminumungkahi? C. Maaari po bang ipaliwanag ninyo ang ibig sabihin ng digital literacy? D. Sa iyong tinalakay, ano ang magiging epekto nito sa susunod na sampung taon?	Para sa Opsiyon A: **Sitwasyonal na Pagsusuri sa Pakikilahok sa Akademikong Talakayan** Ang sitwasyonal na pagtatayang ito ay nakabatay sa Constructivism at Situated Learning Theory sapagkat inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa mga makatotohanang sitwasyong may kaugnayan sa akademikong talakayan at seminar. Nahahasa rin ang kanilang kritikal na pag-iisip, pagdedesisyon, at responsableng pakikilahok sa iba't ibang anyo ng diskurso. Umaayon ito sa PPST Domain 1- Content Knowledge and Pedagogy at Domain 5- Assessment and Reporting sa paggamit ng autentiko at kontekstuwalisadong pagtataya upang masukat ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay ng ADDIE Model, ito ay sumasalamin sa Implementation at Evaluation dahil sinusukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang mga konsepto, kasanayan, at akademikong etiketa sa tunay na sitwasyon. Iniuugnay rin ito sa Curriculum Exit Plan ng Senior High School dahil inihahanda ang mga mag-aaral

	5. Sa isang seminar, nais mong palalimin pa ang diskusyon tungkol sa cyberbullying. Alin ang halimbawa ng probing question? A. Ano po ang ibig sabihin ng cyberbullying? B. Maaari po bang ulitin ang inyong sinabi? C. Paano makatutulong ang mga paaralan upang mabawasan ang cyberbullying sa pangmatagalan? D. Ano po ang pamagat ng inyong presentasyon kasi nahuli ako at hindi ko talaga naunawaan nang maayos. ***Tingnan sa Kalakip Blg. 2C***	sa kolehiyo sa pamamagitan ng akademikong diskurso at kritikal na pag-iisip, sa negosyo sa pamamagitan ng epektibong komunikasyon at pakikipag-ugnayan at sa trabaho sa pamamagitan ng propesyonal na pakikilahok, paggalang sa iba at responsableng pagpapahayag ng mga ideya. **Susi sa Pagwawasto** *1.* ***B*** *2.* ***C*** *3.* ***D*** *4.* ***C*** *5.* ***D***
	Opsiyon B: Decision Matrix - Ano ang Iyong Gagawin? **Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang **pinakamainam na hakbang (A–D)** at ipaliwanag ang iyong sagot sa isa hanggang dalawang pangungusap. ***Tingnan sa Kalakip Blg. 2D***	Para sa Opsiyon B: **Decision Matrix - Ano ang Iyong Gagawin?** Ang pagtatayang ito ay naaayon sa *PPST Domain 5- Assessment and Reporting* dahil sinusukat nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, pagpapasya, at pagbibigay-katwiran sa kanilang mga sagot sa pamamagitan ng isang decision matrix. Nakabatay rin ito sa *ADDIE Mode*l, partikular sa Evaluation phase, sapagkat ginagamit ang gawain upang masukat kung natamo ng mga mag-aaral ang layunin ng aralin at mailapat ang wastong

		kasanayan sa iba't ibang sitwasyon.
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: *My Strengths and Weaknesses Reflection Journal*** ***Panuto:*** Ipasulat sa mga mag-aaral ang isang maikling pagninilay (2-3 pangungusap) tungkol sa kung paano makatutulong ang mga kasanayan sa pakikilahok sa akademikong talakayan sa kanilang napiling landas sa kolehiyo, negosyo, o trabaho. Ipasagot ang sumusunod: 1. Ano ang aking kalakasan sa pakikilahok sa talakayan? 2. Ano ang kailangan kong paunlarin? 3. Paano ko magagamit ang mga kasanayang ito sa aking paghahanda para sa kolehiyo, negosyo, o trabaho? 4. Ano ang aking konkretong gagawin upang higit pang mapaunlad ang aking kakayahan sa pakikipagtalastasan?	Para sa Opsiyon A: **My Strength and Weaknesses Reflection Journal** Ang gawaing ito ay nakabatay sa *Constructivism at Reflective Learning* sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na magnilay sa kanilang kalakasan, mga dapat pang paunlarin, at mga hakbang na kanilang gagawin upang maging mas epektibong kalahok sa talakayan. Umaayon ito sa *PPST Domain 1-Content Knowledge and Pedagogy* at *Domain 4- Curriculum and Planning* sa paggamit ng gawaing nagpapalalim sa pag-unawa at paglalapat ng pagkatuto sa tunay na sitwasyon. Kaugnay ng ADDIE Model, ito ay sumasalamin sa *Implementation* at *Evaluation* dahil sinusuri at pinagtitibay ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagninilay. Iniuugnay rin ito sa *Curriculum Exit Plan ng Senior High School* dahil inihahanda ang mga mag-aaral sa kolehiyo sa pamamagitan ng akademikong komunikasyon at kritikal na pag-iisip, sa negosyo sa pamamagitan ng pagpaplano

Pamantayan	**Deskripsiyon**	**Puntos**
Pagmumuni sa Sarili	Malinaw na natukoy ang kalakasan, kahinaan, at mga dapat paunlarin	5
Ugnayan sa Exit Plan	Naipaliwanag kung paano magagamit ang kasanayan sa kolehiyo, negosyo o trabaho	5
Kongkretong Plano	Nakapaglahad ng tiyak na hakbang para sa pagpapaunlad ng sarili	5
Kaayusan at Kalinawan	Maayos, malinaw at organisado ang pagsulat	5
Kabuoan		**20**

Deskripsiyon ng Pagmamarka

5 – Napakahusay
4 – Mahusay
3 – Katamtaman
2 – Nangangailangan ng Pagpapabuti
1 – Hindi Ganap na Naipakita

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 5

		at pagpapahayag ng mga ideya at sa trabaho sa pamamagitan ng paglinang ng propesyonal na komunikasyon at kakayahang magsuri ng sariling pagganap. Nakaangkla ang gawaing ito sa tunguhing: ● *Nasusuri ang sariling pakikilahok sa talakayan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang pagganap at mahubog ang panghabambuhay na pagkatuto.*
	Opsiyon B: Audio Reflection **Panuto:** Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang 2-3 minutong audio reflection tungkol sa kahalagahan ng pakikilahok sa akademikong talakayan bilang paghahanda sa kanilang napiling landas sa kolehiyo, negosyo, o trabaho. Ipasama sa kanilang audio reflection ang sumusunod: a. Ang pinakamahalagang natutuhan sa akademikong talakayan; b. Ang kasanayang nais pa nilang paunlarin; c. Ang paraan kung paano nila ito magagamit sa kolehiyo, pagnenegosyo, o sa magiging trabaho; at d. Ang kanilang personal na pangako sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa komunikasyon at pakikipagtalastasan. **Paalala:** Bigyang-diin ang mahusay na pakikilahok sa talakayan ay isang mahalagang kasanayang magagamit sa pag-aaral sa kolehiyo, pakikipag-ugnayan sa mga kliyente at kasosyo sa negosyo, at epektibong pakikipagtulungan sa lugar ng trabaho. Maaring gamitin	Para sa Opsiyon B: **Audio Reflection** Ang gawaing *Audio Reflection* ay nakabatay sa *Social Constructivism at Reflective Learning* sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maipahayag at maipaliwanag ang kanilang mga natutuhan sa pamamagitan ng isang audio reflection. Umaayon ito sa *PPST Domain 1- Content Knowledge and Pedagogy at Domain 4- Curriculum and Planning* sa paggamit ng makabagong estratehiya na nagpapaunlad sa komunikasyon at paglalapat ng

	ang parehong rubric na nasa Opsiyon A o gumawa ng sariling rubric para sa gawain.	kaalaman. Kaugnay ng *ADDIE Model***,** ito ay sumasalamin sa *Implementation at Evaluation* dahil naipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng malinaw na pagpapahayag at pagninilay. Iniuugnay rin ito sa *Curriculum Exit Plan ng Senior High School* dahil nahahasa ang mga kasanayang kinakailangan sa kolehiyo para sa akademikong presentasyon at diskurso, sa negosyo para sa epektibong pakikipag-ugnayan at panghihikayat at sa trabaho para sa propesyonal na komunikasyon at pakikipagtulungan sa iba.
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Opsiyon A: Structured Round Table Discussion** **Panuto:** Hahatiin ang klase sa apat (4) na pangkat. Sa bawat pangkat, magtalaga ng mga tungkulin gaya ng tagapamagitan, tagatala, tagapaglahad, at tagasuri. Kung mas marami ang mga kasapi, maaaring magdagdag ng tungkulin tulad ng timekeeper at tagamasid. Maghahanda ng apat na magkakaibang napapanahong isyu, kung saan bawat pangkat ay magkakaroon ng iisang paksa na kanilang tatalakayin. Ipapaalala sa mga mag-aaral ang paggamit ng akademikong bokabularyo at maayos na pagpapalitan ng ideya o *turn-taking* sa loob ng talakayan. Tiyaking nakikilahok ang lahat na kasapi ng pangkat Pagkatapos ng talakayan, iuulat ng bawat tagapaglahad ang naging buod ng kanilang napag-usapan at ilalahad ng tagasuri ang puna sa naging proseso ng kanilang diskusyon. **MGA PAKSA:** 1. Papel ng Kabataan sa Halalan at Politikal na Kamalayan	Para sa Opsiyon A **Structured Round Table Discussion** Ang isinagawang *Structured Roundtable Discussion* ay nakabatay sa iba't ibang estratehiya sa pagkatuto tulad ng *collaborative learning* na ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pagbabahaginan ng idea sa kanilang pangkat. Makikita rin dito ang *active learning* dahil ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa talakayan sa halip na maging tagapakinig lamang. Sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga tungkulin gaya ng

2. Pagbabawal o Regulasyon sa Gadget Use sa Klase: Nakakatulong ba sa pagkatuto?
3. Artificial Intelligence (AI) sa edukasyon: Dapat ba itong yakapin o limitahan sa paaralan?
4. Pagpapatupad ng 3-Term Curriculum sa Senior High School: Mas epektibo ba ito kaysa tradisyunal na sistema?

Rubric sa Pagtataya ng Structured Roundtable Discussion

Pamantayan	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Nangangailangan ng Pagsasanay)
Partisipasyon	Aktibong nakilahok at nakapag-ambag ng makabuluhang ideya.	Nakilahok ngunit hindi palaging aktibo.	Bihirang makilahok.	Halos walang partisipasyon.
Paggamit ng Akademikong Wika	Wasto, angkop, at pormal ang wika sa kabuuan.	May kaunting pagkakamali ngunit malinaw pa rin.	Madalas ang di-angkop na wika.	Hindi angkop o hindi maunawaan ang wika.
Kalidad ng Ideya	Malalim, lohikal, at may sapat na suporta ang mga ideya.	May ideya ngunit kulang sa lalim o halimbawa.	Payak at hindi gaanong malinaw ang ideya.	Walang sapat na ideya o di kaugnay.
Pagtupad sa Tungkulin	Lubos na nagampanan ang itinakdang papel.	Nagampanan ang tungkulin ngunit may kakulangan.	Bahagyang nagampanan ang tungkulin.	Hindi nagampanan ang tungkulin.
Kooperasyon sa Pangkat	Mahusay ang pakikipagtulungan at paggalang sa iba.	Nakikipagtulungan ngunit may kaunting isyu.	May kahinaan sa pakikipagtulungan.	Walang kooperasyon.
Kabuoang Puntos : 20				

tagapamagitan, tagatala, tagapaglahad at tagasuri, naipatutupad ang *role-based learning* na lumilinang ng kanilang responsibilidad, kasanayan sa pamumuno at komunikasyon. Higit pa rito, ang mga napiling paksa ay humihikayat ng *critical thinking* sapagkat kinakailangan ng pagsusuri, pagbibigay ng opinyon at pagsuporta nito ng lohikal na paliwanag.

Kaugnay nito, umaayon ang gawain sa mga pamantayan ng *PPST- Philippine Professional Standards for Teachers.* Naipapakita sa gawain ang kahalagahan ng wastong pagpili ng estratehiya- *Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy*, pati na ang paglikha ng isang organisado at magalang na kapaligiran sa talakayan *Domain 2: Learning Environment.* Isinasaalang-alang din ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng tungkulin *Domain 3: Diversity of Learners*, at naipapakita ang malinaw na proseso ng pagtataya sa pamamagitan ng rubric *Domain 5: Assessment and Reporting.* Dagdag pa rito, ang paggamit ng mga napapanahong isyu ay nag-uugnay sa aralin at sa

		lipunang ginagalawan ng mga mag-aaral *Domain 6: Community Linkages*. Ito rin ay nakabatay sa *ADDIE Model*. Sa bahagi ng *Analysis*, tinukoy ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at kasanayan sa diskurso. Sa *Design*, inayos ang estruktura ng talakayan, mga tungkulin at pamantayan sa pagtataya. Sa *Development*, nabuo ang mga kagamitang panturo tulad ng panuto, listahan ng isyu at rubric. Sa *Implementation*, isinagawa ang aktwal na talakayan sa klase na may gabay ng guro. Sa huli, sa *Evaluation,* ginamit ang rubric upang masukat ang partisipasyon, paggamit ng wika, at kalidad ng idea ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, ang gawaing ito ay isang epektibong paraan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalakayan, kritikal na pag-iisip,at paggamit ng akademikong wika habang iniuugnay ang kanilang pagkatuto sa mga kontemporaryong isyu sa lipunan.

	Opsiyon B: Seminar Simulation: Climate Watch PH Simulation **Panuto:** Isasagawa ang isang seminar simulation bilang bahagi ng *Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign*. Hahatiin ang klase sa apat (4) na pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng isang partikular na isyung pangkapaligiran sa kanilang komunidad. Bawat pangkat ay maghahanda ng isang mini-seminar presentation na nakabatay sa kanilang pananaliksik. Sa loob ng pangkat, magtatalaga ng mga tungkulin gaya ng ● Tagapagsalita (speaker) o maglalahad ng paksa ● Tagasaliksik o mangangalap at magsusuri ng datos ● Tagahanda ng presentasyon o gagawa ng visual aids (poster, slides, video) ● Tagasagot sa tanong o tutugon sa Open Forum ● Maaaring magtalaga ng tagapamagitan upang mamahala sa daloy ng seminar. Inaasahan na ang bawat pangkat ay: ● mangangalap ng datos mula sa barangay o komunidad ● magbibigay ng siyentipikong paliwanag at estadistikal na ebidensiya ● maghahain ng konkretong rekomendasyon Sa araw ng presentasyon, ilalahad ng bawat pangkat ang kanilang paksa sa loob ng 7-10 minuto. ● Susundan ito ng *open forum* at ang mga tagapakinig ay magtatanong, magbibigay ng puna at magbabahagi ng reaksyon. ● Ang presentasyon ay dapat nasa anyong multimodal tulad ng pampublikong anunsyo, infographics o poster, maikling video o kombinasyon ng mga ito. ● Bibigyang-diin ng guro ang paggamit ng akademikong bokabularyo, paggalang sa pananaw ng iba at ang maayos at organisadong pagpapalitan ng ideya. ● Sa kabuoan, oobserbahan ng guro ang kalidad ng presentasyon, paggamit ng datos, pakikilahok ng mag-aaral, at pagiging makabuluhan ng kanilang mga mungkahi. ● Magbibigay ang guro ng feedback at sintesis pagkatapos ng lahat ng presentasyon.	Para sa Opsiyon B: **Seminar Simulation: Climate Watch PH Simulation** Ang *Seminar Simulation* na gawain ay nakabatay sa *active at collaborative learning* sapagkat ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok bilang tagapagsalita at tagapakinig habang pinauunlad ang kanilang kasanayan sa pananaliksik, kritikal na pag-iisip at akademikong komunikasyon. Nahahasa rin ang *higher-order thinking skills* sa pamamagitan ng pagsusuri ng suliranin, paggamit ng datos, at pagbibigay ng solusyon. Kaugnay nito, umaayon ang gawain sa PPST, partikular sa *Domain 1 (Content Knowledge and Pedagogy)* sa paggamit ng angkop na estratehiya, *Domain 2 (Learning Environment)* sa maayos na diskurso, at *Domain 5 (Assessment and Reporting)* sa paggamit ng rubric bilang batayan sa pagtataya. Batay naman sa ADDIE Model, malinaw na nasusunod ang mga hakbang mula sa *Analysis* (pagkilala sa isyu), *Design*

	Mga Mungkahing Paksa para sa Seminar **Pangkat 1-** Pagbaha sa Barangay: Ugnayan ng Basura, Drainage System, at Climate Change **Pangkat 2-** Hindi Wastong Pamamahala ng Basura: Epekto sa Kalusugan at Kapaligiran **Pangkat 3-** Tumataas na Heat Index sa Komunidad: Panganib at Pag-angkop ng Mamamayan **Pangkat 4-** Polusyon sa Tubig: Suliranin sa Malinis na Suplay ng Tubig sa Barangay ***Tingnan sa Kalakip Blg. 2E***	(pagplano ng seminar), *Development* (pagbuo ng presentasyon), *Implementation* (aktwal na seminar), at *Evaluation* (pagtataya gamit ang rubric at feedback). **IPT Integration Note: Climate Watch PH** Ang gawain ay nakaangkla sa *Climate Watch PH* bilang isang Integrative Performance Task na naglalayong malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa: ● pananaliksik at pangangalap ng datos ● pagsusuring siyentipiko at estadistikal ● komunikasyong akademiko ● at pagbuo ng makabuluhang rekomendasyon para sa komunidad Sa ganitong paraan, napalalakas ang kanilang kamalayang pangkapaligiran at pagiging responsableng mamamayan. Nakabatay ang gawaing ito sa mga hinimay na tunguhin:

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>

Nagagamit ang mga estratehiya sa pag-unawa ng mga di-pamilyar at espesyalisadong terminong ginagamit sa mga talakayang pangklase at seminar.
Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga talakayan at seminar sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon sa mga ideyang inilahad.
Nakapagpapalitan ng mga kuro-kuro sa maayos at responsableng paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa tuntunin ng talakayan at paggalang sa pananaw ng iba.
Naipaliliwanag ang mga konsepto at pananaw gamit ang angkop na akademiko at teknikal na bokabularyo at representasyong multimodal.

</td>
</tr>
<tr>
<td>VII. PAGNINILAY</td>
<td colspan="2">
<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang</td><td></td></tr>
</table>
</td>
</tr>
</table>

unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.**
   _____
   _____
4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**
   _____
   _____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**
   _____
   _____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**
   _____
   _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 3			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Rhia C. Arapan/Sigrid F. Tibordo		


I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipapamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademikong at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at inklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang: **PAGBIBIGAY-KAHULUGAN** ● Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood upang maunawaan ang mga tekstong akademiko at teknikal. **PAKIKILAHOK** ● Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba’t ibang paksang akademiko at teknikal. **PAGPAPAHAYAG** ● Nakabubuo ng maayos na tekstong akademiko at teknikal na nagpapamalas ng kamalayan at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon (hal. presentasyong may *visual aid*, sanaysay, ulat sa pananaliksik at pagsusuri, atbp.). **PAGNINILAY** ● Naipapaiwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Chatgpt.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan, illustration at graphic organizer) Department of Education. (2025). *DM_s2025_048r: Strengthened senior high school curriculum pilot implementation.*

	Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016. Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017. **Mga Aklat** Beebe, S. A., & Beebe, S. J. (2020). *Public Speaking: An Audience-Centered Approach* (11th ed.). Pearson. Brookhart, S. M. (2017). *How to Give Effective Feedback to Your Students* (2nd ed.). ASCD. Lucas, S. E. (2023). *The Art of Public Speaking* (14th ed.). McGraw-Hill Education. Mayer, R. E. (2021). *Multimedia Learning* (3rd ed.). Cambridge University Press. **Mga Teoryang Sumusuporta** **Audience-Centered Communication Theory** (Beebe & Beebe) – Binibigyang-diin ang pag-aangkop ng mensahe sa awdyens upang maging epektibo ang komunikasyon. **Cognitive Theory of Multimedia Learning** (Richard E. Mayer) – Ipinapaliwanag na mas natututo ang tao kapag pinagsasama ang teksto, larawan, at iba pang biswal sa makabuluhang paraan. **Constructive Feedback Theory** (Susan M. Brookhart) – Itinatampok ang kahalagahan ng tiyak, napapanahon, at nakatutulong na puna bilang susi sa patuloy na pagpapabuti ng pagkatuto at pagganap.
III. NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO	Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o *workshop* na may *feedback*
IV. TUNGUHIN	Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: a. Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop. b. Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon. c. Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon. d. Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat. e. Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop. f. Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens. g. Naipapaliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.

V. PAMAMARAAN		TALA SA GURO
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	**Opsiyon A: WORKSHOP MAP** **Panuto:** *Pangkatin ang mga mag-aaral upang sagutin ang sumusunod na tanong at hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga tugon gamit ang concept map.*  1. Ano ang workshop batay sa iyong pagkakaalam? 2. Ano-ano ang ginagawa ng mga kalahok sa isang workshop? 3. Anong karanasan mo ang kahawig sa workshop? 4. Ano ang inaasahan mong matutuhan sa isang workshop? **Pagpoproseso:** ✔ Ano ang pagkakatulad ng ating mga sagot tungkol sa workshop? ✔ Anong gawi ang dapat taglayin ng isang aktibong kalahok?	Para sa Opsiyon A: **WORKSHOP MAP** Nakaangkla ito sa kahingian ng **SSHS Instructional Design Framework** na isinasaalang-alang ang **dating kaalaman, karanasan, pangangailangan, interes, at inaasahang pagkatuto ng mga mag-aaral** bilang panimulang batayan ng pagkatuto. Ginagamit ang kolaboratibong pagbuo ng concept map upang maiugnay ang bagong aralin sa kanilang mga pamilyar na karanasan at upang magkaroon ang guro ng paunang batayan sa pagdidisenyo ng mga susunod na gawain. Tumutugon ito sa hinimay na layuning pampagkatuto na: • Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop. • Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens. Maaaring itong iangkop sa kahingian ng **PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.**
	Opsiyon B: DANAShare **Panuto:** *Atasan ang mga mag-aaral na dugtungan ang sumusunod na pahayag batay sa karanasan.*	Para sa Opsiyon B: **DANAShare** Nakaangkla ito sa kahingian ng SSHS Instructional Design Framework na

	1. *Ang pinakahuling pangkatang gawain na sinalihan ko ay _____.* 2. *Bilang kalahok, ang ginawa kong ambag ay _____.* 3. *Naging matagumpay ang gawain dahil _____.* 4. *Mas magiging mabuting kalahok ako kung _____.* ***Pagproseso:*** ● Ano ang kahalagahan ng aktibong pakikilahok sa isang gawain? ● Paano nakatutulong ang bawat miyembro upang maging matagumpay ang workshop?	pahalagahan ang dating kaalaman, karanasan, interes, at pananaw ng mga mag-aaral bilang mahalagang sanggunian sa pagbuo ng bagong pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagninilay at pagbabahagi ng sariling karanasan, naiuugnay ng mga mag-aaral ang konsepto ng pakikilahok sa workshop sa mga tunay na sitwasyong kanilang naranasan. Itinataguyod din nito ang aktibong pagkatuto at pagkatutong nakasentro sa mag-aaral. **Tumutugon ito sa hinimay na layuning pampagkatuto na:** ● nakapagbabahagi ng sariling karanasan sa pakikilahok sa pangkatang gawain; ● natutukoy ang sariling ambag at pananagutan bilang kasapi ng isang pangkat; at ● nakapagninilay sa mga gawi na maaaring paunlarin upang maging mas aktibong kalahok sa isang workshop. COT Indicator na Tinutugmaan: Maaaring itong iangkop sa kahingian ng PPST COT Indicator 1: Applied knowledge of content within and across curriculum teaching areas. Maaari rin itong iugnay sa PPST COT Indicator 3: Managed classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a physical learning environment.
	Opsiyon C: Feedback Tsek **Panuto:** *Ipasuri ang dalawang pahayag at pasagutan ang mga kasunod na tanong.*	**Para sa Opsiyon C: Feedback Tesk:** Gamitin ang gawaing ito upang matukoy ang paunang pag-unawa ng mga mag-aaral sa **feedback at sa kahalagahan nito sa pangkatang gawain**.

	 **Tanong:** 1. Alin ang mas makatutulong sa pangkat? Bakit? 2. Ano ang katangian ng isang mahusay na feedback? 3. Paano nakatutulong ang feedback sa pagpapabuti ng output?	Nakaangkla ito sa kahingian ng **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng **aktibong pagkatuto, kritikal na pag-iisip, at paggamit ng feedback bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto**. Sa pagsusuri ng mga pahayag, hinihikayat ang mga mag-aaral na maghambing, magsuri, magbigay-katwiran, at bumuo ng sariling pag-unawa sa kahalagahan ng feedback bago ito ilapat sa isang aktuwal na workshop. Tumutugon ito sa hinimay na layuning pampagkatuto na: ● Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop. Maaaring itong iangkop sa kahingian ng **PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.**
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: HULAyunin** **Panuto:** *Ipasuri ang larawan ng i*sang p*angkat na naghahanda ng workshop.* **Prosesong Tanong:** 1. Kung kayo ay bahagi ng isang pangkat, anong mga kasanayan ang dapat mayroon kayo upang maging matagumpay ang inyong presentasyon?	Para sa Opsiyon A **HULAyunin** Nakaangkla ito sa kahingian ng **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng **paglalahad ng malinaw at makabuluhang layunin ng pagkatuto** na nakaugnay sa konteksto at karanasan ng mga mag-aaral. Sa halip na tuwirang ibigay agad ang mga layunin, hinihikayat muna ang mga mag-aaral na tuklasin ang mga kasanayang kakailanganin sa isang tunay na sitwasyong pangkomunikasyon.

	Mula sa sagot ng mag-aaral, ilahad ang layunin.  	Sa ganitong paraan, nagiging mas **makabuluhan, kontekstuwalisado, at learner-centered** ang paglalahad ng layunin. Tumutugon ito sa hinimay na layuning pampagkatuto na: ● Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko. Maaaring itong iangkop sa kahingian ng PPST COT Indicator 4: Managed classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a physical learning environment.
	Opsiyon B: Misyon Kard **Panuto:** *Ipakita ang larawan/ sitwasyon ng isang workshop (mga kalahok na nagtutulungan, nagbibigay ng ideya, at nagbabahagi ng output) at pasagutan ang tanong sa isang misyon kard.*  	Para sa Opsiyon B: **Misyon Kard** Nakaangkla ito sa kahingian ng **SSHS Instructional Design Framework** na malinaw na **ipahayag ang layunin ng pagkatuto at iugnay ito sa konteksto, karanasan, at pangangailangan ng mga mag-aaral**. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang makatotohanang sitwasyon ng workshop, nahihikayat ang mga mag-aaral na tuklasin muna kung anong mga kasanayan ang kinakailangan bago pormal na ilahad ng guro ang mga layunin. Nakatutulong ito upang maging **makabuluhan, kontekstuwalisado, at learner-centered** ang paglalahad ng layunin.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>“Kung ikaw ay kalahok sa isang workshop, ano ang nais mong matutuhan o magawa upang maging kapaki-pakinabang ang iyong pakikilahok?”

Pag-ugnayin ang mga tugon sa layunin ng aralin.

</td>
<td>Tumutugon ito pangunahing sa hinimay na layuning pampagkatuto na:
● Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop.
Maaaring itong iangkop sa PPST COT Indicator 2: Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>1. Paglalahad ng Halimbawa
Opsiyon A: Bidyo-Limi
Panuto: Magpakita ng isang maikling simulation na bidyo na naglalarawan ng pagsasagawa ng workshop. Bigyan ang mga mag-aaral ng tseklist na gagamitin sa pagmamasid at pagsusuri sa bidyo.


A sneak peek of our Basic Filipino Sign Language Workshop at Three G Playhub and Therapy Center together with our Occupational Therapist,...
https://www.facebook.com/61556285414553/videos/a-sneak-peek-of-our-basic-filipino-sign-language-workshop-at-three-g-playhub-and/2186477878404459/

Tseklist ng Workshop
<table><tr><th>Pamantayan</th><th>Oo</th><th>Hindi</th></tr></table></td>
<td>Para sa Opsiyon A: Bidyo-Limi

Nakaangkla ito sa kahingian ng SSHS Instructional Design Framework na gumagamit ng makabuluhan at kontekstuwalisadong halimbawa upang makabuo ang mga mag-aaral ng pag-unawa bago ang pormal na talakayan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang bidyong naglalarawan ng aktuwal na workshop, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng kongkretong batayan upang matukoy ang mga elemento, gawi, at komunikatibong katangian ng isang pangkatang workshop. Itinataguyod din nito ang aktibong pagkatuto at kritikal na pagsusuri sa multimodal na materyal.

Tumutugon ito pangunahing sa hinimay na layuning pampagkatuto na:
● Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop.
May kaugnayan din ito sa:</td>
</tr>
</table>

May tagapagsalita		
May tagapakinig		
May kagamitang biswal		
May paksang tinatalakay		
May koneksiyon sa pagitan ng tagapagsalita at tagapakinig		

Prosesong Tanong:

1. Ano ang nakitang kalakasan ng workshop?
2. Ano ang nakitang kahinaan nito?
3. Ano ang angkop na tono ng pananalita na dapat gamitin ng tagapagsalita?
4. Ano naman ang angkop na tono ng pananalita na dapat umiral sa tagapakinig?

- *Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat.*
- *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.*

COT Indicator na Tinutugmaan: Maaaring itong iangkop sa **PPST COT Indicator 2: Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills.**

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 1

Opsiyon B: WORKSHOPlano

Panuto: *Bigyan ng mga paksa ang mga mag-aaral para sa workshop at hayaan silang magplano ukol dito.*

Paksa	Layunin	Target na Awdiyens
1. Pagsulat ng mga akdang pampanitikan.		
2. Karapatan ng bawat bata.		
3. Batas pangkababaihan		
4. Magsasaka at kanilang mga karapatan		

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 2

Para sa Opsiyon B: **WORKSHOPlano**

Nakaangkla ito sa kahingian ng **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng **pagkatutong nakasentro sa mag-aaral, kontekstuwalisadong pagkatuto, at paglalapat ng kaalaman sa isang makabuluhang sitwasyong komunikatibo**. Sa pamamagitan ng pagpaplano ng isang workshop batay sa iba't ibang paksa at target na awdyens, natututuhan ng mga mag-aaral na iangkop ang layunin at paraan ng komunikasyon sa partikular na konteksto at pangangailangan ng mga kalahok.

Tumutugon ito **pangunahing** sa hinimay na layuning pampagkatuto na:

- *Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang*

		pagtatanghal o workshop. Maaari rin itong iugnay sa: ● *Nakapagbuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* **COT Indicator na Tinutugmaan:** Maaaring itong iangkop sa **PPST COT Indicator 3: Applied knowledge of content within and across curriculum teaching areas.**
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Mahahalagang Sangkap ng Mabisang Pangkatang Presentasyon** **Panimula** Ang pangkatang presentasyon ay isang anyo ng komunikasyong pang-akademiko kung saan nagtutulungan ang mga miyembro ng pangkat upang maiparating ang impormasyon, ideya, o resulta ng isang gawain sa isang tiyak na awdyens. Hindi lamang ito nakatuon sa mahusay na pagsasalita; kinakailangan ding isaalang-alang ang awdyens, layunin, mensahe, paggamit ng multimedia at kagamitang biswal, at pagtanggap sa feedback upang maging epektibo ang komunikasyon. Ayon kina Beebe at Beebe (2020), ang matagumpay na presentasyon ay hindi lamang nakabatay sa nilalaman kundi sa kakayahang iakma ang mensahe sa awdyens at sa paggamit ng angkop na estratehiya sa komunikasyon. Isa sa mga halimbawa nito ay ang mga pagsasanay at workshop. **Mga Dapat Isaalang-alang**	

	A. Awdyens (Audience) - Ang awdyens ay ang mga taong tatanggap, makikinig, manonood, o magbabasa ng mensahe. Sila ang pangunahing isinasaalang-alang sa pagpaplano ng isang presentasyon dahil sila ang dahilan kung bakit ito isinasagawa. Bago gumawa ng presentasyon, mahalagang sagutin ang sumusunod na tanong: ● Sino ang aking mga tagapakinig? ● Ano ang kanilang edad? ● Ano ang kanilang nalalaman tungkol sa paksa? ● Ano ang kanilang interes o pangangailangan? ● Ano ang pinakamainam na paraan upang maunawaan nila ang aking mensahe? Halimbawa Awdyens: Grade 11 learners Kaya, dapat ang presentasyon ay: ● gumamit ng payak at malinaw na wika; ● magbigay ng mga halimbawa mula sa pang-araw-araw na karanasan; ● gumamit ng mga larawan, grapiko, at bidyo upang maging kawili-wili; at ● maglaan ng pagkakataon para sa mga tanong at interaksiyon. Kapag kilala ng tagapagsalita ang kanyang awdyens, mas nagiging angkop ang nilalaman, paraan ng pagpapaliwanag, at mga kagamitang gagamitin. Nagiging mas epektibo ang komunikasyon dahil natutugunan nito ang pangangailangan ng mga tagapakinig. **B. Layunin (Purpose) -** Ang layunin ay ang dahilan kung bakit isinasagawa ang presentasyon. Ito ang nagsisilbing gabay sa	

pagpili ng nilalaman, estratehiya, at kagamitang gagamitin sa presentasyon. Karaniwang layunin ng presentasyon ay ang sumusunod:

1. Magbigay-kaalaman (To Inform) - Layuning maghatid ng tumpak at kapaki-pakinabang na impormasyon.
   Halimbawa:
   - Disaster Preparedness
   - Climate Change
   - Mental Health Awareness

2. Manghikayat (To Persuade) - Layuning hikayatin ang awdyens na baguhin ang kanilang pananaw o kilos.
   Halimbawa:
   - Kampanya laban sa Cyberbullying
   - Waste Segregation
   - Anti-Smoking Campaign

3. Magsanay o Magturo (To Instruct) - Layuning ipakita ang tamang proseso o paraan ng pagsasagawa ng isang gawain.
   Halimbawa:
   - Paggawa ng Resume
   - Paggamit ng Canva
   - *Basic First Aid*

Ang malinaw na layunin ang nagdidikta kung anong impormasyon lamang ang isasama at kung paano ito ihaharap sa awdyens.

C. **Mensahe (Message) -** Ito ang pangunahing ideya o impormasyong nais iparating sa awdyens. Ito ang sentro ng buong presentasyon.

Ang mabisang mensahe ay:

	● malinaw; ● organisado; ● tumpak; ● may sapat na ebidensiya; at ● naaayon sa layunin. Halimbawa Paksa: Cyberbullying Pangunahing Mensahe: "Ang responsableng paggamit ng social media ay nakatutulong upang maiwasan ang cyberbullying." Ang lahat ng bahagi ng presentasyon ay dapat sumusuporta lamang sa pangunahing mensaheng ito. Kung hindi malinaw ang mensahe, maaaring malito ang awdyens at mawala ang pokus ng presentasyon. D. **Multimedia at Visual Aids -** Ang multimedia ay ang pinagsamang paggamit ng teksto, larawan, tunog, bidyo, animasyon, at iba pang digital na elemento upang maging mas malinaw at kawili-wili ang presentasyon. Samantala, ang visual aids ay mga kagamitang biswal na tumutulong sa pagpapaliwanag ng impormasyon. Halimbawa ng Visual Aids ● PowerPoint Slides ● Infographics ● Charts ● Graphs ● Diagrams ● Concept Maps ● Timeline ● Larawan	

	• Video Clips Ang paggamit ng multimedia ay mahalaga sa dahilang: • nagpapalinaw ng impormasyon; • nagpapataas ng interes ng awdyens; • nagpapadali sa pagkatuto; • tumutulong sa pag-alala ng impormasyon; at • nagbibigay ng konkretong halimbawa sa mga abstraktong konsepto. Mga Dapat Tandaan ✔ Gumamit lamang ng mahahalagang impormasyon. ✔ Huwag punuin ng maraming teksto ang slides. ✔ Gumamit ng malalaking font. ✔ Pumili ng kulay na madaling basahin. ✔ Iwasan ang sobrang animation. ✔ Gumamit ng de-kalidad na larawan. E. **Feedback -** Ang feedback ay ang puna, mungkahi, o obserbasyong ibinibigay upang mapabuti ang isang gawain, presentasyon, o pagganap. Hindi ito layuning mamintas kundi tumulong sa pag-unlad. Uri ng Feedback • Positibong Feedback - Nagbibigay-diin sa mga kalakasan. Halimbawa: "Malinaw ang iyong pagpapaliwanag." Constructive Feedback Nagmumungkahi ng maaaring baguhin. Halimbawa: "Maganda ang nilalaman, ngunit maaari pang dagdagan ng larawan upang maging mas malinaw."	

	Ang feedback ay tumutulong upang: ● makita ang mga kalakasan; ● matukoy ang mga dapat pang pagbutihin; ● maitama ang mga pagkakamali; ● mapataas ang kalidad ng presentasyon; at ● malinang ang kakayahang tumanggap at ● magbigay ng puna nang may paggalang. Paano Magbigay ng Mabuting Feedback? Maaaring gamitin ang "Two Stars and a Wish." ⭐ Dalawang magandang napansin 🌟 Malinaw ang presentasyon. 🌟 Maganda ang visual aids. 💡 Isang mungkahi "Mas magiging epektibo kung babawasan ang tekstong nasa slides."	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: WORKSimulasyon** **Panuto:** *Atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng plano para sa isang workshop na nakabatay sa kani-kanilang direksyon sa 4-doorway exit ng SHS. Upang sila ay magabayan, magtakda ng mga pamantayang maaari nilang sundin upang maisagawa ito ng maayos.* **Gawain:** Bumuo ng sumusunod: ✔ presentation ✔ outline ✔ slides ✔ handouts ✔ activity sheet	Para sa Opsiyon A: **WORKSimulasyon** Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** sa pamamagitan ng **pagkatutong nakasentro sa mag-aaral, experiential learning, authentic performance, at kontekstuwalisadong paglalapat ng mga kasanayan**. Ang workshop simulation ay nagbibigay ng makatotohanang sitwasyon kung saan aktuwal na ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa komunikasyon, pakikipagtulungan, pagpaplano, pagbuo ng materyales, at presentasyon. Kaugnay nito, naiuugnay ang gawain sa kanilang mga posibleng **SHS exit/destination** at sa mga kasanayang maaaring gamitin sa akademiko, trabaho, negosyo, o pagpapatuloy ng kasanayan. Tumutugon ito sa sumusunod na hinimay

		na layuning pampagkatuto: ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* ● *Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat.* ● *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.* ● *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* ● *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.* Maaaring itong iangkop sa **PPST COT Indicator 3: Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a physical learning environment.**
	Opsiyon B: Feedback Praktis **Panuto:** *Magpagawa ng pangakatang draft presentation at hayaan ang mga mag-aaral na magbigay ng feedback sa sarili at iba pang pangkat.*	Para sa Opsiyon B Feedback Praktis Nakaangkla ito sa SSHS Instructional Design Framework na nagtataguyod ng aktibong pagkatuto, kolaborasyon,


	Pamamaraan: 1. Bawat pangkat ay magpapakita ng draft presentation. 2. Iikot ang ibang pangkat. 3. Magbibigay sila ng feedback gamit ang guide: **Dalawang Magandang Napansin:** 1. 2. **Isang Dapat Pagbutihin:** 1. **Isang Mungkahi:** 1. Pagkatapos: Irebisa ng pangkat ang kanilang output.	formative assessment, feedback, at pagninilay bilang bahagi ng proseso ng pagpapahusay ng pagkatuto at output. Sa halip na maging tagatanggap lamang ng pagtataya, aktibong nakikibahagi ang mga mag-aaral sa proseso ng peer assessment at self-assessment. Ang agarang paggamit ng feedback sa pagrerebisa ng output ay nagpapakita ng tuloy-tuloy na proseso ng pagbuo–pagtataya–pagpapahusay. Tumutugon ito pangunahing sa sumusunod na hinimay na layuning pampagkatuto: ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* Maaari rin itong iugnay sa: ● *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.* ● *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.
	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: Feedback Reak**	Para sa Opsiyon A ***Feedback Reak*** *Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng*

C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	**Panuto:** *Bigyan ang mga mag-aaral ng sitwasyon kung saan ilalapat nila ang kanilang reaksiyon at aksiyon sa natanggap na feedback.* **Sitwasyon** Nakatanggap ang inyong pangkat ng isang **workshop plan** na maraming puna mula sa guro. Mga puna: ● masyadong maraming teksto sa slides; ● hindi malinaw ang layunin; ● kulang ang visual aids; ● walang interaksiyon sa awdyens. **Gawain** Bilang communication team: 1. Basahin ang feedback. 2. Tukuyin ang mga dapat baguhin. 3. Irebisa ang workshop. 4. Ipresenta ang bagong bersyon. 5. Ipaliwanag kung paano ninyo isinama ang feedback.	***authentic learning, feedback-driven learning, aktibong pagkatuto, at paglalapat ng natutuhan sa isang makatotohanang sitwasyong komunikatibo***. *Sa gawaing ito, nararanasan ng mga mag-aaral ang isang sitwasyong kahawig ng aktuwal na proseso ng pagbuo at pagpapahusay ng isang presentasyon o workshop. Nakikita rin ang tuloy-tuloy na siklo ng* ***pagtataya → pagtanggap ng feedback → pagsusuri → pagrerebisa → muling pagtatanghal****, na nagpapalakas sa kanilang kakayahang matuto mula sa puna.* *Tumutugon ito* ***pangunahing*** *sa mga sumusunod na hinimay na layuning pampagkatuto:* ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* ● *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.* ● *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* *Maaari rin itong maging paghahanda para sa* ***Layunin 7****, sapagkat hinihingi sa mga*

		mag-aaral na ipaliwanag kung paano nakaapekto ang feedback at rebisyon sa pagpapabuti ng kanilang gawa. ***COT Indicator na Tinutugmaan: PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.***
	Opsiyon B: Feedback Galleria **Panuto:** *Bigyan ng sulok ang bawat pangkat ng mga mag-aaral kung saan maaari nilang ilagay ang kani-kanilang materyales para sa workshop, gaya ng slides, handout, at worksheet sa estilo ng booth.* Hakbang: Matapos isaayos ang kani-kanilang booth: ✔ iikot ang ibang grupo upang tingnan ang booth ng iba ✔ magbibigay sila ng feedback gamit ang sticky notes ✔ pagkatapos, babalikan ng may-ari ang booth ✔ magsasagawa ng konsolidasyon ng natanggap na feedback ✔ pag-uusapan ito ng bawat pangkat ✔ magsasagawa ng rebisyon mula sa natanggap na feedback.	Para sa Opsiyon B **Feedback Galleria** Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng **aktibong pagkatuto, kolaborasyon, authentic learning, peer feedback, formative assessment, at patuloy na pagpapahusay ng output**. Sa pamamagitan ng Gallery Walk, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong makita at masuri ang iba't ibang paraan ng pagbuo ng workshop materials. Ang proseso ng **pagpapakita → pagsusuri → pagbibigay ng feedback → pagkonsolida → pagninilay → pagrerebisa** ay nagpapakita ng tuloy-tuloy na siklo ng pagkatuto at pagpapabuti. Tumutugon ito **pangunahing** sa mga sumusunod na hinimay na layuning pampagkatuto: ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.*

		• *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.* • *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* • *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.* **COT Indicator na Tinutugmaan: PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.**
	2. **Paglalahat** **Opsiyon A: Communication Formula** **Panuto:** *Ipabuod ang aralin sa mga mag-aaral gamit ang sumusunod na salita.* **Epektibong Presentasyon = Awdyens + Layunin + Mensahe + Kolaborasyon + Feedback**	Para sa Opsiyon A***: Communication Formula*** *Nakaangkla ito sa* ***SSHS Instructional Design Framework*** *na nagtataguyod ng* ***pagbuo, pagbubuod, at pag-uugnay ng mga konsepto*** *bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng Communication Formula, hinihikayat ang mga mag-aaral na pagsama-samahin ang mga pangunahing konseptong nalinang sa iba't ibang gawain at makita ang ugnayan ng mga ito sa isang makabuluhang sitwasyong komunikatibo. Itinataguyod din nito ang* ***metacognition****, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na balikan at ipaliwanag ang kanilang natutuhan.*

		*Tumutugon ito **pangunahing** sa hinimay na layuning pampagkatuto na:* ● *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.* *Maaari rin itong iugnay sa:* ● *Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop.* ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* ***COT Indicator na Tinutugmaan:*** *Maaaring itong iangkop sa **PPST COT Indicator 8: Provided differentiated, developmentally appropriate learning experiences to address learners' gender, needs, strengths, interests and experiences.***
	Opsiyon B: 3-2-1 Repleksiyon **Panuto:** *Ipasulat sa mga mag-aaral ang hinihingi ng sumusunod na pahayag.*	Para sa Opsiyon B: **3-2-1 Repleksiyon** Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** na nagbibigay-halaga sa **repleksiyon, metacognition, at pagtataya sa sariling pagkatuto**. Sa pamamagitan ng 3-2-1 Repleksiyon, sinusuri ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pagkatuto at performance, naiuugnay ang mga natutuhan sa aktuwal

	 ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 3***	na karanasan sa workshop, at natutukoy ang mga susunod na hakbang para sa pagpapabuti. Nagbibigay rin ito sa guro ng mabilis na batayan upang matukoy ang antas ng pagkatuto at mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Tumutugon ito **pangunahing** sa hinimay na layuning pampagkatuto na: ● *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.* Maaari rin itong iugnay sa: ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* ● *Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat.* Maaaring itong iangkop sa PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.
	3. Pagtataya **Opsiyon A: Present–Feedback–Unlad** **Panuto:** *Pangkatin ang mga mag-aaral. Bawat pangkat ay aatasang magsasagawa ng 5–7 minutong mini-presentation o mini-workshop tungkol sa isang paksang angkop sa kanilang track at doorway exit.*	Para sa Opsiyon A**: Present–Feedback–Unlad** Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng **authentic performance, learner-centered**

Mga Hakbang:

1. Tukuyin ang awdyens, layunin, at konteksto ng presentasyon.
2. Maghanda ng presentation outline.
3. Bumuo ng hindi bababa sa isang visual aid o multimedia material.
4. Maghanda ng isang angkop na handout, worksheet, o activity sheet.
5. Isagawa ang presentasyon bilang isang pangkat.
6. Pagkatapos ng presentasyon, tumanggap ng feedback mula sa ibang pangkat.
7. Pumili ng dalawa o higit pang feedback na makatutulong sa pagpapabuti ng presentasyon.
8. Irebisa ang bahagi ng presentasyon na nangangailangan ng pagpapahusay.
9. Magbigay ng maikling paliwanag: "Ano ang binago namin at bakit?"

Rubriks sa Pagmamarka

Pamantayan	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Nangangailangan ng Pag-unlad	1 – Nagsisimula
Awdyens, Layunin at Konteksto	Lubos na naiangkop ang presentasyon sa awdyens, layunin, at konteksto	Angkop sa karamihan ng aspeto	Bahagyang angkop	Hindi malinaw ang pagsasaalang-alang
Nilalaman at Mensahe	Malinaw, organisado, tumpak, at makabuluhan	Malinaw at sapat ang nilalaman	May ilang bahagi na hindi malinaw	Magulo o kulang ang impormasyon
Kolaborasyon	Aktibong nakilahok at mahusay na nagtulungan ang lahat	Karamihan ay aktibong nakilahok	Hindi pantay ang pakikilahok	Limitado ang kolaborasyon
Presentasyong Pasalita	Malinaw, may kumpiyansa, mahusay ang boses at delivery	Karaniwang malinaw at may kumpiyansa	May ilang suliranin sa delivery	Hindi malinaw o kulang sa paghahanda

learning, kolaborasyon, feedback, at pagtataya bilang bahagi ng patuloy na proseso ng pagkatuto at pagpapahusay. Ang gawain ay nagbibigay ng makatotohanang sitwasyong pangkomunikasyon kung saan pinagsasama ng mga mag-aaral ang pagpaplano, pagbuo ng materyales, presentasyon, pakikipagtulungan, pagtanggap ng puna, pagrerebisa, at repleksiyon. Ang pag-uugnay ng paksa sa kanilang **track at doorway exit** ay higit ding nagiging kontekstuwalisado at makabuluhan ang performance task.

Tumutugon ito sa **lahat ng pitong tiyak na layuning pampagkatuto**, ngunit partikular na sinusukat ang mga sumusunod:

- *Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop.*
- *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.*
- *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.*
- *Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat.*
- *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o*

Visual Aids/Multimedia	Napakaangkop at nagpapalakas sa mensahe	Angkop at nakatutulong	May visual ngunit limitado ang gamit	Hindi angkop o walang visual support
Materyales para sa Awdyens	Napakaangkop, malinaw, at kapaki-pakinabang	Angkop at maayos	Bahagyang angkop	Hindi angkop
Paggamit ng Feedback	Malinaw na ginamit ang feedback upang makabuluhang mapahusay ang output	Ginamit ang feedback upang gumawa ng pagbabago	Limitado ang paggamit ng feedback	Hindi ginamit ang feedback
Kabuuang Marka	**28 puntos**			

workshop.


- *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.*
- *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.*

Maaaring itong iangkop sa **PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.**

Opsiyon B: **Anong EsSAY mo?**

Panuto: *Pasulatin ng taltong (3) talataang sanaysay ang mga mag-aaral ukol sa palagay nilang maaaring maitulong ng aralin at kasanayang natamo rito sa karera nila o doorway exits sa hinaharap.*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 4



Para sa Opsiyon B: **Anong EsSAY mo?**

SSHS-IDF na Inaangkla: Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** na nagtataguyod ng **pag-uugnay ng pagkatuto sa tunay na buhay, career readiness, at hinaharap na aplikasyon ng mga kasanayan**. Sa pamamagitan ng replektibong sanaysay, hinihikayat ang mga mag-aaral na makita ang kabuluhan ng mga natutuhan sa labas ng silid-aralan at maiugnay ang mga ito sa kanilang napiling **doorway exit**. Itinataguyod din nito ang **learner agency at metacognition**, sapagkat ang mag-aaral mismo ang nagpapaliwanag kung paano niya gagamitin ang mga kasanayang nalinang.

Tiyak na Layuning Kinaaangkupan: Tumutugon ito **pangunahing** sa hinimay na layuning pampagkatuto na:

- *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa*

		komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko. Maaari rin itong iugnay sa: ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* ● *Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat.* ● *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.* ● *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* **COT Indicator na Tinutugmaan:** Maaaring itong iangkop sa **PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.**
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Feedback sa Feedback** **Panuto:** *Iparebisa ang sumusunod na feedback sa mga mag-aaral sa anyong kontrukstibo.* 1. Mahina ang boses mo, hindi ko marinig ang iyong presentasyon.	Para sa Opsiyon A: **Feedback sa Feedback** Nakaangkla ito sa **SSHS Instructional Design Framework** na nagbibigay-diin sa **feedback bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto, aktibong pagkatuto, at paglinang ng kakayahang makipagtulungan at**

	2. Masyadong maliit ang letra sa slide, hindi man lang mabasa sa likod, malabo ang mata ng iba. 3. Wala kayong pagkakaisa, hindi maganda ang dynamics ng grupo ninyo. 4. Marami kang unnecessary movements habang nagsasalita, kaya nakaka-distract ito sa sinasabi mo. 5. 'Yung ibang miyembro, walang ginagawa, hindi nila deserve ang mataas na grades. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 5***	**makipagkomunikasyon**. Sa pamamagitan ng pagrerebisa ng feedback, sinusuri ng mga mag-aaral ang paraan ng paggamit ng wika sa isang tunay na kontekstong pangkomunikasyon at natututuhan nilang iangkop ang kanilang pahayag upang maging mas kapaki-pakinabang sa tatanggap. Tumutugon ito **pangunahing** sa hinimay na layuning pampagkatuto na: ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* Maaari rin itong iugnay sa: ● *Nagagamit ang natanggap na feedback upang mapahusay ang pag-unawa at presentasyon ng impormasyon.* ● *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko.* Maaaring itong iangkop sa PPST COT Indicator 2: Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills
II. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**3. Pagtataya** **Opsiyon A: Workshop Ganap** **Panuto:** *Atasan ang mga mag-aaral na itanghal ang planong presentasyon sa OPSIYON A ng work simulasyon sa bahaging Paglinang ng Kasanayan.*	Para sa Opsiyon A: **Workshop Ganap** Nakaangkla ito sa SSHS Instructional Design Framework na nagtataguyod ng authentic performance, aktibong pakikilahok, kolaborasyon, peer feedback, at paggamit ng pagtataya upang

	Bawat pangkat ay magbibigay ng kani-kanilang feedback sa isinagawang presentasyon.	mapahusay ang pagkatuto at performance. Sa pamamagitan ng aktuwal na pagtatanghal, nailalapat ng mga mag-aaral ang mga kasanayang natutuhan sa isang makatotohanang sitwasyong pangkomunikasyon. Ang pagbibigay ng feedback ng kapwa mag-aaral ay nagpapalawak sa kanilang papel mula sa pagiging tagapagtanghal tungo sa pagiging aktibong tagasuri at katuwang sa pagpapahusay ng pagkatuto. Tumutugon ito sa mga sumusunod na layuning pampagkatuto: ● *Nakikilahok nang aktibo sa pagbibigay at pagtanggap ng feedback sa loob ng pangkat upang mapabuti ang kabuuang presentasyon.* ● *Nakapagtatanghal nang pasalita nang may kumpiyansa at malinaw na boses bilang bahagi ng pangkat.* ● *Nakabubuo ng mga visual aids at multimedia upang palakasin ang mensahe ng pagtatanghal o workshop.* Maaari rin itong iugnay sa: ● *Natutukoy ang awdyens, layunin, at konteksto ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa isang pangkatang pagtatanghal o workshop.* ● *Nakabubuo ng mga materyales (hal. handout, worksheet, slides) na angkop sa layon at pangangailangan ng awdyens.* ● *Naipaliliwanag kung paano nalinang ng gawain ang kakayahan sa*

		komunikasyon, pagtutulungan, at pagtanggap ng puna sa kontekstong akademiko. COT Indicator na Tinutugmaan: PPST COT Indicator 9: Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.
	Opsiyon B: **Maikling Pagsusulit** Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot. 1. Bago maghanda ng presentasyon, bakit mahalagang tukuyin muna ang awdyens? A. Upang malaman kung ilang slides ang gagawin B. Upang maiangkop ang mensahe sa pangangailangan at kaalaman ng tagapakinig C. Upang mapili ang pinakamakulay na disenyo D. Upang mapahaba ang presentasyon 2. Ang isang pangkat ay gagawa ng presentasyon tungkol sa wastong paggamit ng social media para sa Grade 7 na mag-aaral. Alin ang pinakamainam? A. Gumamit ng napakateknikal na mga termino B. Gumamit ng malinaw, payak, at mga halimbawang pamilyar sa mga mag-aara C. Gumamit ng maraming mahahabang talata D. Iwasang gumamit ng larawan 3. Alin ang tumutukoy sa layunin ng isang presentasyon? A. Sino ang makikinig? B. Ano ang nais makamit sa pamamagitan ng presentasyon? C. Anong kulay ang gagamitin? D. Ilang miyembro ang magpepresenta? 4. Ang isang pangkat ay naglalahad ng impormasyon tungkol sa mga sanhi at epekto ng climate change. Ano	

	ang pinakamahalagang dapat taglayin ng kanilang mensahe? A. Maraming dekorasyon B. Malinaw at organisadong ang pangunahing ideya C. Maraming animation D. Mahabang script 5. Alin ang HINDI pangunahing gamit ng visual aid? A. Pagpapalinaw ng impormasyon B. Pagbibigay-diin sa mahalagang ideya C. Pagpapahaba ng presentasyon D. Pagtulong sa pag-unawa ng awdyens 6. Sinabi ng isang tagapakinig: “Malinaw ang inyong paliwanag, ngunit masyadong maraming teksto sa slides. Maaari ninyong gawing keywords na lamang ang mahahabang pangungusap.” Anong uri ng feedback ito? A. Hindi kapaki-pakinabang na puna B. Constructive feedback C. Personal na opinyon lamang D. Negatibong komento na dapat balewalain 7. Matapos makatanggap ng feedback, ano ang pinakamainam na gawin ng pangkat? A. Balewalain ang lahat ng puna B. Makipagtalo sa nagbibigay ng feedback C. Suriin ang feedback at gamitin ang makatutulong upang mapahusay ang presentasyon D. Ulitin lamang ang dating presentasyon 8. Alin ang nagpapakita ng mabuting kolaborasyon? A. Isang miyembro lamang ang gumagawa ng lahat B. Lahat ng miyembro ay may malinaw na gawain at nakikibahagi sa pagpapasya C. Ang lider lamang ang maaaring magbigay ng ideya D. Hindi pinakikinggan ang mungkahi ng ibang miyembro 9. Nais ng isang pangkat na turuan ang mga mag-aaral kung paano magsagawa ng isang proseso. Alin ang maaari at pinakaangkop na visual aid? A. Flowchart	

	B. Pie graph C. Random na larawan D. Mahabang talata lamang 10. Alin ang pinakamahusay na nagpapakita ng pagkatuto mula sa gawaing pangkatang presentasyon? A. “Maganda ang ginawa namin.” B. “Natuto akong magsalita.” C. “Natapos namin ang gawain.” D. “Natutuhan kong iangkop ang mensahe sa awdyens, makipagtulungan sa pangkat, at gamitin ang feedback upang mapahusay ang aming presentasyon.”	

III. PAGNINILAY

Gabay na Tanong	**Sagot**
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.**
   _____

   Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.
   _____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?**
   _____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punong-guro at superbisor?**
   _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 4			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	SIGRID F. TIBORDO		

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipapamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademikong at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at inklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	**Pangkat ng mga Kasanayang Pampagkatuto:** Pagbibigay-kahulugan **I. Nabibigyang-kahulugan ang datos na nakalarawan sa mga multimodal na anyo (hal. Tsart, talahanayan, pigura, atbp.)** Pakikilahok ● **Nakasusunod sa mga pamamaraan, panuto, o proseso sa anyong pasalita, pasulat, o multimodal (hal. pigura, dayagram, tsart, atbp.) upang matagumpay na maisakatuparan ang layunin o matamo ang inaasahang resulta** Pagpapahayag ● **Nakagagawa ng dayagram, tsart, balangkas, buod, sinopsis, o *paraphrase* mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, o multimodal** Pagninilay ● **Naipapaliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Badayos, Paquito B. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Filipino: Iba't Ibang Dulog at Estratehiya*. Quezon City: Grandwater Publications, 2010. DepEd Learning Portal – Explaining Visual-Verbal Relationships Illustrated in Information Maps Found in Expository Texts.


	Department of Education – Learning Activity Sheet: Integrating Multimodal Elements in Informational Texts. Department of Education – Learning Activity Sheet: Beyond Words: Enhancing Your Message with Multimodal Elements. Department of Education – Communication Skills Learning Standards (graphs, charts, infographics, graphic organizers). Espiritu, Clement C. *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Quezon City: C & E Publishing, 2018. Reading Images: The Grammar of Visual Design nina Gunther Kress at Theo van Leeuwen. Isa ito sa mga pangunahing sanggunian sa pag-aaral ng multimodal na komunikasyon at disenyo ng biswal. ● Ginamit ang notebookAi, GeminiAi, at ChatgptAi sa pagbuo ng mga larawan para sa materyal na ito
III. NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO	Pagbuo ng kagamitang biswal katulad ng dayagram, tsart, at iba pa sa paglalahad ng kaalaman
IV. TUNGUHIN	a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan; b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa); c. Naisasaayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto; d. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso; e. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output; f. Nakabubuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya; at g. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.

V. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
1. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: BISWAL TAMBAL** **Panuto:** *Atasan ang mga mag-aaral na suriin ang set ng mga kard na naglalarawan ng mga kagamitang biswal at itambal ito sa angkop na kard na naglalarawan ng gamit nito.*	Para sa **Opsiyon A BISWAL TAMBAL** Ang *BISWAL TAMBAL* ay isang gawaing naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na kilalanin at iugnay ang iba't ibang kagamitang biswal sa wastong gamit at layunin nito. Sa ilalim ng SSHS-IDF, pinauunlad nito ang pag-unawa sa mga multimodal na teksto sa pamamagitan ng aktibong pag-uugnay ng konsepto at aplikasyon, na naghahanda sa mga mag-

KARD NG KAGAMITANG BISWAL



KARD NG PAGLALARAWAN



aaral sa mas mataas na antas ng pagsusuri at paggamit ng mga kagamitang biswal.
Sa **PPST-COT**, maaaring iugnay ito sa **PPST 1.1.2** (*Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas*), **PPST 1.4.2** (*Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills*), at **PPST 2.2.2** (*Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to learners' backgrounds and experiences*).

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:


a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan.
b. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output.

Opsiyon B: TEKSURI
Pamamaraan: *Ipakita muna sa mga mag-aaral ang sumusunod na maikling teksto.*
Teksto:

Paghahanda ng Emergency Go Bag

Para sa Opsiyon B: **Teksuri**
Ang gawaing ito ay naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na suriin at isalin ang tekstong pasulat tungo sa isang angkop na kagamitang biswal,

	Kapag may banta ng lindol o iba pang kalamidad, mahalagang magkaroon ng Emergency Go Bag. Isa itong napapanahon at pratikal na kahandaan na maaaring magligtas sa atin sa mga hindi inaasahang sakuna. Narito ang mga hakbang na maaaring gawin upang sa sariling kaparaanan ay makapaghanda: una, maghanap ng matibay na bag o anumang sisidlang hindi madaling mabasa; pagkatapos, ilagay dito ang mahahalagang gamit tulad ng inuming tubig, pagkaing hindi madaling masira, flashlight, ekstrang baterya, first aid kit, whistle, mga gamot, face mask, at mahahalagang dokumento na nakalagay sa waterproof envelop; siguraduhing regular na suriin at palitan ang mga pagkaing paso na. Panghuli, ilagay ang Go Bag sa lugar na madaling makita at mabilis makuha kung kinakailangang lumikas**.** **Gabay na Tanong** 1. Ano ang pangunahing paksa ng teksto? 2. Ano-ano ang mahahalagang hakbang na binanggit? 3. Sa iyong palagay, alin sa mga impormasyon ang dapat mauna at mahuli? Pagkatapos ng talakayan, ipakita ang parehong impormasyon sa anyong flowchart. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 4) Gawain Bilang 1*** **Gabay na Tanong sa Pagproseso** 1. Ano ang napansin ninyong pagkakaiba ng teksto at flowchart? 2. Ano ang naidagdag ng flowchart na hindi agad makikita sa tekstong binasa? 3. Aling presentasyon ang mas madaling sundan? Bakit? 4. Kailan mas angkop gamitin ang flowchart kaysa sa isang talata?	*partikular ang **flowchart**, upang higit na maunawaan ang pagkakasunod-sunod ng mga proseso. Sa ilalim ng SSHS-IDF, nagsisimula ito sa pagbuo ng konseptuwal na pag-unawa bago ang paglalapat ng impormasyon sa multimodal na representasyon, na nagpapalalim sa kanilang organisasyon ng mga ideya at pagkatuto.* *Sa **PPST-COT**, maaaring iugnay ito sa **PPST 1.1.2** (Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas), **PPST 1.4.2** (Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills), at **PPST 1.3.2** (Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills).* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan.

	5. Paano nakatutulong ang flowchart sa mabilis na pag-unawa ng isang proseso?	
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: PAGSASADIREKSIYON** **Panuto:** Ilahad ang mga layunin ng aralin at iugnay ang mga ito sa 4 na SHS na patutunguhan (kolehiyo, trabaho, negosyo, o kasanayang Middle-Level). Ipaliwanag na ang husay sa pagbuo ng biswal na kagamitan ay mahalaga sa anumang tatahaking landas sa hinaharap.  	Para sa Opsiyon A: **PAGSASADIREKSIYON** *Ang PAGSASADIREKSIYON ay naglalayong maipaunawa sa mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa apat na SHS Patutunguhan—Kolehiyo, Trabaho, Negosyo, at Middle-Level Skills. Sa ilalim ng SSHS-IDF, binibigyang-konteksto nito ang pagkatuto upang makita ng mga mag-aaral ang kabuluhan ng pagbuo at paggamit ng mga kagamitang biswal sa kanilang hinaharap na akademiko at propesyonal na landas.* *Sa **PPST-COT**, maaaring iugnay ito sa **PPST 1.1.2** (Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas), **PPST 2.2.2** (Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to learners' backgrounds and aspirations), at **PPST 4.2.2** (Set achievable and appropriate learning outcomes that are aligned with learning competencies).* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.
	Opsiyon B: TAKDA LAYON **Panuto:** *Magpakita ng isang infographic.* **Tanungin:**	Para sa Opsiyon B: **TAKDA LAYON** Ang *TAKDA LAYON* ay isang gawain sa paglalahad ng layunin na gumagamit ng isang infographic bilang panimulang stimulus upang matukoy ng mga mag-aaral

	"Kung kayo ang gagawa nito, ano-anong kasanayan ang kailangan ninyo?" *Ang layunin ng aralin ay mabubuo batay sa mga sagot na ibinigay ng mga mag-aaral.*	ang mga kasanayang kailangan sa pagbuo ng mabisang kagamitang biswal. Sa ilalim ng SSHS-IDF, hinihikayat nito ang mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa pagbuo ng layunin ng aralin, kaya nagiging mas makabuluhan at nakasentro sa kanilang pangangailangan ang pagkatuto. Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa PPST 1.3.2 (*Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills*), PPST 2.2.2 (*Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to learners' backgrounds and experiences*), at PPST 4.2.2 (*Set achievable and appropriate learning outcomes that are aligned with learning competencies*). Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.
1. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: KOMPARATEKS** **Panuto:** *Ipakita muna sa mga mag-aaral ang sumusunod na maikling teksto.* **Paghahanda ng Emergency Go Bag** Kapag may banta ng lindol o iba pang kalamidad, mahalagang magkaroon ng Emergency Go Bag. Una, maghanda ng matibay na bag. Pagkatapos, ilagay dito ang mahahalagang gamit tulad ng inuming tubig, pagkaing hindi madaling masira, flashlight, ekstrang baterya, first aid kit, whistle, mga gamot, face mask, at mahahalagang dokumento na nakalagay sa waterproof envelope.	Para sa Opsiyon A: **KOMPARATEKS** Ang KOMPARATEKS ay isang gawaing naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na ihambing ang tekstong pasulat at ang biswal na representasyon nito sa anyong flowchart. Sa ilalim ng SSHS-IDF, pinauunlad nito ang pag-unawa sa multimodal na presentasyon ng impormasyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa organisasyon at pagkakasunod-sunod ng mga ideya bago isalin ang mga ito sa angkop na kagamitang biswal.


	Siguraduhing regular na suriin at palitan ang mga pagkaing paso na. Panghuli, ilagay ang Go Bag sa lugar na madaling makita at mabilis makuha kung kinakailangang lumikas. **Gabay na Tanong** 1. Ano ang pangunahing paksa ng teksto? 2. Ano-ano ang mahahalagang hakbang na binanggit? 3. Sa iyong palagay, alin sa mga impormasyon ang dapat mauna at mahuli? Matapos ay ipakita ang parehong impormasyon sa anyong **flowchart**.  	Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa PPST 1.1.2 (*Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas*), PPST 1.3.2 (*Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills*), at PPST 1.4.2 (*Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills*). Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa). c. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. d. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

Gabay na Tanong sa Pagproseso
1. Ano ang napansin ninyong pagkakaiba sa teksto at flowchart?
2. Ano ang naidagdag ng flowchart na hindi agad makikita sa tekstong binasa?
3. Aling presentasyon ang mas madaling sundan? Bakit?
4. Kailan mas angkop gamitin ang flowchart kaysa sa isang talata?
5. Paano nakatutulong ang flowchart sa mabilis na pag-unawa ng isang proseso?</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>Opsiyon B: LAHAD DATOS
Panuto: Sabihin sa mga mag-aaral:
"Ipagpalagay nating nagsagawa ang inyong klase ng isang simpleng survey tungkol sa paboritong social media platform ng mga mag-aaral. Narito ang naging resulta."


Talahanayan ng Resulta ng Survey
Paboritong Social Media ng mga Mag-aaral
<table>
<tr><th>Social Media</th><th>Bilang ng mga Mag-aaral</th></tr>
<tr><td>Facebook</td><td>20</td></tr>
<tr><td>TikTok</td><td>18</td></tr>
<tr><td>YouTube</td><td>15</td></tr>
<tr><td>Instagram</td><td>12</td></tr>
</table></td>
<td>Para sa Opsiyon B: LAHAD DATOS
Ang LAHAD DATOS ay isang gawaing naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at interpretasyon ng impormasyong inilahad sa talahanayan at bar graph. Sa ilalim ng SSHS-IDF, pinauunlad nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na pumili at gumamit ng angkop na kagamitang biswal batay sa layunin ng komunikasyon at sa mabisang paglalahad ng datos.

Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa PPST 1.1.2 (Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas), PPST 1.3.2 (Apply a range of teaching strategies to</td>
</tr>
</table>

	X (Twitter) | 5  1. Ano ang ipinakikita ng talahanayan? 2. Ano ang ipinakikita ng bar graph? 3. Aling social media platform ang may pinakamaraming gumagamit? 4. Alin ang may pinakamababang bilang? 5. Ilang mag-aaral ang mas maraming gumagamit ng Facebook kaysa YouTube? 6. Aling presentasyon ang mas madaling unawain? Bakit? 7. Kung ikaw ang mag-uulat ng resulta ng survey sa harap ng klase, alin ang pipiliin mong gamitin, talahanayan o bar graph? Ipaliwanag ang iyong sagot. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 4) Gawain Bilang 2***	*develop critical and creative thinking skills*), at **PPST 1.4.2** (*Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills*). Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa). c. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. d. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Pagbuo ng Kagamitang Biswal** Sa panahon ng mabilis na pagdaloy ng impormasyon, mahalagang maipahayag ang mga ideya sa paraang malinaw, organisado, at madaling maunawaan. Hindi sapat na puro teksto lamang ang gamitin sa paglalahad ng impormasyon. Sa halip, maaaring gamitin ang mga kagamitang biswal tulad ng dayagram, tsart,	Ang **Pagtalakay ng Bagong Konsepto** ay gumagamit ng **dulog patuklas (exploratory approach)** kung saan ginagabayan ang mga mag-aaral na matuklasan ang konsepto sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga halimbawa, pagtatanong, at pagbabahagi ng obserbasyon bago ito pormal na ipaliwanag ng guro. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**,

		grap, talahanayan, balangkas, at infographic upang maging mas epektibo ang komunikasyon. Ang mga kagamitang biswal ay kabilang sa mga multimodal na teksto, na gumagamit ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag—tulad ng teksto, larawan, simbolo, kulay, at ayos ng impormasyon—upang higit na maipaliwanag ang isang mensahe. Dahil dito, nagiging mas mabilis ang pag-unawa ng mambabasa at mas madali niyang natutukoy ang mahahalagang impormasyon **Ano ang Kagamitang Biswal?** Ang kagamitang biswal ay mga representasyong grapikal ng impormasyon na ginagamit upang isaayos, ibuod, ihambing, o ipakita ang ugnayan ng mga ideya at datos. Sa halip na mahahabang talata, naipapakita ang impormasyon sa paraang mas sistematiko at madaling makita. Ginagamit ito sa paaralan, negosyo, pananaliksik, midya, at maging sa pang-araw-araw na komunikasyon. Halimbawa, ang resulta ng isang survey ay maaaring ilahad sa pamamagitan ng bar graph, samantalang ang proseso ng paghahanda sa lindol ay maaaring ipakita sa flowchart. **Kahalagahan ng Kagamitang Biswal** Ang paggamit ng kagamitang biswal ay may maraming pakinabang. ● Pinadadali nito ang pag-unawa sa komplikadong impormasyon. ● Nagpapakita ito ng malinaw na ugnayan ng mga ideya. ● Napapadali ang paghahambing ng mga datos. ● Mas mabilis makita ang mahahalagang impormasyon. ● Nagiging mas kawili-wili at organisado ang presentasyon.	itinatampok nito ang learner-centered at inquiry-based na pagkatuto na nagpapalalim sa pag-unawa at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* ● **PPST 2.2.2** – *Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to learners' backgrounds and experiences.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. c. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output.

- Nakatutulong ito sa mabisang pagpapahayag sa akademiko at propesyonal na komunikasyon.



Paano Bumuo ng Kagamitang Biswal?

1. Basahin at unawain muna ang teksto o datos.
2. Tukuyin ang pinakamahalagang impormasyon.
3. Suriin ang ugnayan ng mga ideya.
4. Piliin ang pinakaangkop na kagamitang biswal.

   Halimbawa:

   - Proseso → Flowchart
   - Paghahambing → Bar Graph
   - Bahagdan → Pie Chart
   - Pagkakasunod-sunod → Timeline
   - Pangunahing ideya → Concept Map

	5. Ayusin ang impormasyon nang lohikal. 6. Gumamit ng malinaw na pamagat, simbolo, kulay, at mga label upang maging madaling basahin. **Mga Dapat Tandaan sa Pagbuo** ✔ Piliin lamang ang mahahalagang impormasyon. ✔ Gumamit ng simpleng salita. ✔ Panatilihing organisado ang ayos. ✔ Gumamit ng pare-parehong kulay at font. ✔ Siguraduhing tama ang datos. ✔ Iwasan ang sobrang dekorasyon na maaaring makagulo sa mensahe.	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: BISWALIKHA** **Panuto:** **Sitwasyong Pangkomunikasyon** Isa kayong **Information Officers** ng **School Health Club**. Inatasan kayong gumawa ng isang **flowchart** na ilalagay sa wash area ng paaralan upang magsilbing gabay sa wastong paghuhugas ng kamay ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nagkahalo-halo ang mga larawan at hakbang na ibinigay sa inyo. Bago makagawa ng flowchart, kailangan muna ninyong ayusin ang mga ito ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng proseso. **Mga Kagamitan** Bawat pangkat ay bibigyan ng: ● Isang envelope na naglalaman ng: o 8–10 larawang nagpapakita ng bawat hakbang sa paghuhugas ng kamay o 8–10 strips ng mga panuto o Isang blangkong flowchart template (A3 o manila paper)	Para sa Opsiyon A: **BISWALIKHA** Ang **BISWALIKHA** ay isang gawaing naglalayong mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa pagbuo ng **flowchart** sa isang autentikong sitwasyong pangkomunikasyon. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, gumagamit ito ng **performance-based at collaborative learning** kung saan isinasabuhay ng mga mag-aaral ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-oorganisa, at paglikha ng isang kagamitang biswal na may malinaw na layunin at target na awdyens. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.*

	Pamamaraan 1. Pagmasdan ang mga larawan at basahin ang bawat panuto. 2. Talakayin sa pangkat ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang. 3. Ipares ang bawat larawan sa kaukulang panuto. 4. Isaayos ang mga ito sa isang **flowchart** gamit ang ibinigay na template. 5. Lagyan ng pamagat ang inyong flowchart. 6. Ipakita sa klase ang inyong output at ipaliwanag kung bakit ganoon ang naging pagkakasunod-sunod ng mga hakbang. **Mga Gabay na Tanong** ● Ano ang unang hakbang? Bakit ito ang dapat mauna? ● Ano ang maaaring mangyari kung may isang hakbang na nalaktawan? ● Paano nakatulong ang flowchart upang maging mas malinaw ang proseso? **Pagproseso ng Guro:** Bigyang-diin na ang flowchart ay ginagamit upang ipakita ang proseso o pagkakasunod-sunod ng mga hakbang. Ang tamang pagkakaayos ng impormasyon ay mahalaga upang maging malinaw ang mensahe at maiwasan ang kalituhan ng mambabasa.	● **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* ● **PPST 2.3.2** – *Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.* ● **PPST 4.1.2** – *Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning processes to meet curriculum requirements and varied teaching contexts.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa). c. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. d. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso. e. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang

		pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. f. Nakakabuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya.
	Opsiyon B: TEKSALIN **Sitwasyong Pangkomunikasyon** Isa kayong **content developer** ng **Youth Information Corner** ng inyong paaralan. Hinihiling ng Science Club na gawing mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang isang artikulo tungkol sa **Climate Change**. Dahil limitado ang espasyo sa bulletin board, kailangan ninyong gawing **kagamitang biswal** ang mahahabang talata upang mas mabilis itong mabasa at maunawaan. **Tekstong Babasahin** *(Magbigay ng 2–3 talatang impormatibong teksto tungkol sa Climate Change.)* **Pamamaraan** 1. Basahing mabuti ang tekstong ibinigay. 2. Tukuyin ang **pangunahing ideya** ng bawat talata. 3. Bilugan o salungguhitan ang mahahalagang detalye na sumusuporta sa pangunahing ideya. 4. Suriin kung paano nagkakaugnay ang mga ideya. 5. Piliin ang pinakaangkop na organizer: o **Concept Map** kung maraming magkakaugnay na konsepto; o **Balangkas** kung nais ipakita ang pangunahing ideya at mga pantulong na detalye. 6. Gumawa ng organizer sa manila paper o activity sheet. 7. Ipaliwanag sa klase kung paano ninyo pinili ang mahahalagang impormasyong isinama sa inyong output. **Mga Gabay na Tanong**	Para sa Opsiyon B: **TEKSALIN** Ang **TEKSALIN** ay isang gawaing naglalayong mailapat ng mga mag-aaral ang kasanayan sa pagsusuri, pagpili, at pag-oorganisa ng mahahalagang impormasyon mula sa isang tekstong impormatibo tungo sa angkop na kagamitang biswal, tulad ng concept map o balangkas. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, isinusulong nito ang **active, inquiry-based, at performance-based learning**, kung saan nagagamit ng mga mag-aaral ang mas mataas na antas ng pag-iisip sa paglikha ng isang multimodal na presentasyon na angkop sa layunin, nilalaman, at target na awdyens. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* ● **PPST 2.3.2** – *Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.* ● **PPST 4.1.2** – *Plan, manage and implement developmentally*

	• Ano ang pangunahing paksa ng teksto? • Ano ang pinakamahalagang impormasyong dapat maisama sa organizer? • May mga detalyeng hindi na kailangang isama? Bakit? • Aling organizer ang mas angkop sa tekstong binasa? Ipaliwanag. **Pagproseso ng Guro:** Ipaliwanag na ang pagbuo ng **concept map** o **balangkas** ay hindi simpleng pagkopya ng teksto. Kinakailangan munang **suriin**, **piliin**, at **isaayos** ang mahahalagang impormasyon upang maipakita ang ugnayan ng mga ideya sa isang malinaw at organisadong paraan. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang paggamit ng kagamitang biswal sa akademiko at sa iba't ibang sitwasyong komunikatibo.	*sequenced teaching and learning processes to meet curriculum requirements and varied teaching contexts.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa). c. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. d. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso. e. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. f. Nakakabuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya.
2. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: ULAT-LIRIP** **Panuto:** *Akayin ang mga mag-aaral tungo sa pag-unawa ng kahalagahan ng paggamit ng kagamitang biswal sa pamamagitan ng gawain sa ibaba:* **Sitwasyong Pangkomunikasyon:**	Para sa Opsiyon A: **ULAT-LIRIP** Ang **ULAT-LIRIP** ay isang gawaing naglalayong mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa pagpili at pagbuo ng angkop na kagamitang biswal batay sa layunin, nilalaman, at target na awdyens ng isang tekstong impormatibo. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, isinusulong nito ang **authentic,**

	Isa kayong **Information Design Team** ng inyong paaralan, inatasan kayo ng punongguro na gumawa ng isang **kagamitang biswal** upang maging mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon tungkol sa isang napapanahong isyu. Bawat pangkat ay bubunot ng isang paksa at isang kaugnay na artikulo. **Mga Paksa** ● Tamang Paghihiwalay at Pagtatapon ng Basura ● Pag-iwas sa Cyberbullying ● Disaster Preparedness sa Paaralan ● Healthy Lifestyle para sa Kabataan **Mga Panuto para sa mag-aaral:** 1. Basahin at unawain ang artikulong ibibigay sa inyong pangkat. 2. Tukuyin ang mahahalagang impormasyon at ang ugnayan ng mga ideya. 3. Magpasya kung anong kagamitang biswal ang pinakaangkop sa nilalaman ng artikulo. **Uri ng Nilalaman** / **Angkop na Kagamitang Biswal** Proseso o mga hakbang / Flowchart Sanhi at bunga / Concept Map Pagkakasunod-sunod ng pangyayari / Timeline Paghahambing ng datos / Tsart o Grap 4. Gumawa ng isang malinaw, organisado, at malikhaing kagamitang biswal sa **manila paper** o gamit ang **Canva, PowerPoint, o Google Slides**. 5. Magtalaga ng isang tagapag-ulat na magpapaliwanag sa klase sa loob ng **3–5 minuto**. Dapat maipaliwanag ng pangkat: ● bakit iyon ang napiling kagamitang biswal; ● paano nito pinadali ang pag-unawa sa artikulo; at	**collaborative, at performance-based learning** sa pamamagitan ng paglutas ng isang makatotohanang sitwasyong pangkomunikasyon na humahasa sa kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at mabisang komunikasyon. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* ● **PPST 2.3.2** – *Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.* ● **PPST 4.1.2** – *Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning processes to meet curriculum requirements and varied teaching contexts.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa

	• paano ito magiging kapaki-pakinabang. **Awtput:** ✔ Isang kagamitang Biswal ✔ Pasalitang Presentasyon	multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa). c. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. d. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso. e. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. f. Nakakabuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya. g. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.
	Opsiyon A: BISWALisya **Panuto:** *Ipasuri sa mga mag-aaral ang isang halimbawa ng kagamitang biswal.*	Para sa Opsiyon B: **BISWALisya** Ang **BISWALisya** ay isang gawaing naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pagsusuri ng mga kagamitang biswal sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kahinaan at pagbibigay ng mungkahing pagpapabuti. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, gumagamit ito ng **inquiry-based at reflective learning** upang mapaunlad ang pag-unawa sa mga pamantayan ng mabisang biswal na komunikasyon at maihanda ang mga mag-aaral sa paglikha ng mas epektibong kagamitang biswal.



Prosesong tanong:


1. Ano ang napansin ninyo sa biswal?
2. Malinaw ba nitong naihatid ang impormasyong nais nitong ipabatid?
3. Ano ang nararapat na isaayos dito upang higit itong maging kaaya-aya at malinaw na maipabatid ang kinakailangang impormasyon?
4. Gaano kahalaga ang pagsasaalang-alang sa mga angkop na teknik sa paggamit ng kagamitang biswal?

Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators:

- **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.*
- **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.*
- **PPST 2.2.2** – *Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to learners' backgrounds and experiences.*
- **PPST 4.1.2** – *Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning processes to meet curriculum requirements and varied teaching contexts.*

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

a. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa).
b. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto.
c. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output.
d. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong

		isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.
	2. Paglalahat **Opsiyon A: BISWAL BUOD** **Panuto:** *Ipabuod sa mga mag-aaral ang alinmang bahagi ng tinalakay na paksa sa tulong ng angkop na kagamitang biswal.*  ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 4) Gawain Bilang 3***	Para sa Opsiyon A: **BISWAL BUOD** Ang **BISWAL BUOD** ay isang gawaing naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, pumili, at mag-organisa ng mahahalagang impormasyon mula sa tinalakay na paksa gamit ang angkop na kagamitang biswal. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, isinusulong nito ang synthesis at paglalapat ng kaalaman sa pamamagitan ng pagbuo ng multimodal na representasyon na isinasaalang-alang ang layunin, nilalaman, at mambabasa. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: • **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* • **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* • **PPST 2.3.2** – *Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.* • **PPST 5.1.2** – *Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

		a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. c. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso. d. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. e. Nakakabuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya.
	Opsiyon B: NILAY-SAYSAY **Panuto:** P*unan ng mga mag-aaral ang mga patlang sa pahayag upang maibuod ang mahalagang konsepto aralin.* Bilang isang _____ sa hinaharap, makatutulong sa akin ang kasanayan sa pagbuo ng kagamitan sa biswal sapagkat _____ _____	Para sa Opsiyon B: **NILAY-SAYSAY** Ang **NILAY-SAYSAY** ay isang gawaing naglalayong masukat ang pag-unawa at personal na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagbuo ng kagamitang biswal sa kanilang hinaharap na akademiko at propesyonal na landas. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, binibigyang-diin nito ang metakognitibong pagninilay kung saan naiuugnay ng mga mag-aaral ang natutuhan sa aktuwal na gamit nito sa iba't ibang sitwasyong komunikatibo. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● **PPST 2.2.2** – *Establish a learner-*

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>centered culture by using teaching strategies that respond to learners' backgrounds and experiences.
● PPST 4.2.2 – Set achievable and appropriate learning outcomes that are aligned with learning competencies.
● PPST 5.1.2 – Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.
Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:
a. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>3. Pagtataya
Opsiyon A: PAGSUSURI
Panuto: Pag-aralan ang sumusunod na talahanayan upang matugunan ang mga tanong.

Bilang ng mga Mag-aaral na Gumagamit ng Social Media
<table><tr><th>Social Media</th><th>Bilang</th></tr><tr><td>Facebook</td><td>20</td></tr><tr><td>TikTok</td><td>18</td></tr><tr><td>YouTube</td><td>15</td></tr><tr><td>Instagram</td><td>12</td></tr><tr><td>X (Twitter)</td><td>5</td></tr></table>1. Aling social media platform ang may pinakamaraming gumagamit?
A. TikTok
B. YouTube
C. Facebook
D. Instagram</td>
<td>Para sa Opsiyon A: PAGSUSURI
Ang PAGSUSURI ay isang gawaing pagtataya na naglalayong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbasa, magsuri, at magbigay-kahulugan sa impormasyong inilalahad sa anyong talahanayan. Sa ilalim ng SSHS-IDF, tinataya nito ang pag-unawa sa paggamit ng angkop na kagamitang biswal batay sa layunin ng paglalahad ng datos at ang kakayahang gumawa ng lohikal na interpretasyon mula sa impormasyon.

Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators:

● PPST 1.3.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical</td>
</tr>
</table>

	2. Ilang mag-aaral ang gumagamit ng Instagram? A. 5 B. 12 C. 15 D. 20 3. Ano ang maaaring kongklusyon batay sa talahanayan? A. Mas popular ang Facebook kaysa TikTok. B. Mas marami ang gumagamit ng X kaysa Instagram. C. Magkapareho ang bilang ng mga gumagamit ng TikTok at Facebook. D. YouTube ang pinakapopular na social media. 4. Kung gagawing bar graph ang datos, alin ang magkakaroon ng pinakamataas na bar graph? A. YouTube B. TikTok C. Facebook D. Instagram 5. Anong kagamitang biswal ang pinakaangkop gamitin kung nais ipakita ang paghahambing ng dami ng mga gumagamit ng bawat social media platform? A. Flowchart B. Timeline C. Bar Graph D. Concept Map	*and creative thinking skills.* • **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* • **PPST 5.1.2** – *Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.* • **PPST 5.2.2** – *Monitor and evaluate learner progress and achievement using learner attainment data.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagbibigay ng angkop na interpretasyon batay sa mga impormasyong nakasaad sa multimodal na teksto (sart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa).
	Opsiyon B: PAGLIKHA **Panuto:** *Bumuo ng angkop na kagamitang biswal na magpapakita ng diwa ng teksto sa ibaba:* Bago magsimula ang klase, kailangang sundin ng mga mag-aaral ang sumusunod na hakbang: (1) Maghugas ng kamay, (2) Magsuot ng ID, (3) Dumiretso sa silid-aralan,	Para sa Opsiyon B: **PAGLIKHA** Ang PAGLIKHA ay isang gawaing pagtataya na naglalayong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na maisalin ang tekstong pasulat tungo sa isang angkop at malinaw na kagamitang biswal. Sa ilalim ng SSHS-IDF, binibigyang-diin nito ang paglalapat ng kaalaman sa organisasyon ng impormasyon, disenyo, at pagpili ng angkop na

	(4) Umupo sa nakatalagang upuan, at (5) Ihanda ang mga gagamitin sa klase.	representasyong biswal upang maging mas epektibo ang komunikasyon. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● PPST 1.3.2 – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● PPST 1.4.2 – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* ● PPST 2.3.2 – *Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.* ● PPST 5.1.2 – *Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto. b. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso. c. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. d. Nakakabuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya.
	4. Karagdagang Gawain: **BISWAL DOKTOR**	Para sa **BISWAL DOKTOR**

	Panuto: *Ipakita sa mga mag-aaral ang kagamitang biswal na nasa ibaba. Matapos, atasan silang gumawa ng panibagong anyo nito na higit na angkop at mas malinaw.*  	Ang **BISWAL DOKTOR** ay isang gawaing pagtataya na naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, tumukoy ng kahinaan, at muling bumuo ng isang kagamitang biswal upang maging mas malinaw at epektibo ang paglalahad ng impormasyon. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, isinusulong nito ang **revision, reflection, at design thinking approach** kung saan naiaangkop ng mga mag-aaral ang disenyo ng biswal batay sa layunin, mensahe, at pangangailangan ng target na awdyens. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● **PPST 1.4.2** – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.* ● **PPST 2.3.2** – *Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.* ● **PPST 5.1.2** – *Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Naisasayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang batay sa multimodal na panuto.

		b. Naisasagawa ang mga hakbang ayon sa ipinakitang multimodal na proseso. c. Nasusuri ang ugnayan ng mga ideya upang matukoy ang pinakamahalagang impormasyong isasama sa output. d. Nakakabuo ng dayagram, tsart, o balangkas na nagpapakita ng organisadong daloy ng mga ideya.
VI. PAGTATAYA NG PANGYUNIT	**Opsiyon A: MARAMIHANG PAMIMILIAN** **Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot. **1.** Ano ang pangunahing layunin ng paggamit ng kagamitang biswal? A. Upang pahabain ang teksto. B. Upang pagandahin lamang ang presentasyon. C. Upang gawing malinaw, organisado, at madaling maunawaan ang impormasyon. D. Upang palitan ang lahat ng teksto. **2.** Aling kagamitang biswal ang pinakamainam na gamitin upang maipakita ang pagkakasunod-sunod na hakbang sa isang proseso? A. Talahanayan B. Flowchart C. Pie Graph D. Timeline **3.** Aling kagamitang biswal ang ginagamit upang maipakita ang paghahambing ng dami o bilang ng mga datos? A. Bar Graph B. Concept Map C. Balangkas D. Flowchart	Para sa Opsiyon A: **MARAMIHANG PAMIMILIAN** Ang **MARAMIHANG PAMIMILIAN** ay isang gawaing pagtataya na naglalayong masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto, katangian, at gamit ng iba't ibang kagamitang biswal. Sa ilalim ng **SSHS-IDF**, tinataya nito ang pagkamit ng mga layunin sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri sa kaalaman ng mga mag-aaral sa pagpili ng angkop na biswal batay sa layunin, uri ng impormasyon, at konteksto ng komunikasyon. Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators: ● **PPST 1.1.2** – *Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas.* ● **PPST 1.3.2** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking skills.* ● **PPST 5.1.2** – *Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.*

	4. Ang talahanayan ay ginagamit upang _____. A. ipakita ang sanhi at bunga B. isaayos ang datos sa mga hanay at kolum C. ilarawan ang isang proseso D. ipakita ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari **5.** Kung nais mong ipakita ang ugnayan ng pangunahing ideya at mga kaugnay na konsepto, alin ang pinakamainam na gamitin? A. Concept Map B. Bar Graph C. Talahanayan D. Timeline **6.** Aling kagamitang biswal ang angkop kung nais ipakita ang bahagdan o porsiyento ng kabuuang datos? A. Pie Graph B. Flowchart C. Balangkas D. Talahanayan **7.** Ano ang unang hakbang sa pagbuo ng kagamitang biswal? A. Kulayan ang output. B. Tukuyin ang mahahalagang impormasyon. C. Gumawa agad ng grap. D. Maglagay ng disenyo. **8.** Alin sa sumusunod ang **HINDI** kagamitang biswal? A. Dayagram B. Grap C. Talata D. Tsart **9.** Aling kagamitang biswal ang pinakamainam na gamitin upang ipakita ang pagkakasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan?	• **PPST 5.2.2** – *Monitor and evaluate learner progress and achievement using learner attainment data.* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan. b. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nakatulong ang mga prosesong isinagawa sa pagkamit ng layunin ng gawain.

A. Timeline
B. Pie Graph
C. Concept Map
D. Talahanayan

10. Bakit mahalagang piliin ang angkop na kagamitang biswal?
A. Upang maging makulay lamang ang output.
B. Upang mas mabilis at mas malinaw na maiparating ang impormasyon.
C. Upang mahaba ang presentasyon.
D. Upang maraming larawan ang mailagay.

Opsiyon B: PAGTATAPAT-TAPAT

Panuto: *Hanapin sa **Hanay B** ang angkop na paglalarawan ng bawat kagamitang biswal sa **Hanay A**. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.*

Hanay A	Hanay B
1. Flowchart	A. Nagpapakita ng bahagdan ng kabuuang datos.
2. Talahanayan	B. Nagpapakita ng proseso o sunod-sunod na hakbang.
3. Bar Graph	C. Nagpapakita ng datos sa mga hanay at kolum.
4. Pie Graph	D. Nagpapakita ng ugnayan ng mga pangunahing ideya.
5. Concept Map	E. Nagpapakita ng paghahambing ng dami o bilang.
6. Timeline	F. Nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ayon sa
7. Balangkas	G. Nagpapakita ng pangunahing paksa at mga pantulong na detalye.
8. Tsart	H. Ginagamit sa paghahambing ng impormasyon o datos.
9. Dayagram	I. Nagpapakita ng ugnayan o daloy ng isang proseso o sistema.
10. Infographic	J. Pinagsasama ang teksto, larawan, simbolo, at datos upang maipaliwanag

Para sa Opsiyon B: **PAGTATAPAT-TAPAT**

Ang PAGTATAPAT-TAPAT ay isang gawaing pagtataya na naglalayong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na maiugnay ang iba't ibang kagamitang biswal sa wastong gamit at layunin nito. Sa ilalim ng SSHS-IDF, pinauunlad nito ang pag-uugnay ng konsepto at aplikasyon upang matukoy ng mga mag-aaral kung paano ginagamit ang bawat biswal sa malinaw at mabisang paglalahad ng impormasyon.

Maaaring maiangkop sa sumusunod na PPST-COT Indicators:

- PPST 1.1.2 – *Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas.*
- PPST 1.4.2 – *Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy skills.*
- PPST 5.1.2 – *Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum*


<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>requirements.
● PPST 5.2.2 – Monitor and evaluate learner progress and achievement using learner attainment data.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:
a. Natutukoy ang mahahalagang gamit ng mga multimodal na teksto (tsart, talahanayan, pigura, grap, at iba pa) nang may katumpakan.</td>
</tr>
<tr>
<td>VII. PAGNINILAY</td>
<td>
<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr>
<tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr>
</table>
1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
_____
2. Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.
_____
3. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.
_____
4. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.
_____
5. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?
_____
6. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?
</td>
</tr>
</table>

MODELONG BANGHAY-ARALIN 5			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	WILLY P. ESPARTERO/ ALMA R. SANTIAGO		


I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at ingklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at podcast; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	**Pangkat ng mga Kasanayang Pampagkatuto:** Pagbibigay-kahulugan ● **Natutukoy kung paanong ang nilalaman, estruktura, at wika ng mga pasalita, pasulat, o multimodal na tekstong akademiko at teknikal ay hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto.** Pakikilahok ● **Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang paksang akademiko at teknikal.** Pagpapahayag ● **Nakabubuo ng maayos na tekstong akademiko at teknikal na nagpapamalas ng kamalayan at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon (hal. presentasyong may visual aid, sanaysay, ulat sa pananaliksik at pagsusuri, atbp.).** Pagninilay ● **Naipapaliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Badayos, Paquito B. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Filipino: Iba't Ibang Dulog at Estratehiya*. Quezon City: Grandwater Publications, 2010. Bernales, Rolando A., et al. *Retorika: Masining na Pagpapahayag*. Quezon City: Mutya Publishing House, 2013.

<table>
<tr><td></td><td colspan="2">Department of Education (DepEd). K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016.
Espiritu, Clement C. Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Quezon City: C & E Publishing, 2018.
Garcia, Ma. Lourdes S. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Manila: Rex Book Store, 2015.
Santiago, Amelia M., and Elsa C. Tiangco. Sining ng Komunikasyon. Quezon City: Rex Book Store, 2003.

Ginamit ang notebookAi, GeminiAi, at ChatgptAi sa pagbuo ng mga larawan para sa materyal na ito</td></tr>
<tr><td>III. NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO</td><td colspan="2">Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel.</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td colspan="2">a. Nabibigyang-kahulugan ang datos, ebidensiya, at konklusyon ng isang pananaliksik o artikulo para sa pagsulat ng abstrak o reaksiyong papel.
b. Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens at layon sa pagtalakay ng nilalaman ng lagom, abstrak, o reaksiyong papel.
c. Nakabubuo ng reaksiyong papel na nagpapakita ng kritikal na pag-unawa, personal na reaksiyon, at napatibay na paninindigan batay sa ebidensiya.
d. Naipapaliwanag kung paano nakatulong ang paggawa ng reaksiyong papel sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman
Opsiyon A: Crossword Puzzle
Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa parisukat na inilaan para sa bawat titik ng iyong sagot.


Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 5) Gawain Bilang 1</td><td>Para sa Opsiyon A: Crossword puzzle
Tagubilin sa guro:
Ipabasa nang mabuti ang mga pahiwatig at hikayatin silang sagutan ang palaisipan nang paisa-isa o pangkatang gawain sa loob ng itinakdang oras. Matapos masagutan ang crossword puzzle, talakayin ang mga tamang sagot at gamitin ang mga ito bilang panimula sa paglinang ng konsepto, paglilinaw ng mga maling pag-unawa, at pag-uugnay ng dating kaalaman sa bagong aralin.

Ang gawaing crossword puzzle ay tumutugon sa dimensiyong Engagement and Motivation ng SSHS-IDF sapagkat pinupukaw nito ang interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang interaktibo at makahulugang gawaing</td></tr>
</table>

		nagsisilbing tulay sa pagkatuto ng mga konsepto tungkol sa akademikong lagom, abstrak, at reaksiyong papel. Samantala, ang gawaing ito ay nakasalig sa Constructivist Learning Theory sapagkat binibigyang pagkakataon nito ang mga mag-aaral na mabuo at maiugnay ang kanilang dating kaalaman sa mga bagong konseptong natututuhan sa pamamagitan ng aktibong pagpoproseso ng impormasyon habang nilulutas ang crossword puzzle. Ang gawaing ito ay tumutugon sa PPST Indicator 1.5.2 (Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills)
	Opsiyon B: ISANG SALITA SA LIKOD NG 4 LARAWAN **Panuto:** *Tuklasin ang mga nakatagong salita gamit ang apat na larawan. Gawing gabay ang mga patlang upang matukoy ang mga salitang nakatago sa mga larawan.* 	Para sa Opsiyon B: **ISANG SALITA SA LIKOD NG 4 LARAWAN** Sa gawaing “Isang Salita sa Likod ng 4 Larawan,” maghahanda ang guro ng apat na magkakaugnay na larawan na magsisilbing pahiwatig upang mahinuha ng mga mag-aaral ang isang salitang may kaugnayan sa paksa ng akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel, at pagkatapos ay pasasalitain ang mga mag-aaral upang ipaliwanag kung paano nauugnay ang nabuong salita sa kahulugan, katangian, at proseso ng pagsulat ng akademikong sulatin. Tinutugunan ng gawaing ito ang SSH-IDF na Intellectual Curiosity and Critical Thinking sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri ng mga pahiwatig,

	 *Pamprosesong Tanong:* 1. *Ano ang pangunahing layunin ng pagsulat ng isang akademikong lagom?* 2. *Ano-ano ang mga pangunahing bahagi o elemento ng isang saliksik na dapat makita sa isang epektibong abstrak?* 3. *Ano ang pagkakaiba ng pagbibigay lamang ng sariling opinyon at pagsulat ng isang pormal na reaksiyong papel?*	mag-ugnay ng impormasyon, bumuo ng konklusyon, at magbigay ng sariling pagpapakahulugan batay sa ipinakitang mga larawan. Ang gawaing ito ay nakasalig sa Constructivism Theory of Learning dahil binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na bumuo ng sariling kaalaman mula sa kanilang dating karanasan, obserbasyon, at pakikipagpalitan ng ideya sa talakayan. Tinutugunan ng gawaing ito ang PPST Indicator 1.4.2 (Used a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills) dahil gumagamit ang guro ng malikhaing estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahayag ng ideya na mahalaga sa pagsulat ng akademikong papel.
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: SINE-SIPSIP: Ang Trailer ng Kaalaman** Gaya ng isang movie trailer na nagbibigay ng pahiwatig, pananabik, at buod ng isang buong pelikula nang hindi ipinapakita ang lahat, ang gawaing ito ay magpapakita sa mga mag-aaral kung paano pikaiikli ang isang mahabang teksto upang makuha ang pinakadiwa nito. (gaya ng Abstrak at Lagom), o kung paano nagbibigay ng pagsusuri at kritika matapos itong basahin o mapanood (gaya ng Reaksiyong Papel). **Hakbang sa Pagsasagawa** Ang Pagtatasa: Magpapalabas ang guro ng isang maikling video clip sa klase nang walang anumang paunang paliwanag.	Para sa Opsiyon A: **SINE-SIPSIP: Ang Trailer ng Kaalaman** Ang gawaing SINE-SIPSIP: Ang Trailer ng Kaalaman ay tumutugon sa SSHS-IDF na nakatuon sa paglinang ng Higher Order Thinking Skills (HOTS), komunikasyon, kolaborasyon, at pagbuo ng makabuluhang pagkatuto sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri, pumili ng mahahalagang impormasyon, magbuod, at maglahad ng sariling pananaw batay sa isang teksto o biswal na materyal. Ang aktibidad ay nakasalig sa Constructivism Theory of Learning dahil binibigyang pagkakataon nito ang mga mag-aaral na bumuo ng sariling kahulugan

	1. Ang Pagpili ng Misyon: Hahatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng partikular na "misyon" o anggulo batay sa paksang tatalakayin: 2. Pangkat Abstrak (The Teaser): Isusulat nila ang pinakabuod ng video sa loob lamang ng tatlong pangungusap (Ano ang kuwento? Sino ang bida? Ano ang kinahinatnan?). 3. Pangkat Lagom (The Plot Outline): Iisa-isahin nila ang mahahalagang pangyayari (Simula, Gitna, Wakas) sa anyong bullet points nang walang personal na opinyon. 4. Pangkat Reaksiyong Papel (The Movie Critics): Isusulat nila ang kanilang naramdaman, pagsang-ayon o pagtutol sa ginawa ng karakter, at ang aral na nakuha nila sa video. 5. Ang Pagpapasiklab (The Pitch): Ipapakita o ipaparinig ng bawat pangkat ang kanilang ginawa sa malikhaing paraan (parang nagbebenta ng pelikula o parang showbiz reporter).	at kaalaman mula sa kanilang karanasan, talakayan sa pangkat, at aktibong pagproseso ng impormasyon mula sa napanood na video. Ang gawaing ito ay tumutugon sa PPST Indicator 2.3.2 (Designs, selects, organizes, and uses assessment strategies consistent with curriculum requirements) at PPST Indicator 3.1.2 (Uses differentiated, developmentally appropriate learning experiences) dahil gumagamit ang guro ng iba't ibang estratehiya, malikhaing gawain, at pangkatang misyon na umaangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral upang masukat ang kanilang pag-unawa sa Abstrak, Lagom, at Reaksiyong Papel.
	Opsiyon B: BUCKET-TSEKLIST **Panuto:** *Ilahad ang layunin ng aralin sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng hamon. "Sa linggong ito, maghahanda kayo upang maging responsableng digital creators, kung kaya, hinahamon ko kayong bumuo ng tseklist ng mga kasanayang dapat mong matutuhan bago ka maglakbay sa bagong aralin."*	Para sa Opsiyon B: **BUCKET-TSEKLIST** Ang gawaing BUCKET-TSEKLIST ay isang estratehiyang pagtataya kung saan ang mga mag-aaral ay magtatala, mag-uuri, at magtataya ng kanilang kaalaman, pag-unawa, at mga natutuhan kaugnay ng paksa upang matukoy ang kanilang lakas at mga bahaging nangangailangan pa ng paglinang; hinihikayat ang guro na gamitin ito bilang gabay sa pagbibigay ng angkop na feedback at pagbuo ng mga susunod na gawaing pampagkatuto. Ang gawaing ito ay tumutugon sa SSHS-IDF na pokus sa Learner-Centered Instruction at Assessment for Learning sapagkat binibigyan nito ang mga mag-aaral ng

		pagkakataong masuri ang sariling pagkatuto, maipakita ang kanilang pag-unawa, at maging aktibong kalahok sa proseso ng pagtataya. Ang aktibidad ay nakasalig sa Teoryang Constructivism ng Pagkatuto dahil binubuo ng mga mag-aaral ang sariling kahulugan ng aralin batay sa dati nilang kaalaman, karanasan, at pagninilay sa mga impormasyong kanilang natutuhan. Ang gawaing BUCKET-TSEKLIST ay tumutugon sa PPST Indicator 5.1.2 (Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements) dahil ginagamit ito ng guro bilang isang formative assessment upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral at makapagbigay ng napapanahong interbensyon.
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: Sulyap-Suri**  https://youtu.be/z-n2avzskkQ?si=8PYMM0A4fNHbHBEJ	Para sa Opsiyon A: **Sulyap-Suri** Sa gawaing ito, gagamit ang guro ng isang short film bilang lunsaran upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral at mahikayat silang magsuri ng mensahe, pananaw, at pagpapahalagang nakapaloob sa palabas bago bumuo ng reaksiyong papel. Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gabay na tanong upang malinang ang kanilang kakayahang magbigay ng kritikal na pagsusuri at maipahayag ang sariling reaksiyon sa isang organisadong paraan. Ang gawaing ito ay tumutugon sa **SSHS-IDF**

	Panuto: Ipapanood sa mga mag-aaral ang short film na "Tingala sa Babâ" Pagkatapos mapanood ang pelikula, susuriin nila ang mga pangyayari, tauhan, mensahe, at mga isyung panlipunang ipinakita upang makabuo ng sariling pananaw at reaksiyon. **Mga Gabay na Tanong sa Panonood ng Pelikula:** 1. Ano ang pangunahing mensaheng nais ipabatid ng short film na "Tingala sa Babâ"? 2. Paano ipinakita sa pelikula ang pagkakaiba ng kalagayang panlipunan ng mga tauhan? 3. Ano ang simbolikong kahulugan ng duyan/seesaw sa kuwento? 4. Anong mga kilos o desisyon ng tauhan ang nagpapakita ng tunay na pagkakaibigan? 5. May mga pagkakataon ba sa pelikula na nagpapakita ng panghuhusga o diskriminasyon? Ipaliwanag. 6. Ano ang pinakamahalagang aral ang na natutuhan mo mula sa mga tauhan? 7. Kung ikaw ang isa sa mga tauhan, ano ang gagawin mo upang makatulong sa sitwasyon? 8. Sa iyong pananaw, paano nauugnay ang kuwento sa tunay na buhay ng mga kabataan sa kaslukuyan? **Gabay sa Pagsulat ng Reaksiyong Papel:** Pamagat: "Ang Taas at Baba ng Buhay: Isang Reaksiyon sa Tingala sa Babâ" **Panimula:** ● Ipakilala ang short film at ang pangunahing ideya o paksa nito. ● Ilahad ang unang impresyon o damdamin matapos mapanood ang pelikula. **Katawan:** ● Ipaliwanag ang mga pangyayaring tumatak sa iyo. ● Suriin ang mensahe ng pelikula at iugnay ito sa sariling karanasan, pananaw, o sitwasyon sa lipunan.	**na Learner-Centered Instruction at Meaningful Learning Experiences** dahil binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maiugnay ang aralin sa kanilang sariling karanasan, pananaw, at pag-unawa sa isang sitwasyon. Nakatuon din ito sa **Authentic Assessment** sapagkat ang mga mag-aaral ay lumilikha ng isang makabuluhang output na nagpapakita ng kanilang pagsusuri, pagninilay, at kasanayan sa pagsulat. Ang gawaing "Sulyap-Suri ay nakasalig sa **Teoryang Konstruktibismo** dahil ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan mula sa kanilang sariling obserbasyon, dating kaalaman, at personal na interpretasyon sa pelikula. Nakasandig din ito sa **Experiential Learning Theory** sapagkat ang panonood ng short film ay nagsisilbing karanasan na kanilang susuriin, pagninilayan, at iuugnay sa tunay na buhay. Ito ay tumutugon sa **PPST Indicator 1.4.2 (Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills)** dahil gumagamit ang guro ng malikhaing estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsusuri, pag-unawa, at pagsulat ng mga mag-aaral. Kaugnay rin ito ng **PPST Indicator 5.1.2 (Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements)** dahil ang reaksiyong papel ay nagsisilbing pagtataya


	• Magbigay ng sariling opinyon tungkol sa mga ipinakitang pagpapahalaga at suliranin. **Wakas:** • Ilahad ang pinakamahalagang aral na nakuha mula sa pelikula. • Magbigay ng paninindigan kung paano maisasabuhay ang mensahe nito. **Pamantayan sa Pagbuo ng Reaksiyong Papel:** ✓ Malinaw na paglalahad ng opinyon - 5 puntos ✓ May sapat na paliwanag at halimbawa - 5 puntos ✓ Naipapakita ang kritikal na pagsusuri - 5 puntos ✓ Maayos ang organisasyon ng ideya at paggamit ng wika - 5 puntos	sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng ideya at pananaw. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 5) Gawain Bilang 2***
	Opsiyon B: Bakas ng Salaysay: Reaksiyon Ko, Pananaw Ko! *Ang mga mag-aaral ay magiging "tagasuri ng kuwento" na maghahanap ng mahahalagang bahagi ng akda tulad ng mga pangyayaring nag-iwan ng epekto sa kanila, mga aral na natutuhan, at mga pananaw na nais nilang ipahayag. Mula sa kanilang pagsusuri, bubuo sila ng isang reaksiyong papel na naglalaman ng kanilang personal na pag-unawa at kritikal na pagsusuri sa kuwento.* **Gabay na Tanong sa Pagbasa ng Maikling Kuwento: "Tata Selo"** **Pag-unawa sa Akda:** 1. Ano ang pangunahing suliraning hinaharap ni Tata Selo sa kuwento? 2. Ano ang naging dahilan ng pagkilos at desisyon ng pangunahing tauhan? 3. Paano ipinakita sa kuwento ang kalagayan ng isang taong naaapi o nasa mahirap na sitwasyon? 4. Anong pangyayari sa kuwento ang pinakamalaking epekto sa iyo? Bakit? 5. Ano ang ipinahihiwatig ng kuwento tungkol sa kapangyarihan, katarungan, at mga karapatan ng tao?	Para sa Opsiyon B: **Bakas ng Salaysay: Reaksiyon Ko, Pananaw Ko!** Sa gawaing ito, gagamit ang guro ng maikling kuwentong **"Tata Selo" ni Rogelio Sikat** bilang lunsaran upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng akda at pagsulat ng reaksiyong papel. Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga gabay na tanong upang matukoy ang mahahalagang kaisipan, suriin ang mga pangyayari, at makabuo ng sariling pananaw na nakabatay sa kanilang pag-unawa sa binasang akda. Ang gawaing "Bakas ng Salaysay: Reaksiyon Ko, Pananaw Ko!" ay tumutugon sa **SSHS-IDF na Learner-Centered Instruction, Collaborative Learning, at Meaningful Learning Experience** dahil binibigyan nito ang mga mag-aaral ng pagkakataong maging aktibong kalahok sa pagbuo ng kahulugan mula sa binasang teksto. Nakatuon din ito sa **Authentic Assessment** sapagkat ang pagsulat ng reaksiyong papel

	6. Sang-ayon ka ba sa mga naging kilos ng mga tauhan? Ipaliwanag ang iyong sagot. 7. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ng pangunahing tauhan, paano mo haharapin ang suliranin? 8. Anong aral mula sa kuwento ang maaari mong maiugnay sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan? 9. May karanasan o sitwasyon ka bang naalala habang binabasa ang kuwento? Ipaliwanag. 10. Paano mababago ng isang tao ang hindi makatarungang sitwasyon na ipinakita sa kuwento? **Gabay sa Pagsulat ng Reaksiyong Papel** **Pamagat:** *"Tinig ng Isang Nakikibaka: Reaksiyon sa Kuwentong Tata Selo"* **Panimula:** ● Ipakilala ang pamagat ng kuwento at ang may-akda. ● Ibigay ang pangkalahatang ideya o mensahe ng akda. ● Ilahad ang unang reaksiyon o damdamin matapos mabasa ang kuwento. **Katawan:** ● Talakayin ang mga pangyayaring tumatak sa iyo. ● Ipaliwanag ang iyong pananaw tungkol sa mga tauhan at suliraning ipinakita. ● Iugnay ang mensahe ng kuwento sa sariling karanasan o mga pangyayari sa lipunan. **Wakas:** ● Ilahad ang pinakamahalagang aral na iyong nakuha sa kuwento. ● Magbigay ng sariling pananaw kung bakit mahalagang pag-aralan ang ganitong uri ng kuwento.	ay nagpapakita ng tunay na kakayahan ng mag-aaral na magsuri, magpahayag ng opinyon, at mag-ugnay ng aralin sa sariling karanasan at lipunan. Kaugnay nito, nakabatay ang gawain sa **Experiential Learning Theory** dahil ang pagbasa ng akda ay nagsisilbing karanasan na pinagninilayan, sinusuri, at inuugnay ng mga mag-aaral sa tunay na buhay. Ang gawaing ito ay tumutugon sa **PPST Indicator 1.4.2 (Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills)** dahil gumagamit ang guro ng malikhaing estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at pagsulat. Tumutugon din ito sa **PPST Indicator 5.1.2 (Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements)** sapagkat ginagamit ang reaksiyong papel bilang formative assessment upang masukat ang pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at kakayahang magpahayag ng mga mag-aaral.

	Pamantayan sa Reaksiyong Papel: ✓ Malinaw na pagpapahayag ng sariling opinyon - 5 puntos ✓ May ebidensiya mula sa binasang kuwento - 5 puntos ✓ May kritikal na pagsusuri sa mensahe ng akda - 5 puntos ✓ Organisado at wasto ang paggamit ng wika - 5 puntos	
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Opsiyon A: Direktang Pagtalakay ng Guro (Script + Guided Processing)** Maapos suriin ang napiling environmental video/maikling balita tungkol sa climate change sa komunidad, pag-uusapan ng buong klase kung paano makabuo ng reaksiyong papel na nakabatay sa tunay na isyung panlipunan. Ang reaksiyong papel ay hindi lamang basta opinyon. Ito ay isang **organisadong paglalahad ng pananaw** na may kasamang pagsusuri at ebidensya. May tatlong mahalagang bahagi ang reaksiyong papel: 👉 **Panimula** – dito ipinapakilala ang paksa at inilalahad ang unang reaksiyon 👉 **Katawan** – dito inilalahad ang pagsusuri, opinyon, at pag-uugnay sa mga pangyayari 👉 **Wakas** – dito inilalagay ang konklusyon at paninindigan Ngayon, balikan natin ang napanood nating pelikula. Tanong ko sa inyo: 👉 Ano ang pangunahing mensahe ng pelikula?" (👉 Makinig sa sagot, iproseso) "Magaling. Ngayon naman— 👉 Paano ninyo ito maiuugnay sa inyong sariling karanasan?" (👉 Sagot ng mag-aaral)	Tatalakayin ng guro ang short film, pag-uusapan ng buong klase kung paano nabubuo ang isang reaksiyong papel bilang isang uri ng akademikong sulatin. **Sa inyong IPT, kayo ay magiging Youth Environmental Advocates. Kaya ang inyong reaksiyong papel ay hindi lamang opinyon—ito ay dapat may batayang datos, obserbasyon, at pagsusuri.** · Bibigyang-diin ng guro ang pagkakaiba ng opinyon vs. reaksiyong papel · I-model ang tamang halimbawa ng pangungusap · Hikayatin ang lahat ng mga mag-aaral na magbahagi ng ideya · Gumamit ng tanong upang mapanatili ang interaksyon · Iugnay ang aralin sa real-life experience ng mag-aaral Itatanong ng guro: 👉 Ano ang pangunahing suliraning pangkapaligiran na inyong napansin? 👉 Paano ito nakaaapekto sa inyong barangay? Ang talakayang ito ay tumutugon sa: Domain 1.1.2 → Malinaw na pagpapaliwanag ng konsepto

	“Napakahalaga niyan, dahil sa reaksiyong papel, hindi sapat ang paglalarawan lamang. Kailangan may pagsusuri at pagninilay. Tandaan: ✔ Ang opinyon ay dapat may batayan o ebidensya ✔ Ang wika ay dapat pormal at malinaw ✔ Ang ideya ay dapat organisado Halimbawa: Hindi sapat na sabihing: ❌ ‘Maganda ang pelikula.’ Mas mainam na sabihin: ☑ ‘Maganda ang pelikula dahil ipinakita nito ang realidad ng pagkakaiba ng antas ng pamumuhay na sumasalamin sa tunay na sitwasyon ng lipunan maging ang pagbibigay halaga sa kapaligiran.’ Ngayon, pag-usapan naman natin ang estruktura ng wika. Sa akademikong sulatin: 👉 Iwasan ang salitang pasalita o impormal 👉 Gumamit ng malinaw at tuwirang pahayag 👉 Ipakita ang paggalang sa ideya ng iba At tandaan— Sa bawat opinyon, dapat may paliwanag at halimbawa. Ngayon, handa na ba kayong gumawa ng sarili ninyong reaksiyong papel?”	Domain 1.5.2 → Paglinang ng critical thinking Domain 4.2.2 → Organized at logical na lesson delivery
	Opsiyon B: Interaktibong Pagtalakay (Guided Analysis + Participation) “Ngayon naman, klas, titingnan natin kung paano ninyo ilalapat ang inyong natutuhan sa paggawa ng reaksiyong papel. Kanina, sinuri natin ang kuwento/pelikula. Ngayon, itanong natin: 👉 Ano ang pinagkaiba ng ‘pagkuwento’ at ‘reaksiyon’?” (👉 Sagot ng mag-aaral) “Tama. Ang pagkuwento ay paglalahad lamang ng pangyayari, ngunit ang reaksiyon ay may:	Para sa Opsiyon B: **Interaktibong Pagtalakay (Guided Analysis + Participation)** ● Hihikayatin ng guro ang **lahat ng mag-aaral na magsalita** ● Magbigay ng **scaffolding questions** ● I-check ang pag-unawa bago magpatuloy ● Bigyang-diin ang: o kritikal na pag-iisip o organisadong pagsulat

	✔ Sariling opinyon ✔ Pagsusuri ✔ Paninindigan Ngayon, subukan natin. 👉 Kung sasabihin ko: 'Nahirapan ang tauhan' — ano pa ang dapat idagdag?" (👉 Sagot) "Magaling. Dapat may paliwanag kung bakit at ano ang epekto nito. Sa paggawa ng reaksiyong papel, kailangan ninyong: ☑ Ipaliwanag ang pangyayari ☑ Suriin ang mensahe ☑ Iugnay sa sarili o lipunan Ngayon, pag-usapan natin ang awdyens at layon. Kung ang isusulat ninyo ay para sa guro: 👉 Pormal ang wika 👉 Maayos ang estruktura Kung para sa kaibigan lamang: 👉 Mas malaya ang estilo Kaya mahalaga ang pag-aangkop ng wika. Ngayon, isipin ninyo: 👉 Paano kung puro opinyon lang at walang ebidensya ang inyong papel?" (👉 Sagot ng mag-aaral) "Tama. Hindi ito magiging kapani-paniwala. Kaya tandaan: ✔ Ang reaksyon ay dapat may batayan ✔ Ang ideya ay dapat malinaw ✔ Ang pagsulat ay dapat organisado Ngayon, gagamitin na natin ang mga prinsipyong ito sa inyong gagawing reaksiyong papel."	• Magbigay ng positibong reinforcement Ang bahaging ito ay nakatuon sa · **Domain 3.1.2** → Learner-centered and interactive teaching · **Domain 4.5.2** → Adaptation of strategies based on learner responses · **Domain 5.1.2** → Formative questioning as assessment
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: Tamang Timbang ng Reaksiyon!**	**Para sa Opsiyon A: Tamang Timbang ng Reaksiyon sa Suliraning Pangkapaligiran**


	 Mulasa:https://m365.cloud.microsoft/chat/conversation/71ae3c3e-82fb-4d16-8293-a83087df3d19?auth=2&origindomain=Office&from=NoAccountOnStart ***Panuto:*** Magbigay ng isang maikling sipi mula sa napanood na short film, binasang akda, o datos na may kaugnayan sa suliraning pangkapaligiran (hal. basura, pagbaha, climate change). Susuriin ito ng mga mag-aaral at bubuo ng **mini reaction** na may tamang balanse ng: 1. **Fact (Katotohanan)** – Isang pangungusap na naglalarawan ng katotohanan mula sa sipi o datos 2. **Opinyon** – Isang pangungusap na nagpapakita ng sariling pananaw 3. **Paliwanag (Ebidensya/Dahilan)** – Isang pangungusap na sumusuporta sa opinyon gamit ang lohikal na dahilan o epekto sa komunidad.	Ang gawaing ito ay nakabatay sa Inquiry-Based Learning at Contextualization and Localization sa ilalim ng SSHS-IDF sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri ng tunay na datos at sitwasyong pangkapaligiran sa kanilang komunidad upang makabuo ng makabuluhang reaksiyon. Nakaangkla ito sa Constructivist Theory ni Jean Piaget, na nagsasaad na ang pagkatuto ay nabubuo sa pamamagitan ng aktibong pagpoproseso at pag-uugnay ng bagong kaalaman sa dating karanasan at pag-unawa ng mag-aaral. Bago isagawa ang gawain, magbigay ang guro ng isang maikling sipi, datos, infographic, o ulat tungkol sa isang suliraning pangkapaligiran sa barangay gaya ng wastong pamamahala ng basura, pagbaha, o paggamit ng single-use plastics. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng pagkakaiba ng fact, opinyon, at paliwanag upang matiyak na ang kanilang reaksyon ay nakabatay sa ebidensya at hindi lamang sa personal na pananaw. Sa pagsasagawa ng gawain, hikayatin ang mga mag-aaral na: magsuri ng datos bago magbigay ng opinyon; magbigay ng malinaw na paliwanag o ebidensya bilang suporta sa kanilang pananaw; gumamit ng pormal at angkop na wika sa pagpapahayag; at maiugnay ang suliraning pangkapaligiran sa kanilang sariling karanasan at komunidad.

	1. 📍 Isusulat ito sa isang talahanayan: | Pangyayari | Opinyon | Paliwanag | | | | | 📍 Paglalapat gamit ang Datos: Magbibigay ang guro ng datos tulad ng: Dami ng basura sa barangay Antas ng pagbaha Pagtaas ng temperatura Pagkatapos, bubuo ang mag-aaral ng mini reaction: ☑ Fact: Batay sa ibinigay na datos ☑ Opinyon: Reaksiyon sa sitwasyon ☑ Paliwanag: Kaugnay sa epekto nito sa kapaligiran at komunidad 📈 **Dagdag na Pagsusuri:** Tukuyin kung ang datos ay nagpapakita ng: • 🔺 Pagtaas (problema ba ay lumalala?) • 🔻 Pagbaba (may pagbuti ba?) • ⚖️ Walang pagbabago Ipaliwanag kung bakit ito mahalaga sa pag-unawa sa mga suliraning pangkapaligiran. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 5) Gawain Bilang 3***	Magbigay ng agarang feedback at scaffolding sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang gabay sa pagbuo ng reaksyon. Tiyakin ding nabibigyan ng pagkakataon ang lahat na makilahok sa talakayan at maipahayag ang kanilang mga ideya. SSHS-IDF: Inquiry-Based Learning; Contextualization and Localization Teoryang Nakaangkla: Constructivist Theory (Jean Piaget) PPST Indicators: Domain 1.5.2 – Paglalapat ng mga estratehiyang nagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral; Domain 3.2.2 – Pagbibigay ng angkop na suporta at scaffolding upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pagkatuto; Domain 5.2.2 – Pagsubaybay at pagtataya sa pag-unlad ng pagkatuto sa pamamagitan ng pormatibong pagtataya at feedback.
	Opsiyon B: BUUIN MO AKO!" (Structured Reaction Writing)	Para sa Opsiyon B: **BUUIN MO AKO!" (Structured Reaction Writing)** Ang gawaing "BUUIN MO AKO!" (Structured Reaction Writing) ay nakabatay sa Scaffolded Learning at Contextualization and

	 Opsiyon B: “BUUIN MO AKO!” (Structured Reaction Writing) 📌 Panuto: Pipili ang bawat mag-aaral ng isang suliraning pangkapaligiran sa kanilang barangay na magiging paksa sa kanilang reaksiyong papel. Layunin ng gawaing ito na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng isang organisado, mapanuri, at makabuluhang reaksiyong papel. 📍 Pumili lamang ng isa sa sumusunod: ☑ Panimula – Ipakilala ang suliraning pangkapaligiran sa barangay at maglahad ng paunang reaksiyon batay sa sariling obserbasyon, karanasan, o nakalap na datos. ☑ Katawan – Suriin ang mga sanhi at epekto ng suliraning pangkapaligiran. Maglahad ng opinyon na may sapat na paliwanag at ebidensiyang maaaring hango sa datos, karanasan, panayam, o pananaliksik. ☑ Wakas – Magmungkahi ng kongkreto, makatotohanan, at makakalikasang solusyon sa suliranin at magpahayag ng sariling paninindigan bilang responsableng kabataan at mamamayan. 📌 Pamantayan sa Pagmamarka: Gumamit ng pormal at angkop na wika - 5 puntos Malinaw at organisado ang paglalahad ng mga ideya - 5 puntos	Localization sa ilalim ng SSHS-IDF. Sa gawaing ito, binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong pagtuunan muna ng pansin ang isang bahagi ng reaksiyong papel (panimula, katawan, o wakas) upang higit nilang maunawaan ang estruktura at tungkulin ng bawat bahagi bago makabuo ng isang ganap na akademikong sulatin. Nakaangkla ang gawaing ito sa Social Constructivist Theory ni Lev Vygotsky, partikular sa konsepto ng Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng gabay, scaffolding, at makabuluhang interaksyon sa guro at kapwa mag-aaral. Sa pagpapatupad ng gawain, gabayan ang mga mag-aaral sa: • paggamit ng pormal at angkop na wika; • pagbuo ng malinaw, organisado, at lohikal na ideya; • pagbibigay ng opinyon na may sapat na paliwanag at ebidensya; at • pag-uugnay ng kanilang mga pananaw sa mga suliraning pangkapaligiran sa komunidad. Mahalagang bigyang-diin ang pagkakaiba ng simpleng opinyon at reaksiyong papel na may kritikal na pagsusuri. Hikayatin ang mga mag-aaral na maging mapanuri, responsable, at malikhaing tagapagpahayag ng kanilang pananaw bilang kabataan. Pagkatapos ng gawain, magbigay ng agarang feedback at pagkakataon para sa

	Nagbigay ng opinyong may sapat na paliwanag at batayan - 5 puntos Naugnay ang suliranin sa konteksto ng sariling komunidad kung kinakailangan - 5 puntos	pagbabahagi ng output upang higit na mapalalim ang pagkatuto at mapahusay ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. SSHS-IDF: Scaffolded Learning; Contextualization and Localization Teoryang Nakaangkla: Social Constructivist Theory (Lev Vygotsky) – Zone of Proximal Development (ZPD) PPST Indicators: • Domain 1.5.2 – Paglalapat ng mga estratehiyang nagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. • Domain 3.1.2 – Paggamit ng learner-centered na mga estratehiya upang aktibong makilahok ang mga mag-aaral sa pagkatuto. • Domain 4.2.2 – Pagpaplano at pagpapatupad ng organisado at angkop na mga gawaing pampagkatuto. • Domain 5.1.2 – Paggamit ng pormatibong pagtataya at feedback upang masubaybayan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 5) Gawain Bilang 4***
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **1. Opsiyon A: "REAKSYON SA KALIKASAN"**  	Para sa Opsiyon A: **"REAKSYON SA KALIKASAN"** Ang gawaing "Reaksyon sa Kalikasan" ay nakatuon sa paglalapat ng mga natutuhan ng mga mag-aaral tungkol sa akademikong komunikasyon sa pagsusuri ng mga tunay na suliraning pangkapaligiran. Sa pamamagitan ng gawaing ito, nabibigyan sila ng pagkakataong makapagpahayag ng sariling pananaw, makapagsuri ng impormasyon, at makapagbigay ng

	Mula sa :https://m365.cloud.microsoft/chat/conversation/71ae3c3e-82fb-4d16-8293a83087df3d19?auth=2&origindomain=Office&from=NoAccountOnStart 📌 Panuto: Magpapakita ang guro ng isang larawan, infographic, datos, o maikling balita tungkol sa isang suliraning pangkapaligiran sa komunidad gaya ng pagbaha, polusyon, hindi wastong pamamahala ng basura, o epekto ng climate change. Matapos suriin ang ipinakitang materyal, bubuo ang mga mag-aaral ng isang maikling reaksiyong papel na may 3–5 na pangungusap gamit ang wastong estruktura. 👉 Panimula – Ilarawan ang suliraning pangkapaligiran at ilahad ang paunang reaksiyon dito. 👉 Katawan – Magbigay ng opinyon, pagsusuri, at paliwanag batay sa nakitang datos, impormasyon, o sariling obserbasyon. 👉 Wakas – Maglahad ng aral, mungkahing hakbang, o personal na paninindigan bilang responsableng mamamayan at tagapagtaguyod ng pangangalaga sa kalikasan. Pamprosesong Tanong Ano ang suliraning pangkapaligiran na ipinakikita sa larawan, datos, o balita? Ano ang iyong reaksiyon sa isyung ito? Ano ang posibleng epekto nito sa tao, komunidad, at kalikasan? Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagtugon sa suliraning ito? Bakit mahalagang magkaroon ng kamalayan at pakikilahok sa mga usaping pangkapaligiran?	makabuluhang reaksiyon batay sa datos at ebidensya. Ang gawaing ito ay gumagamit ng Contextualization and Localization at Experiential Learning sa ilalim ng SSHS-IDF sapagkat inuugnay nito ang aralin sa mga aktuwal na karanasan at sitwasyong nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang komunidad. Nakaangkla ito sa Experiential Learning Theory ni David Kolb, na nagsasaad na higit na nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag naiuugnay ng mga mag-aaral ang bagong kaalaman sa kanilang mga karanasan at pagmumuni-muni. Sa pagpapatupad ng gawain, gabayan ang mga mag-aaral sa: • pagsusuri ng impormasyong nakapaloob sa larawan, datos, o balita; • pagbibigay ng opinyong may sapat na paliwanag at ebidensya; • paggamit ng pormal at angkop na wika; at • pag-uugnay ng kanilang mga natutuhan sa mga suliraning pangkapaligiran sa komunidad. Magbigay ng agarang feedback upang higit na malinang ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at akademikong pagsulat. SSHS-IDF: Contextualization and Localization; Experiential Learning Teoryang Nakaangkla: Experiential Learning Theory (David Kolb)

		PPST Indicators: • Domain 1.5.2 – Paglalapat ng mga estratehiyang nagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. • Domain 3.3.2 – Paggamit ng mga estratehiyang nag-uugnay ng pagkatuto sa karanasan at konteksto ng mga mag-aaral. • Domain 5.1.2 – Paggamit ng pormatibong pagtataya upang masubaybayan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. • Domain 6.2.2 – Pag-uugnay ng mga gawaing pampagkatuto sa mga isyu at pangangailangan ng komunidad. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 5) Gawain Bilang 5***
	Opsiyon B: **"PANININDIGAN KO PARA SA KALIKASAN"**  https://m365.cloud.microsoft/chat/conversation/71ae3c3e-82fb-4d16-8293-a83087df3d19?auth=2&origindomain=Office&from=NoAccountOnStart 📌 Panuto: Bawat mag-aaral ay pipili ng isang bahagi ng reaksiyong papel at bubuuin ito batay sa paksang: "Pagbabago ng Klima at ang Aking Papel Bilang Kabataan" 📍 Pumili lamang ng isa sa sumusunod:	Para sa Opsiyon B: **"PANININDIGAN KO PARA SA KALIKASAN"** Ang gawaing "Paninindigan Ko para sa Kalikasan" ay naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng sariling pananaw, pagsusuri ng mga suliraning pangkapaligiran, at pagbuo ng organisadong reaksiyong papel. Sa pamamagitan ng gawaing ito, naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa mga aktuwal na isyu sa komunidad at napalalawak ang kanilang kamalayan bilang responsableng mamamayan. Ginagamit sa gawaing ito ang Contextualization and Localization at Reflective Learning sa ilalim ng SSHS-IDF sapagkat inuugnay nito ang pagkatuto sa mga tunay na karanasan at hinihikayat ang

	☑ Panimula – Ipakilala ang isyu ng pagbabago ng klima at maglahad ng paunang reaksiyon batay sa sariling karanasan, obserbasyon, o nakalap na impormasyon. ☑ Katawan – Suriin ang mga epekto ng pagbabago ng klima sa tao, komunidad, at kapaligiran. Maglahad ng opinyon na may sapat na paliwanag at ebidensiya mula sa datos, karanasan, o iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian. ☑ Wakas – Magmungkahi ng mga konkretong hakbang na maaaring gawin upang makatulong sa pangangalaga ng kalikasan at magpahayag ng sariling paninindigan bilang responsableng kabataan. Format ng Output Binubuo ng 3–5 pangungusap Gumagamit ng pormal at angkop na wika May malinaw at organisadong daloy ng ideya Nagpapakita ng kritikal na pag-iisip at pananagutan sa kapaligiran Pagbabahagi Pipili ang guro ng ilang mag-aaral upang ibahagi ang kanilang *output* sa klase. Magbibigay ang mga kamag-aral ng magalang, makabuluhan, at konstruktibong puna upang higit na mapahusay ang kanilang isinulat.	mga mag-aaral na magnilay sa kanilang papel sa pangangalaga ng kalikasan. Nakaangkla ito sa Transformative Learning Theory ni Jack Mezirow, na nagbibigay-diin sa paglinang ng kritikal na pagninilay upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at positibong pagbabago sa pananaw at pagkilos ng mga mag-aaral. Sa pagpapatupad ng gawain, gabayan ang mga mag-aaral sa: ● paggamit ng pormal at angkop na wika; ● pagbibigay ng opinyong may sapat na paliwanag at ebidensiya; ● pag-uugnay ng mga ideya sa sariling karanasan at sitwasyon ng komunidad; at ● pagpapahayag ng responsableng paninindigan hinggil sa mga suliraning pangkapaligiran. Hikayatin ang mga mag-aaral na magmungkahi ng mga makatotohanan at praktikal na hakbang na maaari nilang maisagawa bilang kabataan upang makatulong sa pangangalaga ng kalikasan. SSHS-IDF: Contextualization and Localization; Reflective Learning Teoryang Nakaangkla: Transformative Learning Theory (Jack Mezirow) PPST Indicators: • Domain 1.5.2 – Paglalapat ng mga estratehiyang nagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. • Domain 3.3.2 – Pag-uugnay ng pagkatuto sa karanasan at konteksto ng mga mag-aaral.

		Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 5) Gawain Bilang 6
	2. Paglalahat Opsiyon A: Pokus na Paglalahat (Structured Summary) 🎤 Paglalahat ng Guro (Script) "Samakatwid, natutuhan natin na ang reaksiyong papel ay isang uri ng akademikong sulatin na nangangailangan ng malinaw, organisado, at responsableng pagpapahayag ng kaisipan at pananaw. Napatunayan natin na ang mabisang komunikasyon sa akademikong konteksto ay: ✔ may malinaw na layon at awdyens; ✔ gumagamit ng angkop, pormal, at responsableng wika; ✔ nagpapakita ng organisadong estruktura ng paglalahad ng ideya; at ✔ nakabatay sa pagsusuri, ebidensiya, at makabuluhang pagninilay. Sa pamamagitan ng pagsulat ng reaksiyong papel tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran, naipakikita ninyo ang inyong kakayahan sa: 👉 pagsusuri ng impormasyon at datos; 👉 pagbibigay ng makabuluhang opinyon at paninindigan; 👉 pag-uugnay ng mga isyu sa sariling karanasan at komunidad; at 👉 pagmumungkahi ng mga konkretong hakbang para sa pangangalaga ng kalikasan. Tandaan ninyo, ang isang mahusay na manunulat ay hindi lamang nagpapahayag ng sariling opinyon. Siya ay nagsusuri, nagbibigay-katwiran, at nagmumungkahi ng mga solusyong makatutulong sa kapakanan ng nakararami. Bilang kabataan, mahalaga ang inyong tinig sa pagpapalaganap ng kamalayang pangkapaligiran at sa	Para sa Opsiyon A: **Pokus na Paglalahat (Structured Summary)** Ang bahaging ito ay naglalayong pagtibayin at lagumin ang mahahalagang konseptong natutuhan ng mga mag-aaral tungkol sa reaksiyong papel bilang isang anyo ng akademikong komunikasyon. Sa pamamagitan ng pokus na paglalahat, natutulungan ang mga mag-aaral na maiugnay ang kanilang natutuhan sa mga tunay na suliraning pangkapaligiran at sa kanilang papel bilang responsableng mamamayan. Ginagamit sa gawaing ito ang Reflective Learning at Metacognitive Learning sa ilalim ng SSHS-IDF upang mahikayat ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kanilang natutuhan, masuri ang kanilang pag-unawa, at makita ang kahalagahan ng akademikong komunikasyon sa pang-araw-araw na buhay. Nakaangkla ito sa Constructivist Theory ni Jean Piaget, na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan mula sa kanilang mga karanasan at natamong kaalaman. Sa paglalahat, mahalagang: bigyang-diin ang mahahalagang konsepto ng reaksiyong papel; balikan ang kahalagahan ng layon, awdyens, at angkop na wika; iugnay ang aralin sa mga suliraning pangkapaligiran at responsibilidad ng mga mamamayan; at

	pagsusulong ng mga gawaing makatutulong sa pangangalaga ng ating komunidad at kalikasan."	hikayatin ang mga mag-aaral na ilapat ang kanilang natutuhan sa mga susunod na gawaing akademiko at pangkomunidad. SSHS-IDF: Reflective Learning; Metacognitive Learning Teoryang Nakaangkla: Constructivist Theory (Jean Piaget) PPST Indicators: • Domain 1.1.2 – Pagpapakita ng malalim at malinaw na kaalaman sa nilalaman ng aralin. • Domain 1.5.2 – Paglinang ng kritikal at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. • Domain 4.2.2 – Pagpapatupad ng organisado at makabuluhang proseso ng pagkatuto. • Domain 5.1.2 – Paggamit ng mga estratehiya sa pormatibong pagtataya upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral.
	Opsiyon B: "BUOD KO, KUHA KO!" 📌 Panuto: Sagutin ang sumusunod na pangungusap upang maipakita ang iyong pag-unawa sa reaksiyong papel at sa kahalagahan ng mabisang komunikasyon sa pagtalakay ng mga suliraning pangkapaligiran. Kumpletuhin ang mga pangungusap: 👉 Natutuhan ko na ang reaksiyong papel ay _____. 👉 Mahalagang gumamit ng pormal at angkop na wika dahil _____. 👉 Sa pagsulat ng reaksiyong papel, kailangang isaalang-alang ang _____. 👉 Ang aking pananaw tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran tulad ng climate change ay _____.	Para sa Opsiyon B: **"BUOD KO, KUHA KO!"** Ang gawaing "Buod Ko, Kuha Ko!" ay isang reflektibong gawain na naglalayong masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang konsepto ng reaksiyong papel, mabisang komunikasyon, at kamalayang pangkapaligiran. Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga pahayag, nabibigyan sila ng pagkakataong balikan, suriin, at lagumin ang kanilang mga natutuhan mula sa aralin. Ginagamit sa gawaing ito ang Reflective Learning at Metacognitive Learning sa ilalim ng SSHS-IDF sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magnilay sa kanilang pagkatuto, masuri ang kanilang pag-unawa,

	👉 Bilang mag-aaral, maipapakita ko ang aking pakikilahok sa pangangalaga ng kalikasan sa pamamagitan ng _____. 👉 Ang pinakamahalagang aral na aking natutuhan sa araling ito ay _____. Pagbabahagi Pipili ang guro ng ilang mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga sagot sa klase. Pagkatapos ng pagbabahagi, magbibigay ang guro at mga kamag-aral ng magalang, positibo, at konstruktibong puna upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng bawat isa sa aralin.	at maiugnay ang mga konsepto sa kanilang sariling karanasan at pananaw. Nakaangkla ito sa Constructivist Theory ni Jean Piaget, na nagbibigay-diin sa aktibong pagbuo ng kahulugan at pag-unawa batay sa karanasan at dating kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pagpapatupad ng gawain, mahalagang: hikayatin ang lahat ng mag-aaral na magbigay ng tapat at makabuluhang sagot; tanggapin at pahalagahan ang iba't ibang pananaw ng mga mag-aaral; magbigay ng paglilinaw sa mga konseptong nangangailangan pa ng pagpapalalim; iugnay ang mga natutuhan sa mga aktuwal na suliraning pangkapaligiran sa komunidad; at gamitin ang mga sagot bilang batayan sa pormatibong pagtataya ng pag-unawa ng mga mag-aaral. SSHS-IDF: Reflective Learning; Metacognitive Learning Teoryang Nakaangkla: Constructivist Theory (Jean Piaget) PPST Indicators: • Domain 1.1.2 – Pagpapakita ng malalim at malinaw na kaalaman sa nilalaman ng aralin.
	3. Pagtataya Opsiyon A: Opinyon Kong May Pananagutan Talkshow **Layunin:** *Naipapaliwanag kung paano nakatulong ang paggawa ng reaksiyong papel sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon.* **Panuto:** 1. Hahatiin ang klase sa maliliit na pangkat.	Para sa Opsiyon A: **Opinyon Kong May Pananagutan Talkshow** Ang gawaing ito ay nakahanay sa SHS Instructional Design Framework (SHS-IDF) – Domain 4: Paglalapat at Paglilipat (Transfer) sapagkat binibigyan nito ang mga mag-aaral ng pagkakataong mailapat sa isang makatotohanang sitwasyon ang kanilang natutuhan sa pagsulat ng

2. Lilikha ang mga mag-aaral ng **2–3 minutong Mini Talkshow** na magtransform bilang Boy Abunda o Kris Aquino na sasagot sa tanong:

"Paano nakatutulong sa akin ang pagsulat ng reaksiyong papel upang maging mas mapanuri at responsable sa pagpapahayag ng aking opinyon?"

3. Sa presentasyon, dapat:
   - Ipaliwanag ang kahalagahan ng kritikal na pag-iisip sa pagsulat ng reaksiyong papel;
   - Magbigay ng kongkretong halimbawa kung paano nila sinuri ang impormasyon bago bumuo ng opinyon;
   - Talakayin kung bakit mahalagang maging responsable sa pagpapahayag ng saloobin lalo na sa social media at iba pang plataporma.

4. Maaaring gumamit ng simpleng video recording, audio recording, o live presentation sa klase.

Pamantayan	**Puntos**
Malinaw na pagpapaliwanag ng natutuhan	10
Pagpapakita ng kritikal na pag-iisip	10
Pagpapahalaga sa responsableng pagpapahayag ng opinyon	10
Pagkamalikhain at organisasyon ng presentasyon	10
Kaangkupan ng wika at pagsasalita	10
Kabuoan	**50**

reaksiyong papel. Sa pamamagitan ng isang mini talkshow, naililipat nila ang kanilang pag-unawa sa kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon tungo sa makabuluhang komunikasyon.

Makikita ang impluwensiya ng Social Learning Theory ni Albert Bandura dahil natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagmamasid, pakikipag-ugnayan, at pagpapalitan ng ideya sa loob ng pangkat habang isinasagawa ang talkshow.

PPST Indicator
1.5.2 – Paglalapat ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Tinunugunan ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang **"Naipapaliwanag kung paano nakatulong ang paggawa ng reaksiyong papel sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon."**

Opsiyon B: **Suriin, Timbangin, Ipahayag**

Layunin:
Naipapaliwanag kung paano nakatutulong ang paggawa ng reaksiyong papel sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon.

Panuto:
Basahin at pagnilayan ang sumusunod na pahayag:

Para sa Opsiyon B: **Suriin, Timbangin, Ipahayag**

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **SHS Instructional Design Framework (SHS-IDF) – Domain 4: Transfer (Paglalapat at Paglilipat)** sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na mailipat ang kanilang natutuhan mula sa pagsulat ng reaksiyong

	"Sa panahon ng social media, madaling magbigay ng opinyon tungkol sa anumang isyu. Gayunpaman, mahalagang suriin muna ang impormasyon bago magpahayag upang maiwasan ang pagkalat ng maling impormasyon at hindi pagkakaunawaan." Bilang indibidwal na gawain, sumulat ng isang **Reflection Essay** (150–200 salita) na sasagot sa sumusunod na gabay na tanong: 1. Paano nakatutulong sa iyo ang pagsulat ng reaksiyong papel upang maging mas mapanuri sa mga impormasyon na iyong nababasa o napapanood? 2. Anong kasanayan sa kritikal na pag-iisip ang iyong nalinang habang bumubuo ng reaksiyong papel? 3. Paano mo maisasabuhay ang responsableng pagpapahayag ng opinyon sa paaralan, tahanan, at social media? 4. Bakit mahalagang may sapat na batayan at ebidensiya bago magbigay ng sariling pananaw?	papel tungo sa mas malalim na pagninilay at pagpapaliwanag kung paano nito nahubog ang kanilang kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon sa tunay na buhay, partikular sa konteksto ng social media. Sumasalamin ang gawain sa **Metacognitive Theory**, dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na magmuni-muni sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto—kung paano sila nag-isip, nagsuri, at bumuo ng opinyon. **PPST Indicators na Tinutugunan** **PPST Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy** ● **1.5.2** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na humihikayat ng kritikal na pag-iisip at malalim na pag-unawa. **PPST Domain 3: Diversity of Learners** ● **3.1.2** – Nakabubuo ng mga gawaing angkop sa antas ng pag-unawa ng mag-aaral at nakapagpapalalim ng pagninilay. Tina-target ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang **"Naipapaliwanag kung paano nakatulong ang paggawa ng reaksiyong papel sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at responsableng pagpapahayag ng opinyon."**
VI. PAGTATAYAN G PANGYUNIT	**4. Karagdagang Gawain:** **Opsiyon A: Pag-unawa sa Akademikong Komunikasyon at Reaksiyong Papel**	Para sa Opsiyon A: Mga Kasagutan: 1. C 2. B 3. C

	📌 Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot. 1. Ano ang pangunahing layunin ng akademikong komunikasyon? A. Maglibang lamang B. Magpatawa ng mga mambabasa C. Magpahayag ng ideya nang malinaw, organisado, at may tiyak na layunin D. Magkuwento ng personal na karanasan 2. Ano ang pinakamahalagang isaalang-alang sa pagsulat ng akademikong teksto? A. Haba ng sulatin B. Awdyens, layon, at konteksto C. Sariling opinyon lamang D. Disenyo ng papel 3. Ano ang wastong estruktura ng reaksiyong papel? A. Katawan – Panimula – Wakas B. Wakas – Katawan – Panimula C. Panimula – Katawan – Wakas D. Panimula lamang 4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pormal na wikang akademiko? A. “Grabe ang init!” B. “Mainit lang naman.” C. “Nakakainis ang klima.” D. “Ang pagbabago ng klima ay may malaking epekto sa kapaligiran at pamumuhay ng tao.” 5. Ano ang pangunahing tungkulin ng ebidensiya sa reaksiyong papel? A. Pampaganda ng sulatin B. Pampahaba ng talata C. Pagdaragdag ng mahihirap na salita D. Pagpapatibay sa opinyon at pagsusuri ng	4. C 5. C 6. C 7. B 8. C 9. B 10. C Ang pagtatayang ito ay naglalayong masukat ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pangunahing konsepto ng akademikong komunikasyon at reaksiyong papel. Sinusuri nito ang kanilang kaalaman sa layon, awdyens, estruktura, paggamit ng pormal na wika, kritikal na pag-iisip, at wastong pagpapahayag ng pananaw sa mga isyung pangkapaligiran at panlipunan. Sa pamamagitan ng mga tanong na nakabatay sa tunay na sitwasyon at suliraning pangkapaligiran, natutulungan ang mga mag-aaral na maiugnay ang kanilang natutuhan sa mga karanasan at hamon sa kanilang komunidad. Ang gawaing ito ay nagsisilbi ring pormatibong pagtataya upang matukoy ng guro ang lawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral bago sila lumipat sa mas mataas na antas ng aplikasyon at paglikha ng akademikong sulatin. Sa pagproseso ng mga sagot, mahalagang: bigyang-diin ang kahalagahan ng malinaw at organisadong komunikasyon; linawin ang wastong estruktura ng reaksiyong papel; talakayin ang gamit ng ebidensiya sa pagpapatibay ng opinyon;

	manunulat 6. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng inklusibo at responsableng wika? A. “Sila na lamang ang kumilos.” B. “Hindi ako kasali sa problemang ito.” C. “Ikaw lamang ang may pananagutan.” D. “Tayo ay dapat magtulungan sa pangangalaga ng kalikasan.” 7. Ano ang karaniwang nilalaman ng katawan ng reaksiyong papel? A. Pagsusuri, opinyon, at mga ebidensiyang sumusuporta rito B. Pamagat at sanggunian C. Panimula lamang D. Buod ng paksa 8. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kritikal na pag-iisip? A. “Okay lang iyan,” B. “Masama ang panahon.” C. “Hindi ko alam ang dahilan.” D. “Ang polusyon ay maaaring bunga ng hindi wastong pamamahala ng basura at kakulangan sa disiplina ng ilang mamamayan.” 9. Bakit mahalagang gumamit ng pormal na wika sa akademikong sulatin? A. Upang humaba ang sulatin B. Upang maging komplikado ang mensahe C. Upang maging mahirap unawain D. Upang maging malinaw, obhetibo, at propesyonal ang pagpapahayag. 10. Bilang kabataan, ano ang mahalagang papel mo sa pagtugon sa mga suliraning pangkapaligiran? A. Manatiling tagamasid lamang B. Hintayin ang iba na kumilos	iugnay ang akademikong komunikasyon sa mga suliraning pangkapaligiran at panlipunan; at magbigay ng agarang feedback upang maitama ang mga maling pag-unawa ng mga mag-aaral. SSHS-IDF: Assessment for Learning (AfL); Contextualization and Localization Teoryang Nakaangkla: Constructivist Theory (Jean Piaget) PPST Indicators: • Domain 1.1.2 – Pagpapakita ng kaalaman at pag-unawa sa nilalaman ng asignatura at mga kaugnay na estratehiya sa pagtuturo. • Domain 1.5.2 – Paglinang ng kritikal, malikhain, at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. • Domain 5.1.2 – Paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtataya upang masubaybayan ang pag-unlad ng pagkatuto. • Domain 5.2.2 – Pagsubaybay at pagbibigay ng naaangkop na feedback upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

	C. Umiwas sa mga usaping pangkapaligiran D. Maging aktibong kalahok sa pangangalaga ng kalikasan at pagpapalaganap ng kamalayan sa komunidad	
	Opsiyon B: Pagsusuri at Aplikasyon sa Akademikong Komunikasyon at Reaksiyong Papel 📌 Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot. 1. Alin sa sumusunod ang pinakamahusay na panimula para sa isang reaksiyong papel tungkol sa climate change? A. “Ang pagbabago ng klima ay isang seryosong suliraning may malaking epekto sa tao, lipunan, at kapaligiran.” B. “Grabe ang init sa labas.” C. “Maraming problema sa mundo.” D. “Mainit ang panahon ngayon.” 2. Ano ang dapat idagdag sa isang opinyon upang maging akademikong pahayag? A. Personal na damdamin lamang B. Ebidensya at lohikal na paliwanag C. Mga salitang balbal D. Mga haka-haka 3. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng wastong pagsusuri sa isang isyung pangkapaligiran? A. “Masama ang basura.” B. “Ayoko sa maruming kapaligiran.” C. “Hindi ko gusto ang nagyayari.” D. “Ang polusyon ay nagdudulot ng mga suliraning pangkalusugan at pagkasira ng kapaligiran. 4. Alin ang nagpapakita ng paggalang sa pananaw ng iba? A. “Mali ang iyong opinyon.” B. “Wala kang alam sa paksa.” C. “Tumahimik ka na lamang.” D. “Mahalaga ang iyong punto, ngunit maaari pa itong palalimin sa pamamagitan ng karagdagang ebidensya.	Para sa Opsiyon B: **Pagsusuri at Aplikasyon sa Akademikong** Mga Kasagutan: 1. B 2. B 3. C 4. C 5. C 6. C 7. B 8. B 9. C 10. C Ang pagtatayang ito ay nakatuon sa pagsusuri at paglalapat ng mga konsepto ng akademikong komunikasyon at pagsulat ng reaksiyong papel sa mga sitwasyong may kaugnayan sa kalikasan at lipunan. Layunin nitong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng kritikal na pag-iisip, magpahayag ng pananaw na may sapat na batayan, at makapagsuri ng mga isyung pangkapaligiran gamit ang akademikong wika. Ginagamit sa gawaing ito ang Assessment for Learning (AfL) at Contextualization and Localization sa ilalim ng SSHS-IDF upang maiugnay ang mga konsepto sa mga tunay na karanasan at suliraning kinahaharap ng komunidad. Nakaangkla ito sa Constructivist Theory ni Jean Piaget, na nagbibigay-diin sa aktibong pagbuo ng kaalaman sa pamamagitan ng

	5. Ano ang dapat isaalang-alang sa pagsulat para sa isang akademikong awdyens? A. Haba ng sulatin B. Personal na kagustuhan lamang C. Impormal na pananalita D. Layon, awdyens, at paggamit ng pormal na wika 6. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng malinaw na paninindigan? A. “Bahala na kung ano ang mangyari.” B. “Hindi ko alam ang dapat gawin.” C. “Wala akong pakialam sa isyo.” D. “Bilang kabataan, naniniwala akong may mahalagang papel ako sa pangangalaga ng kalikasan.” 7. Ano ang mahalagang nilalaman ng wakas ng reaksiyong papel? A. Bagong impormasyon o paksa B. Pamagat ng sulatin C. Mga detalye lamang D. Paninindigan, kongklusyon, at mungkahing hakbang 8. Bakit mahalagang maiugnay ang sulatin sa mga isyu sa lipunan at kapaligiran? A. Upang humaba ang sulatin B. Upang makakuha ng mataas na marka lamang C. Upang maging mas komplikado ang sulatin D. Upang maging makabuluhan at may kaugnayan sa tunay na buhay 9. Ano ang papel ng multimedia sa akademikong komunikasyon? A. Hindi ito mahalaga sa komunikasyon B. Pandagdag lamang sa presentasyon C. Pampaganda lamang ng output D. Nakatutulong sa mas malinaw at mas epektibong pagpapahayag ng impormasyon at ideya 10. Paano maipapakita ang integridad sa akademikong pagsulat?	pagsusuri, pag-uugnay ng impormasyon, at paglalapat ng mga natutuhan sa mga makabuluhang sitwasyon. SSHS-IDF: Assessment for Learning (AfL); Contextualization and Localization Teoryang Nakaangkla: Constructivist Theory (Jean Piaget) PPST Indicators: • Domain 1.5.2 – Paglinang ng kritikal at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. • Domain 3.3.2 – Pag-uugnay ng pagkatuto sa mga tunay na sitwasyon at karanasan ng mga mag-aaral. • Domain 5.1.2 – Paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtataya upang masubaybayan ang pagkatuto. • Domain 5.2.2 – Pagbibigay ng naaangkop at napapanahong feedback upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pagtalakay ng mga sagot, hikayatin ang mga mag-aaral na ipaliwanag ang kanilang mga piniling sagot upang higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa reaksiyong papel, akademikong komunikasyon, at responsableng pakikilahok sa mga usaping pangkapaligiran.

	A. Pagkopya ng ideya ng iba nang walang pagkilala B. Tapat na paggamit ng impormasyon at wastong pagbanggit sa pinagmulan ng datos o ideya C. Pagbabago ng ideya ng iba upang magmukhang sariling gawa D. Hindi pagbibigay ng sanggunian	

VII. PAGNINILAY



Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
   _____
2. Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.
   _____
3. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.
   _____
4. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.
   _____
5. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?
   _____
6. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?
   _____


MODELONG BANGHAY-ARALIN 6			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Aldimaer B. Uy		

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademikong at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at inklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at podcast; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	Pagbibigay-kahulugan • **Natutukoy kung paanong ang nilalaman, estruktura, at wika ng mga pasalita, pasulat, o multimodal na tekstong akademiko at teknikal ay hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto** Pakikilahok • **Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang paksang akademiko at teknikal** Pagpapahayag • **Nakabubuo ng maayos na tekstong akademiko at teknikal na nagpapamalas ng kamalayan at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon (hal. presentasyong may visual aid, sanaysay, ulat sa pananaliksik at pagsusuri, atbp.)** Pagninilay • **Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa kontekstong akademiko at pampagsasanay na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang upang mapaunlad ang pagganap at mahubog ang panghabambuhay na pagkatuto**
I. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Canva, Inc. (2026). Canva for Education: Infographics at presentation tools. https://www.canva.com/education. Multimodal Tool

	Department of Education. (2025). *DM_s2025_048r: Strengthened senior high school curriculum pilot implementation.* https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DM_s2025_048r.pdfDepartment Memorandum OpenAI. (2024). *ChatGPT-4o image generation capabilities for educational materials*. Nakuha mula sa https://openai.com Sebastian, E. P., & Villafuerte, J. S. (2016). *Komunikasyon sa pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino.* C&E Publishing, Inc. Tayao, M. L. G., et al. (2015) . *Mabisang komunikasyon: Wika at panitikan.* Vibal Group, Inc. Zafra, G. Q. (2017). *Retorika: Mabisang pagpapahayag sa Filipino.* Ateneo de Manila University Press	
II. NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO	Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo	
III. TUNGUHIN	Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: a. Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. b. Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin c. Nakagagamit ng pormal na wika at akademikong tono sa pagtalakay ng mga paksa para sa replektibong sanaysay. d. Nakapipili ng angkop na bokabularyo sa pagpapahayag ng posisyon o paninindigan sa isyung tinatalakay. e. Nakabubuo ng replektibong sanaysay na nagpapakita ng malalim na pagninilay sa personal na karanasan at natutuhan. f. Nakasusulat ng posisyong papel na may malinaw na paninindigan at sapat na ebidensya upang suportahan ang argumento. g. Nakagagawa ng kritisismo na naglalaman ng balanseng pagsusuri sa lakas at kahinaan ng isang akda, pelikula, o sining. h. Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo. i. Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko.	
IV. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: 4 PICS 1 WORD** *Panuto:* Hahatiin ng guro ang klase sa limang pangkat at magpapakita ng limang larawan na magsisilbing pahiwatig sa paghula ng salitang akademiko. Bibigyan ang bawat pangkat ng 30	Para sa Opsiyon A: **4 PICS 1 WORD** Ipabasa nang malakas sa bawat pangkat ang kanilang nahulaang salita at ipaliwanag ang kaugnayan nito sa mga

	segundo upang suriin ang larawan at tukuyin ang salitang maaaring tinutukoy nito. Kapag handa nang sumagot, kailangang itaas ng pangkat ang kanilang kamay at hintayin ang tawag ng guro. Ang pangkat na mapipili ay magbibigay ng kanilang sagot at ipaliliwanag kung paano nila ito nahinuha batay sa mga pahiwatig na nakita sa larawan. Bibigyan ng puntos ang bawat tamang sagot at maayos na pagpapaliwanag. Pagkatapos ng limang set, pagsasama-samahin ang lahat ng puntos, at ang pangkat na makakakuha ng pinakamataas na kabuuang puntos ang siyang itituring na panalo. 1.  2.  3.  4. 	larawan bago tumanggap ng puntos. Maaaring gamitin ng guro ang mga larawang naibigay sa gawaing ito, o kaya'y pumili ng iba pang larawan ayon sa sariling pagpapasya, basta't angkop ang mga ito sa mga salitang akademikong target ng aralin. ***Salig sa SSHS-IDF, ito ay PARTICIPATING,*** *dahil hinihingi nitong ang mga mag-aaral ay aktibong makilahok sa pangkatang gawain sa pamamagitan ng paghula ng salita, pagpapaliwanag kung paano nakuha ang sagot, at pagtataas ng kamay upang sumagot—mga kilos na sumasalamin sa aktuwal na pakikilahok sa interaksyong pang-akademiko at pagpapahayag ng sariling kaisipan sa loob ng takdang panahon.* **PPST COT** **Indicator:** ***Indicator*** ***1.3.2*** *- Paggamit ng mga estratehiyang angkop sa antas ng pag-iisip at kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng biswal at interaktibong laro, naaakit ang atensyon ng mga mag-aaral at nalilinang ang kanilang kritikal*

	5. 	*na pag-iisip sa pag-uugnay ng mga larawan sa mga akademikong konsepto.* ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. ● Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin Talaan ng Sagot: 1. Repleksiyon 2. Posisyon 3. Kritik 4. sanaysay 5. ebidensya

		**Opsiyon B: ALAM KO NA, GUSTO KO PANG MALAMAN** *Panuto:* Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng dilaw at asul na *meta cards* upang isulat ang kanilang alam at gustong malaman tungkol sa replektibong sanaysay, posisyong papel, at kritisismo. Ipapaskil ang mga ito sa *discussion board* at magsasagawa ng *gallery walk* upang basahin at komentuhan ang mga sagot ng ibang pangkat. Pagkatapos, maglalaro ng "PAGTATAPAT-TAPAT" upang tukuyin ang uri ng sulatin batay sa mga pahayag. Babalikan ang mga sagot sa pagtatapos ng aralin upang punan ang bahagi na"NATUTUHAN KO NA."	Para sa Opsiyon B: **ALAM KO NA, GUSTO KO PANG MALAMAN** Ipagawa sa bawat pangkat ang pagsulat ng kanilang ALAM at GUSTONG MALAMAN sa dilaw at asul na *meta cards* tungkol sa replektibong sanaysay, posisyong papel, at kritisismo; ipaskil ang mga ito sa *discussion board;* magsagawa ng *gallery walk* upang basahin at komentuhan ang sagot ng iba; at magpatuloy sa larong 'PAGTATATAP-TAPAT' upang tukuyin ang uri ng sulatin batay sa mga pahayag, na babalikan sa pagtatapos ng aralin upang punan ang 'NATUTUHAN KO NA' na bahagi." ***Salig sa SSHS-IDF, ito ay PARTICIPATING,*** *dahil hinihingi nitong ang mga mag-aaral ay aktibong makilahok sa iba't ibang gawain gaya ng pagsulat ng kanilang alam at gustong malaman, pagbabasa at pagkokomento sa sagot ng iba sa pamamagitan ng gallery walk, at paglahok sa larong pagtukoy ng uri ng sulatin—na sumasalamin sa aktuwal na pakikilahok sa mga interaksyong pang-akademiko kung saan sila ay kapwa*

	Gabay na Tanong: 1. Ano ang mga karaniwang alam ninyo tungkol sa tatlong uri ng sulatin?" 2. "Ano ang mga tanong na paulit-ulit na lumalabas mula sa iba't ibang pangkat?" 3. "Sa inyong palagay, bakit mahalagang malaman ang pagkakaiba ng tatlong uri ng sulatin na ito?" 4. "Alin sa tatlo ang sa tingin ninyo ang pinakamadaling isulat? Bakit?" 5. "Ano ang inaasahan ninyong matutuhan sa araling ito?" 	*nagbibigay at tumatanggap ng impormasyon, nagpapahayag ng sariling kaisipan, at nakikipagtalastasan sa kapwa mag-aaral sa loob ng isang kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto.* **PPST COT Indicator: *Indicator 2.4.1*** *- Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral* ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko. ● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito.
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: PAMAGAT-TUKLAS: Ano ang Tinatago** Panuto: Ipakita sa mga mag-aaral ang mga pamagat ng akademikong sulatin upang matukoy nila ang uri, nilalaman, target na awdyens, at tono ng bawat isa, at maipaliwanag ang kanilang mga hula sa harap ng klase gamit ang talahanayan at rubric sa pagmamarka.	Para sa Opsiyon A: **PAMAGAT-TUKLAS: Ano ang Tinatago** ***Salig sa SSHS-IDF, ito ay PARTICIPATING,*** *dahil hinihingi nitong ang mga mag-aaral ay aktibong makilahok sa pagtukoy at pagsusuri ng mga*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 1



PAMAGAT-TUKLAS: ANO ANG TINATAGO


PAMAGAT	URI NG SULATIN	INAASAHANG NILALAMAN	TARGET NA AWDYNES
"Sa Gitna ng Unos: Mga Aral na Dala ng Pandemya"			
"Bakit Kailangan ng Mental Health Program sa Bawat Paaralan?"			
"Higit pa sa Libangan: Ang Nakatagong Mensahe ng mga Pelikulang Pilipino"			
"Mula sa Kwarto Hanggang sa Mundo: Ang Aking Pagkatuto sa Online Class"			
"Epekto ng Social Media sa Akademikong Pagganap: Isang Pagsusuri"			
"Buhay sa Likod ng Screen: Kwento ng Isang Mag-aaral sa New Normal"			
"Suliranin o Solusyon? Ang Tunay na Estado ng Edukasyon sa Pilipinas"			
"Likha at Lakas: Pagsipat sa mga Makabagong Pelikulang Pilipino"			
"Sa Ilalim ng Isang Bubong: Ang Aking Pamilya at ang Pandemya"			
"Basura at Bayan: Ang Responsibilidad ng Bawat Pilipino sa Kalikasan"			

pamagat ng akademikong sulatin, gayundin sa pagpapaliwanag ng kanilang mga hula sa harap ng klase—mga gawaing nangangailangan ng kritikal na pag-iisip, pagpapahayag ng sariling kaisipan, at pakikipag-ugnayan sa guro at kapwa mag-aaral, na sumasalamin sa aktuwal na pakikilahok sa mga interaksyong pang-akademiko kung saan sila ay kapwa nagbibigay at tumatanggap ng impormasyon sa isang bukas at kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto.

PPST COT
Indicator: *Indicator*
1.4.2 - Paggamit ng mga estratehiya sa pag-unawa ng teksto na nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

- Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito.
- Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng

		iba't ibang uri ng tekstong akademiko.
	Opsiyon B: TATLONG BINHI NG PAGKATUTO Panuto: Ipagawa sa bawat mag-aaral ang exit ticket sa pamamagitan ng pagsulat ng tatlong salitang naglalarawan sa kanilang mga inaasahan sa aralin tungkol sa replektibong sanaysay, posisyong papel, at kritisismo. Maaari rin nilang dagdagan ito ng maikling paliwanag at isang tanong na nais nilang masagot sa talakayan. Kolektahin ang mga sagot bago sila umalis upang magsilbing gabay sa pag-aangkop ng susunod na talakayan ayon sa kanilang pangangailangan at interes.  **RUBRIK SA INDIBIDWAL NA GAWAIN**	Para sa Opsiyon B: **TATLONG BINHI NG PAGKATUTO** Ipaliwanag ang layunin ng ‘ TATLONG BINHI NG PAGKATUTO' bilang pormatibong pagtataya; magbigay ng mga halimbawa ng tatlong salita na maaaring piliin ng mga mag-aaral; bigyan sila ng 5 minuto upang isulat ang kanilang tatlong salita at maikling paliwanag (opsyonal); kolektahin ang mga exit ticket; suriin ang mga ito pagkatapos ng klase sa pamamagitan ng pag-grupo ayon sa tema at pagtukoy ng mga karaniwan at natatanging sagot; at gamitin ang mga resultang ito bilang gabay sa susunod na araw upang matugunan ang mga inaasahan ng mga mag-aaral. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa REFLECTING,*** *dahil hinihingi nitong ang mga mag-aaral ay magbalik-tanaw sa kanilang sariling pag-iisip at damdamin sa pamamagitan ng pagtukoy ng tatlong salitang naglalarawan sa kanilang inaasahan, pagbibigay ng maikling paliwanag, at pagbuo ng isang*

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)
Kaugnayan ng mga Salita	Lubos na magkakaugnay ang tatlong salita sa inaasahan sa aralin; malinaw na nagpapakita ng pag-unawa sa paksa.	Magkakaugnay ang tatlong salita sa inaasahan sa aralin; nagpapakita ng sapat na pag-unawa sa paksa.	May ilang salitang hindi gaanong magkakaugnay sa inaasahan sa aralin.	Hindi magkakaugnay ang mga salita sa inaasahan sa aralin.


Kalidad ng Paliwanag	Napakalinaw at makabuluhan ang paliwanag kung bakit napili ang mga salita; nagpapakita ng malalim na pagninilay.	Malinaw ang paliwanag kung bakit napili ang mga salita; nagpapakita ng sapat na pagninilay.	Katamtaman ang paliwanag; may ilang bahaging hindi malinaw.	Walang paliwanag o hindi nauunawaan ang paliwanag.
Pagkamalikhain at Presentasyon	Lubos na malikhain ang presentasyon; may guhit na nagpapakita ng damdamin at personal na ugnayan sa aralin.	Malikhain ang presentasyon; may guhit ngunit limitado ang detalye.	May presentasyon ngunit kulang sa pagkamalikhain at detalye.	Walang guhit o presentasyon; hindi nagpapakita ng personal na ugnayan.

tanong—mga gawaing nangangailangan ng metacognition o pagmumuni-muni sa sariling kaalaman, saloobin, at pangangailangan bago pa man magsimula ang aralin, na sumasalamin sa aktuwal na proseso ng pagrereplekt kung saan ang mag-aaral ay kumikilala sa kanyang kasalukuyang estado ng pagkatuto upang gabayan ang kanyang sariling paglalakbay sa pag-unawa ng paksa.

PPST COT Indicator: *Indicator 3.4.1* - Paggamit ng pormatibong pagtataya upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

- Nakabubuo ng replektibong sanaysay na nagpapakita ng malalim na pagninilay sa personal na karanasan at natutuhan.
- Nakasusulat ng posisyong papel na may malinaw na paninindigan at sapat na ebidensya upang suportahan ang argumento.
- Nakagagawa ng kritisismo na naglalaman ng balanseng

		pagsusuri sa lakas at kahinaan ng isang akda, pelikula, o sining. ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko.
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: TATLONG PANIG, ISANG SULAT** *Panuto:* Hahatiin ang klase sa tatlong grupo. Bigyan ang bawat grupo ng halimbawa ng isang replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo upang suriin ang layunin, tono at wika, estruktura, target na awdyens, at natatanging katangian gamit ang comparison chart sa loob ng 15 minuto. Pagkatapos ay mag-uulat sa harap ng klase at bubuo ang buong klase ng comparison chart bilang gabay sa susunod na gawain.  Pagpapaliwanag ng Comparison Chart: 1. Layunin ng Teksto — Bakit isinulat ang teksto? Ano ang nais nitong iparating? 2. Tono at Wika — Ano ang damdamin o saloobin ng manunulat? Pormal ba o impormal ang wika? 3. Estruktura — Paano inorganisa ang teksto? May introduksyon, katawan, at konklusyon ba?	Para sa Opsiyon A: **TATLONG PANIG, ISANG SULAT** Hatiin ang klase sa tatlong grupo; bigyan ang bawat grupo ng kopya ng halimbawa ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo (mga sipi ay makikita sa kalakip na pahina); ipasuri sa kanila ang layunin, tono at wika, estruktura, target na awdyens, at natatanging katangian gamit ang comparison chart sa loob ng 15 minuto; at pagkatapos ay magpaulat sa harap ng klase upang bumuo ng buong klase na comparison chart bilang gabay sa mga susunod na gawain. **Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa PRODUCING,** *dahil hinihingi nitong ang mga mag-aaral ay hindi lamang umunawa ng impormasyon kundi lumikha ng isang* ***konkretong output****—*

4. Target na Awdyens — Sino ang inaasahang babasa ng teksto?
5. Natatanging Katangian — Ano ang mga katangiang nagpapabukod-tangi sa uri ng sulatin na ito?

RUBRIK SA PANGKATANG PRESENTASYON

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)
Nilalaman (Layunin, Tono at Wika, Estruktura)	Naipaliwanag nang malinaw at wasto ang lahat ng elemento na may ebidensya.	Naipaliwanag ang lahat ng elemento ngunit may ilang kakulangan.	Naipaliwanag ang ilang elemento lamang.	Hindi naipaliwanag nang maayos ang mga elemento.
Presentasyon (Kalinawan ng Ulat at Organisasyon)	Napakalinaw at organisado ang presentasyon; madaling sundan.	Malinaw at organisado ang presentasyon.	Katamtaman ang linaw at organisasyon.	Hindi malinaw at magulo ang presentasyon.
Pakikilahok ng Grupo	Lahat ng miyembro ay aktibong nakilahok.	Karamihan sa miyembro ay nakilahok.	Ilang miyembro lamang ang nakilahok.	Walang pakikilahok mula sa grupo.

ang comparison chart—na bunga ng kanilang pagsusuri, pagtutulungan sa pangkat, at pag-uulat sa harap ng klase, na sumasalamin sa kanilang kakayahang magsagawa ng mas malalim na pagsusuri at makabuo ng sariling pag-unawa sa pamamagitan ng organisadong presentasyon ng kanilang mga natuklasan bilang gabay sa susunod pang mga gawain.

PPST COT
Indicator: *Indicator 1.2.2* - Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng pag-unawa sa mga konsepto ng wika at komunikasyon.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:


- Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito.
- Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin

Opsiyon B: MUSEO NG MGA SULATIN
Panuto: Maghanda ng 4 hanggang 7 istasyon sa dingding na may mga nakapaskil na halimbawa ng akademikong sulatin


Para sa Opsiyon B: **MUSEO NG MGA SULATIN**


(maaaring gamitin ang mga sipi na nasa kalakip na pahina o pumili ng iba pang halimbawa ayon sa inyong pagpapasya); ipaliwanag sa mga mag-aaral na maglibot sa bawat istasyon at itala ang uri, estruktura, tono, at kanilang reaksyon sa bawat isa sa loob ng 10 minuto; at pagkatapos ay magsagawa ng buong klaseng talakayan upang ibahagi ang kanilang mga natuklasan at bumuo ng buod ng kanilang mga obserbasyon





Mga Halimbawang Sulatin na Maaaring Ipaskil:





RUBRIK SA INDIBIDWAL NA GAWAIN

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	Nangangailangan ng

Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa PARTICIPATING, dahil hinihingi nitong ang mga mag-aaral ay aktibong makilahok sa paglilibot sa iba't ibang istasyon, pagtatala ng mahahalagang impormasyon, at pagbabahagi ng kanilang mga natuklasan sa buong klaseng talakayan—mga gawaing nangangailangan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral at guro, kritikal na pag-iisip, at pagpapahayag ng sariling obserbasyon at reaksyon, na sumasalamin sa aktuwal na pakikilahok sa mga interaksyong pang-akademiko kung saan ang mag-aaral ay hindi lamang pasibong tagatanggap ng impormasyon kundi aktibong kalahok sa pagbuo ng kolektibong kaalaman sa pamamagitan ng paggalugad at pagbabahagi.

PPST COT
Indicator: ***Indicator 3.2.2*** - Paggamit ng mga aktibong estratehiya sa pagtuturo na nagpapalakas ng pakikilahok ng mga mag-aaral.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

					Pagpapabuti (2)	● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. ● Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin
	Kawastuhan ng Pagsusuri (Uri, Estruktura , at Tono)	Natutukoy nang wasto ang uri, estruktura, at tono ng lahat ng halimbawa na may ebidensya	Natutukoy nang wasto ang uri, estruktura, at tono ng karamihan sa halimbawa	Natutukoy nang wasto ang uri, estruktura, at tono ng ilang halimbawa	Hindi natukoy nang wasto ang uri, estruktura, at tono ng mga halimbawa	
	Kalinawan ng Reaksyon at Tanong	Nagbigay ng napakalinaw at makabuluhang reaksyon at matatalinong tanong sa bawat halimbawa	Nagbigay ng malinaw na reaksyon at tanong sa karamihan ng halimbawa	Nagbigay ng reaksyon at tanong sa ilang halimbawa ngunit may kakulangan	Walang reaksyon o tanong na naibigay	
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Pagsulat ng mga Replektibong Sanaysay, Posisyong Papel, o Kritisismo** **<u>REPLEKTIBONG SANAYSAY</u>** ♦ **Kahulugan** Ang **replektibong sanaysay** ay isang uri ng akademikong sulatin na nakatuon sa **personal na karanasan** ng manunulat at sa kanyang **malalim na pagninilay** tungkol sa karanasang iyon. Layunin nitong ibahagi ang mga natutuhan, realisasyon, at pagbabago sa pananaw ng manunulat bilang resulta ng kanyang karanasan. ♦ **Layunin**					Bahagi ng aralin kung saan ipinapakilala, ipinapaliwanag, at pinapalalim ng guro ang mga mahahalagang ideya, katangian, at estruktura ng tatlong uri ng akademikong sulatin — ang **replektibong sanaysay**, **posisyong papel**, at **kritisismo**. Ito ang puso ng aralin kung saan inilalatag ang pundasyong kaalaman na kakailanganin ng mga mag-aaral upang maisagawa ang mga susunod na gawain,

	● Magbahagi ng personal na karanasan at mga aral na natutuhan ● Magbigay-inspirasyon sa mambabasa sa pamamagitan ng sariling karanasan ● Magturo ng mahahalagang aral sa buhay ● Hikayatin ang mambabasa na magnilay sa kanilang sariling karanasan ♦ **Tono at Wika** ● **Personal** — gumagamit ng unang panauhan (ako, akin, ko) ● **Emosyonal** — nagpapahayag ng damdamin at saloobin ● **Mapanilay** — nagpapakita ng malalim na pag-iisip at pagsusuri ● **Impormal ngunit may lalim** — hindi masyadong pormal ngunit makabuluhan ang nilalaman ♦ **Estruktura** **Bahagi** / **Nilalaman** **Introduksyon** — Pagpapakilala sa karanasan o pangyayari; paglalahad ng pangkalahatang tema o aral **Karanasan** — Detalyadong paglalarawan ng naging karanasan; mga pangyayaring naganap **Pagninilay** — Malalim na pagsusuri sa karanasan; mga natutuhan at realisasyon **Aral** — Mga mahahalagang aral na nakuha mula sa karanasan **Konklusyon** — Pagbubuod ng kabuuang pagninilay; pagpapahayag ng pagbabago sa pananaw ♦ **Target na Awdyens** ● Pangkalahatang mambabasa ● Mga taong may interes sa personal na karanasan at pag-unlad ● Mga guro at kapwa mag-aaral ● Sinumang nais matuto mula sa karanasan ng iba ♦ **Natatanging Katangian** ● Personal na pananaw ng manunulat ● Emosyonal na koneksyon sa karanasan	kabilang ang integrative performance task. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay Explaining***, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawang sulatin, naipapaliwanag sa mga mag-aaral ang mga katangian, estruktura, at tono ng bawat uri ng akademikong sulatin bago sila magsimulang sumulat.

- Malalim na pagninilay at pagsusuri
- Paggamit ng unang panauhan
- Pagpapakita ng pagbabago o pag-unlad ng manunulat

POSISYONG PAPEL

♦ **Kahulugan**

Ang **posisyong papel** ay isang uri ng akademikong sulatin na naglalahad ng **paninindigan** ng manunulat tungkol sa isang partikular na isyu. Layunin nitong **mangumbinsi** sa mambabasa sa pamamagitan ng paglalahad ng mga **argumento** at **ebidensya** na sumusuporta sa paninindigan ng manunulat.

♦ **Layunin**

- Mangungumbinsi sa mambabasa na tanggapin ang paninindigan ng manunulat
- Maglalahad ng mga argumento at ebidensya upang suportahan ang paninindigan
- Magpapabago ng pananaw ng mambabasa tungkol sa isang isyu
- Hihikayatin ang mambabasa na kumilos o magbago

♦ **Tono at Wika**

- **Pormal** — gumagamit ng akademikong wika
- **Mapanghikayat** — naglalayong kumbinsihin ang mambabasa
- **Obhetibo** — nakabatay sa katotohanan at ebidensya
- **Gumagamit ng ikatlong panauhan** — siya, sila, ito

♦ **Estruktura**

Bahagi	Nilalaman
Introduksyon	Paglalahad ng isyu; pagpapakilala ng paninindigan ng manunulat
Katawan (Argumento at Ebidensya)	Paglalahad ng mga argumento; pagbibigay ng ebidensya at datos; pagsagot sa posibleng kontra-argumento

Konklusyon	Pagpapalakas ng paninindigan; pagbubuod ng mga argumento; tawag sa aksyon

♦ **Target na Awdyens**
- Mga mambabatas at gumagawa ng patakaran
- Mga eksperto at propesyonal
- Pangkalahatang publiko
- Mga taong may kapangyarihang kumilos o magbago

♦ **Natatanging Katangian**
- Malinaw na paninindigan ng manunulat
- Paggamit ng ebidensya at argumento
- Pormal na tono ng pagsulat
- Paggamit ng ikatlong panauhan
- Pagsagot sa posibleng kontra-argumento

KRITISISMO

♦ **Kahulugan**

Ang **kritisismo** ay isang uri ng akademikong sulatin na nakatuon sa **pagsusuri** ng isang akda — maaaring pelikula, libro, sining, o iba pang anyo ng sining. Layunin nitong magbigay ng **balanseng pagpuna** sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga **lakas** at **kahinaan** ng akda.

♦ **Layunin**
- Magsusuri ng isang akda (pelikula, libro, sining, atbp.)
- Magbibigay ng balanseng pagpuna — parehong positibo at negatibo
- Tutulungan ang mambabasa na maunawaan ang halaga ng akda
- Magbibigay ng rekomendasyon kung dapat bang panoorin, basahin, o pahalagahan ang akda

♦ **Tono at Wika**
- **Pormal** — gumagamit ng akademikong wika
- **Analitikal** — nagpapakita ng malalim na pagsusuri
- **Balanse** — nagbibigay ng parehong positibo at negatibong pagpuna
- **Obhetibo** — nakabatay sa katotohanan at ebidensya mula sa akda

	♦ **Estruktura** <table><tr><th>Bahagi</th><th>Nilalaman</th></tr><tr><td>Introduksyon</td><td>Pagpapakilala sa akda at sa lumikha nito; pangkalahatang impresyon</td></tr><tr><td>Katawan (Lakas at Kahinaan)</td><td>Pagsusuri sa mga lakas ng akda; pagsusuri sa mga kahinaan ng akda; pagbibigay ng tiyak na ebidensya</td></tr><tr><td>Konklusyon</td><td>Balanseng pagtataya sa kabuuang halaga ng akda; rekomendasyon</td></tr></table>♦ **Target na Awdyens** ● Mga manonood ng pelikula o mambabasa ng libro ● Mga estudyante ng komunikasyon, panitikan, o sining ● Mga kritiko at propesyonal sa industriya ● Mga mahilig sa sining at kultura ♦ **Natatanging Katangian** ● Balanseng pagpuna (lakas at kahinaan) ● Paggamit ng tiyak na ebidensya mula sa akda ● Analitikal na tono ng pagsulat ● Obhetibong pananaw ng manunulat ● Pagbibigay ng rekomendasyon	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: BISWALITA: BOSES NG KABATAAN SA SULAT AT SINING** *Panuto:* Ipaliwanag sa mga mag-aaral na sila ay bubuo ng isang akademikong sulatin (200-300 salita) na maaaring replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo tungkol sa isang napapanahong isyung panlipunan, na may kasamang multimodal aid tulad ng infographic, slide, o video; maaari nilang gamitin ang mga gabay na tanong na nakasulat sa ibaba bilang gabay sa kanilang pagsulat upang matiyak na naisasagawa nila nang wasto ang bawat bahagi ng kanilang napiling uri ng sulatin. **Rubrik sa Pagwawasto**	Para sa Opsiyon A: **BISWALITA: BOSES NG KABATAAN SA SULAT AT SINING** *Ang gawain na ito ay kuha sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa PRODUCING,* dahil hinihingi nito na ang mga mag-aaral ay lumikha ng isang konkretong output—isang akademikong sulatin na may kasamang *multimodal aid*—na bunga ng kanilang malalim na pag-unawa sa napiling uri ng sulatin, kritikal na pagsusuri sa isang

Pamantayan	Napakahusay (10)	Mahusay (8)	Katamtaman (6)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (4)
Nilalaman at Argumento (Layunin, Ebidensya, at Pagninilay)	Napakalinaw ng layunin; may sapat at wastong ebidensya o pagninilay; malalim ang argumento.	Malinaw ang layunin; may sapat na ebidensya o pagninilay; maayos ang argumento.	May layunin ngunit hindi masyadong malinaw; limitado ang ebidensya o pagninilay.	Walang malinaw na layunin; walang ebidensya o pagninilay.
Estruktura at Organisasyon (Introduksyon, Katawan, Konklusyon)	Napakahusay ng pagkakaayos; malinaw ang introduksyon, katawan, at konklusyon.	Maayos ang pagkakaayos; may introduksyon, katawan, at konklusyon.	Katamtaman ang pagkakaayos; may ilang bahaging magulo.	Hindi maayos ang pagkakaayos; walang malinaw na estruktura.
Wika at Tono (Pormal, Angkop, at Wasto)	Napakahusay ang paggamit ng wika; wasto ang gramatika at bokabularyo; angkop ang tono.	Mahusay ang paggamit ng wika; may ilang pagkakamali ngunit hindi makabuluhan.	Katamtaman ang paggamit ng wika; may ilang malaking pagkakamali.	Hindi wasto ang paggamit ng wika; maraming pagkakamali.
Multimodal Aid (Disenyo, Kaugnayan, at Epektibidad)	Napakahusay ng disenyo; lubos na kaugnay sa sulatin; epektibo sa paghahatid ng mensahe.	Mahusay ang disenyo; kaugnay sa sulatin; epektibo.	Katamtaman ang disenyo; may ilang hindi kaugnay na bahagi.	Hindi maganda ang disenyo; hindi kaugnay sa sulatin.
Integrative Performance Task (EsP, AP, English)	Lubos na naipakita ang integrasyon ng EsP, AP, at English; napakalinaw ang koneksyon.	Naipakita ang integrasyon ng EsP, AP, at English; malinaw ang koneksyon.	Naipakita ang integrasyon ng ilang subject; may kakulangan.	Hindi naipakita ang integrasyon ng mga subject.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 2

napapanahong isyu, at malikhaing pagpapahayag ng kanilang sariling paninindigan. Sumasalamin ito sa kanilang kakayahang magsagawa ng mas mataas na antas ng pag-iisip at makabuo ng sariling likhang akda na kapaki-pakinabang sa kanilang pagkatuto at pag-unlad bilang manunulat.


PPST COT

Indicator: *Indicator 3.5.2* - Paggamit ng mga estratehiya sa pagtataya na sumusukat sa kakayahang maglapat ng kaalaman sa tunay na buhay

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

- Nakabubuo ng replektibong sanaysay na nagpapakita ng malalim na pagninilay sa personal na karanasan at natutuhan.
- Nakasusulat ng posisyong papel na may malinaw na paninindigan at sapat na ebidensya upang suportahan ang argumento.
- Nakagagawa ng kritisismo na naglalaman ng balanseng pagsusuri sa lakas at kahinaan ng isang akda, pelikula, o sining.

		● Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo. ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko. ***Pagpapaliwanag ng Integrative Performance Task*** Ipaliwanag na ang kanilang output ay dapat tumugon sa integrative performance task na nakaugnay sa: ● EsP: Pagpapahalaga sa katotohanan at paninindigan — dapat nilang ipakita ang kanilang paninindigan at pagpapahalaga sa katotohanan sa kanilang sulatin. ● Araling Panlipunan: Kontemporaryong isyu — ang kanilang paksa ay dapat isang napapanahong isyung panlipunan. ● English: Pagbuo ng argumento at akademikong pagsulat — dapat nilang gamitin ang angkop na estruktura, wika, at tono sa kanilang sulatin.

	Opsiyon B: ESTRUKSURI: ESTRUKTURA SURI, BUO ANG IYONG SULATIN *Panuto:* Hayaang buuin muli ng mga mag-aaral ang wastong estruktura ng isang tekstong hindi nakaayos ang mga bahagi nito — introduksyon, katawan, at konklusyon — at pagkatapos ay tukuyin kung anong uri ng sulatin ito at ipaliwanag nila ang kanilang sagot. **Teksto: Replektibong Sanaysay**  **Ang Aking Paglalakbay sa Pagkatuto (Halo-halo ang mga Bahagi)** **Piraso** / **Teksto** **A** — "Natanto kong ang edukasyon ay hindi lamang tungkol sa mga marka o grado. Ito ay tungkol sa pagtuklas ng sarili, pagharap sa mga takot, at pagiging bukas sa mga bagong kaalaman." **B** — "Simula nang pumasok ako sa senior high school, hindi ko akalaing ang pagkatuto ay isang paglalakbay na puno ng mga pagsubok at tagumpay. Noong una, takot ako sa mga bagong asignatura at guro." **C** — "Ngayon, mas kumpyansa na akong humarap sa mga hamon ng pag-aaral, dahil alam kong ang tunay na pagkatuto ay nagsisimula sa pagtanggap na hindi natin alam ang lahat." **D** — "Mula noon, natutuhan kong ang pagtatanong ay hindi tanda ng kahinaan kundi ng katapangan at pagnanais na matuto." **E** — "Isa sa mga pinakamahalagang aral na natutuhan ko ay ang kahalagahan ng pagtatanong. Noong una, nahihiya akong magtaas ng kamay at magtanong sa klase. Natatakot akong magmukhang tanga o mangmang. Ngunit isang araw, naglakas-loob akong magtanong." **Mga Gabay na Tanong para sa Talakayan (Pagkatapos ng Gawain)** 1. "Ano ang naging batayan ninyo sa pag-aayos ng mga bahagi ng teksto?" 2. "Paano ninyo natukoy kung aling bahagi ang introduksyon, katawan, at konklusyon?" 3. "Anong uri ng sulatin ang tekstong inyong binuo? Paano ninyo ito natukoy?"	Para sa Opsiyon B: **ESTRUKSURI: ESTRUKTURA SURI, BUO ANG IYONG SULATIN** Magbigay ng isang maikling teksto na hindi nakaayos ang mga bahagi nito (hal. pinaghalo ang introduksyon, katawan, at konklusyon). Maaring gamitin ang halimbawa sa gawain. Ipabuong muli sa mga mag-aaral ang wastong estruktura ng teksto ayon sa uri nito. Pagkatapos, ipasulat sa kanila kung anong uri ng sulatin ang teksto at bakit nila ito nasabi. Bigyan sila ng 10 minuto upang gawin ito. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Explaining,*** Sa gawaing ito, ipinapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang ginawa — kung paano nila inayos ang mga bahagi ng teksto at kung bakit nila ito ginawa. Ipinapaliwanag din nila kung anong uri ng sulatin ang teksto at kung bakit nila ito nasabi. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Producing.*** Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay gumagawa

	4. "Ano ang mga katangian ng isang mahusay na pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa isang akademikong sulatin?" 5. "Bakit mahalaga ang wastong estruktura sa pagsulat ng akademikong sulatin?"	ng isang awtput — ang buong teksto na naayos ayon sa wastong estruktura. Nagbubuo sila ng isang organisado at wastong pagkakasunod-sunod ng mga idea. **PPST COT** **Indicator: *Indicator*** ***2.5.1*** - Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapaunlad ng kasanayan sa wika at komunikasyon ng mga mag-aaral ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin. ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko.
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: SITWASYON-SULATIN: TUGMA ANG ANYO** *Panuto:* Maghanda ng iba't ibang sitwasyon na nangangailangan ng pagsulat ng akademikong sulatin. Bawat mag-aaral ay bibigyan ng iba't ibang sitwasyon at tatalakayin kung anong uri ng sulatin ang angkop dito at bakit. Pagkatapos ng 10 minuto, tatawag ng ilan sa mga mag-aaral para talakayin ang kanilang sagot.	Para sa Opsiyon A: Ang "SITWASYON-SULATIN: TUGMA ANG ANYO" ay isang gawain kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang tukuyin ang angkop na uri ng akademikong sulatin batay sa ibinigay na sitwasyon. Sa pamamagitan ng

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 3


Bilang	Sitwasyon	Tamang Uri ng Sulatin	Dahilan
1	Nais mong ibahagi ang iyong karanasan sa unang araw ng klase at ang mga aral na iyong natutuhan mula rito.		
2	Nais mong ipaglaban ang kahalagahan ng mental health sa paaralan at kumbinsihin ang administrasyon na magpatupad ng mga programa tungkol dito.		
3	Nais mong sumulat ng rebyu ng isang pelikulang napanood mo upang magbigay ng balanseng pagpuna sa mga lakas at kahinaan nito.		
4	Nais mong kumbinsihin ang iyong mga kaklase na mag-recycle at magkaroon ng wastong pamamahala ng basura sa paaralan.		
5	Nais mong suriin ang isang nobelang iyong nabasa at magbigay ng balanseng pagpuna sa mga tema, tauhan, at istilo ng pagkakasulat nito.		
6	Nais mong ibahagi ang iyong personal na karanasan sa pandemya at ang mga pagbabagong naganap sa iyong buhay.		
7	Nais mong ipaglaban ang kahalagahan ng Wikang Filipino sa makabagong panahon at kumbinsihin ang mga mambabatas na suportahan ang mga programang pangwika.		
8	Nais mong suriin ang isang makabagong pelikulang Pilipino at magbigay ng balanseng pagpuna sa direksyon, acting, at screenplay nito.		
9	Nais mong ibahagi ang iyong paglalakbay sa pagkatuto at ang mga pagsubok na iyong nalampasan sa senior high school.		
10	Nais mong kumbinsihin ang iyong mga magulang na suportahan ang iyong desisyon sa pagpili ng kurso sa kolehiyo.		

gawaing ito, naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang maglapat ng natutuhan sa praktikal na konteksto sa pamamagitan ng pagtukoy kung ang isang sitwasyon ay nangangailangan ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo.


Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Producing, *Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay gumagawa ng desisyon kung anong uri ng sulatin ang angkop sa sitwasyon. Nagbubuo sila ng isang sagot na may malinaw na paliwanag at dahilan kung bakit iyon ang kanilang napili.* ***at Reflecting,*** ang gawaing ito, ang mga mag-aaral ay **nagrereplekt** sa kanilang naging proseso ng pagpili — kung paano nila inugnay ang mga katangian ng bawat uri ng sulatin sa ibinigay na sitwasyon at kung bakit iyon ang kanilang napili.

PPST COT Indicator: ***Indicator 3.5.2*** - Paggamit ng mga estratehiya sa pagtataya na sumusukat sa kakayahang maglapat ng kaalaman sa tunay

		na buhay. Sa pamamagitan ng pagtukoy ng angkop na uri ng sulatin batay sa sitwasyon, naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang maglapat ng natutuhan sa praktikal na konteksto. ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. ● Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin. ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko.
	Opsiyon B: CHARADES: GUMAGAWA NG SULATIN *Panuto:* Maghanda ng mga *strips* ng papel na may nakasulat na mga sitwasyon o paksang maaaring gawing akademikong sulatin. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Isang miyembro ng bawat pangkat ang bubunot ng isang strip at ipapakita sa pamamagitan ng pagkilos (charades) kung anong uri ng sulatin ang angkop sa sitwasyon — replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo — habang hinuhulaan ito ng kanyang mga kamag-aral. Ang pangkat na may pinakamaraming tamang hula ang siyang panalo.	Para sa Opsiyon B: **Ang "CHARADES: GUMAGAWA NG SULATIN"** ay isang pangkatang laro kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang tukuyin ang angkop na uri ng akademikong sulatin batay sa sitwasyong ipinapakita sa pamamagitan ng pagkilos (charades). Maaaring

	Mga Halimbawang Sitwasyon para sa Charades:  **Sitwasyon 1:** Nais mong ibahagi ang iyong karanasan sa unang araw ng klase. **Sitwasyon 2:** Nais mong ipaglabar ang kahalagahan ng mental health sa paaralan. **Sitwasyon 3:** Nais mong ipaglabar ang kahalagahan ng mental health sa paaralan. **Sitwasyon 4:** Nais mong kumbinsihin ang iyong mga kaklase na mag-recycle. **Sitwasyon 5:** Nais mong suriin ang isang nobelang iyong nabasa. **Sitwasyon 6:** Nais mong ibahagi ang mga aral na natutuhan mo sa pandemya. **Sitwasyon 7:** Nais mong ipaglabar ang kahalagahan ng Wikang Filipino. **Sitwasyon 8:** Nais mong suriin ang isang makabagong pelikulang Filipino. **Sitwasyon 9:** Nais mong ibahagi ang iyong paglalakbay sa pagkatao.	gamitin ang mga halimbawa na sitwasyon. Sa pamamagitan ng gawaing ito, naiaangat ang interes ng mga mag-aaral at napapalakas ang kanilang pakikilahok sa isang masaya at interaktibong paraan habang natutukoy ang replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Participating,*** Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa isang aktibong laro kung saan sila ay gumaganap at humuhula ng mga sitwasyon. Ang kanilang pakikilahok ay hindi lamang pasibo kundi aktibo at interaktibo. ***Salig sa SSHS-IDF, Producing*** Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay gumagawa ng koneksyon sa pagitan ng sitwasyon at ng angkop na uri ng sulatin. Sa pamamagitan ng pagganap ng charades, naipapakita nila ang kanilang pag-unawa sa mga katangian ng bawat uri ng sulatin. **PPST COT Indicator:** ***Indicator***

		3.2.2 - Paggamit ng mga aktibong estratehiya sa pagtuturo na nagpapalakas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng charades, naiaangat ang interes ng mga mag-aaral at napapalakas ang kanilang pakikilahok sa isang masaya at interaktibong paraan. ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko.
	2. Paglalahat **Opsiyon A: SALITA NG BUOD** *Panuto:* Ipabuo sa mga mag-aaral ang isang pangungusap na nagbubuod sa pinakamahalagang natutuhan nila sa aralin tungkol sa tatlong uri ng akademikong sulatin. Pagkatapos, ipataas sa kanila ang kanilang mga sagot at tawagin ang ilang mag-aaral upang ibahagi sa klase ang kanilang isinulat.	Para sa Opsiyon A: **SALITA NG BUOD** Ang "ONE-SENTENCE SUMMARY" ay isang buong klaseng gawain kung saan ang bawat mag-aaral ay inaasahang magbuod ng kanilang natutuhan sa aralin tungkol sa tatlong uri ng akademikong sulatin sa pamamagitan ng isang pangungusap lamang. Sa pamamagitan ng gawaing ito,



Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	**Napakahusay (5)**	**Mahusay (4)**	**Katamtaman (3)**	**Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)**
Kalinawan ng Buod	Napakalinaw at organisado ang buod; madaling maunawaan	Malinaw ang buod; madaling maunawaan	Katamtaman ang linaw ng buod; may ilang bahaging magulo	Hindi malinaw ang buod; mahirap maunawaan
Pagkamalikhain	Lubos na malikhain at natatangi ang pagkakabuo ng buod	Malikhain ang pagkakabuo ng buod	Katamtaman ang pagkamalikhain	Hindi malikhain ang pagkakabuo ng buod

nasusukat ng guro ang pangkalahatang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin sa isang mabilis at epektibong paraan.

Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Reflecting, Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay nagbubuod at nagrereplekt sa kanilang natutuhan sa buong aralin. Sa pamamagitan ng pagsulat ng isang pangungusap na buod, naipapakita nila ang kanilang malalim na pag-unawa sa mga konsepto at ang kanilang kakayahang pagsama-samahin ang lahat ng kanilang natutuhan.

PPST COT Indicator: ***Indicator 1.6.2*** - Paggamit ng mga estratehiya sa paglalahat na nagpapatibay sa pang-unawa ng mga mag-aaral


Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:


- Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito.

		• Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin
	Opsiyon B: TATLONG YAMAN NG ARALIN *Panuto:* Ipasulat sa mga mag-aaral ang tatlong konsepto, kasanayan, o aral na natutuhan mula sa aralin. Pagkatapos, ipagawa ang isang "Lakad-Bahagi"**,** upang makapagpalitan sila ng kanilang mga sagot sa kapwa mag-aaral. Sa huli, pumili ng isang boluntaryo upang ibahagi sa buong klase ang kanilang mga natutuhan. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 4***  	Para sa Opsiyon B: **TATLONG YAMAN NG ARALIN** Ang "TATLONG BAGAY NA DADALHIN" ay isang buong klaseng gawain kung saan ang bawat mag-aaral ay inaasahang tukuyin ang tatlong pinakamahalagang bagay na kanilang dadalhin mula sa aralin — maaaring mga konsepto, kasanayan, o aral na natutuhan. Sa pamamagitan ng "Give One, Get One" activity, ang mga mag-aaral ay maglilibot at magbabahagi ng kanilang mga sagot sa kanilang mga kamag-aral. Ang gawaing ito ay nagsisilbing paglalahat ng aralin at nagpapakita ng pangkalahatang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga natutuhan. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Reflecting*** Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay nagbubuod at nagrereplekt sa kanilang natutuhan sa buong aralin. Sa pamamagitan ng pagsulat ng tatlong bagay na

		dadalhin, naipapakita nila ang kanilang malalim na pag-unawa sa mga konsepto at ang kanilang kakayahang pagsama-samahin ang lahat ng kanilang natutuhan. Ang "Give One, Get One" activity ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na magnilay sa kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pakikinig sa mga ideya ng kanilang mga kamag-aral. **PPST COT Indicator: *Indicator 1.6.2*** - Paggamit ng mga estratehiya sa paglalahat na nagpapatibay sa pang-unawa ng mga mag-aaral ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Nakapagninilay sa sariling karanasan sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo. ● Nakikilala ang mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulat ng iba't ibang uri ng tekstong akademiko.
	3. Pagtataya **Opsiyon A: PANGKATANG PAGSUSULIT: TUKOY ANG SULATIN** *Panuto:* Hatiin ang klase sa mga pangkat. Ipabasa sa bawat pangkat ang mga pahayag o sitwasyong nakasaad. Ipatukoy sa mga mag-	Para sa Opsiyon A: **Ang "PANGKATANG PAGSUSULIT: TUKOY ANG SULATIN"** ay isang pangkatang

	aaral kung anong uri ng sulatin ang angkop sa bawat sitwasyon—replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo. Ipasulat ang kanilang mga sagot sa show board at ipahanda sila upang ipaliwanag at bigyang-katwiran ang kanilang mga sagot sa harap ng klase. **Bilang** | **Pahayag / Sitwasyon** **1** | "Naniniwala ako na dapat magkaroon ng mas mahigpit na implementasyon ng waste segregation sa aming paaralan upang mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran." **2** | "Sa aking panonood ng pelikulang 'Seven Sundays,' napansin ko ang mahusay na pagganap ng mga aktor ngunit may ilang eksenang masyadong mahaba at nakakabagot." **3** | "Nais kong ibahagi ang aking paglalakbay sa pagkatuto at kung paano ko nalampasan ang mga pagsubok sa senior high school." **4** | "Bilang isang mag-aaral, nais kong ipaglaban ang karapatan ng bawat kabataan na magkaroon ng libre at dekalidad na edukasyon." **5** | "Nais kong ibahagi ang aking karanasan noong unang araw ng klase at ang mga aral na aking natutuhan."	gawain kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang tukuyin ang angkop na uri ng akademikong sulatin batay sa ibinigay na pahayag o sitwasyon. Sa pamamagitan ng gawaing ito, nasusukat ng guro kung gaano kalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto ng replektibong sanaysay, posisyong papel, at kritisismo sa isang mabilis at interaktibong paraan. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Participating,*** Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa isang aktibong pagtataya kung saan sila ay nagtatalakay, sumasagot, at nagpapaliwanag ng kanilang mga sagot. Ang kanilang pakikilahok ay hindi lamang pasibo kundi aktibo at interaktibo. **PPST COT Indicator:** ***Indicator 3.4.1*** - Paggamit ng pormatibong pagtataya upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral

		Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: ● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. ● Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, kongklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin.
	Opsiyon B: PORMAL O IMPORMAL: TUKOY ANG TONO *Panuto:* Ipasuri sa mga mag-aaral ang dalawang pangungusap, ipatukoy kung alin ang pormal at impormal, at ipasulat ang kanilang sariling pormal na bersyon gamit ang angkop na bokabularyo upang masuri ang kanilang kakayahang makilala at makagamit ng pormal na wika at akademikong tono.  	**Para sa Opsiyon B: Ang "PORMAL O IMPORMAL: TUKOY ANG TONO"** ay isang gawain na maaaring isagawa bilang pangkat o isahan upang matukoy ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng pormal at impormal na tono sa mga pahayag at makabuo ng sarili nilang pormal na bersyon gamit ang angkop na bokabularyo. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Explaining,*** Ipinapaliwanag ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng pormal at impormal na tono. **PPST COT Indicator: Indicator: 1.2.2,** Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng pag-unawa sa mga konsepto ng

	<table><tr><td>"Ang pagtatakda ng limitasyon sa oras ng paggamit ng social media ay</td><td>⟺</td><td>"Dapat bawasan ang oras ng paggamit ng social media."</td></tr><tr><td>"Ang pagpapatupad ng mental health programs sa mga paaralan ay isang mahalagang hakbang."</td><td>⟺</td><td>"Dapat magkaroon ng mental health programs ang mga schools."</td></tr></table> ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 5***	wika at komunikasyon. ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Nakagagamit ng pormal na wika at akademikong tono sa pagtalakay ng mga paksa para sa replektibong sanaysay.
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: LAKBAY-TANAW** *Panuto:* Ipabasa sa mga mag-aaral ang ibinigay na paksa at ipasulat ang isang maikling replektibong sanaysay na naglalaman ng malalim na pagninilay sa kanilang personal na karanasan at mga natutuhan, gamit ang unang panauhan at personal na tono, upang masuri ang kanilang kakayahang bumuo ng isang mapanilay na akademikong sulatin. **Rubrik sa Pagmamarka** <table><tr><th>Pamantayan</th><th>Napakahusay (5)</th><th>Mahusay (4)</th><th>Katamtaman (3)</th><th>Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)</th></tr><tr><td>**Pagninilay sa Karanasan**</td><td>Nagpapakita ng malalim at makabuluhang pagninilay</td><td>Nagpapakita ng sapat na pagninilay sa personal na karanasan</td><td>Nagpapakita ng limitadong pagninilay</td><td>Walang pagninilay na naipakita</td></tr></table>	Para sa Opsiyon A: **LAKBAY-TANAW** Magbigay ng isang paksa na may kaugnayan sa personal na karanasan ng mga mag-aaral (hal. 'Ang Aking Unang Araw sa Senior High School,' 'Ang Aking Pinakamahalagang Aral sa Buhay,' o 'Ang Aking Paglalakbay sa Pagkatuto'). Ipasulat sa mga mag-aaral ang isang maikling replektibong sanaysay (200-300 salita) na nagpapakita ng malalim na pagninilay sa kanilang personal na karanasan at mga natutuhan. Bigyan sila ng 20

	sa personal na karanasan			
Pagbuo ng Sanaysay	May malinaw na introduksyon, katawan, at konklusyon	May introduksyon, katawan, at konklusyon	May ilang bahagi ng sanaysay	Walang malinaw na estruktura
Paggamit ng Wika	Gumamit ng angkop na personal at mapanilay na tono	Gumamit ng sapat na personal na tono	Gumamit ng ilang personal na tono	Hindi gumamit ng personal na tono

minuto upang gawin ito.

Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Producing Ang mga mag-aaral ay gumagawa ng sariling replektibong sanaysay.
Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Reflecting Ang mga mag-aaral ay nagrereplekt sa kanilang personal na karanasan.

PPST COT Indicator: Indicator: 4.1.2 Ang gawaing ito ay tumutugon sa Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat ng replektibong sanaysay.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:
- Nakabubuo ng replektibong sanaysay na nagpapakita ng malalim na pagninilay sa personal na karanasan at natutuhan.

Opsiyon B: SALIG-SULAT
Panuto: Ipabasa sa mga mag-aaral ang ibinigay na akda at ipasulat ang isang maikling kritisismo na naglalaman ng balanseng pagsusuri sa lakas at kahinaan nito, gamit ang pormal, analitikal,

Para sa Opsiyon B:Salig-Sulat
Magbigay ng isang akda (pelikula, libro, o sining) na pamilyar sa mga mag-aaral (hal.

	at obhetibong tono, upang masuri ang kanilang kakayahang bumuo ng isang mapanuring akademikong sulatin.Ipasulat sa mga mag-aaral ang isang maikling kritisismo (200-300 salita) na naglalaman ng balanseng pagsusuri sa lakas at kahinaan ng akda. Bigyan sila ng 20 minuto upang gawin ito. **Rubrik sa Pagmamarka** **Pamantayan** / **Napakahusay (5)** / **Mahusay (4)** / **Katamtaman (3)** / **Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)** **Balanseng Pagsusuri** — Nagbigay ng balanseng pagsusuri sa lakas at kahinaan. / Nagbigay ng sapat na pagsusuri sa lakas at kahinaan. / Nagbigay ng limitadong pagsusuri. / Walang balanseng pagsusuri. **Ebidensya mula sa Akda** — Nagbigay ng tiyak na ebidensya mula sa akda. / Nagbigay ng sapat na ebidensya. / Nagbigay ng limitadong ebidensya. / Walang ebidensya na naibigay. **Estruktura** — May malinaw na introduksyon, katawan, at konklusyon. / May introduksyon, katawan, at konklusyon. / May ilang bahagi ng kritisismo. / Walang malinaw na estruktura.	pelikulang 'Heneral Luna,' nobelang 'Noli Me Tangere,' o isang makabagong pelikulang Pilipino). ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Producing*** Ang mga mag-aaral ay gumagawa ng sariling kritisismo. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Reflecting*** Ang mga mag-aaral ay nagninilay sa kanilang pagsusuri. ***PPST COT Indicator: Indicator 4.1.2*** Ang gawaing ito ay tumutugon sa Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat ng kritisismo. ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Nakagagawa ng kritisismo na naglalaman ng balanseng pagsusuri sa lakas at kahinaan ng isang akda, pelikula, o sining.
	Opsiyon A: BOKABULARYO SURI: PUMILI NG ANGKOP	Para sa Opsiyon A: **BOKABULARYO SURI: PUMILI**

V. PAGTATAYANG PANGYUNIT *(Pagtataya sa Natutuhan)*	*Panuto:* Ipahanap sa mga mag-aaral ang angkop na salita mula sa ibinigay na listahan upang mabuo ang bawat pangungusap. Pagkatapos, ipagawa sa kanila ang sarili nilang pangungusap gamit ang mga salitang ito upang masuri ang kanilang kasanayan sa pagpili at wastong paggamit ng bokabularyo sa akademikong pagsulat. Sistematiko Balanseng Pagpuna Epektibo Mapanghikayat Pormal Obhetibo Mapanilay Analitikal Makatwiran Mapanuri 1. Ang replektibong sanaysay ay may _____ na tono dahil naglalaman ito ng malalim na pagninilay. 2. Ang posisyong papel ay _____ dahil layunin nitong kumbinsihin ang mambabasa. 3. Ang kritisismo ay dapat maging _____ upang magbigay ng walang kinikilingang pagsusuri. 4. Ang _____ na pag-iisip ay mahalaga sa pagsusuri ng isang akda. 5. Ang isang mahusay na kritisismo ay nagbibigay ng _____ sa lakas at kahinaan ng akda. 6. Ang akademikong sulatin ay dapat gumamit ng _____ na wika. 7. Ang kanyang argumento ay _____ at may sapat na ebidensya. 8. Ang _____ na presentasyon ay nakatulong upang maunawaan ng lahat ang kanyang punto. 9. Ang kanyang _____ na pagsusuri ay nagbigay ng malinaw na larawan ng isyu. 10. Ang kanyang komunikasyon ay _____ dahil malinaw at organisado ang kanyang mga ideya.	**NG ANGKOP** Maghanda ng isang listahan ng mga salita at parirala na maaaring gamitin sa akademikong pagsulat. Magbigay ng limang pangungusap na may patlang at ipapili sa mga mag-aaral ng angkop na salita mula sa listahan upang mabuo ang pahayag. Pagkatapos, ipasulat sa kanila ang kanilang sariling pangungusap gamit ang mga salitang ito. Bigyan sila ng 10 minuto upang gawin ito." ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Explainin,*** Ipinapaliwanag ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na bokabularyo. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Producing*** Ang mga mag-aaral ay gumagawa ng sariling pangungusap gamit ang mga salita. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Reflecting*** Ang mga mag-aaral ay nagrereplekt sa

		kanilang pagpili ng bokabularyo. **PPST COT Indicator: Indicator 2.5.1** Ang gawaing ito ay tumutugon sa Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapaunlad ng kasanayan sa wika at komunikasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na bokabularyo sa akademikong pagsulat. ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Nakapipili ng angkop na bokabularyo sa pagpapahayag ng posisyon o paninindigan sa isyung tinatalakay. Talaang ng Sagot: 1. Mapanilay 2. Mapanghikayat 3. Obhetibo 4. Analitikal 5. Balnseng Pagpuna 6. Pormal 7. Makatwiran 8. Sistematiko 9. Mapanuri 10. Epektibo
	Opsiyon B: PAGSUSURI NG AKADEMIKONG SULATIN *Panuto:* Ipabasa sa mga mag-aaral ang teksto at pasagutan ang mga tanong sa pamamagitan ng pagpili ng titik ng tamang sagot.	Para sa Opsiyon B:**PAGSUSURI NG AKADEMIKONG SULATIN** Ang "PAGSUSURI NG AKADEMIKONG SULATIN" ay

	TEKSTO: **"Ang Epekto ng Social Media sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral"** Sa makabagong panahon, ang social media ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral. Ayon sa isang pag-aaral ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS, 2023), 87% ng mga mag-aaral sa senior high school ay mayroong kahit isang social media account. Bagamat may mga positibong epekto ang social media tulad ng mabilis na komunikasyon at access sa impormasyon, may mga negatibong epekto rin ito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Una, ang social media ay nagdudulot ng distraksyon sa pag-aaral. Sa halip na maglaan ng oras sa pagbabasa at pagsusuri ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay nahuhumaling sa pag-scroll sa kanilang mga news feed. Ikalawa, ang social media ay nakaaapekto sa kalidad ng pagtulog ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng gadgets bago matulog ay nagdudulot ng insomnia na nagreresulta sa pagkapagod sa klase. Ikatlo, ang social media ay nagiging sanhi ng paghina ng kritikal na pag-iisip dahil sa mabilisang pagkuha ng impormasyon nang hindi ito sinusuri nang mabuti. Gayunpaman, hindi maikakaila na ang social media ay may mga positibong kontribusyon. Nagiging mas mabilis ang komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro, at nagiging mas accessible ang mga learning materials sa pamamagitan ng online platforms. Sa halip na tuluyang ipagbawal ang paggamit ng social media, iminumungkahi ng mga eksperto na magkaroon ng balanseng paggamit nito sa pamamagitan ng pagtatakda ng limitasyon sa oras ng paggamit at pagpili ng mga educational content na susundan. 1. Batay sa teksto, ano ang pangunahing negatibong epekto ng social media sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral? A. Nagiging sanhi ito ng pagkakaroon ng maraming kaibigan. B. Nagdudulot ito ng distraksyon sa pag-aaral. C. Nagpapabilis ito ng komunikasyon sa mga guro. D. Nagbibigay ito ng access sa learning materials. 2. Alin sa sumusunod ang mga negatibong epekto ng social media na binanggit sa teksto? 1. Mabilis na komunikasyon	isang gawain na idinisenyo tulad ng PISA upang masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay-kahulugan sa isang akademikong teksto sa iba't ibang antas ng SOLO Taxonomy — mula sa simpleng pagkilala ng impormasyon (Unistructural at Multi-structural) hanggang sa mas malalim na pag-unawa sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga konsepto (Relational). ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa Explaining*** Ipinapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot at pag-unawa sa mga paliwanag. ***Salig sa Strengthened SHS-Instructional Design Framework (IDF), ito ay nasa,*** Participating Ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa pagsusulit at talakayan ng mga sagot. **PPST COT Indicator: Indicator** 1.2.2, Ang gawaing ito ay tumutugon sa Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng

	2. Distraksyon sa pag-aaral 3. Paghina ng kritikal na pag-iisip 4. Access sa learning materials 5. Insomnia o pagkakaroon ng problema sa pagtulog A. 1, 2, at 3 B. 1, 4, at 5 C. 2, 3, at 5 D. 2, 4, at 5 3. Batay sa teksto, alin sa sumusunod ang mga positibong kontribusyon ng social media sa edukasyon? 1. Nagiging mas mabilis ang komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. 2. Nagiging mas accessible ang mga learning materials. 3. Napapabuti ang kalidad ng pagtulog ng mga mag-aaral. 4. Nahahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. A. 1 at 2 B. 1 at 3 C. 2 at 4 D. 3 at 4 4. Paano nakaaapekto ang paggamit ng social media sa kalidad ng pagtulog at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa teksto? A. Ang social media ay nagpapabuti sa kalidad ng pagtulog at nagpapalakas ng kritikal na pag-iisip. B. Ang social media ay nagdudulot ng insomnia at paghina ng kritikal na pag-iisip dahil sa mabilisang pagkuha ng impormasyon. C. Ang social media ay walang epekto sa pagtulog at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. D. Ang social media ay nagdudulot ng insomnia ngunit nagpapalakas ng kritikal na pag-iisip. 5. Batay sa teksto, paano mo ilalarawan ang kabuuang pananaw ng may-akda tungkol sa paggamit ng mga mag-aaral ng social media ? A. Naniniwala ang may-akda na dapat tuluyang ipagbawal ang paggamit ng social media sa mga mag-aaral.	pag-unawa sa mga konsepto ng wika at komunikasyon sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang akademikong teksto at pagsagot sa mga tanong na sumusukat sa pag-unawa nito. ***Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:*** ● Natutukoy ang layunin ng awtor sa pagsulat ng replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo batay sa nilalaman at tono nito. ● Natutukoy ang angkop na estruktura (introduksyon, katawan, konklusyon) na ginamit sa iba't ibang uri ng akademikong sulatin. *Talaan ng Sagot:* *1. B* *2. C* *3. A* *4. B* *5. B*

	B. Naniniwala ang may-akda na ang social media ay may parehong positibo at negatibong epekto, at iminumungkahi ang balanseng paggamit nito. C. Naniniwala ang may-akda na ang social media ay walang naidudulot na kabutihan sa mga mag-aaral. D. Naniniwala ang may-akda na ang social media ay lubhang kapaki-pakinabang at dapat gamitin nang walang limitasyon.	

VI. PAGNINILAY
(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.**
   _____
4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**
   _____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**
   _____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**
   _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 7			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Gesselle S. Cambia		





I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at inklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang Pagbibigay-Kahulugan **I. Nabibigyang-kahulugan ang datos na nakalarawan sa mga *multimodal* na anyo (hal. tsart, talahanayan, pigura, atbp.).** Pakikilahok ● **Nakasusunod sa mga pamamaraan, panuto, o proseso sa anyong pasalita, pasulat, o multimodal (hal. pigura, dayagram, tsart, atbp.) upang matagumpay na maisakatuparan ang layunin o matamo ang inaasahang resulta** Pagpapahayag ● **Naipapaliwanag ang mga konsepto gamit ang angkop na bokabularyo at wikang akademiko at teknikal, at representasyong *multimodal* (hal. dayagram, grap, tsart, infographic, atbp.).** Pagninilay ● **Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa kontekstong akademiko at pampagsasanay na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang upang mapaunlad ang pagganap at mahubog ang panghabambuhay na pagkatuto.**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Al-Yousef, H. S. (2025). Strengthening multimodal literacy through digital literary text: Analysis and potential. Journal of Languages and Language Systems, 6(1). https://journal-center.litpam.com/index.php/jolls/article/view/2635

	Dela Cruz, R. (2026). Multimodal communicative practices in Filipino Facebook discourse. Asian Journal of Education and Social Studies, 52(4). https://journalajess.com/index.php/AJESS/article/view/2992 Kemp, J., & Grooms, R. (2023, December 1). The power of digital storytelling. ASCD. https://www.ascd.org/el/articles/the-power-of-digital-storytelling Oxford University Press. (2023, November 16). Multimodality and multimodal literacy: What are they and why are they important? Teaching English with Oxford. https://teachingenglishwithoxford.oup.com/2023/11/16/multimodality-and-multimodal-literacy-elt/ Peachey, N. (2023, November 2). Multimodal literacy: Why and how [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=T592xTVpk6k Chatgpt.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan) GeminiAI.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan)	
III. NILALAMAN/ SITWASYONG KUMUNIKATIBO	Pagbuo ng teksto gamit ng podcasts, infographics, o digital newsletters	
IV. TUNGUHIN	Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: a. Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter. b. Nagagamit ang angkop na bokabularyong akademiko at teknikal sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at impormasyong isinasama sa podcast, infographic, o digital newsletter. c. Naipapahayag ang mga konsepto at impormasyon sa pamamagitan ng angkop na kombinasyon ng teksto at mga elementong multimodal tulad ng grap, dayagram, larawan, at iba pang biswal na representasyon. d. Nakabubuo ng isang podcasts, infographics, o digital newsletters na nagpapakita ng malinaw, organisado, at mabisang paglalahad ng impormasyon batay sa mga nakalap na datos. e. Nasusuri ang sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto.	
V. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: TechTALK** **Panuto:** Sa loob ng 5 minuto, ipakita sa mga mag-aaral ang mga *emoji* na kumakatawan sa iba't ibang *digital* na	**Pangkalahatang Tala:** Ang lahat ng mga gawain na kinakikitaan ng integrasyon ng literacy, numeracy, at edtech ay pasok sa paghahasa ng

	kagamitan. Ipatukoy sa kanila kung anong kagamitan ang kinakatawan ng bawat *emoji*. Pagkatapos, bigyan sila ng pagkakataong ibahagi sa klase kung kailan nila huling nakita o ginamit ang mga naturang kagamitan. 1.  2.  3.  **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.** **May laya ang guro na palitan ang mga larawan na nagpapakita ng digital na kagamitan.** **Pamprosesong Tanong:** **1.** Paano nakatutulong ang mga emoji sa mabilis na pagtukoy sa mga digital na kagamitang ginagamit ninyo sa araw-araw na gawain? **2.** Sa anong mga gawain o sitwasyon ninyo karaniwang ginagamit ang mikropono, tsart, at email, at bakit mahalaga ang mga ito? **3.** Paano nakatutulong ang wastong paggamit ng mga digital na kagamitang ito sa mas epektibong pakikipagkomunikasyon at pagkuha ng impormasyon? ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 1***	mga kasanayan na kakailanganin para sa gagawing IPT **Para sa Opsiyon A: TechTALK** Ang gawaing **TechTALK** ay nagsisilbing panimulang gawain kung saan ipinapakita ng guro ang mga emoji na kumakatawan sa iba't ibang digital na kagamitan. Hinihikayat nito ang mga mag-aaral na tukuyin ang kagamitan at maiugnay ito sa kanilang sariling karanasan sa paggamit ng teknolohiya. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil naiaaktibo nito ang dating kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga digital na kagamitang ginagamit sa komunikasyon at pagkatuto. Sa PPST-COT, maaaring maiugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.* Sa pamamagitan ng interpretasyon ng mga emoji at pag-uugnay nito sa sariling karanasan, nahahamon ang mga mag-aaral na mag-isip, magsuri, at magpahayag ng ideya. Nalilinang ang **literacy** sa pagbibigay-kahulugan sa mga simbolo, pagpapalawak ng

		bokabularyong may kaugnayan sa teknolohiya, at pagpapahayag ng sariling karanasan. Nalilinang naman ang **numeracy** kung ipapasuri ng guro ang bilang o porsiyento ng mga mag-aaral na gumagamit ng bawat digital na kagamitan. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.* **Tamang Sagot** 1. mikropono 2. tsart 3. sobre ng e-mail
	Opsiyon B: TermiKNOW o TermiNo? **Panuto:** Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang bawat bugtong. Ipatukoy sa kanila ang teknikal na terminong inilalarawan ng bawat bugtong na may kaugnayan sa podcast, infographics, o digital newsletter. Ipasulat ang kanilang mga sagot sa sagutang papel. 1. Ayos at ganda ang aking tungkulin, teksto at larawan ay aking pinapakinis at inaangkin. 2. Ako'y simbolo ng tunog at pagsasalita, sa pagre-record ng nilalaman ay mahalaga. 3. Ako'y tinig na maaaring pakinggan, anumang oras ay maaaring balikan. 4. Larawan at datos ay aking pinagsasama, upang ang impormasyon ay madaling maunawaan ng madla.	**Para sa Opsiyon B: TermiKNOW o TermiNo?** Ang gawaing ito ay nagpapasuri sa mga mag-aaral ng mga bugtong upang matukoy ang mga teknikal na terminong may kaugnayan sa podcast, infographic, at digital newsletter. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil pinauunlad nito ang pag-unawa at paggamit ng

	5. Balitang mahalaga ay aking hatid, sa *email o online* ay madaling masilip. **May laya ang guro na palitan ang mga bugtong na may kaugnayan sa podcast, infographics o digital newsletter.** **Pamprosesong Tanong:** **1.** Paano mo nahanap ang tamang sagot sa bawat bugtong? Anong pahiwatig ang pinaka-nakatutulong sa iyo? **2.** Ano ang kaugnayan ng mga natukoy mong teknikal na termino sa pagbuo ng *podcasts, infographics, o digital newsletters?* **3.** Sa iyong palagay, bakit mahalagang matutunan ang mga terminong ito sa paggawa ng digital na teksto?	mga konseptong may kaugnayan sa multimodal na komunikasyon. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills*, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri ng mga pahiwatig at bumuo ng tamang sagot. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nagagamit ang angkop na bokabularyong akademiko at teknikal sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at impormasyong isinasama sa podcast, infographic, o digital newsletter.* Tamang Sagot: 1. Layout 2. Mikropono 3. Podcast 4. Infographics 5. Digital Newsletter
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Himay-Larawan** **Panuto:** Ipakita sa mga mag-aaral ang mga inihandang larawan kasama ang ilang salitang pahiwatig. Gabayan sila sa pagsusuri sa bawat larawan at salita. Hayaang tukuyin at ipaliwanag ng mga mag-aaral kung ano ang layunin ng aralin na inilalarawan ng mga ito. Hikayatin silang maglahad ng sariling hinuha at bigyang-katwiran ang kanilang mga sagot batay sa mga nakitang larawan at salitang pahiwatig.	**Para sa Opsiyon A: Himay-Larawan** Ang gawaing **Himay-Larawan** ay nagpapasuri sa mga mag-aaral ng mga larawan at salitang pahiwatig upang matukoy ang layunin ng aralin. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil inaaktiba nito ang dating kaalaman ng mga mag-aaral at inihahanda sila sa pag-

	1.  2.  3.  4.  5.  ***Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.**	unawa ng bagong aralin sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-uugnay ng mga biswal na impormasyon. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills*, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na maghinuha, magbigay-kahulugan, at bumuo ng sariling paliwanag mula sa mga larawang ipinakita. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Naipapahayag ang mga konsepto at impormasyon sa pamamagitan ng angkop na kombinasyon ng teksto at mga elementong multimodal tulad ng grap, dayagram, larawan, at iba pang biswal na representasyon.* **Tamang Sagot:** Tingnan ang sagot sa itaas na bahagi ng Lesson Exemplar.
	Opsiyon B: Pitik-Salita **Panuto:** Bigyan ang mga mag-aaral ng sapat na oras upang basahin at unawain ang lahat ng layunin ng aralin. Pagkatapos, ipagamit sa kanila ang isang online collaborative board gaya ng Mentimeter. Ipagawa ang “Pitik-Salita” sa pamamagitan ng pagpapasulat ng isang salita na, sa kanilang palagay, ay pinakamahusay na naglalarawan sa kabuuan ng mga layunin ng aralin. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga sagot ng kanilang mga kaklase at hikayatin silang makibahagi sa maikling talakayan. Ipatukoy din kung aling mga salita ang madalas na	Nakalahad sa Tunguhin ng aralin Para sa Opsiyon B: **Pitik-Salita** Ang gawaing ito ay nagpapabasa sa mga mag-aaral ng mga layunin ng aralin at hinihikayat silang tukuyin ang isang salitang pinakamainam na naglalarawan sa kabuuan ng mga ito. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 3: Paglinang ng**

	lumitaw at gamitin ang mga ito bilang panimulang punto sa pagtalakay ng aralin. *1.* **Natutukoy** ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng *podcast, infographic, o digital newsletter.* 2. **Nagagamit** ang angkop na bokabularyong akademiko at teknikal sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at impormasyong isinasama sa *podcast, infographic, o digital newsletter.* 3. **Naipapahayag** ang mga konsepto at impormasyon sa pamamagitan ng angkop na kombinasyon ng teksto at mga elementong multimodal tulad ng grap, dayagram, larawan, at iba pang biswal na representasyon. 4. **Nakabubuo** ng isang *podcasts, infographics, o digital newsletters* na nagpapakita ng malinaw, organisado, at mabisang paglalahad ng impormasyon batay sa mga nakalap na datos. **5. Nasusuri** ang sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng *podcast, infographic, o digital newsletter* sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto. **Pamprosesong Tanong:** 1. Anong isang salita ang pinili mo upang ilarawan ang kabuuan ng mga layunin? Bakit ito ang napili mo? 2. Ano-ano ang mga salitang madalas lumabas sa sagot ng iyong mga kaklase? 3. Ano ang ipinapakita ng mga karaniwang sagot ng klase tungkol sa inyong pag-unawa sa mga layunin? 4. Paano nakatutulong ang gawain upang mas maipakita at maipaliwanag mo ang iyong pag-unawa sa aralin?	**Komunikasyon at Pakikipag-ugnayan (Communication and Collaboration)** dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magbahagi ng ideya, makinig sa pananaw ng iba, at makilahok sa talakayan. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.3.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills***,** sapagkat sinusuri ng mga mag-aaral ang mga layunin at binubuo ang pangunahing diwa ng mga ito sa pamamagitan lamang ng isang salita. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pag-unawa, at pagbubuod ng mahahalagang ideya. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pagbibilang at pagsusuri ng mga salitang madalas lumabas sa word cloud o resulta ng klase. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto.*
	1. Paglalahad ng Halimbawa	Para sa Opsiyon A: **Tuklas-Teksto**

B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	**Opsiyon A: Tuklas-Teksto** **Panuto:** Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at magtalaga sa bawat pangkat ng isang digital na midyang komunikasyon o multimodal na teksto na susuriin. Ipamahagi ang checklist at ipaliwanag ang mga pamantayang gagamitin sa pagsusuri. Bigyan ang bawat pangkat ng 10 minuto upang suriin ang kanilang nakatalagang teksto at tukuyin ang mga katangian, layunin, at gamit nito. Pagkatapos, maglaan ng 5 minuto para sa pagbabahagi ng resulta ng pagsusuri ng bawat pangkat sa klase. **Unang Pangkat: Podcast**  https://www.youtube.com/watch?v=GCQEF5rukbc&t=226s **Ikalawang Pangkat: Infographics**  **Ikatlong Pangkat: Digital Newsletter** 	Ang gawaing **Tuklas-Teksto** ay nagpapasuri sa mga mag-aaral ng isang digital na midyang komunikasyon o multimodal na teksto upang matukoy ang mga katangian, layunin, at gamit nito. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil pinauunlad nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-unawa sa iba't ibang anyo ng multimodal na teksto. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skill***s**, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri, maghambing, at magbigay ng kongklusyon batay sa kanilang natuklasan. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pagsusuri, at pagpapaliwanag ng impormasyon mula sa teksto. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pag-uuri, paghahambing, at pag-oorganisa ng impormasyon gamit ang checklist. May **EdTech integration** ang gawain kung gagamit ng digital checklist, Google Forms, Padlet, o Google Slides sa pagsusuri at

	  **Ang ilang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.** **May laya ang guro na palitan ang mga halimbawa na nagpapakita ng digital na midyang komunikasyon o multimodal na teksto.** **Checklist sa Pagsusuri ng Digital na Midyang Komunikasyon o Multimodal na Teksto** **Panuto:** Basahin at suriin ang nakatalagang digital na midyang komunikasyon o multimodal na teksto. Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung taglay ng teksto ang sumusunod na katangian. **Pangkat:** _____ **Uri ng Teksto:** ☐ Podcast ☐ Digital Newsletter ☐ Infographics **Pamagat ng Teksto:** _____ **Pamantayan sa Pagsusuri** | **Oo (✓)** | **Hindi (✓)** 1. Malinaw ang pangunahing paksa o mensahe ng teksto. | ☐ | ☐ 2. Ang nilalaman ay may kaugnayan sa paaralan, mag-aaral, o iba pang napapanahong isyu. | ☐ | ☐ 3. Ang impormasyong inilalahad ay tumpak at madaling maunawaan. | ☐ | ☐	pagbabahagi ng resulta ng bawat pangkat. Tumutugon ito sa pagtamo ng *hinimay na kasanayang:* *Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.*

4. Gumagamit ang teksto ng higit sa isang paraan ng pagpapahayag (hal. teksto, larawan, tunog, grapiko, atbp.).	☐	☐
5. Ang wika at tono ng teksto ay angkop sa target na tagatanggap.	☐	☐
6. Ang disenyo, ayos, o presentasyon ng teksto ay nakatutulong sa pag-unawa sa mensahe.	☐	☐
7. Ang teksto ay may malinaw na layunin (magbigay-kaalaman, manghikayat, maglibang, atbp.).	☐	☐
8. Ang teksto ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mambabasa o tagapakinig.	☐	☐
9. Ang impormasyong nakapaloob ay maaaring magamit sa pang-araw-araw na buhay o pag-aaral.	☐	☐
10. Masasabing epektibo ang digital na midyang komunikasyon o multimodal na tekstong sinuri.	☐	☐

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga pangunahing katangian ng digital na midyang komunikasyon o multimodal na tekstong sinuri ng inyong pangkat?
2. Ano ang layunin ng tekstong ito at paano ito nakatutulong sa mga mambabasa o tagapakinig?
3. Sa anong paraan nakatutulong ang mga elementong ginamit (teksto, larawan, tunog, grapiko, atbp.) upang maging mas malinaw ang pag-unawa ng mensahe?

Opsiyon B: Tagpong-Teksto

Panuto*:* Ipagawa sa mga mag-aaral, gamit ang *Google Drawings* o malinis na papel, ang isang *Venn diagram* na nagpapakita ng pagkakatulad at pagkakaiba ng *podcast, infographic, at digital newsletter* batay sa mga halimbawang ibinigay. Ipaalala sa kanila na gamitin bilang batayan ang mga naunang larawan ng *podcast, infographics, at digital newsletter* na makikita sa bahaging "Tuklas-Teksto." Pagkatapos, ipasuri sa mga mag-aaral ang kanilang nabuong *Venn diagram* at tawagin ang ilang pangkat o mag-aaral upang ibahagi sa klase ang kanilang mga natuklasan.

***Ang ilang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.**

Para sa Opsiyon B: **Tagpong-Teksto**

Ang gawaing **Tagpong-Teksto** ay nagpapahambing sa mga mag-aaral ng *podcast, infographic*, at *newsletter* sa pamamagitan ng pagbuo ng *Venn Diagram* upang matukoy ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba.

Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil pinauunlad nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paghahambing,

	May laya ang guro na palitan ang mga halimbawa na nagpapakita ng digital na midyang komunikasyon o multimodal na teksto.** **Pamprosesong Tanong:** **1.** Ano ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng *podcast, infographic, at newsletter* batay sa inyong pagsusuri? **2.** Alin sa tatlong uri ng midya ang pinakamadaling maunawaan para sa inyo? bakit? **3.** Paano nakatutulong ang bawat isa (*podcast, infographic, at newsletter*) sa pagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral? ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 2	at pag-uugnay ng mga konsepto tungkol sa multimodal na teksto. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills***,** sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri at mag-organisa ng impormasyon upang makabuo ng makabuluhang paghahambing. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri ng mga katangian ng bawat teksto. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pag-uuri, pagkakategorya, at organisasyon ng impormasyon gamit ang Venn Diagram. May **EdTech integration** ang gawain sa paggamit ng **Google Drawings**, Canva, o iba pang digital graphic organizers para sa kolaboratibong pagbuo ng Venn Diagram. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.*
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Pagbuo ng Teksto Gamit ang Podcasts, Infographics, o Digital Newsletters**	*Malaya ang guro na gumamit ng iba't ibang estratehiyang aangkop sa pagtuturo ng bahaging ito. Siguraduhin lamang na maging*

	I. Pagpapakahulugan sa Datos na Nakalarawan sa Multimodal na Anyo Ang pagbuo ng epektibong podcasts, infographics, at digital newsletters ay nagsisimula sa kakayahang bigyang-kahulugan ang datos na ipinapakita sa iba't ibang multimodal na anyo. Mahalaga ito upang maunawaan ang impormasyon bago ito ipahayag sa isang bagong anyo. **A. Multimodal na Anyo ng Datos.** Ito ay tumutukoy sa paggamit ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag (*visual, audio, textual*) upang makapaghatid ng impormasyon. Sa konteksto ng datos, ito ay maaaring: • **Tsart:** Isang graphical na representasyon ng datos, tulad ng bar chart, pie chart, o line graph, na nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga *variable.* • **Talahanayan:** Isang organisadong paghahanay ng datos sa mga hanay (rows) at kolum (columns) para sa madaling paghahambing at pagsusuri. • **Pigura:** Anumang ilustrasyon, diagram, mapa, o larawan na nagbibigay ng biswal na representasyon ng impormasyon. • **Iba pa:** Mga mapa, flowcharts, diagram, atbp. **B. Pagbibigay-Kahulugan sa Datos na Nakalarawan** Upang mabigyang-kahulugan ang datos na nakalarawan sa ibat-ibang multimodal na anyo, mahalagang isagawa ang sumusunod na hakbang: 1. **Basahin ang Pamagat at Labels:** Ang pamagat ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya tungkol sa datos, habang ang mga labels sa axes (para sa tsart) o mga heading (para sa talahanayan) ay nagpapaliwanag sa mga baryabol na inilalahad. 2. **Suriin ang Yunit ng Sukat:** Alamin kung anong yunit ang ginagamit (hal. porsyento, bilang, halaga) upang maunawaan ang magnitude ng datos. 3. **Hanapin ang mga Trend o Pattern:** Mayroon bang pagtaas o pagbaba? Mayroon bang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga kategorya? Ano ang pinakamataas o pinakamababang halaga?	*malikhain at aakma sa mga mag-aaral ang gagamiting paraan ng pagtuturo – ito'y hindi nakapokus sa guro bagkus tinutugunan nito ang mga elemento na nasa SHS IDF.*

4. **Tukuyin ang mga Outlier:** Mayroon bang datos na lumalabas sa karaniwan? Bakit kaya?
5. **Unawain ang Relasyon:** Paano nagkakaugnay ang iba't ibang bahagi ng datos? Ano ang ipinapahiwatig ng mga relasyong ito?
6. **Hinuha ang Pangunahing Mensahe:** Ano ang pangunahing ideya o konklusyon na maaaring makuha mula sa datos? Ano ang nais iparating ng datos?

II. Pakikilahok: Pagsunod sa mga Pamamaraan, Panuto, o Proseso

A. Mga Pamamaraan o Proseso sa Pagbuo ng Multimodal na Teksto

Uri ng Teksto	**Pamamaraan/Proseso**	**Anyo ng Panuto/Gabay**
Podcasts	1. Pagpaplano (paksa, script, layunin). 2. Pagre-record (audio quality, mikropono). 3. Pag-e-edit (pagtanggal ng ingay, pagdaragdag ng musika/sound effects). 4. Pag-publish (hosting platform, promotion).	Pasalita (tutorials, workshops), Pasulat (blog posts, guides), Multimodal (video tutorials, diagrams ng setup).
Infographics	1. Pagpaplano (datos, mensahe, awdyens). 2. Pagdisenyo (layout, kulay, font, icons). 3. Pagbuo (paggamit ng design tools). 4. Pagbabahagi (social media, website).	Pasulat (design principles, software manuals), Multimodal (templates, video demos ng design tools).
Digital Newsletters	1. Pagpaplano (nilalaman, seksyon, layunin). 2. Pagsusulat (maikli, engaging na teksto). 3. Pagdisenyo (layout, images, branding).	Pasulat (best practices sa email marketing), Multimodal (templates, video

	4. Pagpapadala (email marketing platform, analytics).	walkthroughs ng platforms).

B. Pagsunod sa Panuto para sa Matagumpay na Resulta

Ang pagsunod sa mga panuto ay hindi lamang tungkol sa paggawa ng tama, kundi sa paggawa ng epektibo. Ito ay nangangailangan ng:

- **Masusing Pagbasa/Pakikinig**
- **Pag-unawa sa Layunin**
- **Pagsubok at Pag-adjust**
- **Paggamit ng Multimodal na Gabay**.

III. Pagpapaliwanag ng Konsepto Gamit ang Angkop na Bokabularyo at Multimodal na Representasyon

Ang pagpapahayag ay ang kakayahang ipaliwanag ang mga konsepto gamit ang angkop na bokabularyo at wikang akademiko at teknikal, kasama ang representasyong multimodal. Ito ay mahalaga upang maiparating ang impormasyon nang malinaw at epektibo sa mga awdyens.

A. Angkop na Bokabularyo at Wikang Akademiko/Teknikal

Sa pagbuo ng podcasts, infographics, at digital newsletters, mahalaga ang paggamit ng wikang angkop sa paksa at sa awdyens.

- **Podcasts:** Maaaring gumamit ng wikang akademiko o teknikal kung ang paksa ay seryoso at ang awdyens ay may kaalaman sa larangan. Gayunpaman, mahalaga ring gawing *accessible* ang wika sa mas malawak na awdyens sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga kumplikadong termino.
- **Infographics:** Ang wika ay dapat maikli, direkta, at madaling maunawaan. Gumamit ng mga susing salita at parirala na nagbubuod sa impormasyon. Kung may teknikal na termino, tiyaking ito ay naipaliwanag o nabigyan ng biswal na representation.
- **Digital Newsletters:** Ang wika ay dapat na *engaging* at impormatibo. Maaaring gumamit ng wikang akademiko o teknikal kung ang *newsletter* ay para sa isang

espesyalisadong awdyens, ngunit dapat pa ring malinaw at madaling basahin.

B. Representasyong Multimodal (Dayagram, Grap, Tsart, Infographic)

Ang paggamit ng representasyong multimodal ay nagpapalakas sa pagpapahayag ng mga konsepto, lalo na sa mga kumplikadong datos o ideya.

- **Dayagram:** Ito ay ginagamit upang ipakita ang proseso, estruktura, o relasyon ng mga bahagi. Halimbawa, isang dayagram ng workflow para sa paggawa ng podcast.
- **Grap:** Ginagamit upang ipakita ang mga trend, paghahambing, o distribusyon ng datos. Halimbawa, isang bar graph na nagpapakita ng pagtaas ng bilang ng podcast listeners.
- **Tsart:** Katulad ng grap, ginagamit din ito upang biswal na i-representa ang datos. Halimbawa, isang pie chart na nagpapakita ng porsyento ng mga subscriber sa isang newsletter.
- **Infographic:** Isang kombinasyon ng teksto, larawan, at grapiko na nagpapaliwanag ng isang kumplikadong paksa sa isang biswal na kaakit-akit at madaling maunawaan na paraan. Ito ay ang pinakamahusay na halimbawa ng multimodal na representasyon.

C. Paglalapat sa Podcasts, Infographics, at Digital Newsletters


Uri ng Teksto	**Paano Ginagamit ang Multimodal na Representasyon**
Podcasts	Maaaring gumamit ng mga dayagram o tsart na ipinapakita sa website ng podcast upang suportahan ang audio discussion. Ang audio mismo ay isang multimodal na representasyon ng teksto.
Infographics	Ang infographic ay isang multimodal na representasyon. Ito ay nagpapaliwanag ng mga konsepto gamit ang kombinasyon ng teksto, grapiko, at datos.
Digital Newsletters	Maaaring maglaman ng mga grap, tsart, o infographic upang biswal na maipakita ang datos o konsepto. Ang layout at disenyo ng newsletter ay nakatutulong din sa pagpapalakas ng multimodal na pagpapahayag.


3. Paglinang ng Kabihasaan

Para sa Opsiyon A: **KaLIKHAsan**

	Opsiyon A: KaLIKHAsan **Panuto**: Ipamahagi sa mga mag-aaral ang artikulong tumatalakay sa mga isyung pangkalikasan at pagbabago ng klima. Ipaunawa sa kanila ang nilalaman ng artikulo at ipapili ang bawat mag-aaral ng isa (1) uri ng multimodal na teksto na kanilang bubuuin batay sa paksa. Bigyan sila ng 20 minuto upang likhain ang kanilang napiling awtput. Pagkatapos, maglaan ng 10 minuto para sa maikling presentasyon. Ipatanghal sa mga mag-aaral ang kanilang awtput at ipaliwanag kung bakit iyon ang kanilang napili at kung paano nito naipahahayag nang malinaw ang paksa ng artikulo. 🎧 **Podcast** – Sumulat ng maikling intro *script* para sa podcast. 📻 **Newsletter** –Gumawa ng mga kaakit-akit o "*catchy*" na pamagat para sa newsletter. 📊 **Infographic** –Gumuhit o bumuo ng unang borador (*sketch*) ng infographic. **Artikulo** Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang **pinakaapektado ng climate change** dahil sa lokasyon nito sa Pacific typhoon belt. Ayon sa OECD Economic Surveys, ang bansa ay tinatamaan ng humigit-kumulang **20 bagyo bawat taon**, at nasa **8–9 dito ang direktang tumatama sa lupa**, na nagdudulot ng malawakang pinsala sa kabahayan, agrikultura, at imprastraktura. Isa sa pinakamalaking epekto ng pagbabago ng klima ay ang **paglala ng mga bagyo at pagbaha**. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pag-init ng karagatan ay nagpapalakas ng mga tropical cyclone, kaya nagiging mas malakas at mas mapaminsala ang mga ito. Sa ilang insidente noong 2024, may mga sunod-sunod na bagyo sa loob lamang ng ilang linggo na nakaapekto sa **mahigit 13 milyong katao** sa Pilipinas. Bukod dito, ayon sa Philippine Statistics Authority, umabot sa **₱457.41 bilyon ang ginastos ng pamahalaan noong 2024** para sa climate change programs tulad ng flood control, disaster preparedness, at water management. Ipinapakita rin ng datos na **96.6% ng pondo ay nakalaan sa adaptation projects**, ibig sabihin mas nakatuon ang bansa	Ang gawaing **KaLIKHAsan** ay nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na makalikha ng isang multimodal na teksto batay sa isang artikulo tungkol sa mga isyung pangkalikasan at pagbabago ng klima at maipaliwanag ang kanilang naging pagpili at paraan ng paglalahad ng impormasyon. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 2: Paglikha at Paglalapat (Creation and Application)** dahil inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa pagbuo ng isang orihinal na multimodal na produkto upang maipahayag ang impormasyon sa malikhaing paraan. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills***,** sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri ng impormasyon, pumili ng angkop na midyum, at lumikha ng makabuluhang output. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pagsusuri, pagsulat, at pasalitang pagpapaliwanag ng impormasyon. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pag-oorganisa, pagbibigay-kahulugan, at presentasyon ng datos o

	sa pag-angkop sa epekto ng *climate change* kaysa sa pagbabawas ng sanhi nito tulad ng *greenhouse gas emissions*. Sa kabuuan, ang mga isyung pangkapaligiran tulad ng polusyon, *deforestation*, at maling pamamahala ng likas-yaman ay lalo pang nagpapalala sa epekto ng *climate change*. Kaya mahalaga ang pagtutulungan ng pamahalaan, paaralan, at mamamayan upang maprotektahan ang kalikasan at mabawasan ang panganib ng mga sakuna. **Sanggunian** ● OECD (2026), *Confronting Climate Change: Philippines Economic Survey* ● Philippine Statistics Authority (2025), *Government Climate Change Expenditures 2024* ● World Weather Attribution / climate studies on typhoon intensification (2024 reports) ● Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) related climate data **Batayan sa Pagpupuntos:** 1. Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa – 10 puntos 2. Kawastuhan ng Impormasyon – 10 puntos 3. Pagkamalikhain at Presentasyon – 10 puntos 4. Angkop sa napiling Midya (Podcast/Newsletter/Infographic) – 10 puntos 5. Pagtatanghal at Paliwanag – 10 puntos **KABUOAN 50 puntos**	impormasyong maaaring nakapaloob sa artikulo. May **EdTech integration** ang gawain sa paggamit ng Canva, Google Docs, Google Slides, Audacity, o iba pang digital tools sa pagbuo at presentasyon ng multimodal na teksto. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nakabubuo ng isang podcasts, infographics, o digital newsletters na nagpapakita ng malinaw, organisado, at mabisang paglalahad ng impormasyon batay sa mga nakalap na datos.*
	Opsiyon B: Hagilap- Kaalaman **Panuto:** Hahatiin ang klase sa **apat (4) na pangkat**. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang set ng iba't ibang **multimodal na materyales** at isang **worksheet**. Basahin at suriin nang mabuti ang bawat materyales, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa *worksheet* upang matukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob dito.	Para sa Opsiyon B: **Hagilap-Kaalaman** Ang gawaing **Hagilap-Kaalaman** ay nagpapasuri sa mga mag-aaral ng iba't ibang multimodal na materyales upang matukoy at maunawaan ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga ito. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng**

	Unang Pangkat- Populasyon ng mga piling rehiyon sa Pilipinas  **Mga Tanong:** 1. Anong uri ng grap ang ginamit upang maipakita ang populasyon ng mga rehiyon ng Pilipinas? 2. Alin sa mga rehiyon ang may pinakamahabang bar sa grap? Ano ang ibig sabihin nito? 3. Alin ang rehiyong may pinakamaikling bar? Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa populasyon nito? 4. Kung gagawa ka ng podcast batay sa bar graph na ito, anong tatlong pangunahing obserbasyon ang banggitin mo sa simula ng iyong ulat? 5. Ikaw ay gagawa ng infographic tungkol sa populasyon. Paano mo gagawing mas makabuluhan ang bar graph na ito para sa mga kabataang mambabasa? 6. Ang isang digital newsletter ay nag-uulat tungkol sa 'problema ng overpopulation sa NCR.' Batay sa bar graph, sapat ba ang datos na ito upang suportahan ang pahayag na iyon? Bakit o bakit hindi?	**Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil pinauunlad nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkuha, pagsusuri, at pag-unawa ng impormasyon mula sa iba't ibang anyo ng teksto. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills*, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri, magbigay-kahulugan, at bumuo ng kongklusyon mula sa mga impormasyong kanilang natuklasan. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri ng iba't ibang multimodal na materyales. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pag-oorganisa, paghahambing, at interpretasyon ng datos o impormasyong maaaring makita sa mga materyales. Maaaring magkaroon ng **EdTech integration** sa paggamit ng digital worksheets, Google Forms, Padlet, o Google Classroom para sa pagsusuri at pagbabahagi ng mga sagot ng bawat pangkat. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart,*

	Ikalawang Pangkat- Pamamahagi ng Pambansang badget ng Pilipinas  **Mga Tanong:** 1. Anong sektor ang may pinakamalaking bahagi sa pie chart ng pambansang badyet 2024? 2. Ang pie chart ay nagpapakita ng pamamahagi ng badyet sa iba't ibang sektor. Paano mo ikukumpara ang bahagi ng Imprastraktura (15.8%) sa Agrikultura (5.1%)? Ano ang ibig sabihin ng pagkakaibang ito? 3. Kung ikaw ay isang mamamahayag na gumagawa ng digital newsletter, aling sektor ang una mong pag-uusapan at bakit? Paano mo gagamitin ang datos mula sa pie chart upang suportahan ang iyong kwento? 4. Kung ikaw ay gagawa ng infographic para sa mga kabataang mag-aaral tungkol sa Badyet 2024, paano mo gagawing mas madaling maunawaan ang porsyento ng bawat sektor? 5. Ang pie chart ay nagpapakita ng nakaplanong badyet, hindi ang aktwal na gastos. Paano mo ipapaliwanag ang	*talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.*

mahalagang pagkakaibang ito sa iyong mga tagapakinig sa isang podcast?

6. Kung ikaw ay gumagawa ng digital newsletter para sa dalawang magkaibang audience — (a) mga guro at (b) mga magsasaka — paano mo bibigyang diin ang magkaibang aspeto ng parehong pie chart ng badyet para sa bawat grupo?

Ikatlong Pangkat- Datos ng kalikasan at kapaligiran

MATERYALES 3 — TALAHANAYAN

Datos ng kalikasan at kapaligiran ng Pilipinas (2019–2023)

Pinagmulan: DENR, PAGASA, EMB — Ibo't ibang tagapagpahiwatig ng kalikasan

Tagapagpahiwatig	2019	2020	2021	2022	Kalakaran
Sukat ng kagubatan milyong ektarya	7.80	7.66	7.55	7.41	Bumababa
Bilang ng bagyo bawat taon	21	19	25	18	Di-tiyak
Air Quality Index (NCR) average PM2.5 µg/m³	18.4	14.2	15.8	17.1	Pabago-bago
Coral reef coverage % sa maganda ang kondisyon	22.4%	21.9%	21.2%	20.8%	Bumababa
Solid waste generated milyong tonelada bawat taon	21.5	19.8	20.4	22.1	Tumataas
Renewable energy share % ng kabuuang enerhiya	29.1%	30.4%	31.2%	33.0%	Tumataas

Tandaan: Ang talahanayan ay nagpapakita ng maraming datos nang sabay-sabay. Basahin ang mga label ng kolum at hilera bago suriin ang mga numero.

Gumawa ng tanong para dito ↗

Mga Tanong:

1. Ilang tagapagpahiwatig ng kalikasan ang inilalarawan sa talahanayan? Itala ang mga ito.
2. Alin sa mga tagapagpahiwatig ang may kalakaran na 'Di-tiyak'? Ano ang ibig sabihin nito?
3. Batay sa talahanayan, alin ang dalawang tagapagpahiwatig na pare-parehong nagpapakita ng masamang balita para sa kalikasan ng Pilipinas mula 2019 hanggang 2022? Ipaliwanag.
4. Kung ikaw ay gumagawa ng infographic tungkol sa kalagayan ng kalikasan ng Pilipinas batay sa talahanayan, paano mo ihahanay ang anim na tagapagpahiwatig? Alin ang ilalagay mo sa itaas bilang pinakamahalagang mensahe?

	5. Paano mo gagamitin ang datos ng talahanayan upang makagawa ng isang kaakit-akit at mapanghikayat na podcast script na hihikayat sa mga kabataan na pangalagaan ng kalikasan? 6. Ang talahanayan ay nagpapakita ng datos mula 2019 hanggang 2022 lamang. Ano ang mga limitasyon ng datos na ito at paano ito nakakaapekto sa iyong konklusyon kung gagawa ka ng digital newsletter tungkol sa kalikasan ng Pilipinas? **Ikaapat na Pangkat- Average ng temperatura ng bawat buwan**  **Mga Tanong:** 1. Anong uri ng grap ang ginagamit upang maipakita ang temperatura ng NCR at Davao City? Bakit angkop ang uri ng grap na ito para sa pagpapakita ng datos ng temperatura? 2. Ihambing ang pattern ng linya ng NCR at Davao City sa buong taon. Ano ang pangunahing pagkakaiba ng dalawang lungsod batay sa line graph?	

	3. Alin sa dalawang lungsod ang mas 'predictable' ang temperatura sa buong taon? Paano mo nasabi ito batay sa line graph? 4. Kung ikaw ay gumagawa ng infographic tungkol sa klima ng Pilipinas para sa mga turista, paano mo gagamitin ang line graph ng temperatura upang tulungan silang mapili ang pinakamainam na buwan ng pagbisita sa NCR at Davao City? 5. Paano mo itatampok ang line graph ng temperatura sa isang 3-minutong podcast episode tungkol sa epekto ng klima sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino? 6. Kung gagawin mong digital newsletter ang datos ng line graph, paano mo ipapakita ang pagkakaiba ng klima ng NCR at Davao nang may parehong teksto at biswal na elemento? ***May laya ang guro na palitan ang mga graph**	
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: Eco-Likha** **Panuto**: Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at magtalaga sa bawat pangkat ng isang uri ng multimodal na teksto: podcast, digital newsletter, o infographic. Ipaalala sa mga mag-aaral na gamitin ang impormasyong kanilang nakalap at nasuri sa naunang gawain, gayundin ang artikulong tumatalakay sa mga isyung pangkalikasan at pagbabago ng klima, bilang pangunahing sanggunian sa pagbuo ng kanilang awtput. Bigyan ang bawat pangkat ng 20 minuto upang bumuo at ayusin ang kanilang napiling multimodal na teksto. Paalalahanan silang tiyaking malinaw, wasto, organisado, at nakabatay sa artikulo ang paglalahad ng impormasyon. Maglaan ng 10 minuto para sa maikling presentasyon ng bawat pangkat at pagbabahagi ng kanilang awtput sa klase.	Para sa Opsiyon A: **Eco-Likha** Ang gawaing **Eco-Likha** ay nagpapalapat sa mga mag-aaral ng kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagbuo ng podcast, newsletter, o infographic batay sa impormasyong kanilang nakalap tungkol sa mga isyung pangkalikasan at pagbabago ng klima. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 2: Paglikha at Paglalapat (Creation and Application)** dahil ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman at kasanayan upang makalikha ng isang organisado at makabuluhang multimodal na teksto. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of*



Artikulo

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang **pinakaapektado ng climate change** dahil sa lokasyon nito sa Pacific typhoon belt. Ayon sa OECD Economic Surveys, ang bansa ay tinatamaan ng humigit-kumulang **20 bagyo bawat taon**, at nasa **8–9 dito ang direktang tumatama sa lupa**, na nagdudulot ng malawakang pinsala sa kabahayan, agrikultura, at imprastraktura.

Isa sa pinakamalaking epekto ng pagbabago ng klima ay ang **paglala ng mga bagyo at pagbaha**. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pag-init ng karagatan ay nagpapalakas ng mga tropical cyclone, kaya nagiging mas malakas at mas mapaminsala ang mga ito. Sa ilang insidente noong 2024, may mga sunod-sunod na bagyo sa loob lamang ng ilang linggo na nakaapekto sa **mahigit 13 milyong katao** sa Pilipinas.

Bukod dito, ayon sa Philippine Statistics Authority, umabot sa **₱457.41 bilyon ang ginastos ng pamahalaan noong 2024** para sa climate change programs tulad ng flood control, disaster preparedness, at water management.

Ipinapakita rin ng datos na **96.6% ng pondo ay nakalaan sa adaptation projects**, ibig sabihin mas nakatuon ang bansa sa pag-angkop sa epekto ng *climate change* kaysa sa pagbabawas ng sanhi nito tulad ng *greenhouse gas emissions*.

*teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills***,** sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri ng impormasyon, pumili ng angkop na paraan ng paglalahad, at lumikha ng sariling output.

Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pagsusuri, pagsulat, at pagbuo ng mensahe gamit ang iba't ibang anyo ng komunikasyon. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pag-oorganisa, pagbibigay-kahulugan, at presentasyon ng mga datos at impormasyon mula sa artikulo.

May **EdTech integration** ang gawain sa paggamit ng Canva, Google Docs, Google Slides, Audacity, o iba pang digital tools sa paglikha ng podcast, newsletter, at infographic.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nakabubuo ng isang podcasts, infographics, o digital newsletters na nagpapakita ng malinaw, organisado, at mabisang paglalahad ng impormasyon batay sa mga nakalap na datos.*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 3

	Sa kabuuan, ang mga isyung pangkapaligiran tulad ng polusyon, *deforestation*, at maling pamamahala ng likas-yaman ay lalo pang nagpapalala sa epekto ng *climate change*. Kaya mahalaga ang pagtutulungan ng pamahalaan, paaralan, at mamamayan upang maprotektahan ang kalikasan at mabawasan ang panganib ng mga sakuna. **Sanggunian** ● OECD (2026), *Confronting Climate Change: Philippines Economic Survey* ● Philippine Statistics Authority (2025), *Government Climate Change Expenditures 2024* ● World Weather Attribution / climate studies on typhoon intensification (2024 reports) ● Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) related climate data **Batayan sa Pagpupuntos:** 1. Nilalaman at Katumpakan ng Impormasyon – 40 puntos 2. Organisasyon at Kalinawan ng Presentasyon – 20 puntos 3. Pagkamalikhain at Kaangkupan ng Disenyo /Presentasyon – 20 puntos 4. Paggamit ng Wika – 10 puntos 5. Pagsunod sa Panuto – 10 puntos **KABUOAN 100 puntos**	
	Opsiyon B: Planong Panalo **Panuto:** Hahatiin ang klase sa **tatlong pangkat**. Bawat pangkat ay gaganap bilang **content creators** na gagawa ng isang proposal o plano na multimodal na teksto (podcast, digital newsletter o infographics) tungkol sa isang **isyung pangkalikasan at epekto ng climate change sa inyong lugar**. Ang guro o piling mag-aaral ay gaganap bilang **client** na may tiyak na layunin para sa gagawing output. Sa presentasyon, ilahad ang sumusunod: 1. Isyung pangkalikasan na tatalakayin 2. Layunin ng mensahe 3. Target na tagapakinig 4. Napiling format at dahilan ng pagpili	Para sa Opsiyon B: Planong Panalo Ang gawaing **Planong Panalo** ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong magplano at magdisenyo ng isang multimodal na teksto bilang tugon sa pangangailangan ng isang kliyente tungkol sa isyung pangkalikasan at epekto ng climate change. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 2: Paglikha at Paglalapat (Creation and Application)** dahil inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang

	5. Mahahalagang nilalaman at elementong isasama. Pagkatapos ng presentasyon, sasagutin ng bawat pangkat ang mga tanong ng client upang maipaliwanag at maipagtanggol ang kanilang mga desisyon. **Unang Pangkat:** **Role Play: Client-Creator Meeting** **Sitwasyon 1: 🎧 Podcast** **Client:** Sangguniang Kabataan (SK) **Pangangailangan:** Napapansin ng SK na mas madalas nang nakararanas ng matinding init at pabago-bagong panahon ang mga residente. Nais nilang makalikha ng isang podcast na magpapaliwanag sa mga sanhi at epekto ng climate change at magbibigay ng mga praktikal na hakbang na maaaring gawin ng mga mamamayan upang makatulong sa pangangalaga ng kalikasan. **Gawain ng Content Creators:** Magmungkahi ng plano para sa isang podcast episode na magbibigay ng kaalaman at hihikayat sa komunidad na makiisa sa mga gawaing pangkalikasan. **Ikalawang Pangkat:** **Sitwasyon 2: 📰 Digital Newsletter** **Client:** Punong-guro ng Paaralan **Pangangailangan:** Nais ng paaralan na ipabatid sa mga mag-aaral at magulang ang mga suliraning pangkalikasan sa komunidad, tulad ng hindi wastong pagtatapon ng basura at pagbaha tuwing tag-ulan. Hinihiling ng paaralan ang pagbuo ng isang digital newsletter na naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga suliraning ito, mga epekto nito, mga at mga programang maaaring salihan ng mga mag-aaral. **Gawain ng Content Creators:** Maghanda ng plano para sa isang digital newsletter na magiging impormatibo at makahihikayat ng pakikilahok ng komunidad ng paaralan. **Ikatlong Pangkat***:* **Sitwasyon 3: 📊 Infographic**	kaalaman sa pagbuo ng isang proposal at pagdidisenyo ng angkop na multimodal na produkto para sa isang tiyak na layunin at tagatanggap. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills*, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magplano, magdesisyon, at bumuo ng malikhaing solusyon batay sa pangangailangan ng kliyente. Nalilinang ang **literacy** sa pagsusuri ng layunin, pagbuo ng proposal, at pagpapaliwanag ng mga ideya. Nahahasa naman ang **numeracy** sa pag-oorganisa at pagpaplano ng mga detalye, gawain, at impormasyong ilalahad sa output. May **EdTech integration** ang gawain sa paggamit ng Canva, Google Docs, Google Slides, Padlet, o iba pang digital tools para sa pagbuo at presentasyon ng proposal. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: Nakabubuo ng isang podcasts, infographics, o digital newsletters na nagpapakita ng malinaw, organisado, at mabisang paglalahad ng impormasyon batay sa mga nakalap na datos.

	Client: Barangay Council **Pangangailangan:** Tumataas ang bilang ng mga lugar sa barangay na naaapektuhan ng pagbaha dahil sa baradong kanal at sobrang dami ng basura. Nais ng barangay na magpalabas ng isang infographic na magpapakita ng datos, sanhi, epekto, at mga paraan upang maiwasan ang pagbaha at makatulong sa pangangalaga ng kapaligiran. **Gawain ng Content Creators:** Magdisenyo ng plano para sa isang infographic na madaling maunawaan at maaaring ibahagi sa social media at mga pampublikong lugar sa barangay. **Batayan sa Pagpupuntos:** 1. Pag-unawa sa Isyung Pangkalikasan at Pagbabago ng Klima – 40 puntos 2. Kaangkupan ng Iminungkahing Multimodal na Teksto – 20 puntos 3. Kalidad ng Plano o Proposal – 20 puntos 4. Presentasyon at Pakikipagtalastasan – 10 puntos 5. Kooperasyon at Partisipasyon ng Pangkat – 10 puntos **KABUOAN 100 puntos**	
	2. Paglalahat **Opsiyon A: Tuklas- Karanasan** **Panuto:** Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang sariling pagninilay tungkol sa kanilang karanasan at mga natutuhan sa pagbuo ng podcast, digital newsletter, at infographic. Hikayatin silang maging tapat at bukas sa kanilang mga sagot at ibatay ang kanilang pagninilay sa aktuwal na karanasan, hamon, natutuhan, at kasanayang nahasa sa isinagawang gawain. Bigyan sila ng 7 minuto upang maisulat ang kanilang pagninilay at 3 minuto upang magbahagi ng ilang sagot sa klase. Paalalahanan silang walang iisang tamang sagot sa gawaing ito; mahalaga ang malinaw at makabuluhang pagpapahayag ng sariling pag-unawa.	Para sa Opsiyon A: **Tuklas-Karanasan** Ang gawaing **Tuklas-Karanasan** ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magnilay at suriin ang kanilang mga natutuhan at karanasan sa pagbuo ng podcast, digital newsletter, at infographic. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 4: Pagninilay at Pagpapahusay (Reflection and Improvement)** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang sariling pagkatuto at kilalanin ang mga kasanayang napaunlad sa buong gawain.



Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 4

Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.6.2 – Use effective verbal and non-verbal classroom communication strategies to support learner understanding, participation, engagement, and achievement***,** sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maipahayag at maibahagi ang kanilang mga natutuhan at karanasan.


Nalilinang ang **literacy** sa pagsulat ng repleksiyon, pag-oorganisa ng ideya, at pagpapahayag ng sariling pananaw.

Nahahasa naman ang **numeracy** sa lohikal na pag-oorganisa at pagsusuri ng mga karanasan at natutuhan.

Maaaring magkaroon ng **EdTech integration** sa paggamit ng Google Docs, Padlet, Blogger, o video-recording applications para sa digital na repleksiyon.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

Nasusuri ang sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto.

	Opsiyon B: Hagip-Diwa **Panuto:** Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsusuri sa mga sumusunod na tagline upang makabuo ng isa hanggang dalawang pangungusap na bubuod sa tinalakay na aralin. 1. Sa bawat disenyo, salita at tunog, nabubuo ang makapangyarihang komunikasyon.  2. Maging boses, larawan at mensahe ng makabuluhang pagbabago.  3. Ang kaalaman ay higit na nauunawaan kapag ipinapahayag sa iba't ibang anyo.  	Para sa Opsiyon B: **Hagip-Diwa** Ang gawaing ito ay nagpapasuri sa mga mag-aaral ng isang tagline upang mabuo nila ang pangunahing diwa o buod ng tinalakay na aralin. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 4: Pagninilay at Pagpapahusay (Reflection and Improvement)** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na balikan, suriin, at ibuod ang mahahalagang natutuhan mula sa aralin. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.5.2 – Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills***,** sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri, magbigay-kahulugan, at bumuo ng maikling buod mula sa isang konsepto o mensahe. Nalilinang ang **literacy** sa pag-unawa, pagbubuod, at malinaw na pagpapahayag ng ideya. Nahahasa naman ang **numeracy** sa lohikal na pag-oorganisa at pagsasama-sama ng mahahalagang impormasyon. Maaaring magkaroon ng **EdTech integration** sa paggamit ng Mentimeter, Padlet, o Google Classroom para sa pagbabahagi at paghahambing ng mga nabuong buod. Tumutugon ito sa pagtamo

	***Ang ilang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.**	ng hinimay na kasanayang: *Naipapahayag ang mga konsepto at impormasyon sa pamamagitan ng angkop na kombinasyon ng teksto at mga elementong multimodal tulad ng grap, dayagram, larawan, at iba pang biswal na representasyon.*
	3. Pagtataya **Opsiyon A: Aydentipikasyon** **Panuto:** Tukuyin ang hinihingi sa bawat bilang. Isulat ang tamang sagot sa patlang. 1. Isang graphical na representasyon ng datos, tulad ng bar chart o pie chart, na nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga variable. 2. Ito ay tumutukoy sa paggamit ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag tulad ng visual, audio, at textual upang magbigay ng impormasyon. 3. Isang organisadong paghahanay ng datos sa mga hanay (rows) at kolum (columns) para sa madaling paghahambing. 4. Ang tawag sa patuloy na pagsusuri sa sariling pakikilahok upang matukoy ang mga kalakasan at aspekto na dapat pang linangin. 5. Isang kombinasyon ng teksto, larawan, at grapiko na nagpapaliwanag ng isang kumplikadong paksa sa paraang biswal na madaling maunawaan.	Para sa Opsiyon A: **Aydentipikasyon** Ang gawaing ito ay sumusukat sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang konsepto at terminong tinalakay sa aralin sa pamamagitan ng pagtukoy ng tamang sagot sa bawat bilang. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil sinusukat nito ang antas ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong kanilang napag-aralan. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 5.1.2 – Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements***,** sapagkat ginagamit ang gawain bilang pagtataya ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pag-unawa, at wastong paggamit ng mga konsepto at termino. Nahahasa naman ang

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>numeracy sa lohikal na pag-iisip at pagsusuri ng mga impormasyong kailangan upang makabuo ng tamang sagot.
Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:
Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.
Tamang Sagot

1. Tsart 4. Pagninilay
2. Multimodal 5. Infographics
3. Talahanayan</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>Opsiyon B: Pagtatapat-tapat
Panuto: Itapat ang mga deskripsyon sa Hanay A sa kaukulang termino sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.
<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>1. Pag-alis ng ingay at pagdagdag ng sound effects.</td><td>A. Pag-publish</td></tr>
<tr><td>2. Anumang ilustrasyon, diagram, o mapa.</td><td>B. Pigura</td></tr>
<tr><td>3. Pagpili ng layout, kulay, font, at icons.</td><td>C. Pag-e-edit</td></tr>
<tr><td>4. Paglalagay ng content sa isang hosting platform.</td><td>D. Pagdisenyo</td></tr>
<tr><td>5. Ginagamit upang ipakita ang proseso o estruktura.</td><td>E. Dayagram</td></tr>
</table></td>
<td>Para sa Opsiyon B: Pagtatapat-tapat
Ang gawaing ito ay sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na maiugnay ang mga konsepto at terminong kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagtatapat ng mga deskripsyon at tamang sagot.
Tumutugon ito sa SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development) dahil pinatitibay nito ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang konsepto at terminong may kaugnayan sa aralin.
Maiuugnay ito sa PPST Indicator 5.1.2 – Design, select,</td>
</tr>
</table>

		organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements, sapagkat nagsisilbi itong pagtataya ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nagagamit ang angkop na bokabularyong akademiko at teknikal sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at impormasyong isinasama sa podcast, infographic, o digital newsletter.* **Tamang Sagot** 1. C 4. A 2. B 5. E 3. D
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Aral sa Bawat Likha** **Panuto:** Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsusulat ng isang **blog post** o paggawa ng isang **maikling vlog** na naglalahad ng kanilang pagninilay tungkol sa kanilang karanasan sa pag-aaral at pagbuo ng mga multimodal na teksto.Ipabahagi sa iba ang mga natutuhan, mga hamong naranasan, at ang kahalagahan ng multimodal na komunikasyon sa mabisang pagpapahayag ng impormasyon. Ipatiyak ang kalinawan, organisado, at makabuluhan ang iyong presentasyon. **Mungkahing haba:** ● Blog Post: 300–500 salita ● Vlog: 2–3 minuto	Para sa Opsiyon A: **Aral sa Bawat Likha** Ang gawaing **Aral sa Bawat Likha** ay nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na magnilay sa kanilang mga natutuhan, karanasan, at hamon sa pagbuo ng mga multimodal na teksto sa pamamagitan ng blog post o vlog. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 4: Pagninilay at Pagpapahusay (Reflection and Improvement)** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang sariling pagkatuto at tukuyin ang mga kasanayang

	Batayan sa Pagpupuntos: 1. Nilalaman at Repleksiyon – 40 puntos 2. Organisasyon ng Ideya – 20 puntos 3. Paggamit ng Multimodal na Elemento – 20 puntos 4. Pagkamalikhain at Presentasyon – 10 puntos 5. Wastong Paggamit ng Wika at Teknikal na Aspeto – 10 puntos **KABUOAN** **100 puntos**	kanilang napaunlad sa proseso ng paglikha. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.6.2 – Use effective verbal and non-verbal classroom communication strategies to support learner understanding, participation, engagement, and achievement*, sapagkat nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong maipahayag nang malinaw ang kanilang mga karanasan at pagninilay. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto.*
	Opsiyon B: Lakbay-Likha Ipagasawa sa mga mag-aaral ang paggawa ng isang maikling video na nagpapakita ng lahat ng multimodal na tekstong nagawa sa buong aralin. Sa video, ipakikilala ng mag-aaral ang bawat output at magbigay ng maikling paliwanag tungkol sa layunin nito at mahahalagang natutuhan sa pagbuo nito. Tiyaking malinaw, organisado at madaling maunawaan ang iyong presentasyon.	Para sa Opsiyon B: **Lakbay-Likha** Ang gawaing **Lakbay-Likha** ay nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na maipakita at maipaliwanag ang lahat ng multimodal na tekstong kanilang nabuo sa buong aralin sa pamamagitan ng isang maikling video presentation. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 4: Pagninilay at Pagpapahusay (Reflection and**

	Batayan sa Pagpupuntos: 1. Pagpapakita ng mga Output – 40 puntos 2. Pagpapaliwanag sa mga Natutuhan – 20 puntos 3. Organisasyon at Kalinawan ng Presentasyon - 20 puntos 4. Paggamit ng Wika at Teknikal na Aspeto – 10 puntos 5. Pagkamalikhain at Kabuuang Epekto – 10 puntos **KABUOAN** **100 puntos**	**Improvement)** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na balikan, suriin, at pahalagahan ang kanilang mga natutuhan at naging karanasan sa pagbuo ng iba't ibang multimodal na teksto. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 1.6.2 – Use effective verbal and non-verbal classroom communication strategies to support learner understanding, participation, engagement, and achievement*, sapagkat naipapahayag ng mga mag-aaral nang malinaw at organisado ang kanilang mga ideya, natutuhan, at repleksiyon sa pamamagitan ng presentasyon. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto.*
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT *(Pagtataya sa Natutuhan)*	**Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian** **Panuto:** Basahin at suriin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot. 1. May nakitang "outlier" o datos na lubhang naiiba sa karaniwang pattern ng isang line graph. Ano ang pinakamahalagang hakbang na dapat gawin upang matiyak na tama ang interpretasyon ng datos?	**Para sa Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian** Ang gawaing ito ay sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na suriin ang mga sitwasyon at ilapat ang mga konseptong natutuhan upang

	A. Burahin ang outlier. B. Palitan ang uri ng tsart. C. Suriin ang sanhi ng paglihis. C. Balewalain ito kung maliit lang ang epekto. 2. Isang digital newsletter ang hindi nagustuhan ng mga eksperto dahil sa paggamit ng masyadong maraming "slang." Anong aspeto ng pagpapahayag ang kailangang ayusin? A. Wikang akademiko. C. Balangkas ng newsletter. B. Pagpili ng mga font. D. Layout at mga kulay na ginamit. 3. Bakit itinuturing na "pinakamahusay na halimbawa ng multimodal na representasyon" ang isang infographic? A. Dahil ito ay makulay. B. Dahil ito ay madaling basahin. C. Dahil ito ay mabilis na ginagawa. D. Dahil pinagsasama nito ang teksto, larawan, at grapiko. 4. Kung nais mong ipakita ang daloy o "workflow" sa paggawa ng isang podcast, aling multimodal na gabay ang pinakaangkop gamitin? A. Mapa. C. Talahanayan. B. Dayagram. D. Bar graph na may kulay. 5. Sa pagbuo ng podcast, napansin mong may mga hindi kailangang ingay sa background ng iyong audio. Aling hakbang sa proseso ang dapat mong pagtuunan ng pansin? A. Pagre-record. B. Pagpaplano C. Pag-e-edit. D. Pag-publish. 6. Bakit mahalagang suriin ang "yunit ng sukat" (hal. porsyento, bilang) bago gumawa ng konklusyon mula sa isang talahanayan? A. Upang malaman ang font. B. Upang mabilang ang hanay. C. Upang makita ang kulay ng tsart. D. Upang maunawaan ang magnitude ng datos. 7. Isang podcast ang naging matagumpay sa audio quality pero nabigo sa paghahatid ng mensahe dahil walang malinaw na script. Anong bahagi ng proseso ang naging mahina?	makapili ng pinakaangkop na sagot. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil sinusukat nito ang pag-unawa at paglalapat ng mga mag-aaral sa mga konseptong tinalakay sa aralin. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 5.1.2 – Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements***,** sapagkat nagsisilbi itong pagtataya ng pagkatuto at kakayahang magamit ang kaalaman sa mga tunay na sitwasyon. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri ng mga sitwasyon upang makabuo ng tamang desisyon. Nahahasa naman ang **numeracy** sa lohikal na pangangatwiran, pagsusuri ng mga pagpipilian, at pagdedesisyon batay sa ebidensya. Maaaring magkaroon ng **EdTech integration** sa paggamit ng Google Forms, Quizizz, Kahoot!, o Microsoft Forms para sa interaktibo at agarang pagtataya. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Naipapahayag ang mga konsepto at impormasyon sa pamamagitan*

	A. Pagpaplano. C. Pag-e-edit. B. Pagre-record. D. Pag-publish. 8. Alin sa sumusunod ang nagpapakita na ang pagbuo ng digital content ay isang "iterative na proseso"? A. Isang beses lang itong ginagawa. B. Hindi na kailangan ang feedback ng iba. C. Pagsubok at pag-adjust hanggang makuha ang layunin. D. Diretsong pag-publish sa social media nang walang rebisyon. 9. Ano ang pangunahing panganib kung ang isang tao ay hindi susuriin ang relasyon ng mga variable sa loob ng isang tsart? A. Papangit ang tsart. B. Maliligaw ang mambabasa. C. Mababawasan ang mga pahina. D. Maaaring magkaroon ng maling hinuha sa mensahe. 10. Sa pagbuo ng digital newsletter, bakit kailangang maging "engaging" ang teksto kahit ito ay impormatibo lamang? A. Makuha ang atensyon. B. Maging mukhang mahal. C. Mapunan ang mga bakanteng espasyo. D. Mapataas ang presyo ng subscription nito. 11. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng epektibong "pagninilay" para sa panghabambuhay na pagkatuto? A. Pagtatago ng natapos na proyekto. B. Pagsusuri sa sariling kalakasan at kahinaan. C. Pag-iwas sa pakikinig sa mga negatibong feedback. D. Pag-uulit ng parehong format sa lahat ng pagkakataon. 12. Kung nais ipakita ang "trend" o pagbabago ng bilang ng subscribers ng newsletter sa loob ng isang taon, ano ang pinakaepektibong gamitin? A. Mapa. B. Pigura. C. Line graph. D. Talahanayan. 13. Sa pagninilay ng isang creator, paano pinakaepektibong magagamit ang "analytics" mula sa isang email marketing platform? A. Pampakulay ng report. B. Pamalit sa mismong datos. C. Pangkontrol sa mga mambabasa.	*ng angkop na kombinasyon ng teksto at mga elementong multimodal tulad ng grap, dayagram, larawan, at iba pang biswal na representasyon.* **Tamang Sagot:** 1. C 6. D 11. B 2. A 7. A 12. C 3. D 8. C 13. D 4. B 9. D 14. D 5. C 10. A 15. B

	D. Basehan sa pagsusuri kung epektibo ang pakikilahok. 14. Ano ang pangunahing pagkakaiba ng "Pagpaplano" sa "Pagdidisenyo" sa konteksto ng pagbuo ng infographics? A. Ang disenyo ay huling hakbang. B. Ang pagpaplano ay tungkol sa datos. C. Ang pagdisenyo ay tungkol sa layout at estetika. D. Ang pagpaplano ay para sa mensahe habang ang pagdisenyo ay para sa layout. 15. Isang mag-aaral ang gumawa ng infographic na siksik sa impormasyon, pero hindi ito "accessible" sa kanyang target na awdyens. Ano ang dapat niyang naging prayoridad? A. Mas magandang hosting. B. Pagtiyak na malinaw ang wika. C. Paggamit ng mas maraming kulay. D. Paghahanap ng mas malaking platform.	
	Opsiyon B: Tama o Mali **Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng pahayag batay sa mga konseptong natalakay tungkol sa pagbuo ng teksto gamit ang podcasts, infographics, at digital newsletters. Isulat naman ang salitang **MALI** kung hindi ito wasto. 1. Kung malinaw ang biswal na presentasyon ng isang infographic ngunit mali ang interpretasyon sa mga datos na ginamit, maituturing pa rin itong mabisang kasangkapang pangkomunikasyon. 2. Ang pagsunod sa mga panuto at proseso sa pagbuo ng digital content ay maaaring baguhin at iangkop kung kinakailangan upang higit na matugunan ang layunin ng komunikasyon. 3. Maaaring gumamit ng wikang akademiko at teknikal sa podcast, ngunit nararapat pa ring isaalang-alang ang kakayahan at pangangailangan ng target na awdyens upang maging malinaw ang mensahe. 4. Kapag pare-pareho ang taas ng mga bar sa isang grap, hindi na kailangang suriin pa ang iba pang elementong tulad ng pamagat at labels sapagkat sapat na ang biswal na representasyon.	Para sa Opsiyon B: **Tama o Mali** Ang gawaing ito ay sumusukat sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong may kaugnayan sa pagbuo ng podcast, infographic, at digital newsletter sa pamamagitan ng pagtukoy kung tama o mali ang bawat pahayag. Tumutugon ito sa **SSHS-IDF Dimension 1: Paglinang ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills Development)** dahil sinusuri nito ang lawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong tinalakay. Maiuugnay ito sa *PPST Indicator 5.1.2 – Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements,*

	5. Ang paggamit ng grap, larawan, at dayagram sa digital newsletter ay nakatutulong upang higit na maunawaan ng mambabasa ang mga komplikadong konsepto. 6. Ang pag-eksperimento sa mga bagong format at estratehiya sa paglikha ng digital content ay maaaring maging bahagi ng panghabambuhay na pagkatuto. 7. Kung ang datos na ginamit sa isang infographic ay walang malinaw na pinagmulan, hindi nito maaapektuhan ang kredibilidad ng impormasyong inilalahad kung kaaya-aya naman ang disenyo nito. 8. Ang kakayahang matukoy ang mga trend at pattern sa isang tsart ay nakatutulong sa pagbuo ng makatotohanan at makabuluhang nilalaman para sa podcast o newsletter. 9. Ang pagtanggap at paggamit ng feedback mula sa awdyens ay nagpapakita ng kahinaan ng isang tagalikha ng digital content. 10. Ang pagiging masinop sa bawat hakbang sa pagbuo ng podcast ay mahalaga sapagkat nakaaapekto ito sa kalidad at bisa ng kabuuang produkto. 11. Maaaring maging epektibo ang isang infographic kahit hindi ito gumagamit ng anumang datos o ebidensiyang sumusuporta sa mensaheng nais ipabatid. 12. Ang pagsusuri sa sariling kalakasan at kahinaang natuklasan sa paggawa ng digital content ay nakatutulong sa patuloy na pagpapaunlad ng kakayahan. 13. Ang mga multimodal na representasyon ay hindi lamang pampalamuti sa isang teksto kundi nagsisilbi ring paraan upang mapalalim ang pag-unawa sa impormasyon. 14. Ang pagbabago ng teknolohiya at mga platapormang digital ay nagpapahiwatig na hindi na mahalaga ang patuloy na paglinang ng mga kasanayan sa pagbuo ng nilalaman. 15. Ang isang tagalikha ng podcast, infographic, o digital newsletter ay higit na magiging epektibo kung kaya niyang pag-ugnayin ang wastong datos, angkop na wika, at mga elementong multimodal upang makapaghatid ng malinaw na mensahe.	sapagkat nagsisilbi itong pagtataya ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nalilinang ang **literacy** sa pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri ng mga pahayag upang matukoy ang wastong impormasyon. Nahahasa naman ang **numeracy** sa paggamit ng lohikal na pangangatwiran at paghusga batay sa mga ebidensiya at konseptong natutuhan. Maaaring magkaroon ng **EdTech integration** sa paggamit ng Google Forms, Quizizz, Kahoot!, o Microsoft Forms para sa mas interaktibong pagtataya. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at infographic na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.* **Tamang Sagot:** 1. MALI 6. TAMA 11. MALI 2. TAMA 7. MALI 12. TAMA 3. TAMA 8. TAMA 13. TAMA 4. MALI 9. MALI 14. MALI 5. TAMA 10. TAMA 15. TAMA
VII. PAGNINILAY		

(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.**
   _____
   _____
4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**
   _____
   _____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**
   _____
   _____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**
   _____
   _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 8			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Lendie F. Gallego		

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at inklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	Pagbibigay-kahulugan • **Natutukoy kung paano ang nilalaman, estruktura, at wika ng mga pasalita, pasulat, o multimodal na tekstong akademiko at teknikal ay hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto.** Pakikilahok • **Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang paksang akademiko at teknikal.** Pagpapahayag • **Nakabubuo ng maayos na tekstong akademiko at teknikal na nagpapamalas ng kamalayan at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon (hal. presentasyong may visual aid, sanaysay, ulat sa pananaliksik at pagsusuri, atbp.).** Pagninilay • **Naipapaliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.**
I. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Brookfield, S., & Preskill, S. (2016). *The discussion book: 50 great ways to get people talking*. Jossey-Bass. Department of Education. (2024). *Strengthened Senior High School Curriculum Guide: Mabisang Komunikasyon*. Department of Education. Lucas, M. R., et al. (2018). *Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino*. Vibal Group, Inc.

	Lucas, S. E. (2020). *The art of public speaking* (13th ed.). McGraw-Hill Education. Sabanal, G.C at Marangi J. V, Lesson Exemplar 2025. *Strengthened Senior High School Mabisang Komunikasyon*. Department of Education. UNESCO. (2021). *Communication and critical thinking skills in education*. UNESCO Publishing. Larawan mula sa PDRF–DENR Forum: mga lider sa pampubliko at pribadong sektor na nag-uusap tungkol sa *forest conservation at water sustainability*. chatgpt.com, ang AI na ito ay ginamit sa pagbuo ng mga larawan at template ng garpikong pantulong	
II. NILALAMAN/ Sitwasyong Komunikatibo	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel	
III. TUNGUHIN	a. Natutukoy ang mga katangian ng akademikong debate o talakayang panel b. Naipapaliwanag ang papel ng awdyens, layon, at konteksto sa komunikasyon c. Nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan d. Nasusuri ang mga argumento at paraan ng pagpapahayag sa debate o talakayang panel e. Nakabubuo at makapaglahad ng lohikal na argumento sa isang debateng akademiko o talakayang panel	
IV. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A. *Debate Flashback Challenge*** Panuto : Hihikayatin ang mga mag-aaral na alalahanin ang isang pagkakataon nang sila ay nakipagtalo o hindi sumang-ayon sa ibang tao. Maaari itong naganap sa loob ng klase, sa tahanan, sa mga kaibigan, o sa online na talakayan. Bigyan sila ng 3 minuto para ibahagi sa kanilang kapareha ang kanilang karanasan. Pagkatapos, hayaan silang sagutan ang sumusunod na tanong na may 3–5 pangungusap**.** Maaari nilang isulat ang sagot sa inihandang papel o sa digital platform na ibinigay ng guro. Pipili ang guro ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang karanasan sa klase. Paalalahanan ang mga mag-aaral na igalang ang opinyon at karanasan ng bawat isa habang isinasagawa ang gawain. a. Ano ang pinagtalunan ninyo? b. Ano ang iyong naging paninindigan? c. Ano ang iyong mga dahilan upang suportahan ang iyong pananaw? d. Ano ang naging bunga ng inyong pag-uusap?	Para sa Opsiyon A Debate Flashback Challenge Ihanda ang isang digital presentation o slide na naglalaman ng pamagat na **“Debate Flashback Challenge”** at mga gabay na tanong. Maaari ring gumamit ng mga EdTech tool gaya ng **Padlet** o **Mentimeter**, upang maisulat ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot. Kung walang internet connection, maaari ding maghanda ng maliliit na papel o activity sheet ang guro na may mga gabay na tanong. Ihanda ang pisara kung saan isusulat ang mga pangunahing

	Pamprosesong Tanong 1. Ano ang iyong natutuhan mula sa karanasang iyong ibinahagi? 2. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang paggamit ng katwiran at ebidensya sa isang pagtatalo? *Dagdag na tala para sa guro:* Kaugnay naman ng **PPST**, itinatampok ng gawaing ito ang paggamit ng mga estratehiyang nagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, isinasaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral, at umaayon sa layunin ng kurikulum.	ideyang mababanggit ng mga mag-aaral. Sa pagsasagawa, gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang karanasan sa isang ligtas at magalang na talakayan bago iugnay ito sa pormal na pag-aaral ng akademikong debate.." Ito ay nakaangkla sa **Instructional Design Framework (IDF) – Activate and Connect** sapagkat pinauunlad nito ang dating kaalaman at personal na karanasan bilang batayan ng bagong pagkatuto. Nililinang din nito ang mga **21st Century Skills** tulad ng komunikasyon, kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at paggalang sa magkakaibang pananaw.
	Opsiyon B: "Hakbang ng Paninindigan" **Panuto:** Magbigay ng panuto sa mga mag-aaral kung paano isasagawa ang laro. Ipalahad sa mga mag-aaral ang kanilang opinyon sa pamamagitan ng pagpunta sa bilang na kumakatawan sa kanilang paniniwala. Mula sa mga numerong 1 hanggang 5 na makikita sa sahig, sasagutin nila ang tanong na "**Dapat bang payagan ang paggamit ng cellphone sa loob ng klase?** Hayaan ang mga mag-aaral na tumayo sa bilang na kumakatawan sa kanilang paninindigan. Pagkatapos ay ipapaliwanag nila kung bakit iyon ang pinili nilang bilang.	**Para sa Opsiyon B. "Hakbang ng Paninindigan"** Maglalagay ang guro ng mga numerong 1 hanggang 5 sa sahig. Hayaan ang mga mag-aaral na sagutin ang pahayag na: **Dapat bang payagan ang paggamit ng cellphone sa loob ng klase?** Ang gawaing ito ay isang interaktibong gawain na naghihikayat sa mga mag-aaral na bumuo at magpahayag ng

	<table><tr><th>Bilang</th><th>Kahulugan</th></tr><tr><td>1</td><td>Lubos na Hindi Sumasang-ayon</td></tr><tr><td>2</td><td>Hindi Sumasang-ayon</td></tr><tr><td>3</td><td>Hindi Tiyak o Neutral</td></tr><tr><td>4</td><td>Sumasang-ayon</td></tr><tr><td>5</td><td>Lubos na Sumasang-ayon</td></tr></table> Pamprosesong Tanong: ● Bakit mo pinili ang bilang na iyan? ● Ano ang iyong batayan?	kanilang paninindigan sa isang napapanahong isyu sa pamamagitan ng pagpili ng bilang na kumakatawan sa kanilang opinyon at pagpapaliwanag ng kanilang dahilan. Nakaangkla ito sa **Instructional Design Framework (IDF) – Activate and Connect** dahil iniuugnay nito ang dating kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral sa bagong aralin tungkol sa akademikong debate. Nalilinang dito ang mga **21st Century Skills** tulad ng komunikasyon, kritikal na pag-iisip, pagpapasya, at pakikipag-ugnayan sa iba. Kaugnay naman ng **PPST**, itinatampok ng gawaing ito ang paggamit ng mga estratehiyang nagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, lumilikha ng positibong kapaligiran sa pagkatuto, at nagbibigay-halaga sa magkakaibang pananaw ng mga mag-aaral.
	2. Paglalahad ng Layunin ***Opsiyon A:*** **Hagdan ng Tagumpay sa Debate** Panuto: Ipasuri sa mga mag-aaral ang Hagdan ng Tagumpay sa Debate.Itanong sa mga mag-aaral kung saang baytang nila makikita ang kanilang sarili sa ngayon? Iproseso ang kanilang mga kasagutan.	Para sa Opsiyon A: Hagdan ng Tgumpay sa Debate Maghahanda ang guro ng sumusunod na kagamitan: isang malaking larawan o guhit ng hagdan na may **5 baitang** sa pisara o manila paper.

	Sasabihin ng guro sa mga mag-aaral na *pagkatapos ng aralin, kailangang marating nilang lahat ang pinakamataas na baytang.* ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 1***  	Ang gawaing "**Hagdan ng Tagumpay sa Debate**" nakaangkla ito sa **Instructional Design Framework (IDF) – Activate and Connect** sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang kasalukuyang antas ng kaalaman at maiugnay ito sa mga inaasahang kasanayang dapat nilang makamit sa pagtatapos ng aralin. Nalilinang dito ang mga **21st Century Skills** tulad ng *self-direction*, *critical thinking*, at *communication* dahil natututo silang magsagawa ng sariling pagtataya, magtakda ng layunin, at magbahagi ng kanilang pananaw tungkol sa kanilang pag-unlad. Kaugnay naman ng **PPST**, itinatampok ng gawaing ito ang paggamit ng mga estratehiyang nagpapalakas sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, nagsusulong ng pagninilay sa sariling pagkatuto, at umaayon sa mga layunin ng kurikulum.
	Opsiyon B: Salitang Binuo, Kaalamang Natamo **Panuto:** Ipabuo sa mga mag-aaral ang salita o mga salitang ibinigay at hayaang idikit nila ang mga ito sa pisara. Pagkatapos, hikayatin silang magbigay ng pahayag tungkol sa mga salitang nakapaskil sa pisara. Ipapaliwanag ng mga mag-aaral ang mga salitang nabuo upang maging pokus ng kanilang pagkatuto.	Para sa Opsiyon B: Salitang Binuo, Kaalamang Natamo Ihahanda ng guro ang puzzle at ipabubuo ito sa mga mag-aaral nang paisa-isa, pares, o pangkat. Ito ang mga halimbawa ng salitang gagamitin; Katangian ng Debate, Awdyens,

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Dagdag na tala para sa mga Guro:
Nalilinang din sa gawaing ito ang mga 21st Century Skills tulad ng Critical Thinking sa pagsusuri ng mga salitang nabuo, Communication Skills sa pagbabahagi ng kanilang obserbasyon at ideya, at Collaboration Skills sa pakikipagtulungan sa mga kamag-aral sa paglutas ng puzzle.

Kaugnay naman ng PPST, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nagpapasigla ng aktibong pagkatuto, nagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at lumilikha ng positibong kapaligiran sa pagkatuto.</td>
<td>Layon, Konteksto, Wika at Tono, Argumento).
Ang gawaing ito ay nakaangkla sa Instructional Design Framework (IDF) – Activate and Connect dahil pinasisigla nito ang dating kaalaman at iniuugnay ito sa mga bagong konseptong pag-aaralan.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>1. Paglalahad ng Halimbawa
Opsiyon A: Suriin ang Bilang, Unawain ang Paninindigan!
Hahatiin ng guro ang klase sa dalawang pangkat. Magbibigay ang guro ng isang halimbawa ng sitwasyon na magiging paksa ng debate. Ipasusuri sa mga mag-aaral ang mga kalakip na datos at ipatukoy sa kanila ang mga katangian ng akademikong debate, ang papel ng awdyens, layon at konteksto, mga argumento at paraan ng pagpapahayag. Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang mga nabuong sagot sa klase.


1. Tukuyin ang katangian ng debate na makikita sa halimbawa.
2. Sino ang awdyens?
3. Ano ang layon ng nagsasalita?
4. Angkop ba ang wika at tono?
5. Alin sa dalawang argumento ang mas lohikal? Bakit?


MGA KALAKIP NA DATOS

Paksa: Dapat bang limitahan sa dalawang oras bawat araw ang paggamit ng social media ng mga mag-aaral?

<table><tr><th>Tugon ng mga Mag-aaral</th><th>Bilang</th></tr><tr><td>Sang-ayon</td><td>30</td></tr><tr><td>Hindi Sang-ayon</td><td>15</td></tr><tr><td>Hindi Tiyak</td><td>5</td></tr></table></td>
<td>Opsiyon A: Suriin ang Bilang, Unawain ang Paninindigan!
Sa pagsasagawa, hahatiin ng guro ang klase sa dalawang pangkat at magbibigay ng isang halimbawang sitwasyon ng debate kasama ang mga kaugnay na datos. Gagabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga elemento ng debate gamit ang mga gabay na tanong. Pagkatapos ng talakayan sa pangkat, ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang mga sagot at ipoproseso ng guro ang mga ito.

Ang gawaing ito nakaangkla sa Instructional Design Framework (IDF) – Deepen and Transfer sapagkat binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na gamitin at suriin ang kanilang natutuhan sa isang makatotohanang</td>
</tr>
</table>

	 ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 2***	sitwasyon ng debate at mailapat ito sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad ng **Critical Thinking** sa pagsusuri ng datos at argumento, **Communication Skills** sa malinaw na pagpapaliwanag ng kanilang mga sagot, at **Collaboration Skills** sa pakikipagtulungan sa mga kasapi ng pangkat upang makabuo ng iisang pananaw. Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng mga estratehiyang nagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, nagpapaigting ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, at lumilikha ng makabuluhan at kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto. Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: natutukoy ang mga katangian ng akademikong debate o talakayang panel
	Opsiyon B: **Debate Decoder: Tuklasin ang Mensahe!** Panuto: Magpapakita ang guro ng isang infographic o poster. Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga datos at nilalaman, papel ng awdyens, layon, at tono ng pagpapahayag, Bigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat upang ibahagi ang kanilang pagsusuri. Isusulat nila ang sagot sa *Debate Decoder Chart.*	***Opsiyon B*** . Debate Decoder: Tuklasin ang Mensahe Sa pagsasagawa, magpapakita ang guro ng isang infographics o poster na may kaugnayan sa debate at hahatiin ang klase sa mga pangkat. Gagabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga elemento ng mensahe gamit ang **Debate Decoder Chart**



Mga Gabay na tanong sa pagsusuri:
a. Ano ang paksa ng debate?
b. Sino ang awdyens?
c. Ano ang layon?
d. Ano ang tono ng pahayag?
e. Ano ang pinakamalakas na argumento?

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 3

bilang gabay sa pagtatala ng kanilang sagot. Pagkatapos, bibigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na ibahagi at ipaliwanag ang kanilang pagsusuri. Ipoproseso ng guro ang kanilang mga sagot upang mabigyang-diin ang kahalagahan ng awdyens, layon, tono, at wastong pagpapahayag sa isang akademikong debate.
Ang gawaing ay nakaangkla sa **Instructional Design Framework (IDF) – Deepen** dahil pinapalalim nito ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto sa pamamagitan ng pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, at pagpapaliwanag ng mga impormasyong kanilang nakikita.
Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad ng **Critical Thinking** sa pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon, **Communication Skills** sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang pagsusuri, at **Collaboration Skills** sa pakikipagpalitan ng ideya at pakikipagtulungan sa kanilang pangkat. Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng mga estratehiyang nagpapalakas ng mas mataas na antas ng pag-iisip, aktibong

		pakikilahok, at paggamit ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo upang maging mas makahulugan ang pagkatuto. Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: naipaliliwanag ang papel ng awdyens, layon, at konteksto sa komunikasyon
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto Panuto: Gamit ang Powerpoint Presentaion. Tatalakayin ng guro ang mga mahahalagang konsepto sa aralin. ❖ Ang a**kademikong debate** ay isang pormal na talakayan ng magkasalungat na pananaw hinggil sa isang paksa. Layunin nitong makumbinsi ang awdyens gamit ang makatwiran at may ebidensiyang argumento. Samantala, ang **Talakayang Panel** ay isang organisadong talakayan kung saan ang mga kalahok ay nagpapahayag ng magkakaibang pananaw ukol sa isang paksa sa harap ng mga tagapakinig. Maramihan ang tagapagsalita at may Moderated discussion. **A. Nilalaman ng Debate** **Tumutukoy sa mga ideya, argumento, at ebidensya na inilalahad ng bawat tagapagsalita. Sa akademikong debate**, ang nilalaman ay dapat **batay sa datos, pananaliksik, at lohikal na pag-iisip,** hindi lamang sa personal na opinyon. ***Halimbawa:*** *Kung ang paksa ay "**Kahalagahan ng Renewable Energy**," dapat maglaman ang nilalaman ng estadistika, case studies, at mga pananaliksik na sumusuporta sa posisyon.* **B. Estruktura ng Debate** ➢ Ito ang **organisadong daloy** ng talakayan: may pambungad, paglalahad ng argumento, pagtutol o rebuttal, at pangwakas na pahayag. ➢ Ang estruktura ay mahalaga upang maging malinaw ang pagkakasunod-sunod ng ideya at maiwasan ang kalituhan.	Ipakikilala ang mga bagong kaalaman at bigyang linaw ang mahahalagang konsepto. Gabayan ang mga mag-aaral upang maunawaan ang paksa. Ang gawaing pagtalakay ng mahahalagang konsepto gamit ang PowerPoint Presentation ay nakaangkla sa Direct Instruction, at Technology-Enhanced Learning Framework. Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa **Domain 1, Indicators 1.1.2** "Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas." dahil sa organisado at makabuluhang paghahatid ng nilalaman ng aralin gamit ang angkop na estratehiya sa pagtuturo

	Halimbawa: *Sa* Oxford Debate format*, may opening statement, cross-examination, rebuttal, at closing argument.* **C. Wika at Tono** ➢ Ang wika ay dapat **pormal, malinaw, at akademiko**. ➢ Ang tono ay dapat **magalang, propesyonal, at nakatuon sa argumento**, hindi sa personalidad ng kalaban. ***Halimbawa:*** *Sa halip na sabihing "Mali ka," mas angkop ang "Ang datos na iyong binanggit ay may kulang na konteksto."* **D. Ugnayan ng Awdyens, Layon, at Konteksto** ➢ Ang **awdyens** (tagapakinig), **layon** (hangarin ng debate), at **konteksto** (sitwasyon o isyu) ay nakaaapekto sa paraan ng pagpapahayag. ➢ Kung ang awdyens ay mga eksperto, mas teknikal ang wika; kung estudyante, mas simple at mas maraming halimbawa. ***Halimbawa:*** *Sa panel discussion tungkol sa climate change sa harap ng mga siyentipiko, gagamit ng terminolohiyang pang-agham; sa harap ng komunidad, mas praktikal na halimbawa.* **E. Pagsusuri ng Argumento** ➢ Ang pagsusuri ay tumutukoy sa **pagkilala kung lohikal, may ebidensya, at may bisa ang argumento**. ➢ Ginagamit ang *critical thinking* upang makita kung may fallacy, bias, o kulang na datos. ***Halimbawa:*** *Kung ang argumento ay "Hindi dapat ipagbawal ang plastic dahil mura ito," dapat suriin kung may sapat na ebidensya at kung isinasaalang-alang ang epekto sa kalikasan.* **F. Pagbuo ng Lohikal na Argumento** ➢ Ang lohikal na argumento ay may **malinaw na premise, ebidensya, at konklusyon**. ➢ Dapat maiugnay ang bawat punto sa pangunahing paksa at suportado ng datos. **Halimbawa:**	

	• Premise: “Ang paggamit ng renewable energy ay nakababawas sa polusyon.” • Ebidensya: “Ayon sa datos ng DOE, bumaba ng 30% ang carbon emission sa mga bansang gumagamit ng solar energy.” • Konklusyon: “Samakatuwid, dapat isulong ang renewable energy bilang pangunahing pinagkukunan ng kuryente.” **G. Mga Katangian ng Akademikong Debate/ Talakayang Panel** ➢ Lohikal na argumento ➢ May ebidensiya ➢ Pormal na wika ➢ Organisadong estruktura 4. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A**: **Ako ang Panelista!** Panuto: Bigyan ng panuto ang mga mag-aaral na magsagawa ng isang talakayang panel gamit ang wastong komunikasyon ayon sa awdyens, layon, at konteksto. Bawat pangkat ay pipili ng :1 tagapamagitan**,** 3 panelista, 2 tagasuri na magsasagawa ng talakayang panel. Ipaliwanag sa bawat miyembro ang kanilang tungkulin na makikita sa ibaba. Paksa: Paano mapapalakas ang paggamit ng solar, wind, at hydro power upang mabawasan ang carbon emissions? Tungkulin: • **Tagapamagitan (**Magpapakilala ng paksa, Magbibigay ng tanong ,Magpapanatili ng kaayusan) • **Panelista (**magbibigay ng pananaw, magpapaliwanag gamit ang ebidensiya, magbibigay ng mungkahi) • **Tagasuri (**Susuriin ang wika, tono, at argumento) ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 4***	Para sa Opsiyon A: **“Ako ang Panelista.** Sa pagsasagawa, hahatiin ng guro ang klase sa mga pangkat at ipaliliwanag ang tungkulin ng bawat miyembro— **Tagapamagitan** na mamamahala sa daloy ng talakayan, **mga Panelista** na magbibigay ng pananaw at mga argumento, at **mga Tagasuri** na susuri sa nilalaman, paraan ng pagpapahayag, at pakikilahok ng bawat kasapi. Bibigyan ng sapat na oras ang mga Pinauunlad ng gawaing ito ang **Communication, Collaboration, Critical Thinking, at Creativity** bilang mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo. Kaugnay ng **PPST**, ito ay higit na tumutugma sa **Domain 1, Indicator 1.5.2 “**Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills’. Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: mga mag-aaral ang kanilang mga tungkulin bilang tagapamagitan, panelista, at tagasuri upang maipahayag ang kanilang pananaw sa isang napapanahong isyu gamit ang

		lohikal, malinaw, at mapanghikayat na paraan ng pagpapahayag. Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nagpapaunlad sa mataas na antas ng pag-iisip, lumilikha ng kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto, at nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipakita ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng isang makabuluhan at autentikong gawain. Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan **Ang Gawaing ito ay may kaugnayan sa isasagawang Integrative Performance Task .**
	Opsiyon B: "Hamon sa Tunay na Sitwasyon" **Panuto:** Magbigay ng sitwasyon. "Sa inyong paaralan, napapansin mo na patuloy ang pagtaas ng dami ng basurang plastik at lumalala ang epekto ng matinding init ng panahon dahil sa kakulangan ng mga puno sa kapaligiran. Bilang tugon, iminungkahi ng School Supreme Leader Government (SSLG) at ng lokal na pamahalaan ang pagpapatupad ng "**Plastic-Free School Policy**" at ang **sapilitang pakikilahok ng bawat mag-aaral sa taunang pagtatanim ng puno. Gumawa ng isang iskrip na gagamitin sa pagsasagawa ng talakayang panel. Gawing gabay ang mga kasunod na katanungan.**	Para sa Opsiyon B: **Hamon sa Tunay na Sitwasyon** Sa pagsasagawa, magbibigay ang guro ng sitwasyon hinggil sa pagpapatupad ng **Plastic-Free School Policy** at sapilitang pagtatanim ng puno. Ang gawaing " ito ay nakaangkla sa **Instructional Design Framework (IDF) – Transfer** sapagkat inililipat at inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa isang tunay na

	1. Ano ang iyong paninindigan? 2. Ano ang iyong pangunahing argumento? 3. Ano ang iyong ebidensiya? 4. Paano mo ito ihaharap sa: Punong-guro, Guro, at Kapwa mag-aaral	sitwasyon na may kaugnayan sa kanilang paaralan at komunidad. Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad ng **Critical Thinking**, **Communication Skills** a, **Collaboration Skills** t **Creativity at Problem Solving** dahil sa paglikha ng mga praktikal at makabagong solusyon sa suliraning inilahad. Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pag-iisip, autentikong pagganap, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kaugnayan sa kanilang tunay na karanasan at lipunang ginagalawan. Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan

C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan

1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon

Opsiyon A: Tinig ng Katwiran: Mini Akademikong Debate

Panuto: Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Panig Sang-ayon at Panig Hindi Sang-ayon .Magbibigay ng isang napapanahong paksa para sa gaganaping debate. Ipaliliwanag ang mga tuntunin na nagbibigay-diin sa paggamit ng akademikong wika, paglalahad ng ebidensiya at pagiging magalang sa opinyon ng iba. Magbigay ng feedback pagkatapos ng debate.

Pamantayan	4 - Napakahusay	3 - Mahusay	2 - Katamtaman	1 - Nangangailangan ng Pagsasanay
1. Nilalaman at Katwiran	Malinaw, lohikal, at matibay ang mga argumento; lubos na naipagtanggol ang panig.	Malinaw ang mga argumento at sapat ang pagpapaliwanag sa panig.	May mga argumento ngunit kulang sa pagpapaliwanag o organisasyon.	Hindi malinaw at kulang ang mga argumentong inilahad.
2. Paggamit ng Ebidensiya	Nakapaglahad ng sapat, tumpak, at angkop na ebidensiya upang suportahan ang argumento.	Nakapaglahad ng ilang ebidensiyang sumusuporta sa argumento.	Kaunti o hindi gaanong angkop ang mga ebidensiyang ginamit.	Walang naipakitang ebidensiya upang suportahan ang argumento.
3. Akademikong Wika at Pagpapahayag	Gumamit ng wastong akademikong wika, malinaw magsalita, at maayos ang pagpapahayag ng ideya.	Kadalasang gumamit ng wastong akademikong wika at maayos na naipahayag ang ideya.	May ilang kamalian sa paggamit ng wika at hindi gaanong malinaw ang pagpapahayag.	Maraming kamalian sa paggamit ng wika at hindi maayos ang pagpapahayag.
4. Paggalang at Pakikipag-ugnayan	Lubos na nagpapakita ng paggalang sa opinyon ng iba at maayos na nakikilahok sa debate.	Karaniwang nagpapakita ng paggalang at aktibong nakikilahok.	Paminsan-minsan lamang nagpapakita ng paggalang at pakikilahok.	Hindi nagpapakita ng paggalang at hindi maayos ang pakikilahok sa debate.

Para sa Opsiyon A: Tinig ng Katwiran:Mini Akademikong Debate

Sa pagsasagawa, hahatiin ng guro ang klase sa Panig Sang-ayon at Panig Hindi Sang-ayon. Magbibigay ang guro ng isang napapanahong paksa at malinaw na ipaliliwanag ang mga tuntunin ng debate, kabilang ang paggamit ng akademikong wika, paglalahad ng mapagkakatiwalaang ebidensiya, at pagpapakita ng paggalang sa pinion ng iba. Ang gawaing ito nakaangkla sa **Instructional Design Framework (IDF) – Transfer** sapagkat inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan tungkol sa katangian ng akademikong debate, wastong paraan ng pagpapahayag, paggamit ng ebidensiya, at pagbuo ng mga argumento sa isang tunay na gawaing pangkomunikasyon. Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad ng **Critical Thinking**, **Communication Skills**, **Collaboration Skills**, at **Information Literacy** . Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nagpapaunlad sa

		mas mataas na antas ng pag-iisip, lumilikha ng positibo at inklusibong kapaligiran sa pagkatuto, at nagbibigay ng mga autentikong gawaing nagpapakita ng aktuwal na pagkatuto ng mga mag-aaral Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan at nasusuri ang mga argumento at paraan ng pagpapahayag sa debate o talakayang panel
	Opsiyon B: Kabataang Handa sa Hinaharap: Debate at Talakayang Panel para sa Kalikasan **Panuto:** Hahatiin ang klase sa dalawang pangunahing grupo**,** Pangkat A **– Akademikong Debate at** Pangkat B**- Talakayang Panel.** Basahin ang sitwasyon: Bilang mga mag-aaral ng Senior High School, kayo ay naghahanda hindi lamang para sa pagtatapos kundi maging sa inyong kinabukasan bilang mga mamamayang may malasakit sa kapaligiran. Sa kasalukuyan, lumalala ang mga suliranin dulot ng climate change tulad ng matinding init ng panahon, pagbaha, kakulangan sa tubig, at pagkasira ng kalikasan. Bilang paghahanda sa Senior High School Exit, kayo ay magsasagawa ng akademikong debate at talakayang panel upang maipahayag ang inyong pananaw at mungkahing solusyon sa mga isyung ito. Hayaan ang mga mag-aaral na magplano upang paghandaan ang gawaing iniatas sa kanila. **Para sa Debate:** Tukuyin ang panig (sang-ayon o hindi sang-ayon), maghanap ng datos at ebidensiya, bumuo ng matibay na argumento, at gumamit ng angkop na wika at tono. Para naman **sa Talakayang Panel:** tukuyin ang gampanin ng bawat kasapi - kinatawan ng paaralan, kinatawan ng pamahalaan, kabataang lider, at environmental advocate- at maghanda ng mungkahing programa o proyekto.	Para sa Opsiyon B: **Kabataang Handa sa Hinaharap: Debate at Talakayang Panel para sa Kalikasan.** Hatiin ang klase sa dalawang pangunahing grupo: **Pangkat A – Akademikong Debate** at **Pangkat B – Talakayang Panel**. Ipapaliwanag ng guro ang sitwasyon at ang mga pamantayan ng pagganap, kabilang ang wastong paggamit ng akademikong wika, paglalahad ng mapagkakatiwalaang ebidensiya, at paggalang sa magkakaibang pananaw. Bibigyan ng sapat na oras ang bawat pangkat upang magsaliksik, maghanda ng kanilang mga argumento at

Pamantayan	5	4	3	2	1
1. Nilalaman at Kalinawan ng Pananaw	Napakalinaw, lohikal, at malalim ang pagpapaliwanag ng pananaw at mungkahing solusyon sa isyu.	Malinaw at lohikal ang pananaw at mga mungkahi.	Katamtaman ang kalinawan ng pananaw at paliwanag.	Hindi gaanong malinaw at kulang ang pagpapaliwanag.	Hindi malinaw ang pananaw at walang sapat na paliwanag.
2. Paggamit ng Ebidensiya at Datos	Gumamit ng sapat, tumpak, at napapanahong datos o ebidensiya upang patunayan ang mga argumento.	Gumamit ng tumpak na ebidensiya ngunit kulang sa dami o detalye.	May ilang ebidensiya ngunit hindi sapat upang mapagtibay ang argumento.	Kaunti at hindi gaanong angkop ang ebidensiya.	Walang ginamit na ebidensiya o datos.
3. Akademikong Wika at Kasanayan sa Pagpapahayag	Gumamit ng wastong akademikong wika; malinaw, maayos, at tiwala ang pagpapahayag.	Kadalasang gumamit ng wastong akademikong wika at malinaw magsalita.	May ilang kamalian sa wika ngunit naipahahayag pa rin ang ideya.	Maraming kamalian sa paggamit ng wika at hindi malinaw ang pagpapahayag.	Hindi maayos ang paggamit ng wika at hindi naipahahayag nang malinaw ang ideya.
4. Pakikipagtulungan at Paggalang sa Talakayan	Lubos na nakikilahok, nakikipagtulungan, at nagpapakita ng mataas na paggalang sa pananaw ng iba.	Aktibong nakikilahok at nagpapakita ng paggalang sa iba.	Nakikilahok ngunit limitado ang pakikipagtulungan o paggalang.	Bihirang makilahok at kulang sa pagpapakita ng paggalang.	Hindi nakikilahok at hindi nagpapakita ng paggalang sa talakayan.

presentasyon, at isagawa ang debate o talakayang panel.

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **Inquiry-Based, Problem-Based, at Constructivist Learning** Framework ng Senior High School.
Nalilinang din dito ang mahahalagang **21st Century Skills**, **Critical Thinking Communication Skills**; **Collaboration Skills Creativity at Problem Solving**.
Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nagpapalawak ng mataas na antas ng pag-iisip, nagtataguyod ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, at nagbibigay ng mga autentikong gawaing naghahanda sa kanila sa mga hamon ng buhay, kolehiyo, at trabaho.
Tumutugon ito sa hinimay na layunin na; nakabubuo at makapaglahad ng lohikal na argumento sa isang debateng akademiko o talakayang panel.

2 Paglalahat
Opsiyon A: Mapa ng Karunungan: Buoin ang Larawan ng Debate
Panuto: Magpagawa ng *concept map* sa mga mag-aaral na nagpapaliwanag ng kabuuang konsepto ng akademikong debate gamit ang mga salitang makikita sa kahon. Gumamit ng mga simbolo, kulay, o larawan.

Para sa Opsiyon A: **Mapa ng Karunungan: Buoin ang Larawan ng Debate**
Sa pagsasagawa, ihahanda ng guro ang mga pangunahing salita na may kaugnayan sa

	 ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 5***	akademikong debate at ipaliliwanag ang pamantayan sa pagbuo ng concept map. Nakaangkla ito sa **Instructional Design Framework (IDF) – Deepen at Transfer** sapagkat pinapalalim ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa mga konsepto at naipakikita nila ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng pagbuo ng isang malikhaing produkto. Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad ng **Critical Thinking** sa pagsusuri at pag-uugnay ng mga konsepto, **Creativity** sa paggamit ng mga simbolo, kulay, at larawan upang maipakita ang kanilang pag-unawa, **Communication Skills** sa pagpapaliwanag ng kanilang concept map, at **Collaboration Skills** kung ito ay isasagawa nang pangkatan. Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kaalaman. Tumutugon ito sa hinimay na layunin na; naipaliliwanag ang

		papel ng awdyens, layon, at konteksto sa komunikasyon.
	Opsiyon B: **Susing Kaisipan: I-click ang Iyong Pagkatuto!** Panuto: Magpabuo ng buod ng aralin sa mga mag-aaral gamit ang mahahalagang konsepto tungkol sa akademikong debate at talakayang panel. Ipasagot sa kanila ang tanong na: "Ano ang kahalagahan ng akademikong debate at talakayang panel sa iyong buhay bilang mag-aaral?" Ipagawa ang kanilang sagot at ipa-post ito sa *digital Jamboard.* Gabay na Tanong: Ano ang pinakamahalagang natutuhan mo sa Akademikong Debate at Talakayang Panel? *Dagdag na Tala para sa Guro:* *Kaugnay naman ng **PPST**, ipinakikita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang gumagamit ng teknolohiya upang mapahusay ang pagkatuto, nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pag-iisip, at nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makalikha ng output na nagpapakita ng kanilang pag-unawa sa aralin sa isang makabuluhan at makabagong paraan.*	**Opsiyon B: Susing Kaisipan: I-click ang inyong Pagkatuto** Sa pagsasagawa, magbibigay ang guro ng gabay na tanong na tutulong sa mga mag-aaral na makabuo ng buod ng aralin. Ipapaliwanag ang pamantayan sa pagsagot at paggamit ng **digital Jamboard** bilang platform ng kanilang output Nakaangkla ito sa **Instructional Design Framework (IDF) – Deepen at Transfer** sapagkat pinapalalim nito ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang konsepto at inilalapat nila ito sa pamamagitan ng pagbubuo ng sariling sintesis o buod. Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad ng **Critical Thinking Skills** sa pagbuo ng buod at pagninilay sa kahalagahan ng aralin, **Communication Skills** sa malinaw na pagpapahayag ng ideya sa digital platform, **Digital Literacy Skills** sa paggamit ng Jamboard bilang kasangkapan sa pagkatuto, at **Self-Reflection Skills** sa pag-uugnay ng aralin sa sariling karanasan bilang mag-aaral.
	Pagtataya **A.Maramihang Pagpipilian.**	Ang Paper-pencil Test na Tama o Mali ay nakaangkla sa 21st

	Sagutan ang sumusunod na tanong: 1**. Ano ang pangunahing layunin ng akademikong debate?** A. Magkuwento ng karanasan B. Magbigay ng libangan sa tagapakinig C. Maglahad at magpagtanggol ng argumento gamit ang ebidensiya D. Makipagkaibigan sa ibang kalahok **2. Alin ang pinakamahusay na paglalarawan sa talakayang panel?** A. Isang pasulat na ulat B. Isang pormal na talakayan ng mga eksperto o tagapagsalita sa harap ng awdyens C. Isang simpleng pag-uusap ng magkaibigan D. Isang talumpati ng iisang tao lamang **3. Ano ang papel ng awdyens sa komunikasyon?** A. Gumagawa ng argumento B. Tumatanggap at nagbibigay-kahulugan sa mensahe C. Nagpapasya ng paksa ng debate D. Gumagawa ng batas **4. Alin ang halimbawa ng lohikal na argumento?** A. “Tama ito dahil gusto ko lang.” B. “Mali ka dahil hindi kita gusto.” C. “Batay sa survey, 70% ng mag-aaral ay sumasang-ayon sa paggamit ng online learning.” D. “Hindi ako naniniwala dahil hindi ko feel.” **5. Ano ang dapat isaalang-alang sa paggamit ng wika sa debate?** A. Emosyon lamang B. Pormalidad at pagiging magalang C. Pagpapatawa lamang D. Pagsigaw para marinig	Century Learning Skills partikular sa Critical Thinking Skills, dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri ng mga konsepto upang matukoy ang tamang sagot. Naipapakita rin dito ang Communication Skills dahil ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa wika upang makabuo ng tamang sagot.. Tumutugon ang pagsusulit na ito sa Designed, selected, organized and used diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements. Mga Sagot:

	B. Bumuo ng maikling argumento (5–7 pangungusap) ukol sa tanong na. *"Dapat bang gawing mandatory ang pagsuot ng uniporme sa lahat ng paaralan?* Rubric sa Pagmamarka: 4 pts – Lohikal at malinaw ang argumento 3 pts – Wika at tono ay angkop 2 pts – Organisasyon ng ideya 1 pt – Kumpleto at may paninindigan	
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Debate sa Tahanan: Pamilyang May Paninindigan** ● Panuto: Bigyan ng panuto ang mag-aaral na magsagawa ng isang ***mini family debate*** na gagawin sa bahay**.** Pipili ng isang paksa ang mga mag-aaral. Makipag-usap sa 2-3 miyembro ng pamilya para maisagawa ang debate. Itala ang dalawang panig ng argumento at tukuyin ang awdyens, layon, at konteksto. Mula sa gawaing ito maghanda ng *Debate Reflection Sheet o Debate Report na naglalaman ng* petsa ng pagsasagawa, pamagat ng paksa, mga kalahok sa debate at mga larawan na nagpapatunay sa pagsasagawa ng gawain. Paksang Pagpipilian: ● Dapat bang gawing obligasyon ng bawat pamilya ang paghihiwalay ng basura (waste segregation)? ● Dapat bang limitahan ang paggamit ng cellphone sa loob ng bahay? ● Dapat bang magkaroon ng *curfew* ang kabataan? **Pamantayan sa Pagmamarka**	Para sa Opsiyon A: **Debate sa Tahanan: Pamilyang May Paninindigan** Sa pagsasagawa, ipaliliwanag ng guro ang panuto at magpapapili ng paksa na angkop sa antas ng mag-aaral. Hihikayatin ang mga mag-aaral na makipag-usap sa 2–3 miyembro ng kanilang pamilya upang magsagawa ng mini debate. Ipapaliwanag ang kahalagahan ng paggalang sa opinyon ng bawat isa at tamang pagtatala ng mga argumento. Ang gawaing ito ay nagtataguyod ng **kritikal na pag-iisip (Critical Thinking), komunikasyon (Communication), kolaborasyon (Collaboration), at pagkamulat sa mga isyung panlipunan at pangkapaligiran**, na mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo.

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagsasanay (1)
Nilalaman ng Debate	Kumpleto at malinaw na naitala ang paksa, dalawang panig, at mahahalagang argumento.	Naipakita ang karamihan sa mga kinakailangang detalye ngunit may bahagyang kakulangan.	May ilang bahagi ng talaan na kulang o hindi malinaw.	Maraming bahagi ang hindi nasagutan o hindi maayos ang pagkakalahad.
Pagkilala sa Awdyens, Layon, at Konteksto	Wasto at malinaw na naipaliwanag ang awdyens, layon, at konteksto ng debate.	Natukoy ang mga ito ngunit may ilang kakulangan sa pagpapaliwanag.	Bahagyang natukoy ang awdyens, layon, at konteksto.	Hindi malinaw o hindi natukoy ang mga ito.
Pagninilay (Reflection)	Malalim, makabuluhan, at nagpapakita ng malinaw na pagkatuto at pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw.	Maayos ang pagninilay at nagpapakita ng pag-unawa sa naging karanasan.	May simpleng pagninilay ngunit limitado ang pagpapahayag ng natutuhan.	Hindi malinaw o kulang ang pagninilay.
Kaayusan at Pagkumpleto ng Gawain	Kumpleto, organisado, at malinis ang pagkakalahad ng Reflection Sheet.	Halos kumpleto at maayos ang pagkakalahad.	May ilang bahagi na kulang o hindi organisado.	Hindi kumpleto at hindi maayos ang presentasyon ng gawain.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 6

Dagdag na Tala para sa Guro:
*Kaugnay naman ng **PPST**, ipinapakita ng gawaing ito ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang nakabatay sa tunay na konteksto ng mga mag-aaral, nagtataguyod ng malalim na pagkatuto, at nagpapalawak ng partisipasyon ng mag-aaral sa labas ng silid-aralan. Pinatitibay rin nito ang paggamit ng autentikong pagtataya na nakatuon sa aktuwal na pagganap at pagninilay.*

Tumutugon ito sa hinimay na layunin na; nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan at nasusuri ang mga argumento at paraan ng pagpapahayag sa debate o talakayang panel

Ang gawaing **"Debate sa Tahanan: Pamilyang May Paninindigan"** ay isang performance-based at contextualized na gawain na naglalayong mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa akademikong debate sa isang tunay na sitwasyon sa tahanan. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap at pagsasagawa ng mini family debate, nahuhubog ang kanilang kakayahang bumuo ng argumento, makinig sa iba't ibang pananaw, at maunawaan ang papel ng awdyens, layon, at konteksto ng komunikasyon. Ang pagsulat ng Debate Reflection Sheet o Debate Report ay nagsisilbing ebidensiya ng kanilang pagkatuto at pagninilay.
Nakaangkla ito sa **Instructional Design Framework (IDF) – Transfer** sapagkat inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa akademikong debate sa isang tunay at makabuluhang sitwasyon sa tahanan. Sa ganitong paraan, naipapakita nila ang kahalagahan ng pagkatuto sa labas ng silid-aralan at sa pang-araw-araw na buhay.
Nalilinang sa gawaing ito ang mga **21st Century Skills** tulad

		ng **Communication Skills** sa pakikipagpalitan ng ideya sa mga miyembro ng pamilya, **Critical Thinking Skills** sa pagbuo at pagsusuri ng mga argumento, **Collaboration Skills** sa pakikipag-ugnayan sa pamilya, at **Information Literacy Skills** sa pagtatala at pag-oorganisa ng mahahalagang detalye ng debate.
	Opsiyon B: Ako ang Debatista Vlogger Panuto : Magpapabuo ng isang lohikal na argumento gamit ang digital platform. Maaring gamitin ang sumusnod : Video (TikTok-style 1–2 minutes) , Facebook Reel simulation o Recorded voice + slides ukol sa isyung ito. Dapat bang ipagbawal ang online games sa mga estudyante sa weekdays? Paksa: Dapat bang limitahan ang paggamit ng Artificial Intelligence dahil sa mataas nitong konsumo ng enerhiya at epekto sa Climate Change? ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 8) Gawain Bilang 7*** *Dagdag na Tala para sa Guro:* *Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa **Domain 1, Indicator 1.5.2** dahil pinauunlad nito ang mas mataas na antas ng pag-iisip (HOTS) sa pamamagitan ng makabuluhan at awtentikong gawaing pampagkatuto. Ginamit ng guro ang mga estratehiyang integrative at technology-enhanced instruction na nagtataguyod ng aktibong pagkatuto, mataas na antas ng pag-iisip, at autentikong pagtataya ng pagkatuto ng mga mag-aaral.* *Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: nasusuri ang mga argumento at paraan ng pagpapahayag sa debate o talakayang panel*	Para sa Opsiyon B: Ako ang Debatista Vlogger Sa pagsasagawa, ipaliliwanag ng guro ang pamantayan sa pagbuo ng digital output kabilang ang pagiging lohikal ng argumento, kaangkupan ng ebidensiya, linaw ng pagpapahayag, at pagiging malikhain ng presentasyon Nakaangkla ito sa **Instructional Design Framework (IDF) – Transfer** sapagkat inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa akademikong debate sa isang makabagong anyo ng pagpapahayag gamit ang digital media. Sa pamamagitan nito, naipapakita nila ang kakayahang magsuri, bumuo ng argumento, at magpahayag ng paninindigan sa isang real-world at technology-mediated context. Nililinang nito ang **Critical Thinking, Communication,**

		Creativity, Information Literacy, at Media Literacy bilang mahahalagang 21st century skills.
V. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**I. Maraming Pagpipilian** Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel. Basahin ang sitwasyon: Sa isang talakayang panel sa paaralan, tinalakay ang isyung "Dapat bang ipagbawal ang paggamit ng cellphone sa loob ng klase?" May isang tagapagsalita na nagsabi: "Hindi dapat ipagbawal ang cellphone dahil nakakatulong ito sa mabilis na pag-access ng impormasyon. Gayunpaman, dapat itong gamitin nang may disiplina upang hindi makaabala sa klase." 1. **Ano ang pangunahing katangian ng tagapagsalita sa sitwasyon**? A. Mapanghusga B. Emosyonal at padalos-dalos C. Lohikal at balanse ang pananaw D. Walang malinaw na paninindigan 2. **Alin ang pinakamahusay na naglalarawan sa layunin ng tagapagsalita?** A. Mang-asar ng opinyon ng iba B. Iwasan ang paksa ng debate C. Manalo sa argumento kahit walang ebidensya D. Magpakita ng impormasyon at magbigay 3. **Ano ang papel ng awdyens sa sitwasyong ito?** A. Sila ang nagdedesisyon para sa tagapagsalita B. Sila ang gumagawa ng paksa C. Sila ang tumatanggap at sumusuri ng argumento D. Sila ang nagwawasto ng grammar ng tagapagsalita	Ang Obhetibong Pagtataya ay pangunahing sumusukat sa *critical thinking skills* dahil kinakailangan ng mga mag-aaral na umunawa, magsuri, at pumili ng tamang sagot mula sa mga pagpipilian. Nalinang din dito *ang information literacy* sapagkat kailangan nilang maunawaan ang tanong at ang konseptong pinag-aaralan upang makapagbigay ng tamang sagot. Mga Sagot: 1. C 2. D 3. C 4. B 5. D 6. C 7. Mali 8. Tama 9. Tama 10 Mali

	4. **Alin ang pinakaangkop na pahayag sa akademikong debate?** A. Walang katuturan ang ideya mo. B. Sa aking pananaw, may mahalagang benepisyo ang ideyang ito. C. Mali ka at hindi ka marunong. D. Hindi ako sang-ayon kaya tapos ang usapan. 5. **Bakit mahalaga ang paggamit ng angkop na wika sa debate?** A. Para maiwasan ang paksa B. Para manalo agad sa argumento C. Para mas maging mahaba ang sagoT D. Para mas maging malinaw at propesyonal ang komunikasyon **6. Aling pahayag ang maaaring magpahina sa argumento?** A. “Nakakatulong ito sa kalusugan ng isip.” B. “Mas nagiging alerto ang mga mag-aaral.” C. “Hindi naman ito mahalaga sa pag-aaral.” D. “Mas gumaganda ang focus ng klase. II. Isulat ang salitang **Tama kung ang pahayag at tama o Mali kung ito ay mali.** Isulat kung Tama o Mali. 7. Ang debate ay nakatuon lamang sa panalo at pagkatalo. **Sagot: Mali** 8. Mahalaga ang paggalang sa kapwa kahit magkaiba ang pananaw. **Sagot: Tama** 9. Ang argumento ay dapat suportado ng lohika at ebidensya. **Sagot: Tama** 10. Ang paggamit ng hindi angkop na wika ay nakakatulong sa panghihikayat. **Sagot: Mali**	
VI. PAGNINILAY		

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	

	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.**
   _____
4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**
   _____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**
   _____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**
   _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 9			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Mark Anthony M. Artis		

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at ingklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	**Pagbibigay-kahulugan** ● Nabibigyang-kahulugan ang datos na nakalarawan sa mga multimodal na anyo (hal. tsart, talahanayan, pigura, atbp.). **Pakikilahok** ● Nakibabahagi sa kolaboratibong gawaing akademiko at teknikal (hal. panukalang proyekto, teknikal na ulat, lektura, manwal, atbp.) upang magamit ang kaalaman at kakayahan ng bawat isa at makamit ang kolektibong layunin. **Pagpapahayag** ● Nakabubuo ng maayos na tekstong akademiko at teknikal na nagpapamalas ng kamalayan at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon (hal. presentasyong may visual aid, sanaysay, ulat sa pananaliksik at pagsusuri, atbp.). **Pagninilay** ● Naipapaliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Department of Education. Integrative Performance Task (IPT), Term 2. Pasig City: Department of Education, 2025. Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016. Department of Education. MATATAG Curriculum Guide sa Mabisang Komunikasyon. Pasig City: Department of Education, 2025.

<table>
<tr><td></td><td>Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017.
Mga napapanahong ulat, tsart, talahanayan, infographic, at iba pang multimodal na teksto na may kaugnayan sa mga suliraning pangkapaligiran sa barangay.</td></tr>
<tr><td>III. NILALAMAN</td><td>Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya gamit ang mga multimodal na presentasyon at angkop na akademikong wika.</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td>a. Natutukoy ang iba't ibang multimodal na anyo ng presentasyon ng datos at nabibigyang-kahulugan ang impormasyong nakapaloob sa mga ito.
b. Nasusuri ang kaugnayan ng mga datos sa mensaheng nais ipabatid ng saliksik o imbestigatibong ulat.
c. Nakikilahok sa kolaboratibong paghahanda at organisasyon ng presentasyon upang makamit ang kolektibong layunin.
d. Naisasaayos ang mga datos at impormasyong nakalap ayon sa layon at awdyens at nakabubuo ng presentasyong akademiko na gumagamit ng angkop na wika, organisasyon, at biswal na pantulong.
e. Nakapaglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat nang malinaw at sistematiko sa isang pulong o kumperensiya.
f. Napagninilayan ang kahalagahan ng kolaborasyon at mabisang komunikasyon sa paglalahad ng mga resulta ng saliksik tungo sa higit na epektibong akademikong komunikasyon.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td colspan="2">1. Paghango sa Dating Kaalaman
Opsiyon A: "Basahin Mo Ako!" Ipasuri sa mga mag-aaral ang sumusunod na presentasyon ng datos tungkol sa paborito nilang plataporma.
Paboritong Plataporma sa Pag-aaral ng 100 Mag-aaral
<table>
<tr><th>Plataporma</th><th>Bilang ng Mag-aaral</th></tr>
<tr><td>YouTube</td><td>35</td></tr>
<tr><td>Facebook</td><td>20</td></tr>
<tr><td>Google Classroom</td><td>25</td></tr>
<tr><td>TikTok</td><td>10</td></tr>
<tr><td>Iba pa</td><td>10</td></tr>
</table>
Pagkatapos masuri ang talahanayan, ipasagot ang sumusunod:
1. Anong anyo ng datos ang ipinakita sa presentasyon?
2. Ilang mag-aaral ang gustong gamitin ang YouTube bilang paboritong plataporma sa pag-aaral?
3. Aling plataporma ang may pinakamataas na bilang ng gumagamit?</td><td>Para sa Opsiyon A: "Basahin Mo Ako!"
(a) Tala para sa Guro:
Ang talahanayan ay nagsisilbing panimulang teksto upang maibalik sa alaala ng mga mag-aaral ang kanilang dating kaalaman sa interpretasyon ng datos. Hikayatin silang magbigay ng sariling paliwanag at obserbasyon sa halip na magpokus lamang sa pagbasa ng mga bilang.
(b) PPST Indicator:
Domain 1, Strand 1.2 – Nagagamit ang iba't ibang estratehiya upang malinang</td></tr>
</table>

	4. Ano ang ipinapakita ng datos tungkol sa kagustuhan ng mga mag-aaral? 5. Paano nakatutulong ang ganitong presentasyon ng datos sa mabilis na pag-unawa sa impormasyon? Magbahagi ng sagot ang ilang mag-aaral sa klase.	ang literacy at numeracy skills ng mga mag-aaral. **(c) IDF Application:** Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman. Iniuugnay ng mga mag-aaral ang dati nilang kaalaman sa pagbasa ng mga datos at presentasyong biswal bilang paghahanda sa mas mataas na antas ng akademikong komunikasyon. **(d) IPT Integration Note:** Ang kakayahang magbigay-kahulugan sa mga datos na nakapaloob sa mga talahanayan at iba pang multimodal na anyo ay mahalaga sa pagsusuri at paglalahad ng mga impormasyong gagamitin sa Integrative Performance Task (IPT), partikular sa paghahanda ng mga presentasyong nangangailangan ng malinaw at makatotohanang batayan ng impormasyon.
	Pagkatapos masuri ng mga mag-aaral ang grap, ipasagot sa sumusunod na mga tanong: 1. Anong uri ng presentasyon ng datos ang ipinapakita sa grap? 2. Aling kagamitan ang may pinakamaraming gumagamit? 3. Ilang mag-aaral ang gumagamit ng tablet bilang kagamitang pantulong sa pag-aaral? 4. Ano ang ipinahihiwatig ng datos tungkol sa mga kagamitang ginagamit ng mga mag-aaral? 5. Paano nakatutulong ang grap sa mabilis na pag-unawa sa mga impormasyon?	**Para sa Opsiyon B: "Ano ang Kuwento ng Grap?"** **(a) Tala para sa Guro:** Gabayang mabuti ang mga mag-aaral sa pagbasa ng mga datos na nakapaloob sa grap. Hikayatin silang hindi lamang basahin ang mga bilang kundi bigyang-pakahulugan ang ipinahihiwatig ng mga ito.

	Magbahagi ng kanilang mga sagot ang ilang mag-aaral at hayaang ihambing ang kanilang mga interpretasyon.	Maaaring magtanong ng mga follow-up questions upang mahikayat ang mas malalim na pagsusuri. **(b) PPST Indicator:** **PPST Domain 1, Strand 1.2** – Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang literacy at numeracy skills ng mga mag-aaral. **(c) IDF Application:** **Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman.** Pinauunlad ng gawaing ito ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa interpretasyon ng mga multimodal na representasyon ng datos bilang paghahanda sa pagbuo ng bagong kaalaman at kasanayan sa akademikong komunikasyon. **(d) IPT Integration Note:** Ang kakayahang magbigay-kahulugan sa mga datos na nasa anyong grap ay mahalagang kasanayan sa paghahanda ng Integrative Performance Task (IPT). Sa pagbuo at paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat, kinakailangang makabasa, makasuri, at makapagpaliwanag ang mga mag-aaral ng mga impormasyong nakapaloob sa


		mga biswal na presentasyon ng datos upang maging malinaw at kapani-paniwala ang kanilang presentasyon.
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: "Ako ang Tagapagbalita!"** Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang sumusunod na sitwasyon: ***Bilang bahagi ng Science Investigatory Project Fair ng paaralan, inatasan ang pangkat nina Angela na ibahagi sa harap ng mga guro, mag-aaral, at mga panauhin ang resulta ng kanilang pananaliksik tungkol sa epekto ng paggamit ng organikong pataba sa pagpapatubo ng mga halamang gulay. Gumamit sila ng mga grap, talahanayan, at presentasyong may biswal na pantulong upang maipaliwanag ang kanilang mga natuklasan.***Pagkatapos basahin ang sitwasyon, ipasagot ang sumusunod: 1. Ano ang ginagawa ng pangkat nina Angela? 2. Ano-anong kagamitan o materyalis ang kanilang ginagamit sa paglalahad ng resulta ukol sa kanilang pananaliksik? 3. Bakit mahalagang maging malinaw at maayos ang presentasyon ng mga resulta ng saliksik? 4. Kung ikaw ay kabilang sa kanilang pangkat, paano ka makatutulong sa paghahanda at paglalahad ng kanilang presentasyon? Pagkatapos ng talakayan, ipakilala ng guro ang aralin sa pamamagitan ng pahayag "**Sa araling ito, matututuhan natin kung paano magbigay-kahulugan sa mga datos, makilahok sa paghahanda ng mga akademikong presentasyon, at makapaglahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa isang pulong o kumperensiya.**"	**Para sa Opsiyon A: "Ako ang Tagapagbalita!"** **(a) Tala para sa Guro:** Ang sitwasyong ito ay naglalayong ihanda ang mga mag-aaral sa kontekstong akademiko ng aralin. Hayaang malayang magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang mga karanasan sa paggawa at paglalahad ng mga proyekto o pananaliksik. Bigyang-diin na ang paglalahad ng resulta ng saliksik ay nangangailangan hindi lamang ng kaalaman sa datos kundi maging ng kolaborasyon at mabisang komunikasyon. **(b) PPST Indicator:** **PPST Domain 1, Strand 1.5** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapaunlad ng mataas na antas ng pag-iisip at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. **(c) IDF Application:** **Paglalahad ng Layunin.** Sa pamamagitan ng sitwasyong komunikatibo, natutulungan ang mga mag-aaral na maiugnay ang layunin ng aralin sa mga tunay na kontekstong akademiko at

		magkaroon ng kamalayan sa mga inaasahang matutuhan at maisagawa sa pagtatapos ng aralin. **(d) IPT Integration Note:** Ang gawaing ito ay naghahanda sa mga mag-aaral sa kanilang Integrative Performance Task (IPT) na nangangailangan ng kolaborasyon, pagsusuri ng datos, at malinaw na presentasyon ng mga impormasyon. Ang pagkilala sa kahalagahan ng mga biswal na pantulong at mabisang komunikasyon ay magsisilbing pundasyon sa paghahanda ng kanilang akademikong presentasyon at iba pang gawaing kolaboratibo.
	Opsiyon B: "Kung Ikaw ang Maglalahad..."Ipasuri sa mga mag-aaral ang sumusunod na sipi mula sa isang panayam sa isang Science and Technology Research Conference: ***"Batay sa nakalap naming datos, lumabas na 78% ng mga kabataan sa aming barangay ay gumagamit ng reusable na lalagyan ng tubig. Ipinapakita sa grap na ito ang pagtaas ng kamalayan ng mga mamamayan sa pangangalaga sa kapaligiran sa nakalipas na limang taon. Dahil dito, iminumungkahi ng aming pangkat ang pagpapalawak ng programang 'Dalhin Mo ang Sarili Mong Lalagyan.'"*** Pagkatapos, ipasagot ang sumusunod: 1. Ano ang pangunahing layunin ng tagapagsalita? 2. Anong uri ng impormasyon ang ibinabahagi? 3. Ano ang maaaring pinagbatayan ng kaniyang mga pahayag? 4. Bakit mahalagang maipahayag nang malinaw at maayos ang mga resulta ng saliksik?	**Para sa Opsiyon B: "Kung Ikaw ang Maglalahad..."** **(a) Tala para sa Guro:** Ang gawaing ito ay gumagamit ng isang maikling sipi ng presentasyon upang mahikayat ang mga mag-aaral na mahinuha ang pokus at layunin ng aralin. Bigyang-diin na ang mga resulta ng saliksik ay hindi lamang basta inilalahad kundi dapat na nakabatay sa datos, malinaw na naipapaliwanag, at naaayon sa pangangailangan ng awdyens. Hikayatin ang mga

	5. Kung ikaw ang nasa kaniyang katayuan, paano mo ihahanda ang iyong presentasyon upang maunawaan ito ng iyong mga Tagapakinig? Pagkatapos ng talakayan, ipakilala ang aralin sa pamamagitan ng pahayag: **"Sa araling ito, lilinangin natin ang kakayahang magbigay-kahulugan sa mga datos, makipagtulungan sa paghahanda ng presentasyon upang makapaglahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa isang pulong o kumperensiya gamit ang angkop na akademikong komunikasyon."**	mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa paggawa ng pananaliksik, proyekto, o presentasyon sa mga nakaraang baitang. **(b) PPST Indicator:** **PPST Domain 1, Strand 1.5** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. **(c) IDF Application:** **Paglalahad ng Layunin.** Sa pamamagitan ng pag-uugnay sa isang makatotohanang sitwasyong akademiko, natutulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang kabuluhan at layunin ng aralin at maiugnay ito sa mga inaasahang kasanayang lilinangin. **(d) IPT Integration Note:** Ang gawaing ito ay nagsisilbing panimulang paghahanda para sa Integrative Performance Task (IPT) sapagkat ipinakikita nito ang kahalagahan ng paggamit ng datos at mabisang presentasyon sa paghahatid ng impormasyon. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa pagbuo at paglalahad ng mga akademiko at teknikal na output na nangangailangan ng kolaborasyon, kritikal na

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>pagsusuri, at malinaw na komunikasyon.</td>
</tr>
<tr>
<td>1. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>1. Paglalahad ng Halimbawa
Opsiyon A: "Mula sa Datos Tungo sa Presentasyon"
Ipasuri sa mga mag-aaral ang sumusunod na halimbawa ng bahagi ng presentasyon batay sa resulta ng isang pananaliksik.
Halimbawa ng Resulta ng Saliksik
Paksa ng Pananaliksik: Antas ng Paggamit ng Reusable Water Bottles ng mga Mag-aaral sa Senior High School.
Talahanayan 1. Antas ng Paggamit ng Reusable Water Bottles ng mga Mag-aaral (n=100)
<table>
<tr><td>Dalas ng Paggamit</td><td>Bilang ng Mag-aaral</td></tr>
<tr><td>Palaging gumagamit</td><td>45</td></tr>
<tr><td>Madalas gumagamit</td><td>27</td></tr>
<tr><td>Paminsan-minsan</td><td>15</td></tr>
<tr><td>Hindi gumagamit</td><td>10</td></tr>
</table>
Halimbawa ng Paglalahad “Batay sa Talahanayan 1, makikita na halos kalahati ng mga kalahok o 48% ay palaging gumagamit ng reusable water bottles. Samantala, 27% naman ang madalas na gumagamit nito. Ipinakikita ng datos na may mataas na antas ng kamalayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga kagamitang nakatutulong sa pagbawas ng plastik na basura. Gayunpaman, may 10% pa ring hindi gumagamit ng reusable water bottles, na nagpapahiwatig ng pangangailangang palakasin pa ang mga programang pangkapaligiran sa paaralan.”
Pagkatapos suriin ang halimbawa, ipagawa ang sumusunod:
Gawain 1: Obserbahan Mo! Punan ang talahanayan.
<table>
<tr><td>Bahagi ng Presentasyon</td><td>Ano ang Napansin Mo?</td></tr>
<tr><td>Datos o ebidensiya</td><td></td></tr>
<tr><td>Paliwanag sa datos</td><td></td></tr>
<tr><td>Kongklusyon o interpretasyon</td><td></td></tr>
<tr><td>Rekomendasyon o implikasyon</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Para sa Opsiyon A: "Mula sa Datos Tungo sa Presentasyon"(a) Tala para sa Guro:Ang gawaing ito ay nakatuon sa pagmomodelo ng isang mahusay na paglalahad ng resulta ng saliksik. Bigyang-diin na ang presentasyon ng resulta ay hindi lamang pagbanggit ng bilang o porsiyento. Kailangang maipaliwanag ang kahulugan ng datos, maiugnay ito sa suliranin ng pag-aaral, at makapagbigay ng implikasyon o rekomendasyon. Maaari ring ipakita sa mga mag-aaral ang kaibahan ng “raw data” at “interpreted data.”Sa pagpoproseso ng gawain, maaaring gamitin ng guro ang mga tanong na:- Ano ang ginawang proseso ng mananaliksik mula datos hanggang interpretasyon?- Aling bahagi ang pinakakritikal sa isang presentasyon? Bakit?- Ano ang maaaring mangyari kung puro datos lamang ang ilalahad?(b) PPST Indicator:PPST Domain 1, Strand 1.3 – Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kritikal at malikhaing pag-iisip</td>
</tr>
</table>

	Gawain 2: Hanapin ang Bahagi. Panuto: Tukuyin kung saang bahagi ng halimbawa matatagpuan ang sumusunod: 1. Pagbanggit ng numerikal na datos _____ 2. Pagpapaliwanag ng kahulugan ng datos _____ 3. Pagbibigay ng interpretasyon _____ 4. Pagmumungkahi ng maaaring hakbang o rekomendasyon _____ **Gawain 3: Pag-usapan Natin.** Sa pares o maliit na pangkat, talakayin ang sumusunod: 1. Ano ang pinagkaiba ng simpleng pagbasa ng datos at pagbibigay-kahulugan sa datos? 2. Bakit mahalagang may paliwanag at interpretasyon ang mga numerong inilalahad sa isang saliksik? 3. Paano nakatutulong ang malinaw na presentasyon ng resulta upang maunawaan ito ng awdyens? Mag-uulat ang piling pangkat ng kanilang sagot sa klase.	ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon.**(c) IDF Application:Integrasyon ng Bagong Kaalaman – Paglalahad ng Halimbawa.** Nagbibigay ang guro ng kongkretong modelo ng isang akademikong presentasyon upang masuri at maobserbahan ng mga mag-aaral ang mahahalagang elemento bago ito talakayin nang mas malalim sa susunod na bahagi ng aralin.**(d) IPT Integration Note:**Ang gawaing ito ay direktang naghahanda sa mga mag-aaral para sa Integrative Performance Task (IPT) sapagkat ipinakikita nito kung paano ginagamit ang mga datos bilang ebidensiya upang makabuo ng makabuluhang interpretasyon at rekomendasyon. Ang kasanayang ito ay mahalaga sa paghahanda ng mga presentasyong akademiko, ulat, at iba pang output na nangangailangan ng malinaw, sistematiko, at mapanghikayat na paglalahad ng impormasyon.
	Opsiyon B: "Basa-Datos”	**Para sa Opsiyon B: "Bsa-Datos?"(a) Tala para sa Guro:**Ang gawaing ito ay

	Ipasuri sa mga mag-aaral ang sumusunod na halimbawa ng isang slide sa presentasyon mula sa resulta ng pananaliksik na ginamit sa isang *Youth Research Conference*. *Paksa ng Pananaliksik* **Antas ng Stress ng mga Mag-aaral sa Senior High School Kaugnay ng Akademikong Gawain** Grap 1. Mga Pangunahing Sanhi ng Stress ng mga Mag-aaral  Sipi mula sa Presentasyon *"Makikita sa Grap 1 na ang pinakakaraniwang sanhi ng stress ng mga mag-aaral ay ang dami ng gawaing pampaaralan na nakakuha ng 45%. Pinahihiwatig nito na mahalagang mabigyan ng sapat na gabay ang mga mag-aaral hinggil sa pamamahala ng oras at pagbalanse ng kanilang mga akademikong gawain. Iminumungkahi rin ng pangkat na magkaroon ng mga seminar ukol sa mental health at stress management."* **Gawain 1: Suriin ang Presentasyon.** Punan ang sumusunod na talahanayan.	gumagamit ng isang halimbawa ng conference presentation upang makita ng mga mag-aaral ang aktuwal na organisasyon ng paglalahad ng mga resulta ng saliksik. Huwag munang ipaliwanag ang mga bahagi ng presentasyon; sa halip, hayaan munang matuklasan ng mga mag-aaral ang mga elementong bumubuo rito sa pamamagitan ng pagmamasid at pagsusuri.Maaaring gamitin ang sumusunod na processing questions:• Ano ang papel ng datos sa isang presentasyon?• Sapat na ba ang magpakita lamang ng grap? Bakit?• Paano nagiging makabuluhan ang isang presentasyon ng resulta?**(b) PPST Indicator:PPST Domain 1, Strand 1.3** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbuo ng kahulugan mula sa impormasyon.**(c) IDF Application:Integrasyon ng Bagong Kaalaman – Paglalahad ng Halimbawa.** Ang paggamit ng isang kongkretong halimbawa ng akademikong presentasyon ay

Paksa ng Pananaliksik		
Datos na Inilahad		
Pangunahing Natuklasan		
Interpretasyon ng Resulta		
Rekomendasyon		

Gawain 2: Taglay ba ang mahusay na presentasyon? Lagyan ng ✓ kung taglay ng halimbawa ang sumusunod na katangian at ✗ naman kung hindi.

May malinaw na paksa	
Gumamit ng datos bilang ebidensiya	
May pagpapaliwanag sa resulta	
May rekomendasyon	
Madaling maunawaan ng tagapakinig	
Angkop sa akademikong presentasyon	

Gawain 3: Mag-isip at Magbahagi

Sa pamamagitan ng Think-Pair-Share, talakayin ang sumusunod:

1. Ano ang kaibahan ng pagbabasa ng grap at pagpapaliwanag ng kahulugan nito?
2. Bakit mahalagang magkaroon ng interpretasyon at rekomendasyon sa paglalahad ng resulta ng pananaliksik?
3. Paano nakatutulong ang mga grap at iba pang biswal na pantulong upang higit na maunawaan ng mga tagapakinig ang presentasyon?

Magbabahagi ang ilang pares ng kanilang mga sagot sa klase.

nagsisilbing modelo upang matukoy ng mga mag-aaral ang mahahalagang elemento at katangian ng mabisang paglalahad ng resulta ng saliksik bago ito talakayin nang mas malalim.**d) IPT Integration Note:** Ang gawaing ito ay nagsisilbing preparatory activity para sa Integrative Performance Task (IPT). Ang pagsusuri sa isang halimbawa ng presentasyong akademiko ay naghahanda sa mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang sariling presentasyon, kung saan kinakailangan ang paggamit ng datos, interpretasyon, at rekomendasyon upang makapaghatid ng malinaw at mapanghikayat na mensahe sa kanilang target na awdyens.

	Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 9) Gawain Bilang 1	
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Opsiyon A: "Himayin ang Presentasyon!"** Pagkatapos masuri ang halimbawa ng presentasyon batay sa resulta ng saliksik, pangungunahan ang talakayan tungkol sa mahahalagang bahagi ng isang mabisang presentasyon ng resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat. Ipabasa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gabay: **Mga Elemento ng Mabisang Presentasyon ng Resulta ng Saliksik** ① Paglalahad ng Datos o Ebidensiya ② Pagbibigay-kahulugan sa Datos ③ Interpretasyon ng resulta ④ Pagbibigay ng konklusyon o rekomendasyon ⑤ Paggamit ng angkop na biswal na pantulong ⑥ Pagsasaalang-alang sa awdyens at layon Pagkatapos, ipagawa ang sumusunod. **Gawain 1: "Kilalanin Mo Ako!"** Iugnay ang pahayag sa kaukulang elemento ng presentasyon. 1. "Batay sa talahanayan, 75% ng mga respondente ay..." _____ 2. "Ipinapakita ng datos na..." _____ 3. "Samakatuwid, mahalagang..." _____ 4. "Iminumungkahi ng pangkat na..." _____ 5. "Gumamit ang pangkat ng pie graph upang..." _____ **Gawain 2: "Ano ang Nawawala?"** Suriin ang sipi ng presentasyon. *Batay sa nakalap na datos, 40% ng mga mag-aaral ang gumagamit ng reusable water bottles."* Tanong: 1. Ano ang bahagi ng presentasyon na taglay ng pahayag? 2. Ano pa ang mga bahaging kailangang linawin upang maging mas mabisa ang presentasyon? 3. Bakit mahalagang hindi lamang datos ang ilalahad? **Gawain 3: "Pangkatin Natin!"** Sa pangkat na may apat na kasapi, buuin ang graphic organizer sa ibaba: **Sentro:** Mabisang presentasyon ng resulta ng saliksik mga sanga: • Datos • Interpretasyon	**Para sa Opsiyon A: "Himayin ang Presentasyon!"** **(a) Tala para sa Guro** Sa bahaging ito, mahalagang malinaw na maituro ang pagkakaiba ng paglalahad ng datos at pagbibigay-kahulugan sa datos. Bigyang-diin na ang isang presentasyon ay hindi lamang pagbanggit ng mga bilang o porsiyento kundi pagpapaliwanag sa kabuluhan ng mga ito sa konteksto ng saliksik. Maaaring gamitin ang sumusunod na tanong sa pagpoproseso: • Ano ang mangyayari kung puro datos lamang ang ilalahad? • Bakit mahalaga ang interpretasyon? • Paano naaapektuhan ng awdyens ang paraan ng presentasyon? **(b) PPST Indicator** PPST Domain 1, Strand 1.1 – Nagagamit ang kaalaman sa nilalaman at interdisiplinaryong koneksiyon upang matiyak ang makabuluhan at mataas na antas ng pagkatuto. **(c) IDF Application** **Integrasyon ng Bagong**

	• Kongklusyon • Biswal na Pantulong • Awdyens at Layon Ipapaliwanag ng bawat pangkat ang kanilang organizer sa klase. ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 9) Gawaing Bilang 2***	**Kaalaman – Pagtalakay ng Bagong Konsepto.** Sa bahaging ito, sistematikong binibigyang-linaw ng guro ang mahahalagang konsepto at ugnayan ng mga ito upang makabuo ng matatag na pag-unawa ang mga mag-aaral. **(d) IPT Integration Note** Ang pagkilala sa mga elemento ng mabisang presentasyon ay magsisilbing batayan ng mga mag-aaral sa paghahanda ng kanilang Integrative Performance Task. Ang kakayahang magbigay ng interpretasyon, kongklusyon, at rekomendasyon mula sa mga datos ay mahalaga sa pagbuo ng mga akademiko at teknikal na output na nangangailangan ng malinaw at mapanghikayat na komunikasyon.
	Opsiyon B: "Tagasuri ng Kumperensiya" Ipalagay sa mga mag-aaral na sila ay mga kasapi ng isang lupon ng mga tagasuri sa isang Student Research Conference. Ipasuri sa kanila ang sumusunod na sipi mula sa isang presentasyon bilang resulta ng pananaliksik. **Paksa:** *Epekto ng Paggamit ng Social Media sa Oras ng Pag-aaral ng mga Mag-aaral "Batay sa isinagawang sarbey, 60% ng mga mag-aaral ang nagsasabing mahigit tatlong oras silang gumagamit ng social media araw-araw. Samakatuwid, masyadong naaabala ang mga mag-aaral sa paggamit ng social media, kaya dapat itong ipagbawal."*	Elaborasyon Pinasuri **Para sa Opsiyon B: "Tagasuri ng Kumperensiya"** **(a) Tala para sa Guro** Layunin ng gawaing ito na malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa lohika ng presentasyon ng resulta ng saliksik. Bigyang-diin na hindi lahat ng kongklusyon ay awtomatikong mabubuo mula sa datos.

	Gawain 1: "Suriin ang Pahayag. " Sa pamamagitan ng talahanayan, tukuyin kung ang sumusunod na elemento ay taglay ng sipi. Lagyan ng ✓ kung ito ay taglay at ✗ naman kung hindi. **Talahanayan 1. Pagsusuri sa Presentasyon** **May paglalahad ng datos** | May interpretasyon ng datos | Angkop ang kongklusyon sa datos | May sapat na ebidensiya | Angkop sa awdyens at layon | Gumamit ng mapanghikayat ngunit makatwirang pahayag | Mga Tanong sa Pagpoproseso: • Ano ang kaibahan ng datos at kongklusyon? • Kailan nagiging mahina ang isang presentasyon ng resulta? • Bakit mahalaga ang sapat na ebidensiya sa pagbuo ng rekomendasyon? • Paano nakaaapekto ang awdyens at layon sa paraan ng presentasyon? **Gawain 2: "Ano ang Dapat Baguhin?"** Sa pangkat na may tatlo hanggang apat na kasapi, sagutin ang sumusunod: 1. Aling bahagi ng presentasyon ang nangangailangan ng rebisyon? 2. Sapat ba ang datos upang suportahan ang konklusyon?Ipaliwanag. 3. Ano ang maaaring idagdag upang maging mas maayos at makatotohanan ang presentasyon? 4. Paano mapabubuti ang interpretasyon at rekomendasyon? **Gawain 3: "Rebisahin Natin!"** Batay sa inyong pagsusuri, muling isulat ang huling dalawang pangungusap ng presentasyon upang maging higit na lohikal, makatotohanan, at angkop sa isang akademikong kumperensiya.	Mahalagang suriin kung ang interpretasyon at rekomendasyon ay naaayon at sapat na suportado ng ebidensiya. **(b) PPST Indicator** **PPST Domain 1, Strand 1.5** – Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kritikal at malikhaing pag-iisip, gayundin ang mataas na antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. **(c) IDF Application** **Integrasyon ng Bagong Kaalaman – Pagtalakay ng Bagong Konsepto.** Sa pamamagitan ng pagsusuri at rebisyon ng isang halimbawa, nabibigyang-linaw ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto sa mabisang paglalahad ng resulta ng saliksik at naiuugnay ang mga ito sa aktuwal na sitwasyong akademiko. **(d) IPT Integration Note** Ang gawaing ito ay nagsisilbing paghahanda sa Integrative Performance Task sapagkat hinahasa nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, magbigay-kahulugan, at magrebisa ng mga akademikong presentasyon batay sa datos at ebidensiya. Ang mga kasanayang ito ay

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Pagkatapos, magbabahagi ang bawat pangkat ng kanilang rebisyon at ipapaliwanag kung bakit nila ito binago.</td>
<td>mahalaga sa paghahanda ng mga ulat, presentasyon, at iba pang output na nangangailangan ng lohikal, sistematiko, at mapanuring komunikasyon.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>3. Paglinang ng Kabihasaan
Opsiyon A: "Bumuo Tayo ng Presentasyon!"
Hatiin ang klase sa mga pangkat na may apat hanggang limang kasapi. Ipabasa at ipasuri sa bawat pangkat ang sumusunod na datos.

Paksa ng Pananaliksik: Paraan ng mga mag-aaral sa pagbabawas ng plastik sa paaralan
Talahanayan 1. Mga Paraang Ginagamit ng mga Mag-aaral (n = 100)
<table>
<tr><th>Paraan</th><th>Bilang ng mga Mag-aaral</th></tr>
<tr><td>Paggamit ng tumbler</td><td>40</td></tr>
<tr><td>Paggamit ng eco bag</td><td>30</td></tr>
<tr><td>Pagsesegregate ng basura</td><td>20</td></tr>
<tr><td>Pagre-recycle ng mga lalagyan</td><td>10</td></tr>
</table>
Pagkatapos, ipagawa ang sumusunod:

Gawain 1: Ayusin ang Impormasyon
Punan ang talahanayan.
<table>
<tr><th>Bahagi ng Presentasyon</th><th>Isusulat ng Pangkat</th></tr>
<tr><td>Paglalahad ng Datos</td><td></td></tr>
<tr><td>Interpretasyon</td><td></td></tr>
<tr><td>Kongklusyon</td><td></td></tr>
<tr><td>Rekomendasyon</td><td></td></tr>
</table>
Gawain 2: Gumawa ng Biswal na Pantulong
Batay sa mga datos, pumili ng isa sa sumusunod na biswal na pantulong:
• Bar Graph
• Pie Graph</td>
<td>Para sa Opsiyon A: "Bumuo Tayo ng Presentasyon!"
(a) Tala para sa Guro
Ang gawaing ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mailapat ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng kolaboratibong pagbuo ng isang akademikong presentasyon. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pakikilahok ng bawat kasapi sa pangkat at ang pagsasaalang-alang sa awdyens sa pagpili ng nilalaman at biswal na pantulong.
Sa pagpoproseso, maaaring itanong:
• Paano ninyo inayos ang inyong presentasyon?
• Ano ang naging batayan ninyo sa pagbibigay ng interpretasyon at rekomendasyon?
• Paano nakatulong ang biswal na pantulong upang higit na maunawaan ang inyong presentasyon?
(b) PPST Indicator
PPST Domain 1, Strand 1.5 –</td>
</tr>
</table>

	• Infographic Gamitin ito upang maipakita ang mga datos sa isang malinaw, organisado, at kaaya-ayang paraan. **Gawain 3: "Mini Conference Dry Run"** Magsasagawa ng maikling presentasyon (2–3 minuto) ang bawat pangkat. Sa ginawang presentasyon, susuriin ito ng mga kamag-aral gamit ang sumusunod na tseklist. **Tseklist sa Pagsusuri ng Presentasyon** **Pamantayan** | **Oo** | **Hindi** Malinaw ang paglalahad ng datos May interpretasyon ng resulta May kongklusyon o rekomendasyon Angkop ang biswal na pantulong Maayos ang organisasyon ng presentasyon Naging malinaw sa tagapakinig ang mensahe Pagkatapos ng presentasyon, magbigay ng puna at mungkahi ang mga mag-aaral upang mapabuti pa ang output ng bawat pangkat. Maaaring gamitin ang sumusunod na gabay sa pagbibigay ng puna: 1. Ano ang pinakamalinaw na bahagi ng presentasyon? 2. Ano pa ang maaaring idagdag o linawin? 3. Paano higit na mapahuhusay ang biswal na pantulong? 4. Nakatulong ba ang presentasyon upang maunawaan ang resulta ng pag-aaral? Ipaliwanag. **Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 9) Gawain Bilang 3**	Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng kritikal at malikhaing pag-iisip at nagtataguyod ng kolaboratibong pagkatuto. **(c) IDF Application** **Integrasyon ng Bagong Kaalaman – Paglinang ng Kabihasaan.** Sa bahaging ito, inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng kolaboratibong pagbuo at paglalahad ng isang presentasyong akademiko, na nagsisilbing paghahanda sa higit na komplikadong gawaing pangpagganap. **(d) IPT Integration Note** Ang gawaing ito ay nagsisilbing rehearsal o scaffold para sa Integrative Performance Task. Sa pamamagitan ng sama-samang pagbuo ng presentasyon, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa ng datos, pagbibigay-kahulugan sa mga resulta, paggamit ng biswal na pantulong, at malinaw na komunikasyon—mga kasanayang mahalaga sa matagumpay na pagganap sa IPT.
	Opsiyon B: "Ayusin at Ipresenta!"	**Para sa Opsiyon B: "Ayusin at Ipresenta!"** **(a) Tala para sa Guro**

	Bumuo ng pangkat na may apat hanggang limang kasapi. Basahin at suriin ang sumusunod na sipi mula sa presentasyon ng isang pangkat ng mananaliksik. **Paksa ng Pananaliksik:** *Epekto ng Pagpupuyat sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral* **Talahanayan 1. Oras ng Pagtulog ng mga mag-aaral (n = 100)** **Bilang ng Oras ng Pagtulog** | **Bilang ng mga Mag-aaral** Mas mababa sa 5 oras | 20 5–6 na oras | 40 7–8 oras | 30 Higit sa 8 oras | 10 **Sipi mula sa presentasyon** *"Batay sa talahanayan, karamihan sa mga mag-aaral ay natutulog lamang ng lima hanggang anim na oras. Dahil dito, dapat na iwasan ang paggamit ng cellphone na naging sanhi ng pagpupuyat.* I. Pagkatapos, ipagawa ang sumusunod: **Gawain 1: "Tagasuri Ako!"** Suriin ang sipi gamit ang talahanayan. **Bahagi ng Presentasyon** | **Maayos ba? (✓ / ✗)** | **Mungkahi sa Pagpapahusay** Paglalahad ng Datos | | Interpretasyon ng Datos | | Kongklusyon | | Rekomendasyon | | Kaangkupan sa Awdyens | | **Gawain 2: "Ayusin Natin!"**	Layunin ng gawaing ito na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, magrebisa, at magpahusay ng isang akademikong presentasyon batay sa mga datos at ebidensiyang nakalap. Bigyang-diin na ang mabisang presentasyon ng resulta ng saliksik ay hindi lamang nakabatay sa paglalahad ng mga bilang at porsiyento kundi sa lohikal na interpretasyon, makatwirang kongklusyon, at angkop na rekomendasyon. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahaginan ng ideya at makilahok sa bawat yugto ng gawain. Tiyakin ding nabibigyang pagkakataon ang bawat kasapi ng pangkat na makapag-ambag sa pagbuo at presentasyon ng output. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong sa pagpoproseso: • Ano ang naging batayan ninyo sa pagrerebisa ng presentasyon? • Paano ninyo natiyak na ang interpretasyon ay naaayon sa mga datos? • Bakit mahalagang isaalang-alang ang awdyens sa paghahanda ng isang presentasyong akademiko?

Bilang isang pangkat, muling isulat ang presentasyon upang maging mas malinaw, lohikal, at naaayon sa isang akademikong kumperensiya.

Gawain 3: "Panel ng mga Dalubhasa"
Magsagawa ng isang mini conference.

- Ang bawat pangkat ay magkakaroon ng tatlong (3) minuto upang ilahad ang kanilang rebisadong presentasyon.
- Ang ibang pangkat ay magsisilbing mga tagasuri at magbibigay ng puna at mungkahi.

Gamitin ang sumusunod na rubric sa pagbibigay ng puna.

Rubric sa Pagsusuri ng Presentasyon

Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
Malinaw ang paglalahad ng datos				
Angkop ang interpretasyon sa datos				
Lohikal ang kongklusyon at rekomendasyon				
Maayos ang organisasyon ng presentasyon				
Angkop ang paggamit ng wika sa akademikong konteksto				

Pagproseso
Sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang pinakamahirap na bahagi sa pag-aayos ng presentasyon? Bakit?

2. Paano nakatutulong ang pakikipagtulungan sa mga kasapi ng pangkat upang mapahusay ang presentasyon?

3. Bakit mahalagang magkaroon ng malinaw at lohikal na interpretasyon sa paglalahad ng resulta mula sa saliksik?

• Paano nakatulong ang kolaborasyon sa pagpapahusay ng inyong presentasyon?
(b) PPST Indicator
PPST Domain 1, Strand 1.5 – Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kritikal at malikhaing pag-iisip at maisulong ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing kolaboratibo.
(c) IDF Application
Integrasyon ng Bagong Kaalaman – Paglinang ng Kabihasaan
Sa bahaging ito, inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagsusuri, pagrerebisa, at paglalahad ng isang akademikong presentasyon. Sa pamamagitan ng mga gawaing kolaboratibo at simulation ng mini conference, higit nilang napauunlad ang kanilang kakayahang magsaayos ng impormasyon, magbigay-kahulugan sa mga datos, at makipagkomunikasyon nang malinaw at sistematiko.
(d) IPT Integration Note
Ang gawaing ito ay nagsisilbing rehearsal o preparatory task para sa Integrative Performance Task (IPT). Sa pamamagitan ng sama-samang

		pagsusuri, pagrerebisa, at paglalahad ng mga resulta ng saliksik, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng datos bilang batayan ng interpretasyon at rekomendasyon, gayundin sa malinaw at mapanghikayat na komunikasyon. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa matagumpay na pagbuo at presentasyon ng mga akademiko at teknikal na output sa kontekstong pangkomunidad at pampagsasanay.
2. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: "Kung Ikaw ang Resource Speaker..."** Ipabasa sa mga mag-aaral ang sumusunod na sitwasyon. **Sitwasyon:** Bilang bahagi ng grupo ng Buwan ng Kalikasan, magsasagawa ang inyong barangay ng isang **Youth Environmental Research Forum**. Inanyayahan ang inyong pangkat na ibahagi ang resulta ng inyong pag-aaral tungkol sa mga gawaing pangkapaligiran ng mga kabataan sa inyong komunidad. Inaasahang dadalo rito ang mga kapwa mag-aaral, mga guro, mga opisyal ng barangay, at ilang kinatawan mula sa lokal na pamahalaan. Bilang mga tagapaglahad ng resulta ng saliksik, kinakailangang malinaw ninyong maipakita at maipaliwanag ang mga datos upang higit na maunawaan ng mga tagapakinig ang inyong mga natuklasan at mungkahi. **Gawain 1: "Ano ang Iyong Gagawin?"** Sagutin ang sumusunod na mga tanong.	**Para sa Opsiyon A: "Kung Ikaw ang Resource Speaker..."** **(a) Tala para sa Guro** Layunin ng gawaing ito na maiugnay ng mga mag-aaral ang mga natutuhan sa mga tunay na sitwasyong akademiko at pampamayanan. Bigyang-diin na ang mabisang paglalahad ng resulta ng saliksik ay hindi lamang mahalaga sa loob ng silid-aralan kundi maging sa pagbibigay ng impormasyon at mungkahi sa komunidad. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong sa pagpoproseso: • Paano nakatutulong ang malinaw na presentasyon sa

	1. Bakit mahalagang maging malinaw at organisado ang presentasyon ng resulta ng saliksik sa ganitong pagkakataon? 2. Ano-anong uri ng biswal na pantulong ang maaari mong gamitin upang higit na maunawaan ng mga tagapakinig ang mga datos? 3. Paano mo maiaangkop ang paraan ng iyong paglalahad kung ang iyong mga tagapakinig ay binubuo ng mga mag-aaral, guro, at opisyal ng barangay? **Gawain 2: "Ako ang Tagapayo"** Sa pangkat na may apat hanggang limang kasapi, bumuo ng tatlong (3) mungkahi para sa isang mag-aaral na maglalahad ng resulta ng saliksik sa isang pulong o kumperensiya. Isulat ang inyong sagot sa talahanayan. **Mga Mungkahi** | **Paano Ito Makatutulong sa Tagapaglahad?** | | | | | | **Gawain 3: "Panata ng Isang Tagapaglahad"** Bilang pagtatapos, kumpletuhin ang pahayag. **Bilang isang mag-aaral at mananaliksik, sisikapin kong** _____ _____ _____ _____ upang maging malinaw, makatotohanan, at makabuluhan ang aking paglalahad ng mga resulta ng saliksik upang mapakinabangan ng aking mga tagapakinig at komunidad.	paggawa ng mga desisyon? • Bakit mahalagang isaalang-alang ang uri ng awdyens sa isang presentasyon? • Paano nagagamit ang mga natutuhan sa araling ito sa mga gawaing akademiko at sa tunay na buhay? **(b) PPST Indicator** **PPST Domain 1, Strand 1.3** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nag-uugnay ng mga konsepto sa mga sitwasyong pang-araw-araw at nagpapalawak ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. **(c) IDF Application** **Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan – Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon** Sa bahaging ito, naililipat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa mga tunay na sitwasyong akademiko at pampamayanan. Nakatutulong ito upang makita nila ang kabuluhan at gamit ng mga natutuhan sa higit na malawak na konteksto. **(d) IPT Integration Note** Ang gawaing ito ay nagpapakita ng aplikasyon ng mga natutuhan sa Integrative Performance Task (IPT). Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng presentasyon ng mga resulta

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>ng saliksik sa mga pangangailangan ng komunidad, nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipagkomunikasyon nang malinaw, makapagbigay ng mga mungkahi batay sa datos, at makibahagi sa pagbuo ng mga solusyon sa mga suliraning panlipunan at pangkapaligiran.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>Opsiyon B: "Tagapayo ng Komunidad"
Ipabasa sa mga mag-aaral ang sumusunod na sitwasyon.

Sitwasyon
Nais ng Sangguniang Kabataan ng inyong barangay na magsagawa ng programang pangkalikasan upang mabawasan ang paggamit ng plastik. Bago pinatupad ang programa, nagsagawa muna sila ng isang sarbey upang malaman ang mga nakagawian ng mga mamamayan sa paggamit ng mga alternatibong kagamitan.

Inanyayahan ang inyong pangkat upang suriin ang mga resulta ng sarbey at magbigay ng mga mungkahi batay sa mga datos na nakalap.
Talahanayan 1. Mga Alternatibong Ginagamit sa Halip na Single-Use Plastic (n = 100)
<table>
<tr><th>Alternatibong Kagamitan</th><th>Bilang ng mga Tumugon</th></tr>
<tr><td>Reusable Water Bottle</td><td>45</td></tr>
<tr><td>Eco Bag</td><td>30</td></tr>
<tr><td>Paper Bag</td><td>15</td></tr>
<tr><td>Reusable Food Container</td><td>10</td></tr>
</table>
Gawain 1: "Ano ang Ipinakikita ng Datos?"
Sagutin ang sumusunod:
1. Ano ang pinakakaraniwang alternatibong ginagamit ng mga mamamayan?
2. Ano ang ipinahihiwatig ng mga datos tungkol sa kamalayan ng mga mamamayan sa pangangalaga sa kapaligiran?
3. Bakit mahalagang gamitin ang mga datos sa pagbuo ng mga programa ng komunidad?</td>
<td>Para sa Opsiyon B: "Tagapayo ng Komunidad"
(a) Tala para sa Guro
Layunin ng gawaing ito na mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan sa mga tunay na sitwasyong pampamayanan. Bigyang-diin na ang mga resulta ng saliksik at mga datos ay nagsisilbing mahalagang batayan sa paggawa ng mga desisyon at pagbuo ng mga programang tumutugon sa pangangailangan ng komunidad. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong sa pagpoproseso:
• Bakit mahalagang nakabatay sa datos ang mga rekomendasyon?
• Paano nakatutulong ang presentasyon ng mga resulta ng saliksik sa paggawa ng mga desisyon?
• Ano ang papel ng mabisang komunikasyon sa paghahatid ng mga mungkahi sa komunidad?</td>
</tr>
</table>

Gawain 2: "Kami ang mga Tagapayo"
Sa pangkat na may apat hanggang limang kasapi, bumuo ng dalawang rekomendasyon na maaaring isagawa ng Sangguniang Kabataan batay sa mga datos.

Rekomendasyon	**Batayan mula sa Datos**

Gawain 3: "Ibahagi ang Iyong Pananaw"
Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong magsalita sa isang pulong ng barangay, paano mo ipapaliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng datos sa paggawa ng mga programa para sa komunidad?

Magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang mga sagot sa klase.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 9) Gawain Bilang 4

(b) PPST Indicator
PPST Domain 1, Strand 1.3 – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nag-uugnay ng mga konsepto sa mga sitwasyong pang-araw-araw at nagpapalawak ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

(c) IDF Application
Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan – Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon
Sa bahaging ito, naililipat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa mga tunay na sitwasyong pangkomunidad at nagagamit nila ang mga datos bilang batayan sa pagbuo ng mga mungkahi at pagpapasya. Sa gayon, higit nilang napahahalagahan ang kabuluhan ng akademikong komunikasyon sa paglutas ng mga suliraning panlipunan at pangkapaligiran.

(d) IPT Integration Note
Ang gawaing ito ay nagsisilbing tulay sa Integrative Performance Task (IPT) sapagkat inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang magsuri at magpaliwanag ng mga datos upang makabuo ng mga rekomendasyong makatutulong sa komunidad. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa pagbuo ng mga akademiko at teknikal na output na may

		malinaw na layunin, batayan, at pakinabang sa lipunan.
	2. Paglalahat **Opsiyon A: "Buoin ang kaalaman"** Sa pagbuod ng mga natutuhan sa aralin, ipabuo sa mga mag-aaral ang Concept Map sa ibaba. **Mabisang Paglalahad ng mga Resulta mula sa Saliksik o Imbestigatibong Ulat** Sa gitna ng concept map, isulat ang: **MABISANG PAGLALAHAD NG MGA RESULTA MULA SA SALIKSIK** Pagkatapos, punan ang mga kahon sa paligid batay sa mga natutuhan sa aralin. **Mahahalagang Elemento** **Kahalagahan** **Kasanayang Nalilinang** _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ Pagkatapos mabuo ang concept map, ipasagot ang sumusunod na tanong: **Bilang isang mag-aaral at mananaliksik, bakit mahalagang matutuhan ang mabisang paglalahad ng mga resulta mula sa saliksik o imbestigatibong ulat?** Magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang sagot sa klase.	**Para sa Opsiyon A: "Buoin ang Kaalaman"** **(a) Tala para sa Guro** Layunin ng gawaing ito na mabuo ng mga mag-aaral ang kabuuang pag-unawa sa mga konsepto at kasanayang nalinang sa aralin. Bigyang-diin na ang mabisang paglalahad ng mga resulta ng saliksik ay nangangailangan ng wastong pagbibigay-kahulugan sa datos, kolaborasyon, organisadong presentasyon, at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong sa pagpoproseso: • Ano ang pinakamahalagang sangkap ng isang mabisang presentasyon? Bakit? • Paano nakatutulong ang kolaborasyon sa paghahanda ng presentasyon? • Bakit mahalagang isaalang-alang ang awdyens at layon sa paglalahad ng resulta ng saliksik? **(b) PPST Indicator**

		PPST Domain 1, Strand 1.5 – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng kritikal at mapagnilay na pag-iisip at nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto. **(c) IDF Application** **Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan – Paglalahat.** Sa pamamagitan ng concept mapping at synthesis questions, nabubuo ng mga mag-aaral ang kabuuang pag-unawa sa mga konsepto at kasanayang nalinang sa aralin at naiuugnay ang mga ito sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay. **(d) IPT Integration Note** Ang gawaing ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na mabuo ang kabuuang larawan ng mga kasanayang kinakailangan sa Integrative Performance Task (IPT), kabilang ang pagbibigay-kahulugan sa datos, kolaborasyon, organisasyon ng impormasyon, at mabisang komunikasyon. Sa pamamagitan ng pagninilay at pagbubuo ng kaalaman, higit nilang nauunawaan ang kabuluhan ng mga kasanayang ito sa pagbuo at paglalahad ng mga akademiko at teknikal na output.

	Opsiyon B: "3-2-1 Repleksiyon" Bilang pagbubuod ng mga natutuhan sa aralin, ipasulat sa mga mag-aaral ang sumusunod: **3-2-1 Repleksiyon** **Tatlong (3) mahahalagang natutuhan ko tungkol sa paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat ay:** 1. 2. 3. **Dalawang (2) kasanayang higit kong nalinang sa pamamagitan ng mga gawaing isinagawa ay:** 1. **Isang (1) paraan kung paano ko nagagamit ang mga natutuhan ang kasanayang ito sa aking pag-aaral, komunidad, o hinaharap na propesyon ay:** Pagkatapos, magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang mga sagot sa klase. Bilang pagpoproseso, maaaring itanong ang: • Aling kasanayan ang higit mong napahalagahan? Bakit? • Paano nakatutulong ang mabisang presentasyon ng mga resulta ng saliksik sa paggawa ng mga desisyon at pagbibigay ng mga mungkahi? • Bakit mahalagang isaalang-alang ang awdyens at layon sa isang akademikong presentasyon?	**Para sa Opsiyon B: "3-2-1 Repleksiyon"** **(a) Tala para sa Guro** Ang gawaing ito ay naglalayong mabuo ng mga mag-aaral ang kabuuang pag-unawa sa mga konsepto at kasanayang nalinang sa aralin. Hikayatin silang magbigay ng mga kongkretong halimbawa mula sa kanilang mga karanasan sa mga isinagawang gawain. Bigyang-diin na ang mga natutuhan sa paglalahad ng mga resulta ng saliksik ay hindi lamang mahalaga sa pananaliksik kundi maging sa iba pang gawaing akademiko, pampagsasanay, at propesyonal. **(b) PPST Indicator** **PPST Domain 1, Strand 1.5** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng kritikal at mapagnilay na pag-iisip ng mga mag-aaral at nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto. **(c) IDF Application** **Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan – Paglalahat.** Sa pamamagitan ng repleksiyon, nabubuo ng mga mag-aaral ang kabuuang pag-unawa sa mga konsepto at kasanayang nalinang sa aralin at naiuugnay ang mga ito sa iba't

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>ibang kontekstong akademiko at pang-araw-araw.
(d) IPT Integration Note
Ang gawaing ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mapagnilayan ang kahalagahan ng mabisang akademikong komunikasyon, kolaborasyon, at paggamit ng datos sa paghahanda at pagsasakatuparan ng Integrative Performance Task (IPT). Sa pamamagitan nito, higit nilang nauunawaan ang kabuluhan ng mga kasanayang nalinang sa pagbuo at paglalahad ng mga akademiko at teknikal na output para sa kapakinabangan ng komunidad.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>3. Pagtataya
Opsiyon A: "Mini Research Conference"
Bumuo ng pangkat na may apat hanggang limang kasapi.
Ipagpalagay na kayo ay kalahok sa isang Student Research Conference. Batay sa ibinigay na datos, maghahanda at maglalahad ang bawat pangkat ng isang maikling presentasyon ng resulta ng saliksik.
Paksa ng Pananaliksik
Antas ng paggamit ng mga mag-aaral ng mga alternatibong kagamitan sa single-use plastic
Talahanayan 1. Mga Alternatibong Kagamitan na Ginagamit ng mga Mag-aaral (n = 100)
<table>
<tr><th>Alternatibong Kagamitan</th><th>Bilang ng mga Mag-aaral</th></tr>
<tr><td>Reusable Water Bottle</td><td>40</td></tr>
<tr><td>Eco Bag</td><td>30</td></tr>
</table>
</td>
<td>Para sa Opsiyon A: "Mini Research Conference"
(a) Tala para sa Guro
Ang pagtatayang ito ay naglalayong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa datos, kolaborasyon, pagbuo ng presentasyong akademiko, at mabisang paglalahad ng mga resulta ng saliksik. Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang mga natutuhan sa mga naunang gawain at bigyang-pansin ang organisasyon ng presentasyon, paggamit ng biswal na pantulong, at</td>
</tr>
</table>

Reusable Food Container	20
Paper Bag	10

Panuto

Bilang pangkat, gawin ang sumusunod:

1. Bigyang-kahulugan ang mga datos na nasa talahanayan.
2. Bumuo ng maikling interpretasyon ng mga resulta.
3. Magbigay ng konklusyon at dalawang rekomendasyon batay sa mga natuklasan.
4. Gumawa ng isang biswal na pantulong (bar graph, pie graph, infographic, o slide presentation).
5. Ilahad ang inyong presentasyon sa loob ng tatlo (3) hanggang limang (5) minuto na parang isang kumperensiyang akademiko.

Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
Wastong pagbibigay-kahulugan sa datos				
Kalinawan ng interpretasyon at kongklusyon				
Kaangkupan ng mga rekomendasyon				
Organisasyon ng presentasyon				
Paggamit ng biswal na pantulong				
Kalinawan at kaangkupan ng komunikasyon				
Pakikilahok ng mga kasapi ng pangkat				

Kabuuang Puntos: _____ / 28

Pagkatapos ng presentasyon, magbibigay ng puna at mungkahi ang guro at mga kamag-aral upang higit pang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong komunikasyon.

kaangkupan ng komunikasyon sa awdyens.

Maaaring magbigay ng agarang feedback pagkatapos ng bawat presentasyon upang higit na mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

(b) PPST Indicator

PPST Domain 5, Strand 5.1 – Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtataya, pagsubaybay, at pagbibigay ng puna upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

(c) IDF Application

Pagtataya sa Natutuhan. Sa bahaging ito, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng isang awtentikong gawaing pangpagganap na sumusukat sa kanilang kakayahan sa pagbibigay-kahulugan sa datos, pakikilahok, pagpapahayag, at pagninilay.

(d) IPT Integration Note

Ang gawaing ito ay nagsisilbing preparasyon at rehearsal para sa Integrative Performance Task (IPT). Sa pamamagitan ng Mini Research Conference, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at presentasyon ng mga datos, paggamit ng biswal na pantulong, kolaborasyon, at mabisang komunikasyon—mga

		kasanayang mahalaga sa pagbuo at paglalahad ng mga akademiko at teknikal na output sa kontekstong akademiko at pampamayanan.
	Opsiyon B: "Ako ang Tagapaglahad" Ipagpalagay na ikaw ay isa sa mga kalahok sa isang *Youth Research Symposium*. Bilang isang mananaliksik, inatasan kang maglahad ng mga resulta ng isang pag-aaral sa harap ng mga guro, mag-aaral, at mga kinatawan ng komunidad. Pag-aralan ang sumusunod na datos. **Paksa ng Pananaliksik** **Mga paraan ng mga mag-aaral sa pamamahala ng kanilang oras sa pag-aaral** **Talahanayan 1. Mga paraan ng pamamahala ng oras ng mga mag-aaral (n = 100)** **Paraan** | **Bilang ng mga Mag-aaral** Paggamit ng Planner | 35 Paggawa ng To-Do List | 30 Pagtatakda ng Iskedyul | 20 Paggamit ng Mobile Applications | 15 **Panuto** Batay sa mga datos, gawin ang sumusunod: 1. Bigyang-kahulugan ang mga datos na nasa talahanayan. 2. Bumuo ng isang maikling presentasyon na binubuo ng: ● Paglalahad ng datos ● Interpretasyon ng resulta ● Konklusyon ● Dalawang rekomendasyon 3. Gumawa ng isang biswal na pantulong (bar graph, pie graph, infographic, o isang slide). 4. Ipresenta ang iyong output sa loob ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto. **Rubrik sa Pagmamarka** **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** Wastong interpretasyon ng datos | | | | | Kaangkupan ng konklusyon at rekomendasyon | | | | |	**Para sa Opsiyon B: "Ako ang Tagapaglahad"** **(a) Tala para sa Guro** Layunin ng pagtatayang ito na masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa datos, pagbuo ng presentasyong akademiko, at mabisang paglalahad ng mga resulta ng saliksik sa isang kontekstong akademiko. Hikayatin ang mga mag-aaral na maging malinaw, organisado, at mapanuri sa kanilang pagpapahayag. Bigyang-halaga rin ang peer feedback bilang bahagi ng pagpapabuti ng kanilang presentasyon at paglinang ng mapagnilay na pagkatuto. **(b) PPST Indicator** **PPST Domain 5, Strand 5.2** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtataya upang masubaybayan at masuportahan ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop at napapanahong feedback. **(c) IDF Application** **Pagtataya sa Natutuhan.** Sa

	<table><tr><td>Organisasyon ng presentasyon</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>Paggamit ng biswal na pantulong</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>Kalinawan ng pagpapahayag</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>Kaangkupan ng wika sa akademikong konteksto</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table> **Kabuuang Puntos: _____ / 24** Pagkatapos ng presentasyon, magsasagawa ng Peer Feedback ang mga kamag-aral gamit ang sumusunod na gabay: 1. Ano ang pinakamalakas na bahagi ng presentasyon? 2. Ano pa ang maaaring mapabuti? 3. Paano higit na magiging malinaw at mabisa ang presentasyon? ***Tingnan ang LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin) Gawain Bilang 5***	pamamagitan ng isang indibidwal na pagganap, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pagbibigay-kahulugan sa datos, pagbuo ng presentasyong akademiko, at malinaw na pagpapahayag ng mga resulta ng saliksik. **(d) IPT Integration Note** Ang gawaing ito ay nagsisilbing tulay patungo sa Integrative Performance Task (IPT) sapagkat hinahasa nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa independiyenteng pagsusuri, organisasyon ng impormasyon, paggamit ng biswal na pantulong, at mabisang komunikasyon. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa pagbuo at paglalahad ng mga akademiko at teknikal na output na tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad at iba pang kontekstong pampagsasanay.
	1. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: "Maghanap at Magbahagi"** Maghanap ng isang balita, artikulo, o post mula sa internet, pahayagan, o magasin na naglalaman ng mga datos na nasa anyong grap, talahanayan, o infographic. Sagutin ang sumusunod: 1. Ano ang paksa ng datos? 2. Ano ang pinakamahalagang impormasyong ipinahihiwatig nito?	**Para sa Opsiyon A: "Maghanap at Magbahagi"** **(a) Tala para sa Guro** Hikayatin ang mga mag-aaral na gumamit ng mapagkakatiwalaang sanggunian. Ang gawaing ito ay magpapalawak sa kanilang kakayahang magbigay-

	3. Paano nakatutulong ang biswal na presentasyon sa pag-unawa sa impormasyon? Ihanda ang iyong sagot para sa maikling pagbabahagi sa susunod na klase.	kahulugan sa mga multimodal na presentasyon ng datos. **(b) PPST Indicator** **PPST Domain 1, Strand 1.3** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng kritikal at malikhaing pag-iisip. **(c) IDF Application** **Karagdagang Gawain (Enrichment).** Pinapalawak ng gawaing ito ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa mga napapanahong impormasyon. **(d) IPT Integration Note** Ang kasanayang nalilinang sa gawaing ito ay makatutulong sa mga mag-aaral sa paghahanap at pagsusuri ng mga datos na maaaring gamitin sa kanilang Integrative Performance Task (IPT).
	Opsiyon B: "Magtanong sa Bahay" Magsagawa ng isang maikling panayam sa isang miyembro ng inyong pamilya o kapitbahay. Itanong: "**Bakit mahalaga ang malinaw na paglalahad ng impormasyon o resulta ng isang pag-aaral sa paggawa ng mga desisyon?**" Isulat ang kanilang sagot. Pagkatapos, magbigay ng isang pangungusap na nagpapahayag ng iyong natutuhan mula sa kanilang sagot.	**Para sa Opsiyon B:** **"Magtanong sa Bahay"** **(a) Tala para sa Guro** Bigyang-diin na walang tama o maling sagot. Ang mahalaga ay maiugnay ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mabisang komunikasyon sa kanilang pang-araw-araw na buhay. **(b) PPST Indicator** **PPST Domain 1, Strand 1.3** – Nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo upang maiugnay


<table>
<tr><td></td><td></td><td>ang mga aralin sa mga karanasan at kontekstong pang-araw-araw.
(c) IDF Application Karagdagang Gawain (Extension). Pinalalawak ng gawaing ito ang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-uugnay ng aralin sa tahanan at komunidad.
(d) IPT Integration Note
Sa pamamagitan ng gawaing ito, higit na mauunawaan ng mga mag-aaral ang kabuluhan ng mabisang komunikasyon at presentasyon ng impormasyon sa pagbuo ng mga desisyong may epekto sa komunidad.</td></tr>
<tr><td>VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT</td><td>3. Pagtataya
Hindi pa nalalapat sa araling ito sapagkat ang pagtatayang pang-yunit ay isasagawa sa huling aralin ng yunit upang masukat ang kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral.</td><td></td></tr>
<tr><td>VII. PAGNINILAY</td><td>
<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr>
<tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr>
</table>
1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
_____
_____
</td></tr>
</table>

	2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.** _____ _____ 3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.** _____ _____ 4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** _____ _____ 5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?** _____ _____ 6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** _____

MODELONG BANGHAY-ARALIN 10			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	**Baitang**	11
Manunulat	Niel Orven A. Talavera at Hazel O. Malto		


I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at *multimodal*; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at ingklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
Mga Kasanayang Pagkatuto	**Pangkat ng mga Kasanayang Pampagkatuto:** Pagbibigay-Kahulugan ● **Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood upang maunawaan ang mga tekstong akademiko at teknikal.** Pakikilahok ● **Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga akademiko o teknikal na lektura, presentasyon, o diskusyon sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon.** Pagpapahayag ● **Nakagagamit ng mga etikal na pamantayan (hal. wastong pagsipi, deklarasyon ng paggamit ng AI, pag-iwas sa *plagiarism*, atbp.) sa pagbuo ng mas mahahabang akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat at *multimodal*.** Pagninilay ● **Naipapaliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.**

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	ABS-CBN News. 2023. *Climate Change Infographic.* Accessed June 28, 2026. https://sa.kapamilya.com/absnews/abscbnnews/media/2023/life/06/09/climate-infog.png. CMU LibGuides. 2025. *PhD Dissertation Defense Slides Design: Start.* Last modified May 21, 2025. Edith Cowan University. 2023. *How to Do a Video Essay. LibGuides.* Last modified August 28, 2023. LinkedIn. 2022. *Six Simple, Practical Tips for Recording a Charismatic Video Essay.* Last modified November 22, 2022. Macalester College. n.d. *Video Essays 101 – Digital Liberal Arts.* Accessed June 28, 2026. Matrix Education. 2019. *The Ultimate Video Essay Checklist.* Last modified January 23, 2019. SlideModel. 2024. *How To Do a Proper Thesis Defense with a PowerPoint Presentation.* Last modified November 24, 2024. The Nerdwriter1. 2020. *How to Make a Video Essay: Footage and Voiceover.* YouTube video, 10:23. June 30, 2020. https://www.youtube.com/. Uniproyecta. n.d. *Pangangalaga sa Kalikasan: Mga Pangunahing Hamon at Solusyon.* Accessed June 28, 2026. https://tl.uniproyecta.com/Pangangalaga-sa-kalikasan-mga-pangunahing-hamon-at-solusyon/. Chatgpt.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan) GeminiAI.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan)
III. NILALAMAN/ SITWASYONG KUMUNIKATIBO	Pagrerekord ng naka-videong sanaysay o pasalitang pagtatanggol ng mga proyekto o tesis
IV. TUNGUHIN	Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: a. Natutukoy at nasusuri ang mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran mula sa mga tekstong akademiko, teknikal, at multimodal. b. Naipapaliwanag ang mga sanhi, epekto, at kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran sa antas ng barangay gamit ang angkop na wikang akademiko. c. Nagagamit ang mga estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood sa pangangalap, pag-oorganisa, at pagsusuri ng mapagkakatiwalaang impormasyon at sanggunian para sa pagbuo ng videong kampanya, kasabay ng pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa paggamit ng impormasyon. d. Nakalilikha at nakapagrerekord ng isang malikhaing at mapanghikayat na videong kampanya na pinamagatang *"Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign"* gamit ang mga multimodal na elemento at angkop na wikang akademiko.

	e. Natataya ang sariling pagganap at ambag sa pagbuo ng bidyong kampanya upang matukoy ang mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang.	
V. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
1. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: *Fact or Myth Check*** **Panuto:** Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagbasa at pagsuri ng ibibigay na *infographic* tungkol sa *Climate Change* at pangangalaga sa kapaligiran. Ipatukoy kung ang bawat pahayag ay **FACT** o **MYTH**. Pagkatapos, ipasulat ang ebidensiyang nagpapatunay sa iyong sagot batay sa mga nakapaloob sa *infographic*.  	**Para sa Opsiyon A: *Fact or Myth Check*** Ang *Fact or Myth Check* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang *21st century skills* ng mga mag-aaral tulad ng c*ritical thinking, communication, information literacy, media literacy*, at *collaboration*. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa *infographic* tungkol sa *climate change* at pangangalaga sa kapaligiran, pagtukoy kung ang isang pahayag ay *Fact o Myth*, at pagbibigay ng ebidensiya mula sa teksto o *infographic*, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mapanuring pag-iisip, pagsusuri ng impormasyon, at malinaw na pagpapahayag ng kanilang katuwiran. Nagkakaroon din sila ng kamalayan sa kahalagahan ng paggamit ng mapagkakatiwalaang impormasyon at responsableng pakikilahok sa mga usaping pangkapaligiran. Sa pananaw ng *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay nakapaloob sa *Implementation phase* dahil dito isinasagawa ng mga mag-aaral ang aktuwal na pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri ng *infographic*, pag-uuri ng mga pahayag bilang *Fact o Myth*, at paglalapat ng mga ebidensya upang mapatunayan ang kanilang sagot. May bahagi rin ito ng *Evaluation phase* dahil natataya ang lawak ng kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng katumpakan ng kanilang pagsusuri at paggamit ng ebidensya.


	Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tool.* **Pahayag / **Fact o Myth** / **Ebidensya mula sa Teksto** 1. Ang *climate change* ay dulot lamang ng natural na pagbabago ng panahon. 2. Ang pagputol ng mga puno ay nakaaambag sa paglala ng *climate change*. 3. Walang epekto ang simpleng pagtatapon ng basura sa kalagayan ng kapaligiran. 4. Ang wastong segregasyon ng basura ay nakatutulong sa pangangalaga ng kapaligiran. 5. Ang bawat mamamayan ay may mahalagang papel sa paglaban sa *climate change*. **Pamprosesong Tanong** 1. Aling pahayag ang labis ninyong ikinagulat ? Bakit? 2. Paano nakatutulong ang paggamit ng ebidensya sa pagtukoy kung f*act* o m*yth* ng isang pahayag? 3. Ano ang maaari ninyong gawin bilang kabataan upang makatulong sa pangangalaga sa kapaligiran?	Tumutugon ito sa mga *Classroom Observation Indicators (COI*) tulad ng COI 1 (paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo batay sa nilalaman at layunin ng aralin), COI 2 (pagpapalakas ng *learner engagement* at aktibong partisipasyon sa pamamagitan ng mapanuring gawain), at COI 3 (paggamit ng *formative assessment* upang masukat ang pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga sagot at ebidensiya). Sa EdTech, maaaring gumamit ng *digital infographic* sa pagpapakita ng materyal. Sa *literacy*, nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pagbasa, pagsusuri ng impormasyon, at pagsulat ng mga paliwanag batay sa ebidensiya. Samantala, sa numeracy, maaaring makita ito sa pagbibilang ng tamang sagot, pagsusuri ng mga datos o estadistika sa infographic, at pagbibigay-kahulugan sa mga impormasyong numerikal na may kaugnayan sa *climate change*. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy at nasusuri ang mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran mula sa mga tekstong akademiko, teknikal, at multimodal.*

	Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 10) Gawain Bilang 1	**Tamang Sagot** *1. Myth* *2. Fact* *3. Myth* *4. Fact* *5. Fact* *Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.* *Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.*
	Opsiyon B: Panig mo, Sulok mo! **Panuto:** Magtalaga ng apat na sulok sa silid-aralan na may mga karatulang *Lubos na sumasang-ayon, Sumasang-ayon, Hindi sumasang-ayon,* at *Lubos na hindi sumasang-ayon*. Pagkatapos basahin ang mga pahayag, papiliin ang mga mag-aaral ng sulok na sumasalamin sa kanilang paninindigan. Hayaang magbahaginan muna sila ng kanilang mga dahilan sa loob ng pangkat bago magtalaga ng kinatawan na magpapaliwanag ng kanilang sagot sa buong klase.	**Para sa Opsiyon B: Panig mo, Sulok mo!** Ang gawaing ito ay nagtataguyod ng **Critical Thinking at Communication** dahil sinusuri ng mga mag-aaral ang bawat pahayag, bumubuo ng sariling paninindigan, at malinaw na naipapahayag ang kanilang mga dahilan. Nalilinang din ang **Collaboration** sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan ng ideya sa kanilang pangkat. Ang gawaing ito ay kabilang sa **Implementation** ng ADDIE Model dahil aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang gawain upang maipahayag at maipagtanggol ang kanilang paninindigan. Maaari rin itong magsilbing **Evaluation** sapagkat nasusukat ng guro ang kanilang pag-unawa at kakayahang mangatwiran batay sa mga sagot at paliwanag nila. Ang gawaing ito ay maaaring maiugnay sa **Classroom Observation Tool (COT)**, partikular sa **Indicator 1.5 – Naglalapat ng iba't ibang**

	 **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tool.* Mga pahayag: ● Mas malaki ang responsibilidad ng pamahalaan kaysa mamamayan sa pangangalaga ng kapaligiran. ● Ang wastong paghihiwalay ng basura sa tahanan ay malaking tulong sa paglutas ng suliraning pangkapaligiran. ● Dapat magkaroon ng mas mahigpit na parusa para sa mga lumalabag sa mga batas pangkapaligiran. ● Ang pagtatanim ng puno ay isa sa pinakamabisang paraan upang makatulong laban sa pagbabago ng klima. ● Mas mahalaga ang pag-unlad ng ekonomiya kaysa sa pangangalaga ng kalikasan.	**estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kritikal at malikhaing pag-iisip, gayundin ang mataas na antas ng kasanayan sa pag-iisip**. Sa pamamagitan ng pagpili ng paninindigan, pagbibigay-katwiran, at pakikipagtalakayan, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pangangatwiran, at pagpapahayag ng opinyon. Maaari rin itong umayon sa **Indicator 1.4**, dahil gumagamit ito ng interaktibong estratehiya na naghihikayat ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Sa EdTech, maaaring gamitin ng guro ang **online polling tools** at digital presentation ng pahayag. Kaugnay nito, nalilinang ang **literacy** sa pamamagitan ng pagbasa, pagsusuri, at pagpapaliwanag ng mga pahayag, habang nahahasa naman ang **numeracy** sa pagbilang at pagsusuri ng dami o porsiyento ng mga mag-aaral na pumili sa bawat sulok upang makabuo ng interpretasyon ng datos. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy at nasusuri ang mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran mula sa mga tekstong akademiko, teknikal, at multimodal.*


	• Ang bawat mamamayan ay may pananagutan sa paglutas ng mga suliraning pangkapaligiran sa kanilang barangay. • Dapat ipagbawal ang paggamit ng mga single-use plastic sa lahat ng komunidad. • Ang kabataan ay may mahalagang papel sa pagpapalaganap ng kamalayang pangkapaligiran. • Sapat na ang mga programang pangkapaligiran na kasalukuyang ipinatutupad sa ating komunidad. • Ang maliliit na hakbang ng bawat isa ay maaaring magdulot ng malaking pagbabago sa pangangalaga ng kapaligiran.	
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Eco-Usap Tayo!** **Panuto:** Sabihin sa mga mag-aaral na kailangan nilang ipaliwanag ang kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran sa bawat awdiyens sa ibaba. Isaalang-alang ang angkop na wika, tono, at paraan ng pagpapahayag ayon sa kanilang edad, katayuan, at pangangailangan.	**Para sa Opsiyon A: Eco-Usap Tayo!** Ang Eco Usap Tayo! ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang *21st century skills* tulad ng *communication, critical thinking, creativity,* at *social awareness*. Sa gawaing ito, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na iangkop ang kanilang wika, tono, at paraan ng pagpapahayag ayon sa iba't ibang awdiyens gaya ng bata sa elementarya, kapuwa mag-aaral, Punong Barangay, at mga magulang. Sa pamamagitan ng paghahambing ng kanilang mga sagot at pagninilay sa mga pagbabagong ginawa nila sa paggamit ng wika, napauunlad din ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang umunawa sa kahalagahan ng konteksto at layunin ng komunikasyon.

	 **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tool.* **Pamprosesong Tanong** 1. Ano ang naging pagbabago sa iyong wika? 2. Paano nagbago ang iyong tono? 3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang awdyens sa pakikipagkomunikasyon? ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 10) Gawain Bilang 2***	Sa pananaw ng *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation phase* dahil dito isinasagawa ng mga mag-aaral ang aktuwal na paglalapat ng kanilang kaalaman sa paggamit ng angkop na wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikatibo. May bahagi rin ito ng *Evaluation phase* dahil sinusuri ng mga mag-aaral ang kanilang sariling paggamit ng wika at tono sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong at pagtanggap ng *feedback* mula sa guro at kapuwa mag-aaral. Tumutugon ito sa mga *Classroom Observation Indicators (COI)* tulad ng *COI 1* (paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo batay sa nilalaman at layunin ng aralin), *COI 2* (aktibong partisipasyon at *learner engagement* sa pamamagitan ng awtentiko at sitwasyunal na gawain), at *COI 3* (paggamit ng *formative assessment* sa pamamagitan ng pagninilay at pagbibigay ng *feedback* sa mga sagot ng mag-aaral). Sa EdTech, maaaring gumamit ng mga *digital platform* tulad ng *Canva o PowerPoint* upang maipakita at maibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga awtput. Sa *literacy*, nalilinang ang *oral communication*, *reading comprehension*, at pagsulat ng mga pahayag na naaayon sa iba't ibang awdiyens at konteksto. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Naipaliliwanag ang mga sanhi, epekto, at kahalagahan ng pangangalaga sa*

		kapaligiran sa antas ng barangay gamit ang angkop na wikang akademiko. *Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.* *Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.*
	Opsiyon B: *Mission Green Possible* Ipakita ang isang *Goal Roadmap* na naglalaman ng mga istasyong kumakatawan sa mga layunin ng aralin. Talakayin nang maikli ang bawat istasyon at ipaliwanag kung paano ito nagsisilbing hakbang tungo sa pagbuo ng videong kampanya na "Climate Watch PH." Hayaang tukuyin ng mga mag-aaral ang kanilang magiging tungkulin sa bawat hakbang.  **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*	Para sa Opsiyon B: **Mission Green Possible** Ang ***Mission Green Possible*** nakatutulong sa pagpapaunlad ng *21st century skills*, lumilinang ito ng ***collaboration*** dahil may pagtukoy ng tungkulin ng bawat mag-aaral. Nagsusulong din ito ng ***critical thinking*** sa pag-unawa at pag-uugnay ng mga layunin sa aktuwal na gawain. Kasama rin ang ***communication* at *creativity*** sa pagbuo ng video campaign bilang produktong kolaboratibo Kabilang ito sa ADDIE Model, partikular sa ***Design* at *Development* phase**. Sa *Design*, inaayos ang mga layunin bilang "istasyon" o learning roadmap. Sa *Development*, binubuo ang mga gawain at output na hahantong sa paggawa ng videong kampanya na "Climate Watch PH." Tumutugon ito sa ***Indicator 1*** dahil pinagsasama ang komunikasyon, environmental awareness, at media production sa pagbuo ng videong kampanya na "Climate Watch PH." Tumutugon din sa ***Indicator 3*** sa paggamit ng visual roadmap at video output bilang ICT-based learning resources. Sa

	Pamprosesong Tanong: 1. Ano ang layunin ng bawat istasyon sa Goal Roadmap at paano ito nakatutulong sa pagbuo ng "Climate Watch PH"? 2. Paano magkakaugnay ang bawat hakbang mula unang istasyon hanggang sa huling output? 3. Sa iyong palagay, anong tungkulin ang pinakaangkop sa iyo sa bawat istasyon? Bakit? 4. Paano nakatutulong ang pagtutulungan ng grupo sa mas maayos na pagbuo ng videong kampanya? 5. Anong mga kasanayan ang nahasa sa iyo habang dinadaanan ang bawat istasyon ng roadmap?	***Indicator 5*** naman, naitataguyod ang pantay na partisipasyon at kooperasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng malinaw na tungkulin sa bawat istasyon. Sa **EdTech Integration,** kabilang ito dahil gumagamit ng visual na *Goal Roadmap* at maaaring *ICT tools* sa pagbuo ng videong kampanya na "Climate Watch PH," na nagpapakita ng paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto at presentasyon ng output. **Literacy,** dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na umunawa, magsuri, at magpaliwanag ng mga layunin at impormasyon tungkol sa *climate change* gamit ang angkop na wika sa pagbuo ng script at kampanya. **Numeracy,** dahil sa pag-oorganisa ng mga hakbang o istasyon sa tamang pagkakasunod-sunod, paglalaan ng oras sa bawat gawain, at pagplano ng daloy ng proyekto na nangangailangan ng lohikal at sistematikong pag-iisip. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natataya ang sariling pagganap at ambag sa pagbuo ng videong kampanya upang matukoy ang mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang* *Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.*

		Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.
2. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: Replektibong Dyornal** **Panuto:** Ipasuri sa mga mag-aaral ang ipinakitang *infographic* tungkol sa *Climate Change* at pangangalaga sa kapaligiran. Batay sa impormasyong kanilang nabasa at sa sariling karanasan, ipasulat ang kanilang replektibong dyornal. Ipasagot nang tapat at malinaw ang sumusunod na tanong gamit ang 3–5 pangungusap. Ipagawa ang angkop na wika at sabihin sa mga mag-aaral na kanilang ipahayag ang mga ideya nang malinaw at organisado.	Para sa Opsiyon A: **Replektibong Dyornal** Ang Replektibong Dyornal ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang *21st century skills* tulad ng *critical thinking, communication, self-awareness* o *reflective thinking,* at *self-directed learning*. Sa pagsusuri ng *infographic* tungkol sa *climate change* at pangangalaga sa kapaligiran at pagsulat ng personal na repleksyon, nahahasa ang mga mag-aaral sa pag-uugnay ng kanilang mga natutuhan sa sariling karanasan at sa kanilang papel bilang responsableng mamamayan. Ang pagninilay sa kanilang mga ginagawa at maaaring maging ambag sa bidyong kampanya ay nagpapalawak ng kanilang kamalayan sa mga isyung pangkapaligiran at nagpapalakas ng kanilang kakayahang gumawa ng makabuluhang aksyon. Sa pananaw ng *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay nakapaloob sa *Implementation phase* dahil dito isinasagawa ng mga mag-aaral ang aktuwal na paglalapat ng kanilang mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsulat ng replektibong dyornal. May bahagi rin ito ng *Evaluation phase* dahil sinusuri at pinagninilayan ng mga mag-aaral ang kanilang pagkatuto, mga karanasan, at mga hakbang na maaari nilang gawin upang makatulong sa komunidad at sa pangangalaga sa kapaligiran.

	 **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.* **Mga Tanong** 1. Ano ang aking natutuhan tungkol sa climate change 2. Ano ang aking ginagawang hakbang upang makatulong sa kapaligiran? 3. Ano pa ang maaari kong gawin bilang mamamayan ng barangay? 4. Ano ang aking magiging ambag sa aming videong kampanya na "Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign"?	Tumutugon ito sa mga *Classroom Observation Indicators (COI)* tulad ng *COI 1* (paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo batay sa nilalaman at layunin ng aralin), *COI 2* (aktibong partisipasyon at *learner engagement* sa pamamagitan ng personal at makabuluhang gawain), at *COI 3* (paggamit ng *formative assessment* sa pamamagitan ng repleksyon at *rubric* upang masukat ang lalim ng pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral). Sa EdTech, maaaring gumamit ng digital infographic sa pagsulat at pagpapasa ng replektibong dyornal. Sa *literacy,* nalilinang ang *reflective writing, reading comprehension*, at kakayahang magpahayag ng sariling pananaw gamit ang malinaw at organisadong wika. Samantala, sa *numeracy*, maaaring makita ito sa paggamit ng *rubric* ng awtput at sa pagbibilang ng mga mahahalagang detalye at ideang naipahayag ng mga mag-aaral sa kanilang dyornal. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natataya ang sariling pagganap at ambag sa pagbuo ng bidyong kampanya upang matukoy ang mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang.* *Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.*

Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	5	4	3	2	1
Nilalaman	Komprehensibo, makabuluhan, at malinaw na naipahayag ang mga idea; naiuugnay ang impormasyon mula sa *infographic* at sariling karanasan.	Malinaw at halos kumpleto ang mga idea; may kaunting kakulangan sa pagpapaliwanag.	Naipahayag ang pangunahing idea ngunit kulang sa detalye o pagpapalawak.	Limitado ang nilalaman at hindi gaanong malinaw ang mga ideya.	Hindi malinaw o halos walang kaugnayan ang sagot sa paksa.
Pagmumuni-muni at Personal na Repleksyon	Malalim ang pagninilay at malinaw na naipakita ang sariling pananaw at magiging ambag sa komunidad.	May malinaw na pagninilay at personal na pananaw.	May simpleng pagninilay ngunit kulang sa lalim.	Bahagyang naipakita ang sariling pananaw.	Walang pagninilay o personal na pananaw na naipahayag.
Paggamit ng Wika	Wasto ang gramatika, baybay, at gamit ng mga salita; malinaw at organisado ang pagsulat.	May kaunting pagkakamali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	May ilang pagkakamali na bahagyang nakaaapekto sa pag-unawa.	Maraming pagkakamali sa gramatika at baybay.	Hindi maunawaan ang pagkakasulat dahil sa maraming pagkakamali.
Kaayusan at Presentasyon	Napakaayos, malinis, at organisado ang pagkakasulat.	Maayos at malinaw ang presentasyon.	Katamtaman ang kaayusan ng awtput.	Hindi gaanong maayos ang presentasyon.	Magulo at hindi organisado ang awtput.
Kabuoan					

Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.

Opsiyon B: DokyuReak

Ipakita sa mga mag-aaral ang isang halimbawa ng *environmental documentary*. Pagkatapos na mapanood, pangunahan ang talakayan at ipakita ang isang halimbawang "Reaksiyong Papel." Hayaang suriin ng mga mag-aaral kung paano naipapahayag ang opinyon, anong mga ebidensya ang ginamit, at kung paano nabuo ang kabuuang pananaw tungkol sa isyu. Hayaan ang mag-aaral na bumuo ng simpleng reaksiyong papel mula sa napanood na *documentary*.

Para sa Opsiyon B: **DokyuReak**

Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng *21st century skills* dahil hinahasa nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-analisa ng impormasyon, bumuo ng sariling pananaw, at maipahayag ito nang malinaw at may batayan, na mahalaga sa c*ritical thinking, communication, at media literacy*.

Sa ADDIE Model, kabilang ito sa *Implementation*, isinasagawa ang panonood ng video at pagbuo ng reaksiyong papel bilang aktuwal na learning activity. Sa *Evaluation*, sinusuri ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapahayag ng opinyon batay sa napanood na dokumentaryo.



[Republika ng Plastik (Full Episode) | The Atom Araullo Specials]

Pamantayan	4 - Napakahusay	3 - Mahusay	2 - Katamtaman	1 - Nangangailangan ng Pagsasanay
Pag-unawa sa Nilalaman	Malinaw at tumpak na naipakita ang mahahalagang ideya ng dokumentaryo.	Naipakita ang karamihan sa mahahalagang ideya.	May ilang ideyang naipakita ngunit kulang ang detalye.	Hindi malinaw ang pag-unawa sa dokumentaryo.
Personal na Reaksyon at Pananaw	Malalim at makabuluhan ang reaksyon at may malinaw na paninindigan.	May malinaw na reaksyon at opinyon.	May reaksyon ngunit hindi gaanong naipaliwanag.	Kulang o walang personal na reaksyon.
Organisasyon ng Kaisipan	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya at madaling sundan.	Kadalasang maayos ang daloy ng mga ideya.	May ilang bahagi na hindi organisado.	Magulo at mahirap sundan ang mga ideya.
Wastong Pagganit ng Wika	Wasto ang gramatika, baybay, at bantas.	May ilang pagkakamali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	May ilang pagkakamaling nakaaapekto sa kalinawan.	Maraming pagkakamali sa paggamit ng wika.
Kaugnayan sa Pangangalaga sa Kapaligiran	Malinaw na naiugnay ang aral sa pangangalaga sa kapaligiran at sariling responsibilidad.	Naituturo ang kaugnayan sa kapaligiran.	Bahagyang naiugnay sa paksa.	Hindi naiugnay sa pangangalaga sa kapaligiran.

Kabuuang Puntos: 20

Pagmamarka:

- 17–20 – Napakahusay
- 13–16 – Mahusay
- 9–12 – Katamtaman
- 5–8 – Nangangailangan ng Pagsasanay

Tumutugon ito sa **COI** dahil gumagamit ito ng video critique at reaksiyong papel na humahasa sa critical thinking, communication, at media literacy ng mga mag-aaral **(Indicator 2),** gumagamit ng ICT-based learning resource sa anyo ng environmental documentary **(Indicator 3)**, at nagtataguyod ng aktibong partisipasyon sa pamamagitan ng panonood, talakayan, at pagsusuri **(Indicator 4).**

Nakatutugon ito sa **EdTech** dahil gumagamit ng environmental documentary bilang ICT-based learning resource; sa **Literacy** dahil hinahasa ang pag-unawa, pagsusuri, at malinaw na pagpapahayag ng opinyon sa pamamagitan ng reaksiyong papel; at sa **Numeracy** dahil nakatutulong ito sa lohikal na pag-oorganisa ng ideya, pagbubuo ng maayos na estruktura ng sagot, at pagsunod sa sunod-sunod na daloy ng pagsusuri.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

> *Naipaliliwanag ang mga sanhi, epekto, at kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran sa antas ng barangay gamit ang angkop na wikang akademiko.*

Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.

Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.


	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **I. Video Essay (Naka-videong Sanaysay**) Ang Video Essay ay paglalahad ng argumento o pagsusuri gamit ang video, larawan, musika, at narasyon. **Mga Elemento ng Epektibong Video Essay:** 1. Malinaw na Tesis: May isang pangunahing ideya o argumento. 2. Pananaliksik: Suportado ng kredibleng impormasyon. 3. Visual at Audio: Mataas na kalidad na clips/larawan at malinaw na boses/musika. 4. Estruktura at Editing: May lohikal na daloy (Simula -> Katawan -> Konklusyon) at maayos na pagkakadugtong ng mga clip. **II. Oral Defense (Pasalitang Pagtatanggol)** Ito ay pormal na presentasyon at pagtatanggol ng proyekto o tesis sa harap ng panel o mga eksperto. **Pangunahing Layunin:** ● Patunayan ang pag-unawa: Ipakita na alam mo ang bawat detalye ng iyong ginawa. ● Ipagtanggol ang Metodolohiya: Ipaliwanag kung bakit iyon ang paraang ginamit. ● Sagutin ang mga Tanong: Tumugon sa mga puna at tanong nang may kumpiyansa. ● Orihinalidad: Patunayan na sariling gawa ang proyekto.	


	III. Paghahanda at Teknikal na Aspeto **1. Pagpaplano at Script:** ● Gumawa ng Outline bago sumulat ng script. ● Sa Video Essay, isulat ang narasyon at ilarawan ang visuals. Sa Oral Defense, gumamit ng bullet points sa halip na basahin ang buong script. ● Panatilihing simple at direkta ang pananalita. **2. Visual Aids at Kagamitan:** ● Slides: "Simplicity is the key." Huwag punuin ng teksto; gamitin bilang gabay lamang. ● Kagamitan: Maaaring gumamit ng Smartphone. Gumamit ng tripod para hindi malikot ang video at external mic para sa malinaw na audio. **3. Lokasyon at Ilaw:** ● Pumili ng tahimik na lugar na may malinis na background. ● Humarap sa bintana para sa natural na ilaw o gumamit ng ring light sa harap (huwag sa likod). **4. Pag-eensayo (Practice):** ● Orasan ang sarili at mag-record ng test clip para makita ang tindig at marinig ang boses.	

	IV. Paglalahad (Delivery) at Q&A **Tips sa Paglalahad:** ● Tindig: Tuwid ang likod, relaks, at gumamit ng natural na galaw ng kamay. ● Tinig: Iwasan ang pagiging monotone; ibahin ang tono para bigyang-diin ang mahahalagang punto. ● Eye Contact: Tumingin sa lens ng camera (video essay) o sa mga miyembro ng panel (oral defense). **Pagharap sa mga Tanong (Q&A):** ● Makinig nang mabuti: Huwag magmadaling sumagot. Humingi ng paglilinaw kung hindi naintindihan ang tanong. ● Maging Direkta: Simulan ang sagot sa pinaka-importanteng punto at suportahan ito ng ebidensya mula sa iyong research. ● Integridad: Kung hindi alam ang sagot, aminin ito nang maayos sa halip na maghula. • Pamamahala ng Kaba: Huminga nang malalim at mag-focus sa mensaheng nais ibahagi.	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: *Social Media Profile*** **Panuto:** Ipaisip sa mga mag-aaral na sila ay isang *environmental advocate* na nais maglunsad ng *online campaign* tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran. Sila'y magdidisenyo ng isang *mock social media profile* para sa kampanyang	Para sa Opsiyon A: ***Social Media Profile*** Ang *Social Media Profile* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang *21st century skills* tulad ng *communication, digital literacy, creativity, critical thinking*, at *self-directed learning*. Sa pagdidisenyo ng *mock social media profile*, nagagamit ng mga mag-aaral ang kanilang

	"Climate Watch PH." Siguraduhing taglay nito ang sumusunod: (1) *profile name* (2) *profile picture o logo* (3) *bio* o maikling paglalarawan, at (4) tatlong *post* tungkol sa *Climate Change, Waste Management,* at Pangangalaga sa Barangay. Maaari itong gawin sa *Canva, o PowerPoint*. Isaalang-alang ang *privacy* at responsableng paggamit ng s*ocial media* sa pagbuo ng kanilang awtput. **Pamantayan sa Pagmamarka** **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** **Nilalaman** | Komprehensibo, tama, at malinaw ang lahat ng impormasyon tungkol sa *Climate Change, Waste Management*, at Pangangalaga sa Barangay. | Halos kumpleto at tama ang nilalaman na may kaunting kakulangan. | May sapat na nilalaman ngunit may ilang mali o kulang na idea. | Limitado ang nilalaman at maraming kulang o hindi malinaw. | Walang malinaw na kaugnayan sa paksa o halos walang nilalaman. **Pagkamalikhain at Disenyo** | Napakamalikhain, organisado, at kapansin-pansin ang disenyo ng *profile, logo*, at *posts*. | Malikhain at maayos ang disenyo na may kaunting kakulangan. | Katamtaman ang pagiging malikhain; simple ang disenyo. | Hindi gaanong maayos at kulang sa pagiging malikhain. | Walang ipinakitang pagsisikap sa disenyo. **Paggamit ng Wika** | Napakawasto, malinaw, at angkop ang wikang ginamit sa lahat ng bahagi. | Karamihan ay wasto at malinaw ang wika na may kaunting mali. | May ilang pagkakamali sa wika ngunit nauunawaan pa rin. | Maraming mali sa wika na nakaapekto sa pag-unawa. | Halos hindi maunawaan ang gamit ng wika. **Responsableng Paggamit ng Social Media** | Lubos na naipakita ang wastong etika at *privacy*; walang anumang sensitibong impormasyon. | Naipakita ang responsableng paggamit na may maliit na pagkukulang. | May ilang isyu sa pagbanggit ng personal o sensitibong impormasyon. | Kakulangan sa pag-unawa sa tamang paggamit ng *social media*. | Hindi isinasaalang-alang ang *privacy* at etika. **Kaayusan at Presentasyon** | Napakaayos, malinis, at madaling sundan ang kabuoang awtput. | Maayos at malinaw ang presentasyon na may kaunting kakulangan. | Katamtaman ang ayos; may bahagi na magulo. | Hindi gaanong maayos ang presentasyon. | Magulo at mahirap unawain ang output. **Kabuoan** | | | | |	kakayahan sa malinaw at angkop na pagpapahayag ng idea sa pamamagitan ng *bio* at mga *posts*, habang nalilinang din ang kanilang pagiging malikhain sa pagbuo ng *profile name, logo*, at *content*. Ang pagsusulat ng mga *post* tungkol sa *Climate Change, Waste Management*, at Pangangalaga sa Barangay ay nagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa isyung pangkapaligiran at nagpapalakas ng kanilang responsableng paggamit ng *digital platforms*. Sa pananaw ng *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay kabilang sa I*mplementation phase* dahil dito isinasagawa ang aktuwal na pagbuo ng *social media profile* at mga *advocacy posts*. May bahagi rin ito ng *Evaluation phase* sa pamamagitan ng *rubric* na sumusukat sa nilalaman, kaayusan, pagkamalikhain, at responsableng paggamit ng *social media* bilang batayan ng pagganap ng mga mag-aaral. Tumutugon ito sa mga C*lassroom Observation Indicators (COI)* tulad ng *COI 1* (paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng *performance-based* at *authentic task*), *COI 2* (aktibong partisipasyon at *learner engagement* dahil sa malikhaing awtput), at *COI 3* (formative assessment gamit ang pamantayan sa pagmamarka sa pagtataya ng kanilang *social media profile output*). Sa EdTech, malinaw na ginagamit ang *digital tools* tulad ng *Canva, PowerPoint, o mock social media templates* upang makabuo ng awtput na kahawig

		ng tunay na *online platform*. Sa *literacy*, nalilinang ang kakayahan sa pagsulat ng bio at posts gamit ang malinaw, angkop, at mapanghikayat na wika. Samantala, sa *numeracy*, maaaring makita ito sa pag-oorganisa ng impormasyon at pagtitiyak ng bilang ng *posts* (tatlo) at pagsunod sa pamantayan sa pagmamarka bilang sukatan ng pagganap. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nagagamit ang mga estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood sa pangangalap, pag-oorganisa, at pagsusuri ng mapagkakatiwalaang impormasyon at sanggunian para sa pagbuo ng videong kampanya, kasabay ng pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa paggamit ng impormasyon.*
	Opsiyon B: *Climate Talk* **Panuto:** Ayusin ang mga mag-aaral sa isang bilog na talakayan at ipasagot ang tanong: *"Bakit mahalagang gumamit ng akademikong wika sa pangungumbinsi sa mga tao sa barangay tungkol sa climate change?"* Gabayan ang talakayan sa pamamagitan ng mga *follow-up* na tanong, tiyaking nakikinig ang bawat mag-aaral, at hikayatin silang bumuo ng malinaw, makatuwiran, at may batayang sagot mula sa kanilang mga pananaw at kaalaman.	Para sa Opsiyon B: ***Climate Talk*** Ang gawaing ito ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng **21st century skills**, lalo na sa **komunikasyon, kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at pagkamamamayan (citizenship)**. Sa pamamagitan ng talakayan, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng ideya nang malinaw, makinig sa pananaw ng iba, magsuri ng impormasyon, at bumuo ng makatuwirang argumento tungkol sa mga isyung Ang gawaing ito ay maaaring iugnay sa **ADDIE Model**, partikular sa **Implementation** dahil dito aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang talakayan at inilalapat ang kanilang natutuhan. Maaari rin itong magsilbing bahagi ng **Evaluation** sapagkat nasusukat ng guro ang kanilang pag-

	 **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*	unawa, kasanayan sa komunikasyon, at kakayahang bumuo ng makatuwirang pananaw. Ang gawaing ito ay tumutugon sa **COI,** lalo na sa **pagpapaunlad ng higher-order thinking skills at learner engagement**. Sa pamamagitan ng talakayan, nahihikayat ang mga mag-aaral na magsuri, magpaliwanag, at magbigay ng ebidensiyang sumusuporta sa kanilang pananaw habang aktibong nakikilahok sa pagkatuto. Sa literacy ay nahahasa ang kasanayan sa pakikinig, pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at pagpapahayag ng opinyon gamit ang malinaw at akademikong wika. At sa numeracy ay nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay-kahulugan at gumamit ng ebidensiyang numerikal sa kanilang pangangatwiran. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Naipaliliwanag ang mga sanhi, epekto, at kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran sa antas ng barangay gamit ang angkop na wikang akademiko.* *Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.* *Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.*

3. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: *Storyboard* ng Kalikasan** **Panuto**: Magpagawa ng *storyboard* para sa bidyong *"Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign."* Sa bawat eksena, ilahad ang nilalaman, diyalogo o narasyon, at larawan o bidyong gagamitin. Siguraduhing malinaw na maipakikita ang suliranin, mga sanhi, mga epekto, solusyon, at panawagan tungkol sa climate change at pangangalaga sa kapaligiran ng kinabibilangang barangay.  	Para sa Opsiyon A: ***Storyboard* ng Kalikasan** Ang *Storyboard* ng Kalikasan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang *21st century skills* tulad ng *creativity, critical thinking, communication, collaboration,* at *digital literacy*. Sa pagbuo ng *storyboard* para sa bidyong *"Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign,"* nahahasa ang mga mag-aaral sa pagpaplano at pag-oorganisa ng mga idea, pagsusuri ng mga suliraning pangkapaligiran, at paglikha ng mga angkop na mensahe para sa kanilang awdiyens. Ang pagdidisenyo ng mga eksena, pagbuo ng diyalogo o narasyon, at pagpili ng mga larawan o bidyo ay nagpapalawak ng kanilang malikhaing pag-iisip at kakayahang magpahayag gamit ang multimodal na paraan ng komunikasyon. Sa pananaw ng *ADDIE Model,* ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation phase* dahil dito isinasagawa ng mga mag-aaral ang aktuwal na paglalapat ng kanilang kaalaman sa pamamagitan ng pagbuo ng storyboard bilang paghahanda sa bidyong kampanya. May bahagi rin ito ng *Evaluation phase* dahil sinusuri ang *storyboard* batay sa nilalaman, pagkamalikhain, kaayusan, at pagiging epektibo ng mensaheng nais iparating. Tumutugon ito sa mga *Classroom Observation Indicators (COI)* tulad ng *COI 1* (paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng *performance-based* at *authentic task), COI 2* (aktibong partisipasyon at *learner engagement* dahil sa kolaboratibo at malikhaing gawain), at *COI 3* (paggamit ng *formative assessment* sa

**Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*

Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	5	4	3	2	1
Nilalaman	Kumpleto, tumpak, at makabuluhan ang lahat ng eksena (Sulianin, Sanhi, Epekto, Solusyon, at Panawagan).	Halos kumpleto at tama ang nilalaman na may kaunting kakulangan.	Sapat ang nilalaman ngunit may ilang kulang na detalye.	Limitado ang nilalaman at hindi gaanong malinaw ang mga idea.	Hindi malinaw o halos walang kaugnayan sa paksa ang nilalaman.
Pagkamalikhain	Napaka-malikhain at kapansin-pansin ang storyboard; mahusay ang pagkakagamit ng mga larawan o simbolo.	Malikhain at maayos ang presentasyon na may kaunting kakulangan.	Katamtaman ang pagiging malikhain.	Hindi gaanong malikhain at kulang sa detalye.	Walang ipinakitang pagkamalikhain.
Diyalogo/Narasyon	Malinaw, angkop, at mapanghikayat ang lahat ng diyalogo o narasyon.	Karamihan ay malinaw at angkop na may kaunting pagkakamali.	May ilang bahagi na hindi gaanong malinaw.	Maraming bahagi ang hindi angkop o kulang sa detalye.	Walang malinaw na diyalogo o narasyon.
Kaayusan at Organisasyon	Napakaayos, malinis, at organisado ang storyboard.	Maayos at malinaw ang presentasyon.	Katamtaman ang kaayusan ng output.	Hindi gaanong maayos ang presentasyon.	Magulo at hindi organisado ang output.
Kaugnayan sa Paksa	Lubos na naipakita ang mensahe ng kampanyang *Climate Watch PH* at ang kamalayan sa pangangalaga sa kapaligiran.	Naipakita ang pangunahing mensahe ng kampanya.	Bahagyang naipakita ang mensahe ng kampanya.	Hindi gaanong malinaw ang mensahe.	Walang kaugnayan sa kampanya ang output.
Kabuoan					

pamamagitan ng *rubric* at *feedback* sa *storyboard* ng mga mag-aaral).

Sa EdTech, maaaring gumamit ng mga *digital tools* tulad ng *storyboard templates* sa pagdidisenyo ng awtput. Sa *literacy*, nalilinang ang *scriptwriting, visual literacy*, at kakayahang bumuo ng malinaw at mapanghikayat na diyalogo o narasyon. Samantala, sa *numeracy*, makikita ito sa pagsunod sa pagkakasunod-sunod ng mga eksena, paglalaan ng oras sa bawat bahagi ng bidyo, at paggamit ng *rubric* o iskala bilang batayan sa pagtataya ng pagganap ng mga mag-aaral.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

> *Nakalilikha at nakapagrerekord ng isang malikhaing at mapanghikayat na videong kampanya na pinamagatang "Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign" gamit ang mga multimodal na elemento at angkop na wikang akademiko.*

Opsiyon B: *Trash* o Aksyon

Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang maikling *"Barangay Environmental Report"* kung saan ilalarawan nila ang kasalukuyang kalagayan ng pagtatapon ng basura sa kanilang komunidad batay sa datos na nakalahad. Dapat ding magmungkahi ang mga mag-aaral ng mga konkretong solusyon upang mapabuti ang pamamahala ng basura sa barangay.

Para sa Opsiyon B: **Trash o Aksyon**

Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng *21st century skills* tulad ng **critical thinking, problem solving, communication, at information literacy** dahil sinusuri ng mga mag-aaral ang mga datos, bumubuo ng mga konkretong solusyon, at malinaw na naipahahayag ang kanilang mga obserbasyon at mungkahi tungkol sa pamamahala ng basura sa kanilang komunidad.

	Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*  **Pamantayan sa Pagmamarka (Rubrics) | Pamantayan | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Nalilinang (2) | Nagsisimula (1) | | --- | --- | --- | --- | --- | | Nilalaman | Kumpleto, malinaw, at wasto ang paglalarawan ng datos at suliranin | May sapat na detalye ngunit may maliit na kakulangan | May kulang sa mahahalagang impormasyon | Hindi malinaw o kulang ang nilalaman |	Kabilang ito sa **Development at Implementation** ng ADDIE Model sapagkat isinasagawa ng mga mag-aaral ang isang gawaing aplikasyon kung saan ginagamit nila ang natutuhan sa pagsusuri ng datos, pagbuo ng solusyon, at pagsulat ng ulat tungkol sa kalagayan ng basura sa kanilang komunidad. Ang gawaing ito ay higit na tumutugon sa **COI 4 – Learners are engaged in learning tasks that develop higher-order thinking skills**, dahil sinusuri ng mga mag-aaral ang datos, nagbibigay-kahulugan sa impormasyon, at bumubuo ng mga konkretong solusyon sa suliranin ng pamamahala ng basura sa kanilang komunidad. Maaari rin itong maiugnay sa **COI 5** kung ang mga mag-aaral ay magbabahagi at magpapaliwanag ng kanilang mga ulat sa klase. Sa EdTech, ginagamit ang **mobile gallery at social media-style writing tasks**, sa literacy ay nakatuon sa descriptive at narrative caption writing, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa ng limitadong detalye at pagsunod sa simpleng bilang ng mahahalagang impormasyon sa caption. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nagagamit ang mga estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood sa pangangalap, pag-oorganisa, at pagsusuri ng mapagkakatiwalaang impormasyon at sanggunian para sa pagbuo ng videong kampanya, kasabay ng pagsunod sa mga*

Pagsusuri ng Suliranin	Malinaw at mahusay ang pag-unawa sa pangunahing isyu	May malinaw na suliranin ngunit hindi masyadong malalim	Bahagyang natukoy ang suliranin	Hindi natukoy ang suliranin
Mga Mungkahing Solusyon	Konkret, angkop, at makabuluhan ang mga solusyon	May angkop na solusyon ngunit kulang sa detalye	May mungkahi ngunit hindi malinaw o praktikal	Walang malinaw na solusyon
Organisasyon	Maayos, lohikal, at sunod-sunod ang ideya	May kaayusan ngunit may ilang bahagi na hindi malinaw	Bahagyang magulo ang daloy ng ideya	Magulo at hindi maunawaan
Wika at Presentasyon	Wasto ang grammar, malinaw at pormal ang wika	May ilang kamalian ngunit nauunawaan pa rin	Maraming kamalian sa wika	Mahirap unawain dahil sa dami ng error

etikal na pamantayan sa paggamit ng impormasyon.

Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.

Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.

2. Paglalahat

Opsiyon A: EcoHugot Ko!

Panuto: Ipakumpleto ang mga pahayag sa ibaba batay sa pangangalaga ng kapaligiran. Ipasulat ang buong sagot nang tapat at ayon sa kanilang sariling pag-unawa. Gamitin ang mga pangungusap upang maipakita ang kanilang natutuhan, pagninilay, at magiging ambag bilang kabataan at mamamayan ng barangay, lalo na sa isasagawang *video campaign*.




Para sa Opsiyon A: **#EcoHugotKo!**

Ang #EcoHugot Ko! ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga kasanayang pang-21 siglo tulad ng *critical thinking, communication, creativity,* at *self-directed learning*. Sa pamamagitan ng gawaing pagninilay at pagbuo ng mga personal na pahayag, nahihikayat ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang natutuhan at iugnay ito sa kanilang sariling karanasan at responsibilidad bilang mamamayan. Ang pagsagot sa mga pahayag tulad ng “Ngayon ay natutuhan ko na…” at “Bilang kabataan at mamamayan ng barangay, gagawin ko ang…” ay nagpapalalim sa kanilang pag-unawa sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran at nagpapaunlad ng kanilang kakayahang magpahayag ng sariling pananaw at adhikain.

Sa *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Evaluation phase* dahil sinusukat nito ang pagkatuto at pagninilay ng mga mag-aaral matapos ang aralin. Maaari rin itong maiugnay sa *Implementation phase* sapagkat ito ay aktuwal na isinasagawa bilang pangwakas na gawain o paglalahat ng aralin. Tumutugon ito sa *COI 2*

	 **Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*	*(learner engagement)* dahil aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang saloobin at pangako para sa kalikasan; sa *COI 3 (assessment)* dahil nagsisilbi itong *reflective* at *formative assessment* upang masukat ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral; at sa *COI 1 (instructional design)* dahil gumagamit ito ng angkop na estratehiya upang mapalalim ang pagkatuto at paglalapat ng konsepto sa tunay na buhay. Sa EdTech, maaaring gamitin ang mga *digital platform* upang maisagawa ang gawain nang mas interaktibo at kolaboratibo. Sa *literacy*, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pag-unawa, at pagsulat ng mga makabuluhang pahayag na nagpapakita ng kanilang pagninilay at pagpapahalaga sa kapaligiran. Samantala, sa *numeracy*, maaaring maiugnay ang gawain sa interpretasyon ng datos o estatistika tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran at sa pagsusuri ng epekto ng mga gawaing pangkalikasan sa komunidad. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy at nasusuri ang mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran mula sa mga tekstong akademiko, teknikal, at multimodal.*
	Opsiyon B: Tatlo, Dalawa, Isa… Balik-Aral Na! Ipasulat sa mga mag-aaral ang tatlong (3) mahahalagang natutuhan nila tungkol sa	Para sa Opsiyon B: **Tatlo, Dalawa, Isa…Balik-Aral Na!**

	pagsulat, dalawang (2) dahilan kung bakit mahalaga ang paggamit ng akademikong wika, at isang (1) tanong na nais pa nilang masagot kaugnay ng aralin. Bigyan sila ng 3–5 minuto upang sagutin ito nang paisa-isa bago magkaroon ng maikling pagbabahagi sa klase.  3 Bagay na Natutuhan Ko Tungkol sa Pagsulat 1. _____ 2. _____ 3. _____ *(Maglagay ng simpleng larawan ng lapis at papel sa gilid.)* 2 Kahalagahan ng Akademikong Wika 1. _____ 2. _____ 1 Tanong na Nananatili sa Aking Isipan _____	Ang gawaing **"Tatlo, Dalawa, Isa… Balik-Aral Na!"** ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng *21st century skills,* **critical thinking, communication skills, at self-directed learning** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang mga natutuhan, malinaw na ipahayag ang kanilang mga ideya, at pagnilayan ang mga konseptong nais pa nilang higit na maunawaan. Ang gawaing ito ay kabilang sa **Evaluation** na yugto ng **ADDIE Model** dahil ginagamit ito upang masukat at masuri ang pag-unawa, natutuhan, at mga natitirang katanungan ng mga mag-aaral matapos ang aralin. Nagsisilbi rin itong mabilis na pagtataya upang malaman ng guro kung gaano kabisa ang pagtuturo at kung anu-ano pa ang kailangang linawin sa susunod na talakayan. Tumutugon sa mga **Classroom Observation Tool (COT) indicators**, partikular sa mga may kaugnayan sa **pagtataya at pagmomonitor ng pagkatuto ng mga mag-aaral**. Sa pamamagitan ng gawaing ito, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magmuni-muni sa kanilang natutuhan, maipahayag ang kanilang pag-unawa, at matukoy ang mga bahaging nangangailangan pa ng paglilinaw. Nagsisilbi rin itong **formative assessment** na nagbibigay ng ebidensya sa guro tungkol sa antas ng pagkatuto ng klase at nagagamit bilang batayan sa pagpaplano ng mga susunod na hakbang sa pagtuturo. Npapaunlad ng **literacy** sa pamamagitan ng pagsulat at pagninilay, maaaring maisagawa gamit

		ang **EdTech** gaya ng Google Forms o Padlet para sa digital na pagbabahagi ng sagot Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natataya ang sariling pagganap at ambag sa pagbuo ng bidyong kampanya upang matukoy ang mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang.*
	3. Pagtataya **Opsiyon A: Maramihang Pamimilian** **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot. 1. Ano ang tumutukoy sa pangmatagalang pagbabago sa temperatura at karaniwang padron ng panahon sa mundo? *A. Climate Change* B. Polusyon *C. Reforestation* *D. Waste Management* 2. Alin sa sumusunod ang **HINDI** sanhi ng *climate change*? A. Pagputol ng mga puno B. Pagsusunog ng *fossil fuels* C. Polusyon mula sa mga pabrika D. Wastong segregasyon ng basura 3. Bakit mahalagang iangkop ang wika at tono ayon sa awdiyens? A. Upang humaba ang talakayan B. Upang maging pormal ang lahat ng usapan	Para sa Opsiyon A: **Maramihang Pamimilian** Ang Maramihang Pamimilian ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng *21st century skills* tulad ng *critical thinking, communication, at literacy skills*. Sa pagbasa ng bawat aytem at pagpili ng tamang titik ng sagot, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng konsepto tungkol sa *climate change*. Napapalakas din nito ang kanilang *reading comprehension* at *decision-making skills* sa pagpili ng pinakaangkop na sagot batay sa kanilang natutuhan. Sa *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation phase* dahil ito ang aktuwal na pagsasagot sa pagsusulit, at may malinaw na bahagi ng *Evaluation* dahil sinusukat nito ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Tumutugon ito sa *COI 3 (formative assessment sa pamamagitan ng multiple-choice type test),* ***COI 1*** *(angkop na estratehiya sa paglinang ng kaalaman sa dyornal writing), at COI 2 (learner engagement sa structured assessment activity).*

	C. Upang maging malinaw at epektibo ang komunikasyon D. Upang makapagsalita nang mabilis at maunawaan ang sinasabi 4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng responsableng paggamit ng *social media*? A. Pagbabahagi ng pekeng impormasyon B. Paglalagay ng sensitibong personal na datos C. Pagkopya ng post ng iba nang walang pagkilala D. Paggamit ng mapagkakatiwalaang impormasyon at paggalang sa *privacy* 5. Ano ang pangunahing layunin ng bidyong kampanya na *"Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign?"* A. Magbigay ng libangan sa mga manonood. B. Magpalaganap ng kamalayan na pangalagaan ang kapaligiran. C. Magpakita ng mga tanyag na lugar sa barangay na dapat na maingatan. D. Magpakilala ng mga produktong pangkalikasan na makatutulong sa komunidad.	Sa EdTech, maaaring gamitin ang **o***nline quiz forms o LMS-based assessment tools*, sa *literacy* ay nakatuon sa *reading comprehension*, at sa *numeracy* ay makikita sa pag-aanalisa ng bilang ng tamang sagot bilang batayan ng marka o antas ng pagkatuto. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy at nasusuri ang mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran mula sa mga tekstong akademiko, teknikal, at multimodal.* **Tamang Sagot** 1. A 2. D 3. C 4. D 5. B ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 10) Gawain Bilang 3***
	Opsiyon B: KlimaSkrip Ipabuo sa mga mag-aaral ang iskrip ng isang maikling *video campaign* na may pamagat na "Climate Watch PH" na naglalayong magbigay-kaalaman at manghikayat ng wastong pagkilos kaugnay ng climate change at pangangalaga sa kapaligiran. Gabayan sila sa paggamit ng	Para sa Opsiyon B: **KlimaSkrip** Ang gawaing **KlimaSkrip** ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga kasanayang pang-21st siglo tulad ng komunikasyon, kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at digital literacy. Sa pagbuo ng iskrip para sa video campaign, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw na

	angkop na akademikong wika, malinaw na mensahe, at mga multimodal na elemento tulad ng larawan, teksto, tunog, at bidyo. Matapos ang presentasyon, tasahin ang kanilang output gamit ang rubrik.	pagpapahayag ng ideya, pagsusuri ng mga isyung pangkapaligiran, at malikhaing paggamit ng teknolohiya upang makapaghatid ng makabuluhang mensahe. Ang gawaing ito ay kabilang sa **Development** na yugto ng ADDIE Model sapagkat nakatuon ito sa pagbuo at paglinang ng isang produkto—ang iskrip para sa video campaign. Sa prosesong ito, naisasabuhay ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng paglikha ng makabuluhan at organisadong nilalaman. Tumutugon sa mga **classroom observation indicator** sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mailapat ang kanilang kaalaman, magamit ang teknolohiya nang makabuluhan, at malinang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at pagkamalikhain sa isang awtentikong gawain. Ito ay tumutugon sa **EdTech** at **Literacy** dahil gumagamit ito ng teknolohiya sa pagbuo ng multimodal na video campaign at humihingi ng paggamit ng akademikong wika sa pagsulat ng iskrip. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Nakalilikha at nakapagrerekord ng isang malikhaing at mapanghikayat na videong kampanya na pinamagatang "Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness*

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagsasanay (1)	Bahagdan
Nilalaman at Mensahe	Tumpak, makabuluhan, at napapanahon ang impormasyon, malinaw ang layunin at panawagan sa pagkilos	Malinaw at tumpak ang impormasyon;may sapat na panawagan sa pagkilos	May ilang kakulangan sa detalye o kalinawan ng mensahe	Hindi malinaw o kulang ang impormasyong inilahad	40%
Paggamit ng Wika	Wasto, pormal, at angkop ng lahat ng ginamit na salita at pahayag	May kaunting pagkakamali ngunut nanatili ng malinaw at angkop ang wika	May ilang kamalian na nakaapekto sa kalinawan ng mensahe	Maraming kamalian at hindi angkop ang paggamit ng wika	30%
Organisasyon at	Lohikal, maayos, at	Maayos ang organisa	May ilang bahagi	Magulo at hindi organisa	20%

Daloy ng Iskrip	magkakaugnay ang pagkasunod-sunod ng mga ideya	syon ng mga idea sa kabuoan	na hindi maayos ang pagkakaugnay	do ang mga idea	
Etika at Pagsipi ng Impormasyon	Wasto at kumpleto ang pagkilala sa mga pinagkunan ng impormasyon	Karamihan sa mga sanggunian ay wastong nabanggit	May ilang kulang o maling pagsipi	Wastong pagsipi o pagkilala sa pinagkunan	10%

Campaign" gamit ang mga multimodal na elemento at angkop na wikang akademiko.

4. Karagdagang Gawain

Opsiyon A: Eco-Panayam

Panuto: Sabihin sa mga mag-aaral na makinig at obserbahan nang mabuti sa isasagawang panayam *(interview)* tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran sa barangay. Maaaring ang guro, kaklase, o isang panauhin ang gumanap bilang tagapanayam o *resource person*. Habang nakikinig, ipagawa ang *Listening Log* sa ibaba. Ipatala ang mahahalagang datos, tukuyin ang paninindigan ng tagapagsalita, at ibigay ang kanilang sariling pagsusuri o reaksyon.

**Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*


Para sa Opsiyon A: **Eco-Panayam**

Ang Eco-Panayam ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang *21st century skills* tulad ng *critical thinking, communication, collaboration*, *digital literacy*, at *information literacy*. Sa pagsasagawa ng panayam tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran sa barangay, nahahasa ang mga mag-aaral sa pakikinig nang may pag-unawa, pangangalap ng mahahalagang impormasyon, at pagsusuri sa mga pananaw at paninindigan ng tagapanayam o panauhin. Ang pagsagot sa *Listening Log* ay nagbibigay rin ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magmuni-muni, magbigay ng sariling opinyon, at magmungkahi ng mga konkretong hakbang upang makatulong sa pangangalaga sa kapaligiran.

Sa pananaw ng *ADDIE Model,* ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation phase* dahil dito

	 **Halimbawa ng mga Tanong sa Panayam** 1. Ano ang pinakamalaking suliraning pangkapaligiran na kinakaharap ng inyong barangay sa ngayon? 2. Ano-ano ang mga sanhi ng suliraning ito? 3. Ano ang epekto nito sa mga mamamayan? 4. Ano ang mga programang isinasagawa ng barangay upang masolusyunan ito? 5. Paano nakatutulong ang mga kabataan sa pangangalaga ng kapaligiran? **Maaari ding magdagdag pa ng mga katanungan ang mga mag-aaral.*	aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang pakikinig, pagsusuri, at pagtatala ng impormasyon mula sa panayam. May malinaw ding bahagi ng *Evaluation phase* sapagkat sinusuri ang kanilang pag-unawa at kakayahang magsuri sa pamamagitan ng *Listening Log*, pagninilay, at *feedback* mula sa guro. Tumutugon ito sa mga *Classroom Observation Indicators (COI)* tulad ng *COI 1* (paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng *authentic* at *contextualized learning activity)*, *COI 2* (aktibong partisipasyon at *learner engagement* sa pagsasagawa ng panayam at talakayan), at *COI 3* (paggamit ng *formative assessment* sa pamamagitan ng *Listening Log* at pagbibigay ng *feedback* upang masukat ang pagkatuto ng mga mag-aaral). Sa EdTech, maaaring gumamit ng *audio recorder, cellphone, Zoom, Google Meet,* o iba pang *digital platforms* sa pagsasagawa at pagrerekord ng panayam. Maaari ring gamitin ang *Google Docs o Google Classroom* sa pagsusumite ng *Listening Log*. Sa *literacy*, nalilinang ang l*istening comprehension, note-taking*, kritikal na pagsusuri, at pagsulat ng repleksyon at sariling pananaw. Samantala, sa numeracy, makikita ito sa pag-oorganisa at pagbibilang ng mahahalagang datos at impormasyong nakalap mula sa panayam bilang batayan sa pagbuo ng kongklusyon at mga mungkahi. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na

		kasanayang: *Nakalilikha at nakapagrerekord ng isang malikhaing at mapanghikayat na videong kampanya na pinamagatang "Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign" gamit ang mga multimodal na elemento at angkop na wikang akademiko*
	Opsiyon B: Magbigay ng dalawang (2) sanggunian tungkol sa pagbabago ng klima o pangangalaga sa kapaligiran (hal. artikulo, balita, infographics, o website). Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng bawat sanggunian gamit ang itinakdang pamantayan upang matukoy ang kredibilidad nito. Ipasulat sa mga mag-aaral ang kanilang pagsusuri sa talahanayan at ipagawa ang isang maikling paliwanag sa huling bahagi kung alin sa mga sanggunian ang higit na mapagkakatiwalaan at angkop gamitin bilang batayan sa pagbuo ng kanilang videong kampanya. Halimbawang sanggunian: Pangangalaga sa kalikasan: kahalagahan at mga solusyon pagbabago ng klima infographic - Search (Maaaring palitan ng guro.)	Para sa Opsiyon B: **Frame ng Buhay** Ang gawaing ito ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng **21st century learning skills** dahil nahahasa ang **critical thinking** ng mga mag-aaral sa pagsusuri at paghahambing ng kredibilidad ng iba't ibang sanggunian. Napauunlad din ang kanilang **information, media, at digital literacy** sa pamamagitan ng wastong pagsusuri ng impormasyon mula sa iba't ibang pinagmumulan. Bukod dito, nalilinang ang kanilang **communication skills** sa malinaw na pagpapaliwanag kung bakit nila pinili ang isang sanggunian bilang batayan ng kanilang videong kampanya, na naghahanda sa kanila sa responsable at mapanuring paggamit ng impormasyon sa tunay na buhay. Ang gawaing ito ay **kabilang sa Evaluation phase ng ADDIE Model**, bagama't may kaunting bahagi rin ng **Analysis**. Mas angkop itong ilagay sa **Evaluation** dahil sinusuri at tinataya ng mga mag-aaral ang kalidad at kredibilidad ng mga sanggunian gamit ang itinakdang pamantayan bago ito gamitin sa kanilang gawain. Sa prosesong ito, natitiyak na ang impormasyong kanilang gagamitin



ay wasto, mapagkakatiwalaan, at angkop sa layunin ng videong kampanya.

Ang gawaing ito ay tumutugon sa **COT Indicator 4: Used a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills**. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kredibilidad ng mga sanggunian, nahahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mapanuring pagbasa, pagsusuri ng impormasyon, at pagpili ng mapagkakatiwalaang batayan para sa kanilang videong kampanya.

Sa **EdTech**, ginagamit ng mga mag-aaral ang mga digital na sanggunian upang magsaliksik at suriin ang kredibilidad ng impormasyon, kaya nahuhubog ang kanilang kasanayan sa responsable at epektibong paggamit ng teknolohiya. sa **literacy** Nahahasa ang mapanuring pagbasa at information literacy ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga sanggunian at pagpili ng mapagkakatiwalaang impormasyon. Napauunlad ang **numeracy** sa pagbibigay-kahulugan at pagsusuri ng mga datos at estadistikang nakapaloob sa mga sanggunian tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran.
Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

> *Nagagamit ang mga estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood sa pangangalap, pag-oorganisa, at pagsusuri ng mapagkakatiwalaang impormasyon at sanggunian para sa pagbuo ng videong kampanya, kasabay ng pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa paggamit ng impormasyon.*

		Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign. *Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.*
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT *(Pagtataya sa Natutuhan)*	**Opsiyon A: *Campaign Video*** **Panuto:** (Ipagawa sa mga mag-aaral) Bumuo ng isang 3–5 minutong *Campaign Video* na may pamagat na "*Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign."* Ipakita sa inyong bidyo ang isang suliraning pangkapaligiran sa inyong barangay, ang mga sanhi at epekto ng *climate change,* mga datos mula sa mapagkakatiwalaang sanggunian, mga mungkahing solusyon, at isang panawagan sa mga mamamayan. Maging malikhain at tiyaking malinaw, makatotohanan, at makabuluhan ang mensaheng nais ninyong ipabatid.	Para sa Opsiyon A: ***Campaign Video*** Ang *Campaign Video* na may pamagat na *Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga *21st century skills* tulad ng *critical thinking, communication, collaboration, creativity, digital literacy,* at *civic responsibility*. Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *campaign video*, nahahasa ang mga mag-aaral sa pagsasaliksik, pagsusuri ng impormasyon, at pagbuo ng mga makabuluhang mensahe tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran at epekto ng climate change sa kanilang komunidad. Ang pagsulat ng iskrip, pagkuha ng mga larawan at bidyo, at pag-eedit ng materyal ay nagpapalawak din ng kanilang kasanayan sa paggamit ng *digital tools* at *multimedia communication.* Ang gawaing ito ay nagsisilbi ring **Integrated Performance Task (IPT)** dahil pinagsasama nito ang iba't ibang kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga sa isang makabuluhang gawain. Sa paggawa ng *campaign video*, naiaangkop ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pananaliksik, pagsulat, komunikasyon, teknolohiya, at pangangalaga sa kapaligiran upang



**Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*

Pamantayan sa Pagmamarka

makalikha ng isang produktong may tunay na layunin at epekto sa komunidad. Bilang isang *performance-based assessment,* binibigyang-daan ng IPT ang mga mag-aaral na maipakita hindi lamang ang kanilang kaalaman kundi pati ang kanilang kakayahang gamitin ito sa mga tunay na sitwasyon.

Sa *ADDIE Model*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation Phase* dahil aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang paggawa at presentasyon ng *campaign video*. May bahagi rin ito ng *Evaluation Phase* dahil sinusuri ang kalidad ng bidyo, nilalaman ng mensahe, at lawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa isyung pangkapaligiran batay sa *rubrics* at *feedback*.

Tumutugon ito sa *COI 2 (Learner Engagement)* dahil aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa isang makabuluhan at tunay na gawaing may kaugnayan sa kanilang komunidad. Tumutugon din ito sa *COI 3 (Assessment)* sa pamamagitan ng pagtataya sa kanilang awtput, presentasyon, at pagpapakita ng pag-unawa sa paksa. Gayundin, nakahanay ito sa *COI 1 (Instructional Design and Delivery)* dahil gumagamit ito ng angkop na estratehiya upang malinang ang kamalayan at pananagutan ng mga mag-aaral sa pangangalaga ng kapaligiran.

Sa EdTech, gumagamit ang gawain ng mga *digital tools* tulad ng *Canva, CapCut, Filmora, cellphone camera*, at iba pang *multimedia application*s para sa paglikha at pag-eedit ng bidyo. Sa *Literacy*, nakatuon ito sa r*eading comprehension, information*

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagsasanay (1)	Bahagdan
Nilalaman at Mensahe	Tumpak, makabuluhan, at napapanahon ang impormasyon, malinaw ang layunin at panawagan sa pagkilos	Malinaw at tumpak ang impormasyon; may sapat na panawagan sa pagkilos	May ilang kakulangan sa detalye o kalinawan ng mensahe	Hindi malinaw o kulang ang impormasyong inilahad	40%
Paggamit ng Wika	Wasto, pormal, at angkop ng lahat ng ginamit na salita at pahayag	May kaunting pagkakamali ngunit nanatiling malinaw at angkop ang wika	May ilang kamalian na nakaaapekto sa kalinawan ng mensahe	Maraming kamalian at hindi angkop ang paggamit ng wika	30%
Organisasyon at Daloy ng Iskrip	Lohikal, maayos, at magkakaugnay ang pagkasunod-sunod ng mga ideya	Maayos ang organisasyon ng mga ideya sa kabuoan	May ilang bahagi na hindi maayos ang pagkakaugnay	Magulo at hindi organisado ang mga ideya	20%
Etika at Pagsipi ng Impormasyon	Wasto at kumpleto ang pagkilala sa mga pinagkunan ng impormasyon	Karamihan sa mga sanggunian ay wastong nabanggit	May ilang kulang o maling pagsipi	Walang wastong pagsipi o pagkilala sa pinagkunan	10%

literacy, scriptwriting, at *oral communication.* Samantala, sa *Numeracy*, makikita ito sa pagbasa at interpretasyon ng mga datos, estadistika, bahagdan, at iba pang impormasyong may kaugnayan sa climate change at mga suliraning pangkapaligiran na ginagamit bilang ebidensiya sa *campaign video*.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

> *Nakalilikha at nakapagrerekord ng isang malikhaing at mapanghikayat na videong kampanya na pinamagatang "Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign" gamit ang mga multimodal na elemento at angkop na wikang akademiko.*

Opsiyon B: *Campaign Showcase*

Panuto: Matapos mabuo ang inyong *campaign video* na "*Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign,"* ipalabas ito sa klase, barangay, o sa isang *online platform* na may pahintulot ng guro. Bago ang pagpapalabas, magbigay ng maikling pagpapakilala tungkol sa layunin ng inyong bidyo. Pagkatapos mapanood, magsagawa ng maikling pagbabahagi o talakayan tungkol sa mga natutuhan, hamon, at mungkahing hakbang upang makatulong sa pangangalaga ng kapaligiran. Mangalap ng puna o reaksiyon mula sa mga manonood bilang bahagi ng pagtataya sa bisa ng inyong kampanya.

Para sa Opsiyon B: ***Campaign Showcase***

Ang *Campaign Showcase* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga *21st century skills* tulad ng *communication, collaboration, critical thinking, creativity, digital literacy, at civic engagement.* Sa pamamagitan ng pagpapalabas at pagbabahagi ng kanilang *campaign video* sa klase, barangay, o *social media,* nahahasa ang mga mag-aaral sa epektibong pagpapahayag ng impormasyon at adbokasiya tungkol sa mga suliraning pangkapaligiran. Ang pakikipag-ugnayan sa mga manonood at pagtugon sa kanilang mga tanong o puna ay nagpapalawak din ng kanilang kakayahan sa *public speaking, audience awareness, at reflective thinking.*

	Opsiyon 1: Pagpapalabas sa Klase 1. Ihanda ang *campaign video* at tiyaking maayos ang *audio* at *video*. 2. Gumamit ng projector, TV, o laptop para sa pagpapalabas. 3. Magtalaga ng isang tagapagsalita upang ipakilala ang paksa at layunin ng bidyo. 4. Ipalabas ang bidyo sa buong klase. 5. Pagkatapos ng panonood, magsagawa ng maikling talakayan o *open forum.* 6. Hayaang magbigay ng komento, tanong, o mungkahi ang mga kaklase at guro. 7. Magbahagi ang pangkat ng kanilang karanasan sa paggawa ng bidyo at mga natutuhan mula sa proyekto. **Opsyon 2: Pagpapalabas sa Barangay** 1. Humingi ng pahintulot sa Punong Barangay o mga opisyal ng barangay. 2. Magtakda ng oras kung kailan maaaring ipalabas ang bidyo, tulad ng *barangay assembly* o *community meeting*. 3. Maghanda ng *laptop, projector, speaker*, o *TV* para sa pagpapalabas. 4. Ipakilala ng pangkat ang layunin ng kampanya bago ipalabas ang bidyo. 5. Ipalabas ang *campaign video* sa mga residente. 6. Magbigay ng maikling panawagan pagkatapos ng bidyo upang hikayatin ang komunidad na makiisa sa pangangalaga ng kapaligiran.	Ang gawaing ito ay nagsisilbi ring **Integrated Performance Task (IPT)** dahil pinagsasama nito ang mga kasanayan sa pananaliksik, komunikasyon, paggamit ng teknolohiya, at pakikilahok sa komunidad sa isang makabuluhang pagtatanghal. Sa pamamagitan ng *campaign showcase,* naipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan at kakayahang mailapat ang mga konsepto ng *climate change* at *environmental awareness* sa isang tunay na konteksto. Bilang performance-based assessment, nabibigyan sila ng pagkakataong maipakita ang kanilang kaalaman, pagkamalikhain, at pananagutan bilang mga mamamayan. Sa *ADDIE Model,* ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation Phase* dahil ito ang aktuwal na pagpapalabas at pagbabahagi ng *campaign vide*o sa target na awdiyens. May malinaw din itong bahagi ng *Evaluation Phase* dahil sinusuri ang bisa ng kampanya sa pamamagitan ng *feedback,* reaksyon, komento, at repleksiyon ng mga manonood at ng mga mag-aaral mismo. Tumutugon ito sa *COI 2 (Learner Engagement)* dahil aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagpapalaganap ng kamalayan at pakikipag-ugnayan sa kanilang komunidad. Tumutugon din ito sa *COI 3 (Assessment)* sa pamamagitan ng pagtataya sa kalidad ng presentasyon, nilalaman ng kampanya, at mga *feedback* na natanggap mula sa awdiyens. Gayundin, nakahanay ito sa *COI 1 (Instructional Design and Delivery)* dahil gumagamit ito ng awtentikong gawain upang mailapat ng mga

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
7. Mangalap ng feedback mula sa mga manonood sa pamamagitan ng maikling talakayan o simpleng evaluation form.

Opsyon 3: Pagbabahagi sa Social Media
1. I-upload ang campaign video sa opisyal na Facebook page ng paaralan, klase, o barangay (kung may pahintulot).
2. Maglagay ng maikling caption na naglalaman ng mensahe at panawagan para sa pangangalaga ng kalikasan.
3. Hikayatin ang mga manonood na mag-react, magkomento, at magbahagi ng bidyo.
4. Basahin at suriin ang mga komento bilang bahagi ng feedback at pagtataya sa epekto ng kampanya.
</td>
<td>
mag-aaral ang kanilang mga natutuhan sa isang makabuluhang sitwasyon.

Sa EdTech, gumagamit ang gawain ng mga digital platform tulad ng projector, social media, at video-sharing tools upang maipalaganap ang mensahe ng kampanya sa mas malawak na awdiyens. Sa Literacy, nakatuon ito sa media literacy, oral communication, listening comprehension, at kritikal na pagsusuri ng impormasyon. Sa Numeracy, makikita ito sa interpretasyon ng mga datos tulad ng bilang ng mga manonood, reaksiyon, komento, at iba pang sukatan ng epekto ng kampanya na maaaring gamitin upang suriin ang tagumpay ng isinagawang environmental awareness campaign.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

Natataya ang sariling pagganap at ambag sa pagbuo ng bidyong kampanya upang matukoy ang mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang.

Nakatutugon ang gawain sa nakalaang Integrative Performance Task (IPT): Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign.

Para sa Mabisang Komunikasyon: Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya.
</td>
</tr>
<tr>
<td>VII. PAGNINILAY</td>
<td colspan="2">
<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto</td><td></td></tr>
</table>
</td>
</tr>
</table>

	ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   _____
   _____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   _____
   _____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.**
   _____
   _____
4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**
   _____
   _____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**
   _____
   _____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**
   _____
   _____